# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## David O. McKay



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# DAVID O. McKAY

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa Curriculum Planning, 50 East North Temple Street, Room 2420, Salt Lake City, UT 84150-3220 USA.

Email: cur-development@ldschurch.org

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at ang mga puntong maaari pang pagandahin.


© 2004 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/00
Pagsang-ayonsa pagsasalin: 8/00
Pagsasalin ng *Teachings of the Presidents of the Church: David O. McKay*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Pamagat | Pahina |
|---|---|
| Panimula | v |
| Buod ng Kasaysayan | x |
| Ang Buhay at Ministeryo ni David O. McKay | xiv |
| 1 Jesucristo: "Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay" | 1 |
| 2 Ang Dalawang Katauhan ng Tao | 13 |
| 3 Ang Layunin ng Simbahan | 25 |
| 4 Mga Elemento ng Pagsamba | 34 |
| 5 Ang Biyaya ng Pagkakaisa | 45 |
| 6 "Bawat Miyembro ay Misyonero" | 57 |
| 7 Ang Kahalagahan ng Pagkabuhay na Mag-uli | 69 |
| 8 Ang Bisa ng Panalangin | 81 |
| 9 Paglaban sa Tukso | 93 |
| 10 Ang Banal na Pagtawag Kay Propetang Joseph Smith | 103 |
| 11 Pamumuhay ng Word of Wisdom | 117 |
| 12 Priesthood, ang Responsibilidad na Maging Kinatawan ng Diyos | 129 |
| 13 Ang Sagradong Kahalagahan ng mga Templo | 143 |
| 14 Paghahanda para sa Walang Hanggang Kasal at Pamilya | 155 |
| 15 Pagdanas ng Kaligayahan sa Pag-aasawa | 165 |
| 16 Ang Marangal na Tungkulin ng mga Magulang | 175 |
| 17 Isang Patotoo sa Katotohanan | 185 |
| 18 Tapang na Mamuhay nang Matwid | 195 |
| 19 Ang Likas na Kabanalan ng Paglilingkod | 205 |
| 20 Pagtuturo, Isang Marangal na Gawain | 213 |
| 21 Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo | 223 |
| 22 Kalayaang Pumili at Responsibilidad | 235 |
| 23 Pagkakaroon ng Katangiang Tulad ng Kay Cristo | 245 |
| 24 "Lumiwanag nang Gayon ang Inyong Ilaw" | 257 |
| Listahan ng Ipinintang mga Larawan | 266 |
| Indese | 267 |






*Si David O. McKay ay inorden na Apostol noong 1906 at sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong 1951.*

# Panimula

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na mapalalim ang pagkaunawa nila sa mga doktrina ng ebanghelyo at lalong mapalapit kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa dispensasyong ito. Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong David O. McKay, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Abril 1951 hanggang Enero 1970.

---

**Paano Gamitin ang Aklat na Ito**

Bawat kabanata sa aklat na ito ay may apat na bahagi: (1) ang panimulang sipi na maikling pagpapakilala sa paksa ng kabanata; (2) ang "Panimula," na naglalarawan sa mga mensahe ng kabanata na may kasamang kuwento o payo mula kay Pangulong McKay; (3) "Mga Turo ni David O. McKay," na naglalahad ng mga doktrinang mula sa marami niyang mga mensahe at sermon; at (4) "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan," na may mga tanong na hihikayat ng personal na pagrerebyu at pagtatanong, aplikasyon sa buhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo, at talakayan sa tahanan at sa simbahan. Ang pagrerebyu sa mga tanong bago pag-aralan ang mga salita ni Pangulong McKay ay maaaring magbigay ng karagdagang ideya hinggil sa kanyang mga turo. At bilang bahagi rin ng mga mapagkukunan para sa karagdagang pag-aaral at talakayan, bawat kabanata ay may maikling listahan ng kaugnay na mga banal na kasulatan.

Gamitin ang aklat na ito sa sumusunod na mga kalagayan:

*Para sa personal o pampamilyang pag-aaral.* Sa pamamagitan ng pagbabasa nang may panalangin at mapag-isip na pag-aaral, ang bawat tao ay makatatanggap ng sariling patotoo sa mga katotohanang itinuro ni Pangulong McKay. Makadaragdag ang aklat na ito sa aklatan ng ebanghelyo ng bawat miyembro at

magsisilbing mahalagang mapagkukunan sa pagtuturo sa pamilya at pag-aaral sa tahanan.

*Para sa talakayan sa mga pulong sa araw ng Linggo.* Ang aklat na ito ang teksto para sa mga pulong ng grupo ng mga high priest, korum ng mga elder, at ng Relief Society sa araw ng Linggo na karaniwan ay sa ikalawa at ikatlong Linggo ng bawat buwan. Ang mga pulong na ito sa araw ng Linggo ay dapat maging talakayan na nakatuon sa mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. Dapat pagtuunan ng pansin ng mga guro ang nilalaman ng teksto at mga kaugnay na banal na kasulatan at ipamuhay ang mga turong ito sa mga kalagayang pamilyar sa mga miyembro ng klase. Maaari silang sumangguni sa mga tanong sa katapusan ng bawat kabanata para makahikayat ng talakayan sa klase. Kung angkop, ang mga miyembro ay dapat magbigay ng patotoo at magbahagi ng sariling mga halimbawa na may kaugnayan sa mga aralin. Kapag mapagpakumbabang hinahangad ng mga guro ang Espiritu sa paghahanda at paglalahad ng mga aralin, lalong tatatag ang kaalaman ng lahat ng nakikibahagi hinggil sa katotohanan.

Dapat himukin ng mga lider at guro ang mga miyembro na basahin ang mga kabanata bilang paghahanda sa mga pulong sa araw ng Linggo at dalhin ang aklat sa simbahan. Dapat nilang pahalagahan ang ganitong paghahanda sa pamamagitan ng pagtuturo mula sa mga salita ni Pangulong McKay. Kapag nabasa ng mga miyembro ang kabanata bago magklase, magiging handa silang magturo at mapalalakas nila ang bawat isa.

Hindi kinakailangan o hindi iminumungkahi na bumili ang mga miyembro ng karagdagang komentaryo o mga teksto ng reperensya para suportahan ang mga materyal sa aklat na ito. Para sa karagdagang pag-aaral ng doktrina, hinihikayat ang mga miyembro na basahin ang kaugnay na mga banal na kasulatan na nasa hulihan ng “Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan.”

Dahil ang aklat na ito ay para sa pansariling pag-aaral at sanggunian sa ebanghelyo, maraming kabanata ang naglalaman ng sobrang materyal na hindi makakayang ilahad nang buo sa mga pulong sa araw ng Linggo. Dahil dito, ang pag-aaral sa tahanan ay mahalaga para lalong makinabang mula sa mga turo ni Pangulong McKay.

## Pagtuturo ng mga Aralin mula sa mga Kabanata ng Aklat na Ito

Ang mga kabanata sa aklat na ito ay naglalaman ng impormasyon na sobra sa maaaring maituro ng karamihan sa mga guro sa isang pagkikita ng klase. Ang mga guro ay dapat manalangin at hingin ang tulong at gabay ng Espiritu Santo, at magsikap na mabuti sa pagpili nila ng mga sipi, reperensya sa banal na kasulatan, at mga tanong na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

*Paghahanda ng Aralin*

Ang sumusunod na mga mungkahi ay naglalarawan ng posibleng paraan para matulungan ang mga guro sa paghahanda at paglalahad ng mga aralin mula sa aklat na ito (ang mga patnubay na ito ay magagamit din ng mga magulang sa paghahanda ng mga aralin sa family home evening):

1. Mapanalanging pag-aralan ang kabanata. Maaari mong markahan ang mga talata na lalong nagbibigay-inspirasyon sa iyo.
2. Alamin kung ano ang dapat mangyari sa buhay ng mga tinuturuan mo bilang resulta ng mga itinuturo sa kabanata. Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang pinag-iisipan mong mabuti kung ano ang mga kailangan ng iyong mga tinuturuan.
3. Magpasiya kung ano ang ituturo. Basahin muli ang kabanata, at piliin ang mga talatang makatutulong nang malaki sa iyong mga tinuturuan.
4. Magpasiya kung paano magtuturo. Planuhin kung paano ituturo ang mga talatang napili mo. Narito ang ilang mungkahi.

- Pangasiwaan ang mga talakayan batay sa mga tanong na nasa "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan" na nasa hulihan ng bawat kabanata.
- Talakayin ang mga piling talata mula sa kaugnay na mga banal na kasulatan na nakalista sa hulihan ng bawat kabanata.
- Planuhin kung paano makukuha ang pansin ng mga miyembro sa simula ng aralin. Halimbawa, maaari mong isalaysay ang kuwento mula sa panimula ng kabanata, o isulat sa pisara ang isang tanong na hihikayat ng pag-iisip, o kaya'y gumamit ng object lesson.

- Gamitin ang mga himno at awitin sa Primary para tulungan ang mga miyembro na madama ang Espiritu.
- Magbigay ng patotoo sa tuwing ipadarama ito sa iyo ng Espiritu, hindi lamang sa pagtatapos ng aralin.
- Anyayahan ang isa o dalawang miyembro na dumating sa klase na handang magbigay ng maikling patotoo hinggil sa mga alituntunin sa kabanata.
- Kung angkop, magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntuning nasa kabanata. Anyayahan ang iba na gayon din ang gawin.

Para sa mga mungkahi kung paano gamitin ang mga ito at ang iba pang mga paraan sa pagtuturo, sumangguni sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893); *Teaching Guidebook* (34595); at "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno," bahagi 16 ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (35903 893). At para tulungan kang magtagumpay sa iyong tungkulin, ikaw ay hinihimok na makibahagi sa 12-linggong kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa iyong ward o branch, gayundin sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro tuwing ikatlong buwan.

5. Isaayos ang iyong mga ideya. Maaari kang sumulat ng outline para gabayan ka sa paglalahad ng aralin.

*Pagsasagawa ng Makabuluhang mga Talakayan*

Sa tahanan man o sa silid-aralan, ang mga kabanata sa aklat na ito ay nagbibigay ng magandang pagkakataon sa mga tao para patatagin ang bawat isa sa araw-araw sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga talakayan hinggil sa ebanghelyo. Ang mga sumusunod na gabay ay makatutulong sa iyo sa pagsasagawa ng makabuluhang mga talakayan:

- Magtanong ng mga nakahihikayat ng pag-iisip at talakayan sa halip na mga tanong na masasagot ng *oo* o *hindi*. Ang mga tanong na nagsisimula sa *ano*, *paano*, *bakit*, *sino*, o *saan* ay karaniwang napakabisang panghikayat ng talakayan.
- Himukin ang iba na magbahagi ng mga karanasang nagpapakita kung paano maipamumuhay araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Himukin din silang ibahagi ang kanilang

damdamin tungkol sa natututuhan nila. Makinig na mabuti at pahalagahan ang kanilang mga kontribusyon.

- Maging sensitibo sa impluwensya ng Espiritu Santo. Tutulungan ka niyang malaman kung ano ang dapat itanong, sino ang dapat tawagin, o paano isasali ang iba sa talakayan. Kung sa tingin mo'y nalalayo na sa paksa ang mga puna, magalang na ituon muli doon ang talakayan.
- Ingatang maputol ang magandang talakayan dahil lamang sa pagtatangkang talakayin ang lahat ng materyal na iyong inihanda. Ang mahalaga ay madama ng mga miyembro ang Espiritu, maragdagan ang kanilang pang-unawa sa ebanghelyo, maipamuhay nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo, at mapatibay ang kanilang pangako na ipamuhay ang ebanghelyo.

---

## Impormasyon Tungkol sa mga Pinagkunan na Binanggit sa Aklat na Ito

Ang mga turo ni Pangulong McKay sa aklat na ito ay tinipon mula sa iba't ibang pinanggalingan. Pinanatili sa mga sipi ang bantas, baybay, at malalaking titik ng orihinal na teksto maliban kung kinailangan ang pagbabagong editoryal o paglilimbag para mas madali itong basahin. Dahil dito, maaaring mapansin ng mga mambabasa ang kaunting pag-iiba-iba sa teksto.

Si Pangulong McKay ay madalas gumamit ng mga salitang tulad ng *kalalakihan*, *lalaki*, o *sangkatauhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Sa kabila ng kaibahan ng makaluma at mas makabagong wika, makikita ng mga mambabasa na ang mga turo ni Pangulong McKay ay angkop at mahalaga kapwa sa kababaihan at kalalakihan.

Isa pa, marami nang nabasang aklat si Pangulong McKay, at madalas niyang banggitin ang ibang may-akda habang nagtuturo siya. Sa karamihan sa mga orihinal na pinanggalingan, isinasaad ng mga panipi ang ibang binabanggit ni Pangulong McKay, ngunit bihirang banggitin ang pangalan ng may-akda. Sa halip na magulo ang mga kabanata ng aklat na ito sa pagbanggit tuwina ng "[di-kilala ang may-akda]," hinayaan na lamang sa aklat ang orihinal na mga panipi para ipahiwatig na salita ng ibang tao ang inilalahad ni Pangulong McKay.

# Buod ng Kasaysayan

Ang aklat na ito ay hindi kasaysayan, kundi tinipon na mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ni Pangulong David O. McKay. Gayunman, upang maipakita ang pagkakasunud-sunod ng kanyang mga turo, narito ang isang kronolohiya. Hindi kasama sa buod na ito ang ilang mahahalagang pangyayari sa kanyang personal na buhay, gaya ng kapanganakan ng kanyang mga anak at apo.

| | |
|---|---|
| 1873, Setyembre 8: | Isinilang sa Huntsville, Utah, kina David McKay at Jennette Evans McKay. |
| 1881: | Umalis si David McKay para magmisyon sa British Isles, Si David O. at ang kanyang ina ang nag-asikaso sa bukid at sa pamilya (7; ang mga bilang sa panaklong ang edad ni David O. McKay). |
| 1887: | Tinanggap ang patriarchal blessing mula kay John Smith (13). |
| 1889: | Sinang-ayunan bilang kalihim ng Huntsville Ward Sunday School (15). |
| 1893–94: | Naglingkod bilang guro at prinsipal sa elementarya ng Huntsville; sinang-ayunan bilang guro sa Sunday School sa Huntsville Ward (19–20). |
| 1894–97: | Nag-aral sa University of Utah at nagtapos bilang valedictorian (20–23). |

| | |
|---|---|
| 1897–99: | Nagmisyon nang dalawang taon sa Great Britain. Bilang karagdagan sa kanyang mga tungkulin sa pangangaral ng ebanghelyo, naglingkod bilang lider ng lahat ng misyonero sa Scotland (23–25). |
| 1899–1900: | Nagturo sa Weber Stake Academy sa Ogden, Utah (25–26). |
| 1900: | Nahirang sa Weber Stake Sunday School Board (27). |
| 1901, Enero 2: | Pinakasalan si Emma Ray Riggs sa Salt Lake Temple (27). |
| 1902: | Nahirang na prinsipal ng Weber Stake Academy (28). |
| 1906: | Naorden na Apostol ni Pangulong Joseph F. Smith (32). |
| 1914–18: | Giyera ng Unang Digmaang Pandaigdig (40–44). |
| 1918: | Nahirang na general superintendent ng Deseret Sunday School Union. Inilathala ang *Ancient Apostles* (45). |
| 1919–21: | Naglingkod bilang komisyonado ng edukasyon sa Simbahan (45–47). |
| 1920, Disyembre: | Sa atas na mula sa Unang Panguluhan, umalis para sa isang-taong paglilibot kasama ni Elder Hugh J. Cannon para dalawin ang mga misyon ng Simbahan sa buong daigdig (47). |
| 1922–24: | Naglingkod bilang pangulo ng European Mission (49–51). |

| | |
|---|---|
| 1934: | Sinang-ayunan at itinalaga bilang pangalawang tagapayo ni Pangulong Heber J. Grant (61). |
| 1939–45: | Giyera ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (65–71). |
| 1945: | Sinang-ayunan at itinalaga bilang pangalawang tagapayo ni Pangulong George Albert Smith (71). |
| 1950: | Sinang-ayunan at itinalaga bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol (77). |
| 1951, Abril 9: | Sinang-ayunan at itinalaga bilang ikasiyam na Pangulo ng Simbahan, kasama sina Stephen L. Richards bilang unang tagapayo at J. Reuben Clark Jr. bilang pangalawang tagapayo. Sa panahong ito, ang Simbahan ay may tinatayang isang milyong miyembro (77). |
| 1952, Hunyo: | Umalis para sa siyam na linggong paglilibot sa Europa, kung saan dinalaw niya ang mga miyembro ng Simbahan sa siyam na bansa (78). |
| 1953: | Natanggap ang pinakamataas na parangal ng Boy Scouts, ang Silver Buffalo (79). |
| 1954: | Sinimulan ang 32,000-milyang paglilibot sa mga misyon; unang Pangulo ng Simbahan na dumalaw sa mga misyon sa Central America at South America; unang General Authority na dumalaw sa misyon sa South Africa (80). |
| 1955, Agosto: | Dumalaw sa Europa kasama ang Mormon Tabernacle Choir (81). |

| | |
|---|---|
| 1955, Setyembre: | Inilaan ang Bern Switzerland Temple (82). |
| 1956, Marso: | Inilaan ang Los Angeles California Temple (82). |
| 1956, Oktubre: | Inilaan ang Relief Society Building (83). |
| 1958, Abril: | Inilaan ang Hamilton New Zealand Temple (84). |
| 1958, Setyembre: | Inilaan ang London England Temple (85). |
| 1964, Nobyembre: | Inilaan ang Oakland California Temple (91). |
| 1970, Enero 18: | Sa edad na 96, namatay sa Salt Lake City, Utah. Sa pagtatapos ng kanyang administrasyon, ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan ay tinatayang umabot sa tatlong milyon. |

# Ang Buhay at Ministeryo ni David O. McKay

Noong Abril 1951, sa edad na 77, si David Oman McKay ay naging ikasiyam na Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa loob ng halos 20 taon siya'y naglingkod bilang Pangulo, iginalang siya ng mga miyembro ng Simbahan at ng maraming tao sa buong daigdig bilang propeta ng Diyos. Sa paghimok niya sa mga miyembro ng Simbahan na taglayin ang katangiang tulad ng kay Cristo at ibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtuturo at halimbawa, ang Simbahan ay mabilis na lumago sa buong mundo. Bilang karagdagan sa kanyang mga turo, ang kanyang pisikal na kaanyuan ay nagdulot ng mabisang impresyon. Pagkakita sa kanya, maraming tao ang nagsabing hindi lamang siya nagsalita at kumilos na tulad ng isang propeta, kundi talagang mukha siyang propeta. Maging noong siya'y matanda na, siya'y matangkad, makisig, at makapal at alun-alon ang kanyang maputing buhok. Mababanaag sa kanyang anyo ang matuwid niyang pamumuhay.

---

### Isang Pamana at Pagkabata na may Ulirang Mithiin

Sa kanyang mga turo bilang General Authority, madalas banggitin nang may pasasalamat ni David O. McKay ang pamana at halimbawang natanggap niya mula sa kanyang mga magulang. Ang pamilya ng kanyang ama, na si David McKay, ay sumapi sa Simbahan sa Thurso, Scotland, noong 1850. Noong 1856, naglakbay ang pamilya patungong Amerika at, matapos magtrabaho at mag-impok ng pera sa loob ng tatlong taon, tinawid nila ang kapatagan ng Utah, at dumating sa Salt Lake City noong Agosto 1859.[1]

Kasabay ng taon ng pagsapi ng mga McKay sa Simbahan sa Scotland (1850), tinanggap ng pamilya ng ina ni David O. McKay, na si Jennette Evans, ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa kalapit

na lugar ng Merthyr Tydfil sa South Wales. Tulad ng pamilyang McKay, ang pamilyang Evans ay naglayag papuntang Amerika noong 1856 at dumating sa Utah noong 1859. Di nagtagal kapwa nanirahan ang dalawang pamilya sa Ogden, Utah, kung saan nagkakilala sina David McKay at Jennette Evans at umibig sa isa't isa. Ikinasal sila ni Elder Wilford Woodruff sa Endowment House noong ika-9 ng Abril, 1867.[2]

Noong ika-8 ng Setyembre, 1873, isinilang sa maliit na bayan ng Huntsville sa Utah si David O. McKay—ang ikatlong anak at panganay na lalaki nina David at Jennette Evans McKay. Masaya ang kanyang kabataan ngunit may mga pagsubok din. Noong 1880, ang sunud-sunod na mga pangyayari ang sumubok at nagpatunay sa pananampalataya ng pamilya at maagang nagkaisip ang batang si David O. McKay. Ang dalawa niyang ate, sina Margaret at Ellena, ay magkasunod na namatay, ang isa'y dahil sa matinding lagnat at ang isa'y dahil sa pulmonya. Makalipas ang isang taon, nakatanggap ang kanyang ama ng tawag na magmisyon sa Scotland. Medyo atubili si David McKay sa pagtanggap sa tawag dahil ibig sabihin nito'y iiwan niyang mag-isa ang kanyang asawa (na malapit nang manganak) sa mga responsibilidad sa pamilya at sa bukirin. Gayunman, nang marinig ang tawag, matatag ang naging sagot ni Jennette: "Siyempre kailangan mong tanggapin; huwag mo akong alalahanin. Kaya namin ito ni David O.!"[3] Sa panghihimok na ito at sa tulong ng mga kapitbahay at kamag-anak, tinanggap ni David McKay ang tawag. Ang mga salita niya ng pamamaalam sa pitong taong gulang na anak na si David O. ay "alagaan mo si Mama."[4]

Dahil sa matalinong pangangasiwa ni Jennette McKay, sa sipag ng marami, at sa pagpapala ng Panginoon, ang bukirin ng mga McKay ay umunlad sa kabila ng dalawang taong pagkawala ni David McKay. Sa panahong ito, at sa buong buhay niya, maingat na binantayan ni Jennette McKay ang espirituwal na kapakanan ng mga bata: "Palaging may panalangin ng pamilya sa tahanan ng mga McKay, at nang maiwang mag-isa si Jennette kasama ng kanyang munting pamilya ay lalo itong naging mahalagang bahagi ng gawain sa araw-araw. Tinuruan si David [O.] na manalangin sa araw at gabi at nalaman niya ang kahalagahan ng mga pagpapala ng langit sa tahanan."[5]

Palaging binabanggit ni Pangulong McKay ang kanyang ina bilang halimbawa na karapat-dapat pamarisan. Minsan ay sinabi niya: "Wala akong maisip na katangian ng babae na hindi tinaglay ng aking ina. . . . Para sa kanyang mga anak, at sa iba pang nakakakilala sa kanya nang lubos, siya'y maganda at kagalang-galang. Bagama't matapang, siya'y mahinahon at mapagtimpi. Ang kanyang mga matang kulay tsokolate ay kaagad na nagpapahiwatig ng pagsilakbo ng damdamin na palagi naman niyang nakokontrol. . . . Sa magiliw, mapag-aruga, matiyagang pagmamahal, at katapatan sa tahanan at sa kawastuhan, para sa akin siya'y tila ubod [nang galing], kahit noong aking kabataan, at magpahanggang sa ngayon."[6]

Nang tanungin si David O. McKay kung sino ang pinakadakilang taong nakilala niya, walang pag-aatubili ang sagot niyang, "Ang aking ama."[7] Nang makabalik galing sa misyon, ang kanyang ama ay naging bishop ng Eden Ward at ng Huntsville Ward mula 1883 hanggang 1905.[8] Ibinahagi ni David McKay Sr. ang marami niyang karanasan at patotoo sa kanyang batang anak. Naalala pa ni Pangulong McKay: "Noong bata pa ako, naupo ako at nakinig sa patotoong iyon mula sa taong pinahalagahan at iginalang ko nang higit kanino pa man sa mundo, at ang katiyakang iyon ay nakintal sa aking murang isipan."[9] Ang kalakasan ng halimbawa at patotoo ng kanyang ama ang gumabay sa kanya habang nadaragdagan ang kanyang kaalaman sa katotohanan.

Sa pang-araw-araw na buhay, tinuruan si Pangulong McKay ng kanyang ama ng mga aral na nagpalakas sa kanya at naging bahagi ng kanyang mga turo bilang Apostol. Ikinuwento niya nang minsang nangunguha siya ng dayami kasama ng kanyang mga kapatid na lalaki. Ang ikasampung hakot ay ibibigay bilang alay na ikapu sa Simbahan. Sinabi ng ama ni David O. McKay sa kanyang mga anak na kunin ang ikasampung hakot sa mas mainam na lugar kaysa sa nauna nilang pinagkunan. Sabi ng kanyang ama, "Iyan ang *ikasampung* hakot, at dapat lang na pinakamainam ang para sa Diyos." Makaraan ang maraming taon, sinabi ni David O. McKay na iyon ang "pinakamabisang sermon sa ikapu na narinig niya sa buong buhay niya."[10] Tinuruan din siya ng kanyang ama na igalang ang kababaihan. Sinabihan ni Pangulong McKay ang

mga kabataan, "Naaalala ko pa ang payo ng aking ama noong binatilyo ako't nagsisimula nang manligaw sa isang dalagita: 'David, pakitunguhan mo ang dalagitang iyan gaya ng gusto mong maging pakikitungo ng sinumang binatilyo sa iyong kapatid.' "[11]

Sa dakong huli, habang naglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, ibinigay niya ang papugay na ito sa kanyang mga magulang: "Nagpapasalamat ako sa matalino at maingat na pag-aaruga at pagpapalaki ng dakilang mga magulang . . . pag-aarugang naglayo sa akin sa mga landas na maaaring nagbigay-daan sana sa kakaibang uri ng pamumuhay! Taun-taon ay nadaragdagan ang pasasalamat ko at pagmamahal sa malingap at itinatangi kong ina at dakila kong ama."[12]

---

**Kabataan**

Noong siya'y binatilyo, tinawag si David O. McKay na maglingkod sa panguluhan ng korum ng mga deacon. Noong panahong iyon, tungkulin ng mga deacon sa ward na panatilihing malinis ang kapilya, magsibak ng kahoy para sa mga kalan ng kapilya, at tiyaking palaging may panggatong ang mga balo sa ward.[13] Sinabi niya sa mga miyembro ng korum na "dama niyang hindi niya kayang gampanan ang kanyang tungkulin kapag nakakakita siya ng ibang mas may kakayahang gumanap dito, . . . [pero] nadama niyang kailangan niyang magpatuloy sa tulong ng Panginoon."[14] Ang ganitong pag-uugali ay tipikal sa kababaangloob na taglay niya sa pagtanggap ng mga tungkulin sa buong buhay niya.

Bilang anak ng bishop, nagkaroon siya ng pagkakataon na makilala ang mga lider ng Simbahan na dumadalaw sa tahanan ng pamilya. Minsan, noong Hulyo 1887, dumalaw si Patriarch John Smith at ibinigay sa kanya ang kanyang patriarchal blessing (13 taon noon si David O.). Pagkatapos ng basbas, inakbayan ni Patriarch Smith ang binatilyo at sinabing, "Anak, may gagawin ka pa maliban sa paglalaro ng holen." Pagkaraan ay nagpunta si David sa kusina at sinabi sa kanyang ina, "Kung inaakala niyang titigil ako sa paglalaro ng holen, nagkakamali siya." Itinabi ng ina ang kanyang ginagawa at sinikap na ipaliwanag ang ibig sabihin ni Brother Smith. Bagama't hindi lubos na nauunawaan ni David

O. McKay ni ng kanyang ina ang mangyayari sa hinaharap, ipinakita ng karanasang iyon na may nakalaang mas malaking gawain ang Panginoon para sa binatilyo.[15]

Sa kanyang buhay tinedyer, nanatili siyang aktibo sa paglilingkod sa Simbahan at patuloy na nadagdagan ang kaalaman at karanasan. Noong 1889, sa edad na 15, natawag siyang kalihim ng Sunday School sa Huntsville Ward, isang katungkulan na hinawakan niya hanggang 1893, nang tawagin siyang maging guro sa Sunday School.[16] Ang kanyang dakilang pagmamahal sa Sunday School at sa pagtuturo ay magpapatuloy sa kanya habambuhay.

---

## Edukasyon, Pagmimisyon, at Pag-aasawa

Minsan ay isinulat ni David O. McKay, "May tatlong dakilang kapanahunan sa buhay ng tao sa mundo, kung saan nakabatay ang kaligayahan niya dito at sa kawalang hanggan, [at ito'y ang], kanyang pagsilang, pag-aasawa, at pagpili ng trabaho."[17] Palibhasa'y mapalad na isinilang at lumaki sa mabuting pamilya, patuloy siyang nakinabang sa matatalinong desisyon na may kaugnayan sa kanyang edukasyon, propesyon, at sa huli'y sa pag-aasawa.

Nang makatapos siya ng ikawalong grado sa Huntsville, nagaral siya sa Weber Stake Academy sa Ogden sa loob ng dalawang taon. Pagkatapos noong pasukan ng taong 1893–94, sa edad na 20, nagbalik siya sa Huntsville at nagtrabaho bilang guro sa paaralang elementarya ng bayan. Sa panahong ito, nagregalo ang kanyang Lola Evans ng tig-$2,500 sa bawat isa sa kanyang nabubuhay na mga anak. Kapos sa pera ang pamilyang McKay, at iminungkahi ng mga kapitbahay sa ina ni David O. McKay na si Jennette, na ipuhunan ang pera sa *stocks*. Gayunman, matatag niyang sinabi, "Bawat sentimo nito'y mapupunta sa pag-aaral ng aming mga anak."[18] Kung kaya't noong taglagas ng 1894, siya at tatlo sa kanyang mga kapatid (Thomas E., Jeanette, at Annie) ay naglakbay papuntang Salt Lake City sakay ng bagon para magaral sa University of Utah. Ang bagon ay puno ng harina at mga garapon ng prutas at may hilang baka na ginagatasan.[19]

Ganito ang isinulat ng kanyang anak na si Llewelyn tungkol sa karanasan ni David O. McKay sa unibersidad: "Mahalaga ang pagaaral. Mabilis na natutuhang mahalin ang pag-aaral; nabuo ang

matalik na mga pagkakaibigan; at lalong naragdagan ang kanyang pagpapahalaga. Naging pangulo siya ng kanyang klase at napiling valedictorian. . . . Masiglang nakisali sa mga palaro, naging *right guard* siya sa unang football team ng unibersidad. Ang pinakamagandang pangyayari sa panahong ito ay ang pagkikilala nila ni Emma Ray Riggs."[20]

Sa ikalawang taon ng pag-aaral nila sa unibersidad, nangupahan ang mga estudyanteng McKay sa bahay ni Emma Robbins Riggs, ang ina ni Emma Ray Riggs. Isang araw, nakatayo sa may bintana ang mag-ina habang minamasdan ang pagdating nina David O. at Thomas E. McKay kasama ang kanilang ina. Nasabi ng ina ni Emma Ray na: "Hayan ang dalawang binata na magiging mabubuting asawa sa mapapalad na babae. Tingnan mo kung paano nila asikasuhin ang kanilang ina." At ganito ang sinabi ni Emma Ray, "Gusto ko iyong kayumanggi," na si David O. McKay. Bagama't paminsan-minsa'y nagkikita sila ni Emma Ray Riggs, mga ilang taon pa ang lumipas bago sila nagkaroon ng seryosong relasyon.[21]

Nang makatapos na siya ng pag-aaral sa unibersidad noong tagsibol ng 1897, si David O. McKay ay inalok na maging guro sa Salt Lake County. Natuwa siya sa trabahong iyon at gusto nang magsimulang kumita para makatulong sa kanyang pamilya. Gayunman, sa panahong ito niya natanggap ang tawag na magmisyon sa Great Britain.

Noong ika-1 ng Agosto 1897, siya'y itinalaga ni Pangulong Seymour B. Young para maglingkod bilang misyonero sa British Isles. Ang unang bahagi ng kanyang misyon ay ginugol sa Stirling, Scotland, kung saan mabagal at mahirap ang gawain. Masigasig niyang ginampanan ang kanyang trabaho at noong ika-9 ng Hunyo 1898, siya'y tinawag na mamuno sa mga misyonero sa Scotland. Pagkatanggap ng tawag, lumapit siya sa Panginoon para humingi ng tulong. Ang mga responsibilidad niya sa tungkuling ito ang nagpahusto sa kanyang kaisipan at nagbigay karanasan sa kanya at naghanda sa kanya para sa paglilingkod sa hinaharap.

Isa pang mahalagang pangyayari ang naganap mga tatlong buwan bago siya umuwi. Noong kanyang kabataan, madalas niyang ipinagdarasal na espirituwal na pagtibayin ang kanyang patotoo.

Noong ika-29 ng Mayo 1899, dumalo siya sa di-malilimot na miting ng mga misyonero. Paggunita niya: "Tandang-tanda ko pa, parang kahapon lang, na napakalakas ng inspirasyon sa pagkakataong iyon. Nadama ng lahat ang saganang pagbuhos ng Espiritu ng Panginoon. Lahat ng naroon ay tunay na iisa ang puso at isipan. Noon lang ako nakadama nang gayon. Dahil nagdududa ako noong aking kabataan, iyo'y pagpapamalas na lihim kong idinarasal nang taimtim sa tabi ng burol at sa parang. Iyo'y katiyakan sa akin na ang taimtim na dalangin ay sasagutin balang araw, saan man.' Sa pagpapatuloy ng miting, kusang tumayo ang isang elder at nagsabi, 'Mga Kapatid, may mga anghel sa silid na ito.' Bagama't nakapagtataka, hindi nakakagulat ang sinabing iyon; sa katunayan, tila angkop nga iyon, bagama't hindi ko naisip na may mga banal na nilikha roon nang sandaling iyon. Ang tanging alam ko'y nag-uumapaw ang aking pasasalamat sa presensya ng Banal na Espiritu."[22] Marangal na natapos ni Elder McKay ang kanyang misyon at ini-release siya noong Agosto 1899.

Habang nasa misyon ay nakipagsulatan siya kay Emma Ray Riggs, o "Ray," na magiliw na tawag niya rito (ito ang tawag sa kanya ng mga magulang dahil siya'y tila sinag ng araw). Nagsimula ang kanilang pagliligawan sa pagsusulatan mula sa Scotland at Salt Lake City. Natagpuan niya kay Emma ang taong kapantay niya sa lahat ng bagay, pati na sa talino, pino ng paguugali, at espirituwal na katangian.

Nagpatuloy siya sa pag-aaral habang nasa misyon si David O. McKay, at nang makatapos ng B.A. sa edukasyon, nagturo siya sa Madison School sa Ogden, Utah.[23] Sa taglagas din ng taong 1899, naging guro siya sa Weber Stake Academy. Noong taong iyon, madalas silang magkita sa isang parke sa pagitan ng kanilang mga paaralan. Sa lugar na iyon, noong Disyembre 1900, niyaya niya si Emma na pakasal. Tanong ni Emma, "Sigurado kang ako ang para sa iyo?" Sinabi niyang sigurado siya.[24] Noong ika-2 ng Enero 1901, sina Emma Ray Riggs at David O. McKay ang siyang unang magkasintahan sa ika-20 siglo na ikinasal sa Salt Lake Temple.



*Ang relasyon sa pagitan nina Pangulong McKay at ng kanyang asawang si Emma Ray Riggs McKay (nakapakita sa itaas), ay nagsilbing huwaran na maaaring pamarisan ng mga miyembro ng Simbahan.*

## Isang Tanyag na Guro

Noong 1902, sa edad na 28, siya'y naging prinsipal ng Weber Stake Academy. Sa kabila ng maraming tungkuling administratibo, patuloy siyang naging aktibo sa pagtuturo sa mga estudyante. Nanatili siyang tapat sa pagtuturo sa buong buhay niya, naniniwala na "hindi lamang ginagawang magagaling na mathematician, linguistiko, siyentipiko, o manunulat at makata ng tunay na edukasyon ang mga lalaki't babae, kundi ginagawa rin sila nitong

matatapat, mabubuti, mapagtimpi, at mapagmahal na mga tao. Hangad din nitong gawing pinakapiling yaman ng matagumpay na buhay ang mga lalaki at babae na nagpapahalaga sa katotohanan, katarungan, karunungan, kabaitan, at kontrol sa sarili."[25]

Naniniwala siya na mahalaga sa bawat isa ang edukasyon. Naglingkod siya bilang prinsipal noong kakaunting babae ang nakakatapos ng hayskul. Sa pagtalakay sa mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan, isinulat niya ang sumusunod: "Hindi masyadong binibigyang-diin ang papel na ginagampanan ng kababaihan sa paninirahan sa Western Empire. Dahil dito'y sinusunod lamang natin ang karaniwang nakaugalian ng mga tao sa lahat ng panahon. Mga babae ang bumabalikat sa mga gawaing-bahay, nagpapasan sa karamihan sa responsibilidad ng pagpapalaki ng pamilya, nagbibigay-sigla sa kanilang asawa at mga anak na lalaki para magtagumpay; at habang pinupuri ng publiko ang mga lalaki, ang mga asawang babae at ina na siyang dapat tumanggap ng papuri at parangal ay kuntento nang nakangiti sa nagawa nilang hindi naibabalita."[26] Habang nagtatrabaho sa Weber Stake Academy, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng edukasyon sa kalalakihan at kababaihan, at dumami ang mga babaing estudyante na nag-enrol noong kanyang panunungkulan.

Sa mga taon ng kanyang paglilingkod bilang propesyonal na guro at administrador sa Weber Stake Academy, naglingkod din siya sa panguluhan ng Sunday School sa Weber Stake, kung saan bumuo siya ng mga bagong programa. Nang tawagin siya sa panguluhan ng Sunday School, kaunti lamang ang utos na natatanggap ng organisasyon mula sa pangkalahatang pamunuan ng Simbahan. Bilang pangalawang assistant superintendent—na naatasan ng mga gawain sa klase—kaagad kumilos si David O. McKay para pagbutihin ang pagtuturo at pagkatuto sa klase sa pamamagitan ng paggamit ng mga paraan na natutuhan niya bilang propesyonal na guro. Ganito ang paglalarawan ng isang lider sa Sunday School tungkol sa kanyang gawain:

"Una'y tumawag siya ng mga lingguhang miting ng mga miyembro ng stake board. Sinanay niya ang mga miyembro sa pagbalangkas ng mga aralin at pagpili ng layunin (na tinatawag ngayong layunin) para sa bawat aralin. Sinanay niya sila sa pag-

buo at paglalarawan ng layunin. Binigyang-diin niya ang paglalahad ng aralin at aplikasyon ng layunin sa buhay ng bawat bata. Ito'y sinundan ng buwanang . . . miting kung saan pinadadalo lahat ang mga guro at pinuno ng Sunday School sa ward, na nagbasa na ng mga araling ituturo. . . . Bilang resulta ng mga . . . miting na ito, umuuwi ang mga guro na 'puno ng tala' tungkol sa apat na aralin para sa darating na buwan. . . . Ang mga pulong [na ito] ay naging tanyag at mga 90 hanggang 100 porsiyento ang dumadalo sa bawat isa sa mga ito."[27]

Mabilis kumalat ang balita tungkol sa malaking tagumpay ng Weber Stake Sunday School. Si Pangulong Joseph F. Smith, na noo'y naglilingkod din bilang pangkalahatang superintendent ng mga Sunday School, ay humanga sa mga bagong ideya ni David O. McKay hinggil sa pagtuturo at inimbitahan siyang sumulat ng lathalain para sa *Juvenile Instructor*, isang magasin sa Sunday School.[28]

---

## Apostol ng Panginoon

*Pagbibigay-diin sa Pagtuturo at Pagkatuto*

Noong ika-9 ng Abril 1906, matapos maglingkod nang anim na taon sa Weber Stake Sunday School, siya'y inorden na Apostol sa edad na 32. Kaagad pagkatapos niyon, sinang-ayunan siya bilang pangalawang assistant sa General Sunday School superintendency. Kasunod niyon ay naging unang assistant siya noong 1909, at pangkalahatang superintendent mula 1918 hanggang 1934. Ang mga ideya ring ginamit niya sa Weber Stake Sunday School ang kaagad na ginamit ng buong Simbahan. Nang makitang kailangan ng magkakaparehong aralin, isinulat niya ang aklat na *Ancient Apostles*, na inihanda bilang isa sa mga unang manwal ng aralin sa Sunday School.

Ang pangalan ni Elder McKay ay naiugnay sa Sunday School noong naglilingkod pa siya sa Korum ng Labindalawa, at nagsusulat pa rin siya ng mga aralin para sa Sunday School nang siya'y maging Pangulo ng Simbahan. Sa pagsisikap na pagbutihin ang pagtuturo ng ebanghelyo, madalas siyang magtuon sa mga bata. Sa kanyang mga salita, ang mga bata ay "mula sa

Ama na dalisay at walang-bahid-dungis, walang likas na kapintasan mula sa pagsilang o kahinaan. . . . Ang kanilang mga kaluluwa ay kasing-linis ng puting papel na sulatan ng mga mithiin o mga nakamtan sa buhay na ito."[29] Nakita niya na malaki ang papel ng Sunday School sa pagtuturo at paghubog ng pag-uugali ng mga bata at kabataan.

*Paglalakbay sa Daigdig at Mission President ng Europa*

Inihanda ng iba pang mga karanasan si David O. McKay para sa huli'y mamuno sa Simbahan sa buong daigdig. Noong Disyembre 1920, sila ni Elder Hugh J. Cannon, patnugot ng *Improvement Era*, ay itinalaga ni Pangulong Heber J. Grant at ng kanyang unang tagapayo, si Pangulong Anthon H. Lund, para maglibot sa lahat ng mga misyon at paaralan ng Simbahan sa buong daigdig. Sa paglilibot, na tumagal ng isang taon, tinatayang nalakbay nila ang 60,000 milya (mahigit sa doble ng circumference ng mundo), na nagtuturo at nagpapala sa mga miyembro ng Simbahan sa buong daigdig. Sa kabila ng hirap gaya ng pagkahilo sa paglalakbay, pangungulila sa tahanan, at iba pang mga hamon sa paglalakbay, naging matagumpay ang misyon nila at nakauwi noong Bisperas ng Pasko ng 1921. Nang mga sumunod na araw pagdating nila, nag-ulat sila nang buong-buo kay Pangulong Grant at sila'y marangal na ini-release.[30] Sa unang pangkalahatang kumperensya matapos silang makabalik, sinabi ni Pangulong Grant:

"Nagagalak ako na kapiling natin ngayon si Brother McKay. Nalibot ni Brother McKay ang buong daigdig simula noong huling kumperensya. Nabisita niya halos lahat ng misyon sa bawat panig ng mundo, at nakabalik, tulad ng ibang nakabalik na mga misyonero na humayo para ipangaral ang ebanghelyong ito at nakisalamuha sa mga tao ng daigdig at iba't ibang relihiyon ng daigdig, na may dagdag na liwanag, kaalaman at patotoo sa kabanalan ng gawaing kinabibilangan natin."[31]

Noong si Elder McKay na ang magsasalita sa kumperensya, ibinuod niya ang kanyang paglalakbay nang may malakas na patotoo: "Noong umalis kami ng tahanan, . . . naisip namin ang maraming problema at nag-aalalang mabuti sa gagawin naming

paglalakbay. . . . Ang bigat ng aming responsibilidad, na sapat na dahilan para isagawa ang hangarin ni Pangulong Grant at ng kanyang mga tagapayo at ng Labindalawa, na nagbigay dangal sa amin sa tungkuling iyon, ang nagtulak sa amin para magsumamo sa Panginoon higit kailanman sa aking buhay. Gusto kong sabihin ngayong hapon na ang mga pangakong ginawa ni Moises sa mga anak ni Israel bago sila tumawid ng Ilog Jordan patungo sa Lupang Pangako, ay natupad sa aming mga karanasan. Sa pagsamo namin sa Panginoon nang buong kaluluwa ay pinatnubayan at tinulungan Niya kami."[32]

Pagkabalik na pagkabalik niya mula sa paglilibot sa daigdig, siya'y naging pangulo ng European Mission. Umalis siya papuntang Liverpool noong Nobyembre ng 1922. Sa tungkuling ito niya sinimulang ituro ang konseptong "bawat miyembro ay misyonero," na patuloy niyang binigyang-diin bilang Pangulo ng Simbahan. Bilang mission president, pinangkat niya ang mga misyonero, ang ilan sa mga ito ay naglalakbay na mga elder na tumutulong sa pagsasanay sa iba pang mga misyonero sa mas mahuhusay na paraan ng pagtuturo. Isa sa pinakamalalaki niyang hamon ang pagsagot sa mga negatibong ulat sa pahayagan. Personal siyang nakipag-ugnayan sa mga patnugot o editor at nakipagpaliwanagan sa kanila, humihiling ng patas na pagkakataon para mailahad ang katotohanan tungkol sa Simbahan. Tinanggihan ng ilang patnugot ang kanyang mga kahilingan, ngunit marami ang madaling tumanggap sa kanya.[33] Ang galing niya sa pakikipag-ugnayan sa publiko ay naging malaking pagpapala sa Simbahan noong mission president pa siya at sa kanyang buong ministeryo.

### *Sinang-ayunan sa Unang Panguluhan*

Noong taglagas ng 1934, siya'y sinang-ayunan bilang pangalawang tagapayo kay Pangulong Heber J. Grant. Si Pangulong J. Reuben Clark Jr., na naglilingkod bilang pangalawang tagapayo ni Pangulong Grant, ang naging unang tagapayo. Bagama't matatag na sa kaalaman sa Simbahan si Pangulong McKay noong mapunta siya sa Unang Panguluhan, mapagpakumbaba pa rin siya nang sang-ayunan siya sa katungkulang iyon. Sinabi niya: "Hindi ko na kailangang sabihin na napakalaking responsibilidad

nito. Nitong mga nakaraang araw ay hirap akong payapain ang aking kaisipan at damdamin. Ang kaligayahan, ang mabuting damdamin na dapat sana'y kaakibat ng mataas na katungkulang ito na dumating sa akin ay tila nadaraig ng kabigatang dulot ng kaalaman na malaking responsibilidad ang matawag sa Unang Panguluhan."[34] Sa kabila ng maraming taong paglilingkod bilang General Authority, inamin niya na "palagi akong nahihirapang magsalita sa maraming tao," dahil alam niya ang bigat ng kanyang mga responsibilidad.[35]

Sa mga unang taon ni Pangulong McKay sa Unang Panguluhan ay naranasan ng mga miyembro ang Malaking Kahirapan (Great Depression). Noong 1936, opisyal na ipinahayag ng Unang Panguluhan ang Church Security Program, na sa huli'y naging Church Welfare Program. Bilang malakas na tagapagtaguyod ng kapakanan, binigyang-diin ni Pangulong McKay na magkasing kahulugan ang espirituwalidad at kapakanan: "Mahalagang damitan ang mga nangangailangan ng kasuotan, bigyan ng sapat na pagkain ang mga taong halos walang makain, at bigyan ng magagawa ang mga nakikibaka sa kalungkutang dulot ng kawalan ng trabaho. Ngunit sa dakong huli, ang pinakadakilang pagpapala na manggagaling sa Church Security Plan ay espirituwal. Higit ang espirituwalidad na naipapakita sa pagbibigay kaysa sa pagtanggap. Ang pinakamalaking espirituwal na pagpapala ay nagmumula sa pagtutulungan."[36]

Nang mamatay si Pangulong Grant noong 1945, si George Albert Smith ang naging Pangulo ng Simbahan at tinawag si Pangulong McKay bilang kanyang pangalawang tagapayo. Nagpatuloy pa rin ang kanyang mga tungkulin tulad ng dati, na palaging may kasamang mga bagong oportunidad at hamon. Isa sa mga pinakamalaking proyektong ginawa niya ay ang pagkahirang bilang chairman ng ikasandaang taong pagdiriwang ng Utah, na kinapalooban ng maraming buwan ng pagpaplano sa kabila ng mabibigat niyang gawain. Ang pagdiriwang sa buong estado, na natapos noong Hulyo 1947, ay itinuring na napakalaking tagumpay. Narito ang ulat ng isang lokal na pahayagan:

"Si Rodney C. Richardson, Coordinator ng ikasandaang pagdiriwang ng California, ay dumating sa Salt Lake City para pag-aralan ang Utah Centennial, na, ayon sa kanya'y may pinakamainam na pagpaplano sa bansa. Ang kawalan ng pangangalakal para samantalahin ang pagdiriwang ay isa sa pinakatampok ng Utah Centennial. Ito'y tunay na naging makasaysayang pagdiriwang.' " Bilang dagdag sa papuring mula sa California, sumulat ang iba pang mga estado at humiling ng mga plano at iba pang literaturang may kaugnayan sa pagdiriwang.[37]

Nang magsimulang manghina si Pangulong George Albert Smith, nadagdagan ang mga responsibilidad ng kanyang dalawang tagapayo. Sa tagsibol ng 1951, nagpasiya si Pangulong McKay at ang kabiyak niyang si Emma Ray na magbiyahe mula Salt Lake City papuntang California dahil kailangan nilang magbakasyon. Nang tumigil sila sa St. George, Utah sa unang gabi, nagising si Pangulong McKay at malinaw na nadamang dapat siyang magbalik sa Salt Lake City. Makalipas ang ilang araw inatake sa puso si Pangulong George Albert Smith at namatay noong ika-4 ng Abril 1951.

## Propeta ng Pandaigdigang Simbahan

### *Gawaing Misyonero at Paglago ng Simbahan*

Matapos maglingkod sa loob ng 45 taon bilang Apostol, si David O. McKay ang naging pang-siyam na Pangulo ng Simbahan noong ika-9 ng Abril 1951, kasama sina Stephen L. Richards at J. Reuben Clark Jr. bilang mga tagapayo. Noong 1952, ipinaalam ng Unang Panguluhan ang unang opisyal na plano ng proselyting para sa mga full-time na misyonero. Layon ng programa na dagdagan ang pagiging epektibo ng mga full-time na misyonero sa pamamagitan ng pagbibigay ng standard outline (huwarang balangkas) ng mga talakayan na gagamitin sa pagtuturo ng mga investigator. Ang balangkas ay kinabibilangan ng limang talakayan na pinamagatang "The Book of Mormon," "Historical Basis for the Restoration," "Distinctive Doctrines of the Church," "Responsibilities of Church Membership," at "Becoming a Member of the Church."[38]

Makaraan ang siyam na taon, noong 1961, idinaos niya ang unang seminar para sa lahat ng pangulo ng misyon. Tinuruan silang himukin ang mga pamilya, na kaibiganin o i-fellowship ang kanilang mga kaibigan at kapitbahay at pagkatapos ay paturuan ang mga taong ito sa mga misyonero sa kanilang mga tahanan.[39] Sa pagbibigay-diin sa konseptong "bawat miyembro ay misyonero," hinikayat niya ang bawat miyembro na mangakong magdadala ng kahit isang bagong miyembro sa Simbahan bawat taon. Isang institute sa pagsasanay sa wika para sa bagong tawag na mga misyonero ang itinayo rin nang taong iyon. Dahil sa mga bagong pagkukusang ito, ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan at ng mga full-time na misyonero ay mabilis na nadagdagan. Sa ilalim ng kanyang pangangasiwa, ang bilang ng mga stake ay mahigit pa sa doble (mga 500 marahil) nang mabuo ang mga bagong stake sa buong daigdig sa mga bansang tulad ng Argentina, Australia, Brazil, England, Germany, Guatemala, Mexico, sa Netherlands, Samoa, Scotland, Switzerland, Tonga, at Uruguay. Noon ding 1961, para maipagpatuloy ang malaking pag-unlad na ito, ang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu ay ginawang mga high priest upang sila ang mamuno sa mga kumperensya ng stake, at ang bagong katungkulan ng mga regional representative (kinatawan ng rehiyon) ng Labindalawa ay binuo noong 1967.

*Mga Paglalakbay Bilang Pangulo*

Mas malayo ang nalakbay ni Pangulong McKay kahit pagsamahin pa ang nalakbay ng mga nauna sa kanya. Noong 1952, sinimulan niya ang ilan sa mahahalagang biyahe—siyam-na-linggong biyahe papuntang Europa, kung saan dumalaw siya sa siyam na bansa at ilang misyon. Sa pagtigil sa Scotland, inilaan niya ang unang kapilya sa bansang iyon, na nasa Glasgow. Sa nalalabing biyahe ay nagdaos siya ng mga 50 pulong kasama ang mga miyembro ng Simbahan, nag-interbyu ng marami, at nakipag-usap sa mga opisyal ng maraming bansa.[40] Noong 1954, naglakbay siya sa hiwalay na misyon sa South Africa, siya ang unang General Authority na dumalaw sa lugar na iyon. Sa ikalawang bahagi ng kanyang paglalakbay, dinalaw niya ang mga miyembro ng

Simbahan sa South America. Noong 1955, dinalaw niya ang South Pacific, at sa tag-araw ng taon ding iyon, nagbalik siya sa Europa kasama ang Tabernacle Choir.

Dama niya na dahil sa paglalakbay niya'y "mas naunawaan ng mga miyembro ng Simbahan na hindi sila hiwalay na bahagi kundi sa katunayan ay bahagi ng Simbahan sa kabuuan."[41] Sa unang pagkakataon ay naging pandaigdigan ang Simbahan. Sinabi ni Pangulong McKay: "Pagpalain nawa ng Diyos ang Simbahan. Ito'y laganap sa buong daigdig. Dapat madama ng lahat ng bansa ang impluwensya nito. Nawa'y maimpluwensyahan ng kanyang diwa ang mga tao sa lahat ng dako at ituon ang kanilang puso sa mabuting hangarin at kapayapaan."[42]

*Dagdag na mga Templo*

Habang nasa Europa noong 1952, nakipag-ayos siya para magtayo ng mga bagong templo, ang unang itatayo sa labas ng Estados Unidos at Canada. Ang Bern Switzerland Temple ay inilaan noong 1955, at ang London England Temple naman ay noong 1958. Noong siya pa ang pangulo ay nailaan din ang Los Angeles California Temple (1956), ang Hamilton New Zealand Temple (1958), at Oakland California Temple (1964). Sa ilalim ng kanyang pamamahala, pelikula ang ginamit sa mga endowment sa templo, kaya't naging posible na matanggap ang ordenansa sa iba't ibang wika.

*Koordinasyon at Konsolidasyon*

Noong 1960, inatasan ng Unang Panguluhan si Elder Harold B. Lee na bumuo ng Church Correlation, sa layon na pagtugmatugmain at pagsama-samahin ang mga programa ng Simbahan, bawasan ang pagtuturo ng iisang bagay sa magkakaibang programa, at dagdagan ang kahusayan at pagiging epektibo. Sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya na nagbabalita tungkol sa hakbanging ito, sinabi ni Elder Lee: "Ito'y hakbang, na . . . nasa isipan ni Pangulong McKay at ngayon ay inuutusan tayo ng Pangulo ng Simbahan na sumulong, maging matatag, para maging mas mabisa at epektibo ang gawain ng priesthood, mga auxiliary, at iba pang yunit nang sa gayo'y makatipid tayo sa oras,

lakas, at pagsisikap tungo sa pangunahing layunin ng pagkatatag ng Simbahan mismo."[43]

### *Sugo ng Simbahan*

Sa mga taong iba ang pananampalataya, si Pangulong McKay ay itinuring na mahalagang espirituwal na lider. Palagi siyang nakikipag-usap sa mga lider ng daigdig at mga opisyal ng lokal na pamahalaan. Dinalaw rin siya ng mga pangulo ng Estados Unidos, tulad nina Harry S. Truman, John F. Kennedy, at Dwight D. Eisenhower. Minsan, ang Pangulo ng Estados Unidos na si Lyndon B. Johnson, na madalas tumawag kay Pangulong McKay, ay inimbita siya sa Washington, D.C., para humingi ng personal na payo tungkol sa ilang isyu na bumabagabag sa kanya. Sa pagbisitang iyon, sinabi sa kanya ni Pangulong McKay: "Hayaan mong gabayan ka ng iyong konsiyensya. Ipakita mo sa mga tao na ikaw ay tapat, at susunod sila sa iyo."[44]

### *Minamahal na Tagapagsalita at Lider*

Simula pagkabata at sa buong buhay niya, pinag-aralan ni Pangulong McKay ang mga salita ng mga dakilang manunulat at madalas na nagtuturo mula sa mga talatang isinaulo niya. Halimbawa, sinabihan niya ang mga miyembro ng Simbahan: "Lumukso sa tuwa ang puso ni Wordsworth nang makakita siya ng bahaghari sa langit. Nagdugo ang puso ni Burns nang maararo niya ang isang daisy. Nakapipitas si Tennyson ng bulaklak mula sa mga 'bitak sa pader,' at tinitingnan kung mababasa niya rito ang misteryo ng, 'lahat ng kung ano ang Diyos at ang tao.' Ipinakita nilang lahat sa atin, at ng iba pang mga dakilang tao, sa mga gawa ng kalikasan, ang gawa ng kamay ng Diyos."[45]

Gustung-gustong naririnig ng mga miyembro ng Simbahan na nagsasalita si Pangulong McKay. Ang mga talumpati niya'y madalas kabilangan ng nagbibigay-siglang mga kuwento mula sa marami niyang mga karanasan, at palagi siyang nagpapatawa. Madalas niyang ikuwento ang delivery boy na nakipagkamay sa kanya bago siya sumakay sa elevator. Mabilis na tumakbong paakyat ang bata para batiin ang may-edad na propeta habang palabas siya sa kasunod na palapag. Sabi ng bata, "Gusto ko lang po kayong kamayan minsan pa bago kayo mamatay."[46]

Binibigyang-diin ng kanyang mga pananalita sa pangkalahatang kumperensya ang kahalagahan ng tahanan at pamilya na siyang pinagmumulan ng kaligayahan at pinakatiyak na depensa laban sa mga pagsubok at tukso. Ang katagang, "walang ibang tagumpay na makahahalili sa kabiguan sa tahanan" ay madalas maulit kapag sinasabihan niya ang mga magulang na mag-ukol pa ng dagdag na oras sa kanilang mga anak at turuan sila ng tamang pag-uugali at integridad. Itinuro niya, "Ang mga dalisay na puso sa dalisay na tahanan ay isang bulong lamang ang layo sa langit."[47] Tinawag niya ang tahanan na "pangunahing yunit ng lipunan" at ipinahayag na "ang pagiging magulang ay kasunod ng pagiging Diyos."[48]

Nagsalita siya tungkol sa kabanalan ng kasal at madalas tukuyin ang pagmamahal na nadarama niya para sa kanyang pamilya at sa asawa niyang si Emma Ray. Ang pagsasama nila nang mahigit 60 taon ay naging huwarang pagsasama sa kasunod na mga salinlahi ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nagpayo siyang, "Turuan natin ang kabataan na ang ugnayang mag-asawa ang pinakasagradong obligasyon ng tao, o na magagawa ng tao."[49]

Nang magsimula siyang manghina sa kalagitnaan ng 1960s, madalas na siyang naka-wheelchair at tumawag ng karagdagang mga tagapayo sa Unang Panguluhan. Kahit mahina na ang kanyang katawan, patuloy niyang pinangasiwaan ang mga gawain ng Simbahan at nagturo, namuno, at nagbigay-inspirasyon. Hindi nagtagal bago siya namatay, nagsalita siya sa isang pulong sa Salt Lake Temple kasama ang mga General Authority ng Simbahan. Ganito ang paggunita ni Elder Boyd K. Packer, na naroon sa pulong:

"Nagsalita si [Pangulong McKay] tungkol sa mga ordenansa ng templo at kalaunan ay binanggit ang mga seremonya. Ipinaliwanag niya sa amin ang mga ito. (Tama lang ito, dahil nasa loob naman kami ng templo.) Pagkatapos niyang magsalita, tumigil siya at nakatayong nakatitig sa kisame habang nag-iisip na mabuti.

"Naaalala ko na magkahawak nang mahigpit ang malalaki niyang kamay sa kanyang harapan. Nakatayo siyang nakatitig na gaya ng ibang tao kung minsan habang nag-iisip nang malalim.

Pagkatapos ay nagsalita siya: 'Mga Kapatid, sa tingin ko'y nauunawaan ko na rin sa wakas.'


"Narito siya, ang propeta—isang Apostol sa loob ng mahigit kalahating siglo at kahit gayon ay natututo pa rin siya, umuunlad. Ang salita niyang 'sa tingin ko'y nauunawaan ko na rin sa wakas,' ay nagbibigay kapanatagan sa akin."[50] Kahit malawak ang pang-unawa niya sa ebanghelyo at karanasan niya sa Simbahan, mapagpakumbabang naunawaan ni Pangulong McKay na maaari pa rin siyang matuto at makatutuklas pa ng mas malalalim na kahulugan.

Matapos maglingkod bilang propeta ng Panginoon sa loob ng halos 20 taon, si Pangulong David O. McKay ay namatay noong ika-18 ng Enero 1970 sa Salt Lake City, Utah, at nasa tabi ng kanyang higaan ang kanyang asawang si Emma Ray, at ang lima sa kanyang mga anak. Sa isang parangal sa kanya, sinabi ni Pangulong Harold B. Lee na naiwan niyang "mas mayaman ang daigdig at mas maluwalhati ang langit dahil sa mga kayamanang naidulot niya sa mga ito."[51] Tungkol sa pamanang iniwan ni David O. McKay, sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, na humalili sa kanya, na: "Siya'y taong napakalakas sa espirituwal, sadyang isinilang upang maging lider ng mga tao, at mahal na mahal ng kanyang mga tao at iginagalang ng daigdig. Sa mga darating pang panahon ay titindig ang mga tao at pagpapalain ang kanyang pangalan."[52]

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Jeanette McKay Morrell, *Highlights in the Life of President David O. McKay* (1966), 6–8.
2. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 8–10.
3. Llewelyn R. McKay, *Home Memories of President David O. McKay* (1956), 6.
4. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 22–23.
5. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 24–25.
6. Bryant S. Hinckley, "*Greatness in Men: David O. McKay*," *Improvement Era,* Mayo 1932, 391; binago ang pagtatalata.
7. Jay M. Todd at Albert L. Zobell Jr., "*David O. McKay*, 1873–1970," *Improvement Era,* Peb. 1970, 12.
8. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God* (1986), 12–13.
9. "Peace through the Gospel of Christ," *Improvement Era,* Mar. 1921, 405–6.
10. Tingnan sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon, Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 8–9.
11. *Gospel Ideals* (1953), 459.

12. "Expressions of Gratitude and the Importance and Necessity for the Conservation and Training of Youth," *The Instructor,* Nob. 1966, 413.
13. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 28.
14. Leland H. Monson, "David O. McKay Was a Deacon, Too," *Instructor,* Set. 1962, 299.
15. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 26.
16. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 28.
17. David Lawrence McKay, *My Father, David O. McKay* (1989), 120.
18. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 31.
19. Tingnan sa *Home Memories of President David O. McKay,* 8–9.
20. *Home Memories of President David O. McKay,* 9.
21. Tingnan sa *My Father, David O. McKay,* 1–2.
22. Tingnan sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* 4–5; binago ang pagtatalata.
23. Tingnan sa *Home Memories of President David O. McKay,* 171.
24. Tingnan sa *My Father, David O. McKay,* 4–6.
25. *Treasures of Life,* tinipon, Clare Middlemiss (1962), 472.
26. "Pioneer Women, Heroines of the World," *Instructor,* Hulyo 1961, 217.
27. George R. Hill, "President David O. McKay . . . Father of the Modern Sunday School," *Instructor,* Set. 1960, 314; binago ang pagtatalata.
28. Tingnan sa *Instructor,* Set. 1960, 314; tingnan din sa "The Lesson Aim: How to Select It; How to Develop It; How to Apply It," *Juvenile Instructor,* Abr. 1905, 242–45.
29. "The Sunday School Looks Forward," *Improvement Era,* Dis. 1949, 804.
30. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 66–72.
31. Sa Conference Report, Abr. 1922, 16.
32. Sa Conference Report, Abr. 1922, 63.
33. Tingnan sa Keith Terry, *David O. McKay: Prophet of Love* (1980), 89–93.
34. Sa Conference Report, Okt. 1934, 89–90.
35. Sa Conference Report, Okt. 1949, 116.
36. *Pathways to Happiness,* tinipon, Llewelyn R. McKay (1957), 377; binago ang pagtatalata.
37. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 95–96.
38. Tingnan sa *Deseret News,* bahaging Church, ika-9 ng Abr. 1952, 9.
39. Tingnan sa "Every Member a Missionary," *Improvement Era,* Okt. 1961, 709–11, 730–31.
40. Tingnan sa *My Father, David O. McKay,* 217–37.
41. *Gospel Ideals* (1953), 579.
42. Sa Conference Report, Okt. 1952, 12.
43. Sa Conference Report, Okt. 1961, 81.
44. Tingnan sa *Highlights in the Life of President David O. McKay,* 262–66.
45. Sa Conference Report, Okt. 1908, 108.
46. Tingnan sa *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God,* 232–33.
47. Sa Conference Report, Abr. 1964, 5.
48. *Pathways to Happiness,* 117.
49. *Pathways to Happiness,* 113.
50. *The Holy Temple* (1980), 263.
51. *Stand Ye in Holy Places: Selected Sermons and Writings of President Harold B. Lee* (1975), 178.
52. Sa Conference Report, Abr. 1970, 4.



*"Hayaang ituon ng bawat lalaki at babae ang kanilang mga mata sa kanya na habampanahong nagniningning bilang Liwanag sa buong daigdig— dahil si Cristo ang Daan, ang Katotohanan, ang Buhay."*

# Jesucristo: "Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay"

*Kung hahanapin ang tunay na layunin ng buhay, ang tao ay kailangang mabuhay para sa isang bagay na mas mataas kaysa sa sarili. Diringgin niya ang tinig ng Tagapagligtas na nagsasabing, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. . . ." (Juan 14:6).*[1]

## Panimula

Noong ika-4 ng Disyembre 1920, sinimulan ni Elder David O. McKay at ng kasama niya sa paglalakbay na si Hugh J. Cannon, na stake president at patnugot ng magasin ng Simbahan na *Improvement Era*, ang atas mula sa Unang Panguluhan na dalawin at palakasin ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo. Tumagal ng isang taon ang kanilang paglalakbay na tinatayang mga 60,000 milya, at mahigit sa kalahati ng layong iyon ang nalakbay sa tubig. Noong gabi ng ika-10 ng Mayo, 1921, habang naglalayag sila papunta sa tinatawag ngayong Western Samoa, ay ganito ang naging karanasan ni Elder McKay:

"Nang pagabi na, ang aninag ng magandang papalubog na araw ay lubhang kahanga-hanga! . . . Ginugunita ko pa rin ang magandang tanawing ito, habang nakahiga ako sa aking [kama] dakong alas diyes nang gabing iyon. . . . Nakatulog ako at nakita ko sa pangitain ang isang bagay na ubod nang banal. Sa di kalayuan ay nakakita ako ng magandang puting lungsod. Bagama't malayo, tila batid ko na nagkalat doon ang mga punong-kahoy na may masasarap na bunga, mga palumpong na kulay berde ang mga dahon, at mga bulaklak na ubod nang gaganda. Tila naaaninag sa maaliwalas na kalangitan ang magagandang kulay na ito.

Pagkatapos ay nakakita ako ng maraming tao na palapit sa lungsod. Bawat isa'y nadaramitan ng maluwag na puting bata at puting dekorasyon sa ulo. Walang anu-ano'y natuon ang pansin ko sa kanilang lider, at bagama't naaaninag ko lamang ang kanyang anyo at pangangatawan, nalaman ko agad na siya ang aking Tagapagligtas! Ang kulay at liwanag ng kanyang anyo ay maluwalhating pagmasdan. Tila sukdulan ang kapayapaang nakapalibot sa kanya—iyon ay banal!

"Sa pagkaunawa ko, ang lungsod ay sa kanya. Iyon ang Walang Hanggang Lungsod; at ang mga taong sumusunod sa kanya ay mamumuhay doon sa kapayapaan at walang hanggang kaligayahan.

"Ngunit sino sila?

"Tila nabasa ng Tagapagligtas ang nasa isip ko, sumagot siya at itinuro ang hating-bilog na lumitaw sa kanilang uluhan, at doon ay nasusulat sa ginto ang mga salitang:

> *"Sila ang mga Taong Gumapi sa Daigdig—*
> *Na Tunay na Isinilang na Muli!"*[2]

Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, muling pinagtibay ni Pangulong McKay ang kanyang patotoo sa Tagapagligtas at sa mga biyayang dumarating sa mga sumusunod sa Kanya:

"Walang sinumang makapamumuno sa Simbahang ito nang hindi muna naaayon sa pinuno ng Simbahan, ang ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo. Siya ang ating pinuno. Sa kanya ang Simbahang ito. Kung wala ang kanyang banal na patnubay at inspirasyon sa tuwina, hindi tayo magtatagumpay. Sa pamamagitan ng kanyang patnubay, sa pamamagitan ng kanyang inspirasyon, hindi tayo mabibigo. . . .

". . . Alam kong siya ay buhay, na handa niyang patnubayan at pamunuan ang lahat ng maglilingkod sa kanya."[3]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Si Cristo ang Liwanag ng sangkatauhan.

Si Cristo ang liwanag ng sangkatauhan. Sa liwanag na iyon ay makikitang mabuti ng tao ang kanyang daraanan; kapag tinanggihan ito, ang kaluluwa ng tao ay mangangapa sa dilim. Walang tao, walang grupo, walang bansa na magkakamit ng tunay na tagumpay kung hindi susunod sa kanya na nagsabing:

"Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12.)

Nakalulungkot kapag pinapatay ng mga tao at mga bansa ang liwanag na iyon—kapag si Cristo at ang kanyang ebanghelyo ay hinahalinhan ng marahas na puwersa at ng lakas ng tabak. Ang pangunahing trahedya sa mundo sa kasalukuyan ay ang kawalan ng paniniwala nito sa kabutihan ng Diyos at kakulangan nito ng pananampalataya sa mga turo at doktrina ng ebanghelyo.[4]

Naniniwala Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inihayag ni Jesucristo sa kanyang buhay at mga turo ang pamantayan ng sariling pamumuhay at pakikipagkapwa. Kung ito'y lubusang susundin sa buhay ng tao at sa mga institusyon ng sangkatauhan, hindi lamang mababawasan ang problema ng lipunan sa ngayon, kundi magdudulot din ito ng kaligayahan at kapayapaan sa sangkatauhan.

Kung sakali mang . . . ang tinatawag na mga bansang Kristiyano ay mabigo sa pagkakamit ng gayong mithiin, masasabi natin na ang lahat ng kabiguang iyon ay dahil sa katotohanan na hindi nila naisagawa ang mga alituntunin at turo ng tunay na Kristiyanismo. . . .

. . . Ang buong sangkatauhan ay nagdusa sa di-mapigilang pagpapahiwatig at pagpapamalas ng kasakiman, poot, inggit, katakawan—mala-hayop na simbuyo ng damdamin na humantong sa digmaan, pagkawasak, salot, at kamatayan. Kung nasunod man lang sana kahit ang pinakasimpleng alituntunin ng mga turo ng Tagapagligtas, disin sana ay nabago ang kasaysayan.[5]

Kapag dumaloy sa puso ng mga Kristiyano sa buong daigdig ang pananampalatayang ito [kay Cristo], kapag nadama nila sa kanilang puso ang katapatan sa nabuhay na mag-uling Cristo, at sa mga alituntuning kaakibat nito, ay magagawa ng tao ang unang hakbang tungo sa tuluy-tuloy na kapayapaan na araw-araw nating ipinagdarasal: Tanggihan ninyo Siya at ang mundo ay mapupuno ng poot, at dadanak ang dugo sa paulit-ulit na mga digmaan.[6]

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang tunawan na lumulusaw sa poot, inggit, at katakawan samantalang ang mabuting hangarin, kabaitan, at pagmamahal ang nananatiling mithiin ng kalooban at sa pamamagitan nito ang tao ay tunay na nabubuhay at umuunlad.

Hayaang ituon ng bawat lalaki at babae ang kanilang mga mata sa kanya na habampanahong nagniningning bilang Liwanag sa buong daigdig—dahil si Cristo ang Daan, ang Katotohanan, ang Buhay, ang tanging ligtas na Giya tungo sa kanlungang iyon ng kapayapaan na taimtim na ipinagdarasal ng mga tao sa buong mundo.[7]

---

**Itinuro at ipinakita ni Cristo sa ating kapwa-tao ang daan tungo sa huwarang pamumuhay.**

"Paano natin malalaman ang daan?" tanong ni Tomas, habang nakaupo siyang kasama ng kapwa niya mga apostol at ng kanilang Panginoon sa mesa matapos ang hapunan sa di-malilimutang gabi ng pagtataksil; at ang banal na sagot ni Cristo ay: "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. . . ." (Juan 14:5–6.) At siya nga iyon! Siya ang pinagmumulan ng ating kapanatagan, ang inspirasyon natin sa buhay, ang may-akda ng ating kaligtasan. Kung gusto nating malaman ang ating kaugnayan sa Diyos, kay Jesucristo tayo lalapit. Kung gusto nating malaman kung totoong walang-kamatayan ang kaluluwa, ipinakita ito sa atin ng pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas.

Kung nais nating malaman ang huwarang pamumuhay na aakay sa ating kapwa-tao, makikita natin ang perpektong halimbawa sa buhay ni Jesus. Anuman ang ating mararangal na hangarin, ang matataas nating pangarap, ang ating mga mithiin sa

alinmang yugto ng buhay, makatitingin tayo kay Cristo at makikita nating Siya'y perpekto. Kung kaya sa paghahanap ng pamantayan ng kagandahang-asal ng tao, ang kailangan lang nating gawin ay lumapit sa Lalaking taga-Nazaret at makikita nating taglay niyang lahat ang mga katangiang kailangan para maging perpekto ang tao.

Ang mabubuting katangian na pinagsama-sama para mabuo ang perpektong pagkataong ito ay ang pagiging makatotohanan, makatarungan, marunong, mabait, at mapagpigil sa sarili. Bawat kaisipan, salita at gawa Niya ay naaayon sa banal na batas at, dahil dito, ay totoo. Ang daluyan ng komunikasyon sa pagitan niya at ng Ama ay palaging nakabukas, kung kaya ang katotohanan, na nakabatay sa paghahayag, ay batid niya lagi.[8]

Tanggap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na talagang totoo ang mga salita ni Jesus: "Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito." (Juan 10:10.) Gayunman, naniniwala tayo na ang saganang buhay na ito ay hindi lamang nakakamtan sa espirituwal na kadakilaan, kundi sa araw-araw na pagsasagawa ng mga alituntuning itinuro ni Jesus.

Ang mga alituntuning ito ay iilan lamang at simple, at kung nanaisin ay kaya itong gawin ng bawat normal na tao. Ang una sa mga ito, at dito nakasalalay ang tunay na lipunang Kristiyano, ay: "At iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo. . . ." (Marcos 12:30.) Ang pananalig sa Kataastaasang Nilikha na nabubuhay at nagmamahal sa kanyang mga anak—ay pananalig na nagbibigay kapangyarihan at lakas sa kaluluwa. Ang katiyakan na malalapitan Siya at mahihingan ng patnubay, at magpapakita Siya sa mga naghahanap sa Kanya.

Ang isa pa ay ang pagtanggap sa katotohanan na ang buhay ay kaloob ng Diyos at dahil dito, ito'y banal. Ang wastong paggamit ng kaloob na ito ang nagtutulak sa tao na maging amo, hindi alipin, ng kalikasan. Ang kanyang gana o hilig ay dapat kontrolin at gamitin para sa ikabubuti ng kanyang kalusugan at pagpapahaba

ng buhay. Ang simbuyo ng kanyang damdamin ay kailangang masupil at makontrol para lumigaya at mabiyayaan ang iba at maipagpatuloy ang lahi ng tao.

Ang pangatlong alituntunin ay personal na integridad. Ang ibig kong sabihin dito ay ang simpleng katapatan sa araw-araw, kahinahunan, at paggalang sa karapatan ng iba, na makakukuha ng pagtitiwala ng iyong kapwa-tao. Ang pagkilalang ito ay angkop sa mga bansa gayundin sa mga indibiduwal. Kung paanong mali para sa isang bansa, na dahil sa kapangyarihan nito ay pagnanakawan at pahihirapan ang iba, gayundin naman na mali para sa isang tao ang pagnakawan at patayin ang kanyang kapitbahay.

Ang pang-apat na mahalaga ay ang pagmamalasakit sa sangkatauhan na nagpapamulat sa bawat tao sa katotohanan na tungkulin niya ang gawing mas mainam ang daigdig dahil sa siya'y nasa daigdig.[9]

Ang buhay ng Tagapagligtas ay pinatnubayan ng . . . *Kadalisayan* at *Paglilingkod ng Bawat Tao*. Nanatili Siyang walang-bahid-dungis, at inilaan ang kanyang buhay sa pagsasaalang-alang sa iba, sa kaligtasan ng sangkatauhan. Palagi Niyang pinangangalagaan ang naaapi, inaalo ang maysakit, pinagagaling ang lumpo at may kapansanan, inaalay ang kanyang buhay para sa daigdig.[10]

Kailangan ng malaking pagbabago sa pakikitungo ng mga tao sa isa't isa. Hindi pa kailanman nangyayari sa kasaysayan ng daigdig na higit na kinailangan ang pagbabago para sa lalong ikabubuti. At yamang ang pagtanggi sa mga turo ni Cristo ay nagdulot ng paulit-ulit na kapahamakan, na may pansamantalang ginhawa at kapayapaan at pag-unlad, bakit hindi gugustuhin ng taong matwid na palitan ng alituntunin ni Cristo ang labis na pagpapahalaga sa sarili. Magkaroon ng malasakit sa kapatid, ng patas na pakikitungo, ng pagpapahalaga at kasagraduhan ng buhay ng tao, ng kagalingan ng pagpapatawad, ng pagsumpa sa kasalanang pagpapaimbabaw at pag-iimbot, ng nagliligtas na kapangyarihan ng pag-ibig.[11]

Tungkulin ng mga miyembro ng Simbahan ni Cristo na gawing huwaran ang walang bahid-kasalanang Anak ng Tao. Siya ang

nag-iisang Perpektong Nilalang na nabuhay sa lupa; ang pinadakilang halimbawa ng kadakilaan; likas na maka-Diyos; perpekto sa kanyang pagmamahal; ating Manunubos; ating Tagapagligtas; ang sakdal-linis na Anak ng ating Amang Walang Hanggan; ang Liwanag, ang Buhay, ang Daan.[12]

Tinatanggap ko si Jesucristo bilang ganap na halimbawa ng pagiging perpekto ng tao.[13]

---

**Ang mga turo ni Cristo ay angkop sa pang-araw-araw na buhay.**

Naniniwala ako sa bawat salitang binigkas ni Jesus, at para sa akin ang turo ay akma sa aking buhay at sa inyo. Laging isipin ang katotohanan na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na kapag inuuna nating hanapin ang kaharian ng Diyos, nagkakaroon tayo ng bagong layunin sa buhay. . . . Tanging sa lubusang pagsuko ng ating buhay madadaig natin ang makasarili at nakapandidiring hatak ng kalikasan. . . .

Sa loob ng halos dalawang libong taon, itinuring ng mga tao na hindi praktikal ang [mga turo ni Cristo]—napakaganda raw nito sabi nila, ngunit kung taos ang paniniwala natin sa kabanalan ni Cristo, na siya "ang daan, ang katotohanan, at ang buhay" (tingnan sa Juan 14:6), hindi natin pag-aalinlanganan na angkop nga ang kanyang mga turo sa pang-araw-araw na buhay.

Totoong may mabibigat na problemang kailangang lutasin—mga kasamaan sa slum area, ang paulit-ulit na pagtatalo sa pagitan ng trabaho at pamumuhunan, paglalasing, prostitusyon, alitan sa buong mundo, at daan-daan pang mga problema sa kasalukuyan. Ngunit kung susundin, ang pagsamo ni Cristo ukol sa personal na integridad, dangal, patas na pakikitungo, at pag-ibig ang siyang angkop na solusyon sa lahat ng kahirapang ito sa lipunan at kabuhayan.

Tiyak na bago pa makamit ng daigdig ang mga mithiing ito, kailangang magbago ang puso ng mga tao. Naparito sa mundo si Cristo para sa layuning iyon mismo. Ang pangunahing dahilan ng pangangaral ng ebanghelyo ay baguhin ang puso at buhay ng mga tao. . . . Ang mga napabalik-loob . . . ay maaaring magpatotoo kung paano napagbago ng pagbabalik-loob ang kanilang

buhay. . . . Sa pamamagitan ng gayong pagbabalik-loob ay nagdudulot sila ng kapayapaan at kabutihan sa daigdig sa halip na alitan [at] pagdurusa.[14]

Bilang unang hakbang, . . . tiyaking gawin ang simpleng utos na ilagay ang sarili sa katayuan ng iba, ang pinakasiguradong paraan ng pag-aalis ng pait na makikita sa di-pagkakaunawaan.

Hindi tapatang masasabi ng taong nag-iisip na ang aplikasyon ng simpleng hakbang na ito, kung gagawin ng bawat tao at mga bansa, ay hindi makalilikha ng mas mabuting daigdig!

Gayundin ang bisa at kaangkupan ng Kanyang mga turo hinggil sa pagpapahalaga at kabanalan ng buhay ng tao. Itinuro din Niya na kailangang magpatawad at makitungo nang patas. Isinusumpa Niya ang kasalanan ng pagpapaimbabaw, at ng pagkainggit. Itinuro din Niya ang nakapagliligtas na kapangyarihan ng pag-ibig, at ng kawalang-kamatayan ng kaluluwa.[15]

---

**Ang pagsunod sa mga turo ni Cristo ang magdadala sa atin sa tunay na kadakilaan at kaligayahan.**

Walang taong taimtim na susunod sa araw-araw sa mga turo ni Jesus ng Nazaret ang hindi makadarama ng pagbabago sa kanyang pagkatao. Ang katagang "isinilang muli" ay may mas malalim na kahulugan kaysa inaakala ng mga tao. Ang pagbabagong ito'y maaaring hindi mailarawan, ngunit ito'y tunay.

Maligaya ang taong tunay na nadama ang nagbibigay-sigla at nagpapabagong kapangyarihan na bunga ng pagiging malapit sa Tagapagligtas, ng kaugnayang ito sa buhay na Cristo. Salamat at alam kong si Cristo ang aking Manunubos.[16]

Ang pinakamatayog sa lahat ng mga mithiin ay ang mga turo, lalo na ang buhay ni Jesus ng Nazaret, at tunay na pinakadakila ang tao na halos tulad na ni Cristo.

Ang taimtim na paniniwala ng puso ninyo tungkol kay Cristo ang magsasabi sa tunay ninyong pagkatao at kung ano ang gagawin ninyong hakbang. Walang taong nag-aaral sa banal na personalidad na ito ang makatatanggap sa kanyang mga turo nang hindi madarama ang nagbibigay-sigla at nakadadalisay na impluwensya nito sa kanyang sarili.[17]

Dahil ginawa natin siyang huwaran, uusbong sa ating sarili ang hangarin na maging tulad niya, na mapalapit sa kanya. Makikita natin ang buhay gaya ng nararapat at gaya ng maaaring mangyari.[18]

Wala siyang ipinangakong materyal na gantimpala, ngunit tunay na nangako siya ng perpekto at banal na pagkatao. . . . "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." [Tingnan sa Mateo 5:48.] At sa banal na pagkataong iyon nagmumula ang kaligayahan, ang tunay na kaligayahan.[19]

Ang ebanghelyo, ang masayang balita ng dakilang kagalakan, ang totoong gabay ng sangkatauhan; at pinakamaligaya at pinakapanatag ang lalaki o babae na sumusunod na mabuti sa mga turo nito. Kabaligtaran ito ng poot, pag-uusig, pagmamalupit, pangingibabaw, kawalang-katarungan—mga bagay na humihikayat ng kahirapan, kapahamakan, at kamatayan sa buong daigdig. Kung paanong papawiin ng araw sa bughaw na kalangitan ang taglamig na bumabalot sa nagpupumiglas na mundo, gayundin naman ang epektong dulot ng ebanghelyo ni Jesucristo sa nagdadalamhating mga kaluluwa na naghahangad ng mas mataas at mas mainam na buhay na di pa natatagpuan ng tao sa mundo.

Napakaluwalhati ng magiging kalagayan ng lumang daigdig na ito kapag buong katapatang masasabi nito kay Cristo, na Manunubos ng sangkatauhan, "Hinahanap ka ng lahat." (Marcos 1:37.) Ang kasakiman, inggit, poot, pagsisinungaling, pagnanakaw, pandaraya, pagsuway, pag-aaway, at labanan sa pagitan ng mga bansa ay mapapawi sa oras na iyon![20]

Ipinagdiriwang natin ang kanyang pagsilang na ang misyon sa lupa ay (1) lumuwalhati sa Diyos; (2) nangako ng kapayapaan sa mundo; (3) nagbigay-katiyakan sa lahat ng tao ng kabaitan ng Diyos sa kanila!

Kung bawat taong isisilang sa mundo ay matatanglawan sa buhay ng tatlong maluwalhating mithiing ito—magiging napakatamis at napakaligaya ng buhay! Sa gayong mithiin, hahangarin ng lahat ang dalisay, makatwiran, marangal, mabuti, at totoo—lahat ng hahantong sa pagiging perpekto. . . . Iiwasan niya ang bagay na marumi, kahiya-hiya, o masama. Kung *hahangarin* ng bawat

tao na magpakita ng kabutihan sa kanyang kapwa at sisikaping ipakita ang hangaring iyon sa isang libong mabubuting salita at mumunting gawa na kakikitaan ng pagiging mapagbigay at pagsasakripisyo ng sarili, kaylaking kontribusyon ang magagawa ng bawat isa tungo sa kapayapaan ng buong mundo at kaligayahan ng sangkatauhan![21]

Lalong magiging mas kaaya-aya ang mundong ito kung, halimbawa, sisikapin ng tao na isagawa ang payo ni Cristo: "[Kung ikaw ay] mayroong anomang laban sa [iyong kapatid], Makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid." [Tingnan sa Mateo 5:23–24.] O kaya'y ang payo Niyang: "hanapin muna ninyo ang . . . kaharian [ng Diyos], at ang Kanyang katuwiran" [tingnan sa Mateo 6:33], na ang ibig lamang sabihin ay huwag masyadong mabahala sa makamundong mga bagay na mas pahahalagahan ang mga ito kaysa sa espirituwal na mithiin.[22]

Dama ko at alam ko na sa pamamagitan niya at tanging sa kanya, at sa pagsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo, mahahanap natin ang kaligayahan at kaligtasan sa mundong ito at ang buhay na walang hanggan sa susunod na daigdig.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Anu-ano ang ilan sa mga pangunahing problema na kinakaharap ng sangkatauhan sa ngayon? Anu-anong partikular na alituntunin na itinuro ni Jesucristo ang makatutulong sa paglutas ng mga problemang ito? Paano makatutulong ang mga ito sa paglutas ng mga problema?
- Bakit mahalaga ang pananampalataya kay Jesucristo sa pagpapabuti sa kalagayan ng mundo sa ngayon? Ano ang ibig sabihin sa inyo ng si Jesucristo "ang daan, ang katotohanan, at ang buhay"?
- Anu-ano ang humahadlang sa mga tao ngayon sa pagsasagawa ng mga itinuro ng Tagapagligtas sa kanilang buhay? Sa paanong paraan natin maitataguyod bilang Simbahan at bilang indibiduwal ang Kanyang mga pamantayan sa daigdig?
- Sinabi ni Jesucristo na naparito Siya sa mundo upang tayo'y "magkaroon ng buhay, at [tayo'y] magkaroon ng kasaganaan

nito" (Juan 10:10; tingnan sa pahina 5). Sa paanong paraan kayo natulungan ng Tagapagligtas na magkaroon ng mas masaganang buhay?

- Nagpatotoo si Pangulong McKay kay Jesucristo bilang "ganap na halimbawa ng pagiging perpekto ng tao" (pahina 7). Ano ang ilan sa mga katangian ni Jesucristo na dahilan kung bakit Siya ang halimbawa ng pagiging perpekto? (Tingnan sa mga pahina 6–7.) Sa paanong paraan natin makakayang kamtin ang mga katangiang ito sa ating buhay? Ano ang magagawa natin para gawing mas tulad ng kay Cristo ang buhay ng bawat isa sa atin?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang mga nagsasagawa sa mga turo ng Tagapagligtas ay makadarama ng pagbabago sa kanilang sarili (tingnan sa pahina 8). Paano ninyo nakita na totoo ito sa inyong buhay o sa buhay ng iba? Ano ang kahulugan ng paggamit ni Pangulong McKay ng mga salitang "isinilang muli"? (Tingnan sa mga pahina 8–9.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 11:28–30; Juan 13:15–17; 3 Nephi 27:21–22, 27; D at T 84:49–54

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1969, 8.
2. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon, Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 59–60; binago ang pagtatalata.
3. Sa Conference Report, Abr. 1951, 157, 159.
4. *Treasures of Life,* tinipon, Clare Middlemiss (1962), 203–4.
5. "What Doth It Profit?" *Improvement Era,* Ene. 1970, 2.
6. Sa Conference Report, Abr. 1944, 124–25.
7. "Walk in the Light," *Improvement Era,* Abr. 1954, 222.
8. Sa Conference Report, Abr. 1968, 6–7.
9. "What Doth It Profit?" *Improvement Era,* Ene. 1970, 3.
10. Sa Conference Report, Abr. 1918, 81.
11. "Walk in the Light," *Improvement Era,* Abr. 1954, 221–22.
12. *Treasures of Life,* 210.
13. Sa Conference Report, Okt. 1965, 144.
14. Sa Conference Report, Okt. 1953, 10–11; binago ang pagtatalata.
15. Sa Conference Report, Okt. 1942, 69–70.
16. Sa Conference Report, Abr. 1944, 124.
17. Sa Conference Report, Abr. 1951, 93.
18. Sa Conference Report, Abr. 1951, 98.
19. Sa Conference Report, Abr. 1953, 137–38.
20. Sa Conference Report, Abr. 1968, 9.
21. *Gospel Ideals* (1953), 36–37.
22. Sa Conference Report, Abr. 1944, 124.
23. Sa Conference Report, Okt. 1953, 9.



*Itinuro ni Pangulong McKay na ang "buhay ng tao sa mundo ay isang pagsubok lamang" para malaman kung pipiliin nating sundin at paunlarin ang ating pisikal na katauhan o ang ating espirituwal na katauhan.*

# Ang Dalawang Katauhan ng Tao

*Kung gayon ang tanong ay: Alin ang magbibigay ng mas masaganang buhay—ang pagbibigay-layaw sa ating pisikal na katauhan o ang pagpapaunlad sa ating espirituwal na katauhan? Hindi ba't iyan ang talagang problema?*[1]

## Panimula

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong 1949, ikinuwento ni Pangulong McKay ang sumusunod:

"May isang lumang kuwento . . . tungkol sa karanasan ng isang dakilang pintor na inatasang magpinta ng mural para sa katedral sa isang bayan sa Sicily. Ang buhay ni Cristo ang paksa. Masigasig na nagtrabaho ang pintor sa loob ng maraming taon, at sa wakas ay natapos ang ipininta maliban sa dalawang pinakamahahalagang katauhan, ang Batang Cristo at si Judas Iscariote. Kung saan-saan siya naghanap ng mga modelo para sa dalawang katauhang iyon.

" 'Isang araw habang naglalakad sa lumang bahagi ng lungsod ay may nakita siyang ilang bata na naglalaro sa kalye. Kabilang dito ang labindalawang-taong gulang na batang lalaki na ang maamong mukha ay umantig sa puso ng pintor. Mukha siyang anghel—nanlilimahid sa dumi, marahil, pero iyon ang mukhang kailangan niya.

" 'Isinama ng pintor ang bata sa pag-uwi, at sa pagdaan ng mga araw ay matiyagang naupo ang bata hanggang sa matapos ang mukha ng Batang Cristo.

“ ‘Pero nabigo ang pintor na makahanap ng modelo para kay Judas. Sa paglipas ng mga taon, sa takot na baka hindi matapos ang kanyang obra-maestra, ay patuloy siyang naghanap.

“ ‘Isang hapon, sa isang bahay-panuluyan, nakakita ang pintor ng payat at gula-gulanit ang damit na taong susuray-suray papasok sa pintuan at bumagsak sa sahig, na nagmamakaawang bigyan ng isang basong alak. Itinayo siya ng pintor at tumingin sa mukha ng tao at siya’y nagulat. Tila mababakas sa mukhang ito ang bawat kasalanan ng sangkatauhan.

“ ‘ “Halika,” sabi ng pintor, “Bibigyan kita ng alak, pagkain, at damit.”

“ ‘Sa wakas natagpuan niya ang modelong angkop kay Judas. Maraming araw at mga ilang gabing nagpuyat ang pintor para makumpleto ang kanyang obra-maestra.

“ ‘Habang patuloy siyang nagpipinta ay may pagbabago sa modelo. Kakaibang pagkabalisa ang humalili sa tulirong lasing, at ang kanyang pulang mga mata ay puno ng takot sa ipinintang larawan ng kanyang sarili. Isang araw, dama ang pagkabalisa ng kanyang modelo, ay itinigil ng pintor ang kanyang ginagawa, at sinabing, “Anak, gusto kitang tulungan. Ano ang bumabagabag sa iyo?”

“ ‘Humagulgol ang modelo at isinubsob sa kanyang mga kamay ang kanyang mukha. Matapos ang ilang sandali may pagsusumamo siyang tumingin sa mukha ng matandang pintor.

“ ‘ “Di mo ba ako naaalala? Ako ang modelo mo sa Batang Cristo maraming taon na ang nakararaan!” ’ ”

Matapos magkuwento ay sinabi ni Pangulong McKay, “Kunsabagay, maaaring totoo o kaya’y katha lamang ang kuwento, ngunit ang aral na itinuturo nito ay nangyayari sa totoong buhay. Mali ang naging pagpili ng patapong lalaki noong kanyang kabataan. Sa pagsisikap na masiyahan sa pamamagitan ng pagbibigay-layaw sa sarili ay lalo siyang nalublob sa kasalanan hanggang sa masira ang kanyang pagkatao.”[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Bawat isa sa atin ay may dalawang magkasalungat na katauhan: ang pisikal at ang espirituwal.

Ang tao ay may dalawang katauhan, at ang kanyang buhay ay plano ng Diyos. Iyan ang unang pangunahing katotohanan na dapat tandaan. Ang tao ay mayroong *natural* na katawan at *espirituwal* na katawan. Maliwanag ang paghahayag ng mga banal na kasulatan hinggil sa katotohanang ito:

"At hinubog ng mga Diyos ang mga tao mula sa alabok ng lupa, at kinuha ang kanyang espiritu (iyon ay, ang espiritu ng tao), at inilagay ito sa kanya; at hiningahan ang kanyang ilong ng hininga ng buhay, at ang tao ay naging kaluluwang may buhay." [Abraham 5:7.]

Ang katawan ng tao, kung gayon, ay tabernakulo lamang kung saan nakatira ang kanyang espiritu. Napakarami, ubod ng dami, ang nag-iisip na ang katawan ang tao, at dahil dito ay sinisikap nilang bigyang-kasiyahan ang katawan, ang gana o hilig nito, nasa nito, at simbuyo ng damdamin. Kakaunti ang nakauunawa na ang tunay na tao ay ang walang-kamatayang espiritu, na [siyang] "katalinuhan, o ang liwanag ng katotohanan," [tingnan sa D at T 93:29]. Buhay na ito bilang indibiduwal bago pa nilikha ang katawan, at ang espirituwal na katauhang ito na nagtataglay ng lahat ng pagkakakilanlan ay magpapatuloy kahit tumigil na ang katawan sa pagtugon sa makalupang kapaligiran nito. Sinabi ng Tagapagligtas:

"Nagbuhat ako sa Ama, at naparito ako sa sanglibutan: muling iniiwan ko ang sanglibutan, at ako'y paroroon sa Ama." (Juan 16:28.)

Kung paanong binigyang-buhay ng umiral na noong Espiritu ni Cristo ang katawan ng laman at mga buto, gayundin naman na bibigyang-buhay ng umiral na noong espiritu ang bawat taong isinisilang sa mundong ito. Maaari ba ninyong tandaan iyan bilang pangunahing saligan ng katotohanan ng buhay?

Kung gayon ang tanong ay: Alin ang magbibigay ng mas masaganang buhay—ang pagbibigay-layaw sa ating pisikal na katauhan

o ang pagpapaunlad sa ating espirituwal na katauhan? Hindi ba't iyan ang talagang problema?[3]

Ang pagbibigay-layaw sa hilig at pita ng pisikal na tao ay magbibigay ng panandaliang kasiyahan at maaaring humantong sa kalungkutan, pighati, at marahil sa pagkasira ng pagkatao; ang mga espirituwal na gawa ay magbibigay ng "kagalakang hindi pagsisisihan."

Sa kanyang liham sa mga taga Galacia, inisa-isa ni Pablo ang "mga gawa ng laman," gaya ng tawag niya sa mga ito, at ang "mga bunga ng Espiritu." Pansinin ang klasipikasyong ito: Ang mga gawa ng laman ay nahahayag sa sumusunod:

". . . Pakikiapid, karumihan, kalibugan,

"Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampi-kampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya,

"Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos.

"Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat,

"Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.

"At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito.

"Kung tayo'y nangabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman tayo ayon sa Espiritu." (Mga Taga Galacia 5:19–25.)[4]

Mayroong mas mataas kaysa pamumuhay na tulad ng sa hayop; ito ay sa espirituwal na kaharian kung saan may pag-ibig, na siyang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao. Nariyan din ang pagdamay, kabaitan, at iba pang mga katangian.[5]

Mayroong isang bagay sa kaibuturan ng [tao] na humihikayat sa kanyang mas pagbutihin pa ang sarili, kontrolin ang kanyang kapaligiran, supilin ang katawan at lahat ng pisikal na bagay at mamuhay sa mas mataas at mas magandang daigdig.[6]

May mas dakilang tadhana ang tao kaysa buhay-hayop. Iyan ang epekto ng espiritu! Bawat lalaki na nakadama nito ay may patotoo at bawat babae ay may sarili ring patotoo, na may dalawang katauhan ang tao. Mayroon siyang katawan, tulad ng iba pang mga hayop. Ngunit mayroong isang bagay sa kanya na tanging sa kanyang Ama sa Langit nagmula, at siya'y may karapatan, madali niyang madama ang mga bulong, madaling madama ang impluwensyang mula sa kanyang Magulang sa Langit, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na siyang tagapamagitan natin sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.[7]

---

**Ang buhay ay isang pagsubok para malaman kung alin sa dalawa nating katauhan ang susundin at pauunlarin natin.**

Ang buhay ng tao sa lupa ay isang pagsubok lamang para malaman kung itutuon niya ang kanyang lakas, kanyang isipan, at kaluluwa sa mga bagay na makaaambag sa kapanatagan at kasiyahan ng kanyang pisikal na katauhan, o kung hahangarin niya sa buhay ang pagtatamo ng espirituwal na mga katangian.

"Bawat magiting na adhikain, bawat di-makasariling pagpapahayag ng pagmamahal; bawat magiting na pagpapakasakit para sa wasto; bawat pagsuko ng sarili sa bagay na nakahihigit kaysa sa sarili; bawat katapatan sa mithiin; bawat di-makasariling katapatan sa prinsipyo; bawat pagtulong sa sangkatauhan; bawat pagpipigil sa sarili; bawat katapangan ng kaluluwa, na di nalulupig ng pagkukunwari o ng patakaran, kundi ng pag-iral, paggawa, at mabuting pamumuhay para sa pinakamabuting kapakanan—iyan ay espirituwalidad."[8]

Sa pangkalahatan ay mayroong kabanalan sa tao na pilit na nagtutulak sa kanya nang pasulong at pataas. Naniniwala tayo na ang kapangyarihang ito sa kanya ay ang espiritung mula sa Diyos. Nabuhay na ang tao bago pa siya naparito sa mundo, at narito siya ngayon para sikaping gawing perpekto ang espiritung nasa

kanya. Minsan sa kanyang buhay, bawat tao ay naghahangad na makipag-ugnayan sa Diyos. Ang kanyang espiritu ay sumasamo sa Diyos. Nadarama ito ng lahat, at sa diwa ng katotohanan, lahat ng tao ay dapat makasama sa dakilang gawain—sa paghahanap at pagpapaunlad ng espirituwal na kapayapaan at kalayaan.[9]

Binigyan tayo ng pagpipilian, kung mamumuhay tayo sa pisikal na daigdig bilang mga hayop, o kung gagamitin natin ang iniaalok sa atin ng mundo upang makapamuhay sa espirituwal na daigdig na aakay sa atin tungo sa piling ng Diyos.

Ibig sabihin nito ay:

Kung pipiliin natin ang pagkamakasarili o kung pagkakaitan natin ang ating sarili para sa ikabubuti ng iba;

Kung pahahalagahan natin ang pagbibigay-layaw sa hilig [at] simbuyo ng damdamin, o kung magkakaroon tayo ng pagpipigil at kontrol sa sarili.

Kung pipiliin natin ang kahalayan o kalinisang-puri;

Kung itataguyod natin ang poot o magkakaroon ng pagmamahal;

Kung uugaliin [natin] ang kalupitan o kabaitan;

Kung [tayo'y] magiging mapangutya o mapagtiwala—na may pag-asa;

Kung tayo'y magiging traydor—di tapat sa mga nagmamahal sa atin, sa ating bayan, sa Simbahan o sa Diyos—o kung tayo'y magiging tapat;

Kung tayo'y magiging mapanlinlang, o tapat, kung tayo'y may isang salita;

Kung [tayo'y] mapanirang-puri o kung kaya nating pigilin ang ating dila.[10]

Kung mananatiling nasisiyahan ang tao sa tinatawag nating daigdig ng mga hayop, at kuntento na sa ibibigay sa kanya nito, na kusang nagpapatangay sa kapritso ng laman at simbuyo ng damdamin at lalo pang nagpapatianod sa pagbibigay-layaw sa sarili, o kung, sa pamamagitan ng pagsupil sa sarili, siya'y magbabangon tungo sa intelektuwal, moral, at espirituwal na kasiyahan, ito ay batay sa ginagawa niyang pagpili sa araw-araw, maging sa bawat oras ng kanyang buhay.[11]

Matinding paghamak sa pagkatao kapag ang isang tao o grupo ng mga tao, na bagama't pinagkalooban ng kamalayan ng pagbangon sa dignidad ng tao tungo sa kalagayang hindi nauunawaan ng mas mababang mga nilikha, ay makukuntento pa rin na sundin ang makahayop na pagnanasa, nang hindi man lang sinisikap danasin ang kagalakang dulot ng kabutihan, kadalisayan, pagpipigil sa sarili, at pananampalatayang nagmumula sa pagsunod sa mga batas ng kagandahang-asal! Kaylaking kapahamakan nito kapag ang tao, na ginawang "kaunting mababa lamang sa [mga anghel] at pinaputungan . . . ng kaluwalhatian at karangalan" (Mga Awit 8:5), ay masiyahan na lamang sa pagpapakababa sa kanyang sarili sa antas ng mga hayop.[12]

Ang daigdig sa karingalan at kagandahan nito ay hindi puno't dulo ng paglikha." . . . *ang [Aking] kaluwalhatian," sabi ng Panginoon mismo, "(ay) ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."* (Moises 1:39.) At ang tao sa paggamit ng kanyang banal na kaloob na kalayaang pumili ay dapat madama ang tungkulin niya, dapat madama ang *obligasyon* niya na tulungan ang Manlilikha sa pagsasakatuparan ng banal na layuning ito.

Ang tunay na hangganan ng buhay ay hindi ang pag-iral lamang, hindi ang kasiyahan, o katanyagan, hindi ang kayamanan. *Ang tunay na layunin ng buhay ay ang pagiging perpekto ng sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsisikap ng bawat tao, sa inspirasyon ng Diyos.*

*Ang tunay na buhay ay ang pagtugon sa pinakamainam na nasa atin. Ang pamumuhay ng dahil lamang sa hilig, kasiyahan, kapalaluan, pagkita ng salapi, at hindi sa kabutihan at kabaitan, kadalisayan at pagmamahal, mga tula, musika, mga bulaklak, bituin, Diyos at pag-asang walang hanggan, ay pagkakait sa ating sarili ng tunay na kagalakang dulot ng buhay.*[13]

---

**Kailangan sa espirituwalidad ang pagkilala sa sarili at pakikipag-ugnayan sa Diyos.**

Ang espirituwalidad, na siyang tunay nating mithiin, ay matapat na paghahangad ng pagwawagi sa sarili, at patuloy na pakikipag-ugnayan sa Diyos.[14]

Espirituwalidad ang humihimok sa tao na labanan ang mga pagsubok at naising magkaroon ng dagdag na lakas. Ang madamang lumalakas ang kakayahan ng isang tao at pinalalaki ng katotohanan ang kanyang kaluluwa ang isa sa mga pinakadakilang karanasan sa buhay. Ang pagiging totoo sa sarili at katapatan sa matataas na mithiin ang nagpapaunlad sa espirituwalidad. Ang tunay na pagsubok sa alinmang relihiyon ay ang uri ng taong nalilikha nito. Ang pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at paggawa ng mabuti sa lahat ng tao" [tingnan sa Saligan ng Pananampalataya 1:13] ang mga katangiang makatutulong sa pagkakamit ng pinakamataas na mararating ng kaluluwa. Ang "banal na katangian ng tao, ang pinakamataas na kaloob na maibibigay sa kanya; ito ang dahilan kung bakit siya ang hari ng lahat ng bagay na nilikha."[15]

Ang tao na . . . [laging] iniisip na gawing mas maganda ang daigdig na ginagalawan niya, na ang hangad ay mapaligaya ang kanyang pamilya at mga kapwa-tao, at ginagawa ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos, hanggang sa pagkaitan niya ang sarili ng mga mithiing ito, ay uunlad sa espirituwalidad. Tunay na sa paggawa lamang niya nito siya makaaangat mula sa kalagayan ng daigdig ng mga hayop.[16]

Ang espirituwalidad at kabutihang-asal na itinuturo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay matatag na nakabatay sa mga pangunahing alituntunin, mga alituntuning hindi kayang takasan ng daigdig kahit gustuhin pa nito. Una sa mga ito ang paniniwala—na para sa mga Banal sa mga Huling Araw ay kaalaman—na buhay ang ating Diyos. Tinuturuan ang mga batang Banal sa mga Huling Araw na kilalanin siya, at manalangin sa kanya dahil makikinig at makadarama siya tulad ng isang ama sa lupa na nakaririnig at nakadarama. At nasa pagkatao na nila mismo, mula sa kanilang mga ina at ama, ang tunay na patotoo na ang Diyos na ito ay nagsalita sa dispensasyong ito. May katotohanan ito.[17]

Nagpapatotoo ako na nakabukas ang daluyan ng komunikasyon, at handang gumabay ang Panginoon at ginagabayan Niya ang kanyang mga tao. Hindi ba sapat na iyan para mapaglabanan ang tuksong maghanap ng paraan para bigyang-kasiyahan ang iyong hilig o kayabangan gaya ng ginagawa ng ilan, at kapag

ginawa ang gayon ay marapat nang matiwalag sa simbahan, at iyon ay dahil lamang sa pagbibigay-kasiyahan sa kapritso o hilig? Bukas ito para sa inyo—nakabukas ang kapwa linya. Ang isa'y papunta sa espiritu, sa patotoo ng espiritu na naaayon sa diwa ng paglikha, ang Espiritu Santo. Ang espiritu ng Panginoon ay nagbibigay buhay sa bawat espiritu, sa loob o sa labas man ng simbahan. Dahil sa Kanya tayo'y nabubuhay at gumagalaw at umiiral, ngunit ang patotoo ng Espiritu Santo ay natatanging pribilehiyo. Parang binuksan ninyo ang inyong radyo at naririnig ninyo ang tinig sa kabilang panig ng daigdig. Hindi ito maririnig ng mga taong hindi nararating nito, pero naririnig ninyo ito, naririnig ninyo ang tinig at magagabayan kayo nito at mapasasainyo ito kung gagawin ninyo ang inyong bahagi. Pero kung patatangay kayo sa likas na ugali ninyo, sa inyong mga naisin, simbuyo ng damdamin, at magyayabang at iisipin at paplanuhin at babalakin, at aakalain na walang nakaaalam nito, ang mga bagay-bagay ay magdidilim. Nabigyang kasiyahan ninyo ang inyong sarili at ang simbuyo ng inyong damdamin at hilig, pero itinatatwa ninyo ang espiritu; pinuputol ninyo ang komunikasyon sa pagitan ng inyong espiritu at ng diwa ng Espiritu Santo.[18]

Wala na akong maisip na mas mataas at mas pinagpalang mithiin kaysa pamumuhay nang naaayon sa Espiritu upang makipag-ugnayan tayo sa Kawalang Hanggan.[19]

Kapag nagiging sentro ng ating buhay ang Diyos, nagkakaroon tayo ng kamalayan sa bagong layunin ng buhay—ang pagkakamit ng espirituwal na bagay. Ang pisikal na mga ari-arian ay hindi na pangunahing mithiin sa buhay. Ang pagbibigay-layaw, pangangalaga, at pagbibigay- kasiyahan sa katawan na ginagawa ng alinmang hayop ay hindi na pangunahing layon ng buhay sa mundo. *Hindi* na natin iniisip kung ano ang matatanggap natin mula sa Diyos, sa halip iniisip natin kung ano ang *maibibigay* natin sa kanya.

Tanging sa lubusang pagsuko ng ating buhay madadaig natin ang makasarili at nakapandidiring hatak ng kalikasan. Kung ano ang espiritu sa katawan ay gayon ang Diyos sa espiritu. Kapag iniwan ng espiritu ang katawan, wala na itong buhay, at kapag inalis

natin ang Diyos sa ating buhay, ang espirituwalidad ay unti-unting naglalaho. . . .

. . . Magpasiya tayo na simula ngayon tayo'y magiging mga lalaki at babaeng may mas mataas at mas banal na pag-uugali, mas may kamalayan sa ating mga kahinaan, mas mabait at mapagbigay sa kakulangan ng iba. Magpasiya tayong dagdagan ang pagpipigil sa sarili sa ating mga tahanan; na magiging mahinahon tayo, kokontrolin ang ating damdamin at ating dila upang hindi lumampas ang mga ito sa hangganan ng kabutihan at kadalisayan; na lalo pa tayong magsasaliksik upang paunlarin ang espirituwal na bahagi ng ating buhay, at matanto kung gaano tayo umaasa sa Diyos para magtagumpay sa buhay na ito.[20]

Ang katunayan ng Diyos Ama, ni Jesucristo, na nabuhay na mag-uling Panginoon, ay katotohanang dapat taglayin ng bawat kaluluwa ng tao. Ang Diyos ang sentro ng isip ng tao tulad ng araw na siyang sentro ng sansinukob na ito. Kapag nadama natin ang kanyang pagiging Ama, kapag nadama nating malapit Siya sa atin, kapag nadama natin ang banal na pagkadiyos ng Tagapagligtas, ang mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay natural na susunod dito gaya ng araw sa gabi, at ng gabi sa araw.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit mahalaga na mayroon tayo kapwa ng pisikal at espirituwal na katauhan? Paanong nagagamit ang ating hilig at simbuyo ng damdamin sa mabuti o masama?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang buhay ay isang pagsubok para malaman kung alin sa dalawa nating katauhan ang ating susundin (tingnan sa mga pahina 17–19). Sa paanong mga paraan natin nararanasan ang pagtatalo ng ating pisikal at espirituwal na katauhan? Anu-anong mga pagpili ang magagawa natin sa bawat araw upang matamasa ang mga dakilang espirituwal na kaloob tulad ng pag-ibig, kagalakan, at kapayapaan? (Tingnan sa mga pahina 15–22.)

- Ano ang "likas na tao"? (Mosias 3:19). Bakit kaaway ng Diyos ang likas na tao? Ano ang kailangang gawin para "hubarin" ang likas na tao? (Tingnan sa mga pahina 19–22.)
- Anu-ano ang umiimpluwensya sa maraming tao para matuon ang kanilang buhay sa pagbibigay kasiyahan lamang sa kanilang pisikal na katauhan? Bakit mahirap kung minsan na pagtuunan ng pansin ang mga espirituwal na bagay?
- Anu-ano ang ilan sa tila maliliit na kamalian na maaaring humadlang sa ating espirituwalidad? Paano makatutulong ang pagpipigil sa sarili para maragdagan ang ating espirituwalidad? (Tingnan sa mga pahina 19–22.)
- Paano naiimpluwensyahan ng inyong kaugnayan sa Diyos ang inyong espirituwalidad? (Tingnan sa mga pahina 19–22.) Ano ang inyong magagawa upang maisentro ang buhay ninyo sa Diyos Ama at kay Jesucristo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Job 32:8; 2 Nephi 2:27–29; Mosias 16:1–5; Abraham 3:24–25

## *Mga Tala*

1. *Gospel Ideals* (1953), 395.
2. Sa Conference Report, Abr. 1949, 12–13; binago ang pagtatalata.
3. *Gospel Ideals,* 395.
4. *Gospel Ideals,* 395–96.
5. *Pathways to Happiness,* tinipon, Llewelyn R. McKay (1957), 288.
6. Sa Conference Report, Okt. 1928, 37.
7. Sa Conference Report, Abr. 1960, 122.
8. Sa Conference Report, Okt. 1963, 89–90.
9. Sa Conference Report, Okt. 1963, 7.
10. *Gospel Ideals,* 346.
11. Sa Conference Report, Abr. 1949, 13.
12. Sa Conference Report, Okt. 1963, 5.
13. Sa Conference Report, Okt. 1963, 7.
14. Sa Conference Report, Okt. 1969, 8.
15. Sa Conference Report, Okt. 1963, 8–9.
16. Sa Conference Report, Abr. 1958, 7.
17. Sa Conference Report, Abr. 1934, 22–23.
18. "Talk by President David O. McKay Given to the North British Mission 1 March 1961, "Family and Church History Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6–7.
19. *Gospel Ideals,* 393–94.
20. Sa Conference Report, Abr. 1967, 134.
21. Sa Conference Report, Okt. 1925, 106–7.



*"Ang . . . layunin ng organisasyon ng dakilang Simbahang ito, na lubhang kumpleto, napakaperpekto, ay ang pagpalain ang bawat tao."*

# Ang Layunin ng Simbahan

*Ang Simbahan, kasama ang kumpletong organisasyon nito, ay nag-aalay ng serbisyo at inspirasyon sa lahat.[1]*

## Panimula

Mahal na mahal ni Pangulong David O. McKay ang Simbahan at malakas ang kanyang patotoo hinggil sa misyon nito na maghanda para sa huling pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol, naalaala niya ang sumusunod na karanasan:

"Sa itaas ng pulpito sa bahay-pulungan na dinadaluhan ko kapag Linggo noong bata pa ako ay matagal nang nakasabit ang malaking retrato ng yumaong si Pangulong John Taylor, at sa ilalim nito ang katagang ito, na sa tingin ko'y mga gintong titik:

" 'Ang Kaharian ng Diyos at Wala nang Iba'

"Ang damdaming iyon ay nakintal sa akin na isang bata pa lamang noon, maraming taon bago ko pa maunawaan ang tunay na kahalagahan nito. Parang alam ko na noon na wala ng iba pang simbahan o organisasyon na halos perpekto o nagtataglay ng mga angking kabanalan ng simbahan ni Jesucristo. Bata pa ako'y ito na ang kutob ko; noong kabataan ko'y talagang kumbinsido ako ukol dito; at ngayon ito ang matibay na pinaniniwalaan ng aking kaluluwa. . . .

"Ang kabanalan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay makikita sa organisasyon nito gayundin sa mga turo nito. Ang pagiging Diyos, kapatiran, paglilingkod—ang tatlong gabay na alituntuning ito . . . ay laganap sa lahat ng aktibiti ng ating Simbahan."[2]

Makikita sa pamumuno ni Pangulong McKay ang matatag niyang paniniwala. Noong siya pa ang Pangulo, napakalaki ng iniunlad at isinulong ng Simbahan sa buong daigdig, at nadagdagan

ang mga miyembro mula sa tinatayang isang milyon hanggang sa halos tatlong milyon. Sa paglalarawan sa papel ni Pangulong McKay sa pag-unlad na ito, isinulat ng dalawang mananalaysay ang sumusunod:

"Noong bago pa lang sa kanyang panunungkulan, si Pangulong David O. McKay, na unang naglakbay nang malawakan bilang Pangulo ng Simbahan, ay naglibot sa mga misyon sa Europa, Latin America, Africa, at sa South Pacific. Inilaan niya ang dalawang lugar na pagtatayuan ng templo sa Europa at ibinalita na isang templo ang itatayo sa New Zealand. Noong 1955 sinabi niya na kailangang 'sikapin ng Simbahan na gawin ang lahat sa abot ng makakaya nito na iparating sa mga miyembro sa malalayong misyong ito ang bawat . . . espirituwal na pribilehiyo na maipagkakaloob ng Simbahan' [sa Conference Report, Abr. 1955, 25]. Ang pagtatayo ng mga templo, pagdami ng mga misyon, pagbuo ng mga stake sa buong daigdig, paghikayat sa mga Banal na itatag ang Sion sa sarili nilang bansa sa halip na dumayo sa Amerika, at sa huli'y mga tao mismo ng bawat bansa ang mamuno sa Simbahan, ay malalaking hakbang tungo sa pagsasakatuparan ng layuning iyon."[3]

Ang pananampalataya ni Pangulong McKay sa banal na misyon at tadhana ng Simbahan ay nagpatuloy hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya halos isang taon bago siya mamatay ay itinuro niya: "Itinatag ng Diyos ang kanyang Simbahan at hindi na ito muling gigibain ni ibibigay sa ibang tao. At habang ang Diyos ay buhay at ang kanyang mga tao ay tapat sa kanya at sa isa't isa, hindi natin dapat alalahanin ang pagtatagumpay sa huli ng katotohanan."[4]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang misyon ng Simbahan ay maghanda para sa huling pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Ang misyon ng Simbahan ay ihanda ang daan para sa huling pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa lupa. Ang layunin nito ay, una, paunlarin sa buhay ng mga tao ang mga katangiang tulad

ng kay Cristo; at, pangalawa, baguhin ang lipunan upang ang daigdig ay maging mas mainam at mapayapang lugar na titirhan.[5]

Ano ang [binigyang-diin] ng turo ni Cristo nang pumarito siya sa mga tao? Ang unang dakilang pahayag ay ang pagbabalita na malapit na ang kaharian ng Diyos. "Malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi." [Tingnan sa Marcos 1:15.] Ipinangaral iyon ng sugong si Juan Bautista. Ipinangaral niya ang pagparito ng Panginoon. Ipinakita niya ang magiging katayuan ng Panginoon sa kahariang iyon at pinatotohanan ito ng Tagapagligtas at ipinangaral din ang gayon. At ano ang kaharian? Hindi ito alamat lamang kundi totoong kaharian; hindi lamang sa damdamin, kundi hayagang pagpapakita ng kabutihan. *Iyon ay banal na pamahalaan sa kalipunan ng mga tao*. Iyon ang nasa isip ng Tagapagligtas, ang pagtatayo ng banal na pamahalaan sa kalipunan ng mga tao.[6]

Ang salitang [kaharian ng Diyos] ay pahiwatig ng banal na pamumuno sa puso at isipan ng mga tao at sa lipunan. Kinikilala ng tao ang isang kapangyarihan at awtoridad na nakahihigit kaysa kanya. "Hindi ito sapilitang pamumuno ng isang malupit na Diyos, kundi ito'y batay sa kusang pagpapasailalim ng kalooban ng tao sa Diyos." Minsan sinabi ni Jesus, "Ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo." [Lucas 17:21.] Totoo iyon, dahil sa puso ng tao nagmula ang pagiging miyembro sa panlabas na kaharian. . . . Tanging ang gayong grupo na nagkakaisang humihingi ng patnubay ng langit ang sa huli'y makapagpapabago sa lipunan ng tao.

Ang Kaharian ng Diyos ay nagpapahiwatig din ng pagkakapatiran sa buong mundo kung saan kinikilala ng lahat ng tao ang Diyos bilang kanilang Pinakamakapangyarihang Pinuno at pinahahalagahan ang hangaring sundin ang Kanyang banal na kalooban.[7]

May mga tao sa daigdig na nagsasabing ang pagseselos, poot, [at] kasakiman sa puso ng tao ay palaging nangyayari bago maitayo ang minimithing lipunan na kilala bilang Kaharian ng Diyos. Kahit ano pa ang sabihin ng mga mapag-alinlangan at mapanlibak, ang misyon ng Simbahan ni Cristo ay alisin ang kasalanan at kasamaan sa mga puso ng tao, at sa gayon ay baguhin ang lipunan upang manaig ang kapayapaan at kabutihan sa mundong ito.[8]

**Ang mga korum ng Priesthood at mga organisasyong auxiliary ay nilayon para tumulong sa pagsasakatuparan ng misyon ng Simbahan.**

Tingnan ninyo ang priesthood ng Simbahan. Isipin ang mga kalalakihan at batang lalaking binuo at nagtatrabaho nang baha-bahagi o grupu-grupo, mula sa amang siyamnapung taong gulang, hanggang sa batang labindalawang taong gulang. Makikita ninyo sa mga grupong ito ang lahat ng hinahanap ng tao sa mga samahan at lipunan. Sa mga grupong ito ng korum ay may pagkakataong makipagkaibigan, makipagkapatiran, at maglingkod nang maayos. . . .

Ang mga aktibo ay nagtutulungan sa maayos na paraan para sa higit na ikabubuti ng bawat isa, para sa kapakanan ng mga miyembro at sa ikabubuti ng buong lipunan. Kahit ang korum na lamang ang ating tingnan, hindi ba't ito'y kahanga-hangang larawan, kung saan ang matatanda at mga batang lalaki ay nagtitipun-tipon, nagkakaugnayan, nagkakasama-sama sa paglilingkod sa sangkatauhan, kung saan itinuturing na kapatid ang bawat tao? Sa korum na iyon ay katabi ng doktor sa upuan ang karpintero, at bawat isa'y interesado sa pinakadakilang mithiin—ang pagsamba sa Diyos at pagtulong upang makapaglingkod sa sangkatauhan![9]

Ang tungkulin ng Relief Society ay tulungan ang priesthood sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, sa pagbibigay ginhawa sa nagdurusa at pagkalinga sa mahihirap, at sa maraming paraan ay pag-aambag sa kapayapaan at kaligayahan ng mundo. . . .

Isa sa mga pinaka-nakahihikayat na mga pangakong ibinigay sa mga taong gustung-gustong naglilingkod ay ang mga salitang ito ng Tagapagligtas, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Mat. 25:40.) . . . Binata na ako nang maunawaan ko ang kahalagahan ng paglilingkod na ginagawa ng ating mga kapatid na babae sa Simbahan.[10]

Dahil nauunawaan ng Simbahan na may iba pang impluwensya maliban sa tahanan sa paglaki ng bata bago siya makagawa ng sariling mga desisyon, ay nag-aalay ng kapaligirang makadiyos halos mula nang siya'y isilang. Ang Sunday School, Primary, [organisas-

yon ng Young Men at Young Women] ay nagsasagawa ng akmang tagubilin, libangan, at wastong patnubay mula pagkamusmos hanggang sa pagtanda.[11]

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga taong tunay na nagtutulungan sa makabuluhang buhay, sa buhay na humahantong sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang kaligtasang ito ay hindi lamang lugar sa kabilang-buhay kung saan mapapawi ang lahat ng ating mga alalahanin at problema, kundi ang kaligtasan na angkop sa bawat tao, sa pamilya at sa lipunan dito at ngayon. Sa pamamagitan ng Ebanghelyo ni Jesucristo at sa perpektong organisasyon ng Simbahan na tulad ng inihayag sa dispensasyong ito kay Propetang Joseph Smith, tinutulungan natin ang bawat isa sa *espirituwal* na paraan sa pagsasamantala sa maraming pagkakataon na makapaglingkod sa Simbahan. Itinataguyod natin ang *kapatiran* sa pamamagitan ng aktibiti at pakikisalamuha sa mga korum ng priesthood, sa mga samahang auxiliary at sa ating mga pagtitipon.[12]

---

**Habang isinasagawa ng Simbahan ang misyon nito, pinagpapala at ginagawa nitong perpekto ang mga tao.**

Para sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kahalagahan ng bawat tao ay may kakaibang kahulugan. Ang mga korum, auxiliary, ward, stake, maging ang Simbahan mismo ay binuo upang isulong ang kapakanan ng tao. Lahat ng ito ay paraan para makamtan ang mithiin, at ang mithiing ito'y ang kaligayahan at walang hanggang kapakanan ng bawat anak ng Diyos. Kung kaya sumasamo ako sa lahat ng miyembro ng Simbahan, at lalo na sa mga pangulo ng mga korum at sa mga opisyal ng lahat ng mga auxiliary, na magtulungtulong para maging lalong kanais-nais ang buhay ng mga tao.[13]

Taglay ng tao, hindi lamang ang likas na ugali kundi maging ang kabanalang pilit na nagtutulak sa kanya nang pasulong at pataas. Pangkaraniwan ito sa lahat ng tao at minsan sa kanyang buhay ay sadyang gusto niya itong makamtan.

May kaugnayan sa espirituwal na simbuyong ito ang tatlong malalaking pangangailangan na hindi pa rin nagbabago sa paglipas

ng mga siglo: (1) Sabik ang bawat taong normal na malaman ang tungkol sa Diyos. Kung ano ang hitsura niya? Interesado ba siya sa sangkatauhan, o balewala sa kanya ang lahat ng ito? (2) Ano ang pinakamainam na uri ng pamumuhay sa mundong ito upang magtagumpay na mabuti at maging napakaligaya? (3) Ano ba itong di maiiwasang bagay na tinatawag na kamatayan? Ano ang nasa kabila nito?

Kung gusto ninyong malaman ang mga sagot sa mga inaasam na ito ng kaluluwa ng tao, kailangan kayong lumapit sa Simbahan para makuha ito. Tanging ang tunay na relihiyon ang makapagbibigay-kasiyahan sa nananabik na kaluluwa.[14]

Bakit tayo nagdaraos ng mga kumperensya at lahat ng iba pang mga pulong sa Simbahan? Ginaganap ang mga ito para sa ikabubuti ng tao—para sa inyong anak at sa anak ko. Sinabi ng Panginoon, ". . . kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!" [D at T 18:15.] . . .

Ang . . . layunin ng organisasyon ng dakilang Simbahang ito, na lubhang kumpleto, napakaperpekto, ay ang pagpalain ang bawat tao.[15]

Ang Simbahang ito ay itinayo sa tanging paraan ng pagtatayo ng Simbahan ni Cristo, gamit ang direktang awtoridad mula sa Diyos. Dahil sa ganitong saligan inaanyayahan nito ang buong mundo na lumapit sa Simbahang kinikilala ng Diyos mismo. Alok nito ang bawat bagay na makabubuti sa isipan ng tao, sa damdamin at hangarin na maiisip ng tao para sa ikatutupad ng misyon ng bawat isa dito sa lupa. "Ito'y lumalaganap at direktang nakaiimpluwensya ng tao, na sa huli'y nakatakdang magpabago sa lahat ng tao, upang sila tulad ni Jesus ay maging gaya ng Diyos." Ang "Mormonismo," bilang tunay na Kristiyanismo, "ang lumulupig sa kasakiman, pumipigil sa silakbo ng damdamin, nagpapatalino, nagpapadakila sa damdamin. Itinataguyod nito ang kasipagan, katapatan, katotohanan, kadalisayan, kabaitan. Ibinababa nito ang palalo, dinadakila ang mababa ang kalooban, sinusunod ang batas, pinapanigan ang kalayaan, mahalaga ito

rito, at pag-iisahin nito ang mga tao sa isang dakilang kapatiran."[16]

---

**Sa pagtupad ng Simbahan sa misyon nito ay nakatutulong ito sa kapakanan ng sangkatauhan.**

Maraming mamamayan ang nababagabag sa paglaganap ng krimen, sa pagdami ng diborsyo at pagsisilang ng mga babaing hindi pa kasal, pagkalat ng nakahahawang sakit, katiwalian sa matataas na tanggapan, at iba pang mga sintomas ng palihim at lantarang panloloko.

Nawala na ba ang kagandahang-asal? May dapat bang ipangamba? Napalilibutan tayo ng kamunduhan, at ang estadistikang nababasa natin ay talagang nakakagulat, at ang mga ito'y mahahalagang babala. . . .

Ang misyon ng Simbahan ay bawasan at, kung maaari, alisin ang mga kasamaang ito sa daigdig. Kitang-kita na kailangan natin ng puwersa ng pagkakaisa para maalis ang mga kasamaang ito. Ang gayong puwersa ng pagkakaisa, ang gayong mithiin ay ang ebanghelyo ni Jesucristo, na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ipinaliliwanag nito ang buhay ng tao at ang layunin nito at taglay nito ang nakapagliligtas na mga elemento, magigiting na mithiin, at espirituwal na pag-angat na pinananabikan ng puso ng tao.

Hangad ng mga taong nasa wastong pag-iisip, ng mabubuting lalaki at babae saanmang dako na maalis sa ating lipunan ang masasamang elemento na patuloy na sumisira dito—ang problema sa alak at kalasingan dito, ang pagkalulong sa droga pati na ang mga kasamaang kaakibat nito, kahalayan, kahirapan, atpb. Hangad ng Simbahan na gawing mas mainam at maaliwalas kapwa ang kapaligiran sa tahanan at lipunan.[17]

Ipakita natin ngayon ang pasasalamat natin sa Simbahan ni Jesucristo pati na sa mga korum at auxiliary na binuo para lamang labanan ang mga kasamaang ito. Itinatag ito sa pamamagitan ng banal na paghahayag ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo. Ang maluwalhating misyon nito ay ipahayag ang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo; iangat ang lipunan upang lalong maging magkaibigan ang mga tao; lumik-

ha sa ating lipunan ng kaiga-igayang kapaligiran kung saan makatatagpo ang ating mga anak ng lakas para labanan ang tukso at mahikayat na pagsikapang may marating sa kalinangan at espirituwal na bagay.[18]

Ang Simbahan, na itinatag sa pamamagitan ng banal na inspirasyong ibinigay sa hindi gaanong nakapag-aral na binatilyo, ay nag-aalok sa daigdig ng solusyon sa lahat ng problemang panlipunan. Matagumpay itong nakapasa sa pagsubok ng unang siglo. Sa gitna ng matatalinong konsepto ng tao sa ikadalawampung siglong ito, na matapat na naghahangad ng pagbabagong panlipunan at bulag na sumisilip sa hinaharap para basahin ang tadhana ng tao, ang Simbahan ay sumisikat na tulad ng araw sa kalangitan, na napalilibutan ng iba pang mga bagay sa kalawakan na mistulang mga satellite na di gaanoong mahalaga. Tunay na ang Simbahan ang lumikha at nangangalaga sa pinakamataas na pinahahalagahan ng tao. Ang tunay na gawain nito ay tubusin ang daigdig ng tao. "Ito ang liwanag ng katotohanan na sumisikat sa lahat ng dako ng mundo, at ang liwanag na ito'y tiyak na ihahayag sa tao, sa malao't madali, ang mga banal na mithiing dapat ipamuhay ng tao."[19]

Ang Simbahan, pati ang kumpletong organisasyon nito, ay nag-aalok ng serbisyo at inspirasyon sa lahat. . . . Sa halip na alisin ang mga tao sa daigdig, hangad nitong gawing perpekto at maka-Diyos ang mga tao sa gitna ng lipunan, at sa pamamagitan nila ay lutasin ang mga problema ng lipunan.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Batay sa mga turo ni Pangulong McKay, paano ninyo ilalarawan ang layunin ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 26–27.) Bakit tayo nagdaraos ng mga pulong at kumperensya sa Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 29–31.)
- Paano tumutulong ang Simbahan sa paghahanda para sa huling pagtatayo ng kaharian ng Diyos? (Tingnan sa mga pahina 28–32.) Sa paanong paraan natutulad at inihahalimbawa ng Simbahan ang kaharian ng Diyos na itatayo pa lamang? (Tingnan sa mga pahina 26–27.)

- Ano ang ibinibigay ng Simbahan na aakay sa matatapat na miyembro tungo sa buhay na walang hanggan? (Tingnan sa mga pahina 28–32.) Paano ninyo nakitang tumutulong ang Simbahan, pati ang mga korum at auxiliary nito, sa pagperpekto sa mga indibiduwal? (Tingnan din sa Mga Taga Efeso 4:11–13.)
- Anu-ano ang ilan sa mga problemang nakakaharap ng lipunan sa ngayon? (Tingnan sa pahina 31.) Sa paanong paraan makatutulong ang pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa paglutas ng mga problemang ito? (Tingnan sa mga pahina 31–32.)
- Sa paanong paraan pinagpala ang inyong buhay ng pagiging miyembro ng Simbahan? Ano ang magagawa ninyo at ng inyong pamilya para lalo pang makinabang sa iniaalay ng Simbahan?
- Ano ang magagawa natin upang tulungan ang Simbahan na maisagawa ang mga tungkulin nito sa mga huling araw?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Efeso 2:19–22; 4:11–15; Moroni 6:4–9; D at T 10:67–69; 65:1–6

## *Mga Tala*

1. *Gospel Ideals* (1953), 109.
2. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon, Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 15–16.
3. James B. Allen at Richard O. Cowan, “History of the Church: C. 1945–1990, Post–World War II International Era Period,” *Encyclopedia of Mormonism,* 4 na tomo (1992), 2:639.
4. Sa Conference Report, Abr. 1969, 152.
5. Sa Conference Report, Abr. 1941, 106.
6. Sa Conference Report, Okt. 1919, 76.
7. Sa Conference Report, Abr. 1941, 106.
8. Sa Conference Report, Abr. 1941, 109.
9. Sa Conference Report, Abr. 1963, 97.
10. *Gospel Ideals,* 255–56.
11. Sa Conference Report, Abr. 1941, 107.
12. Sa Conference Report, Abr. 1915, 103.
13. Sa Conference Report, Okt. 1969, 8.
14. Sa Conference Report, Abr. 1968, 91–92.
15. Sa Conference Report, Abr. 1965, 137.
16. Sa Conference Report, Abr. 1927, 105.
17. Sa Conference Report, Abr. 1967, 5–6.
18. Sa Conference Report, Okt. 1948, 122.
19. Sa Conference Report, Abr. 1930, 83.
20. *Gospel Ideals,* 109–110.

# Mga Elemento ng Pagsamba

*Dalangin ko na magkaroon tayo ng lakas na mamuhay sa paraan na magiging marapat tayo sa banal na patnubay at inspirasyon; na sa pagsamba, meditasyon, pakikipag-ugnayan, at paggalang ay madama nating totoong kaya nating maging malapit sa ating Ama sa langit. Nagpapatotoo ako sa inyo na ito'y totoo; na maaari tayong makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit.*[1]

## Panimula

Noong bata pa siya nadama ni David O. McKay ang kapayapaan na dumarating sa pakikipag-ugnayan sa Diyos. "Gabi noon at habang [nakahiga] ako," paggunita niya, "ay nanginginig ako sa takot. Dahil bata pa ay talagang takot ako noon sa dilim, at madalas habang nakahiga ako'y naiisip ko na baka may mga magnanakaw, may 'mumo,' at mga di nakikitang impluwensya. Kaya't takot na takot akong nahiga ng gabing iyon; ngunit naituro sa akin na sinasagot ng Diyos ang dasal. Nilakasan ko ang loob ko at nagbangon mula sa higaan, lumuhod sa gitna ng kadiliman, at nagdasal sa Diyos na alisin ang takot na nadarama ko; at malinaw kong narinig, tulad ng pagkarinig ninyo sa akin ngayong hapon, "Huwag kang matakot; walang mananakit sa iyo.' Maaaring sabihin ng ilan na—'imahinasyon ko lang iyon.' Kahit ano pa ang sabihin ninyo, alam kong nadama ng kaluluwa ko ang matamis na kapayapaang dulot ng nasagot na dalangin ng isang bata. Iyan ang pananampalatayang nakakintal sa isipan ng [mga bata] sa bawat tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong lupain. Sa tingin ko kapag ang mga bata ay pinalaking malapit sa ating Ama sa Langit ay hindi gaano ang kasalanan at kasamaan sa tahanang iyon."[2]

Bilang dagdag sa hangaring "makipag-ugnayan sa Diyos"[3] noong nag-iisa siya'y nagagalak si Pangulong McKay sa pagsamba kasama ang iba pang mga Banal sa mga Huling Araw. Ikinuwento niya ang isang karanasang di malilimutan sa isang pulong ng Simbahan:

"Isa sa mga di ko malilimot na serbisyong dinaluhan ko ay sa grupo ng mahigit walong daang katao na tumanggap ng sakrament, at habang idinaraos ito ay walang maririnig na ingay maliban sa pag-tik-tak ng relo—walong daang kaluluwa, na bawat isa kahit paano'y nagkaroon ng pagkakataong makipag-ugnayan sa Panginoon. Walang panggagambala, walang orkestra, walang awitan, walang nagsasalita. Bawat isa ay nagkaroon ng pagkakataong suriing mabuti ang kanyang sarili at tingnan kung karapat-dapat siya o hindi na makibahagi ng sakrament. Nagkaroon siya ng pribilehiyong mapalapit sa kanyang Ama sa langit. Napakaganda!"[4]

Hinimok ni Pangulong McKay ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na ipagpatuloy ito sa kanilang serbisyo ng pagsamba at sa personal nilang buhay. Sabi niya, "Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, ang isa sa mga pinakadakilang mithiin ng buhay."[5]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang pagpipitagan ay matinding paggalang na may kahalong pagmamahal.

Ang bagay na hindi mawawala sa pagtanggap na buhay ang Diyos ay ang pagpipitagan, na gusto kong bigyang pansin ngayon ng buong Simbahan. Ang pinakadakilang pagpapamalas ng espirituwalidad ay ang pagpipitagan; katunayan, ang pagpipitagan ay espirituwalidad. Ang pagpipitagan ay matinding paggalang na may kahalong pagmamahal. Ito'y "mahirap unawaing emosyon na binubuo ng sari-saring damdamin ng kaluluwa." Sinabi ng [isang manunulat] na ito "ang pinakamataas na damdamin ng tao." Nasabi ko na sa lahat ng dako na kung pagpipitagan ang pinakamataas, ibig sabihin ang kawalang pitagan ang pinakamababang antas na maaaring ipamuhay ng tao sa daigdig. . . .

Kasama sa pagpipitagan ang pagbibigay pansin, pag-ayon, paggalang, at pagpapahalaga. Samakatwid, kung wala kahit katiting nito ay wala ring paggalang, walang kabutihang-asal, walang konsiderasyon sa damdamin ng iba, o sa karapatan ng iba. Ang pagpipitagan ay mahalagang katangian sa relihiyon. Ito'y "isa sa mga tanda ng kalakasan; ang kawalang pitagan ay isa sa mga pinakatiyak na pahiwatig ng kahinaan. Hindi uunlad ang sinuman," sabi ng isang tao, "na kumukutya sa mga sagradong bagay. Ang mga katapatan sa buhay," sabi pa niya, "ay kailangang pagpitaganan dahil kung hindi ay tatanggihan ang mga ito sa araw ng paglilitis."

Mga magulang, ang *Pagpipitagan*, tulad ng pagmamahal sa kapwa, ay nagsisimula sa tahanan. Sa musmos na gulang ay dapat nang turuan ang mga bata na maging mapitagan—magalang sa bawat isa, sa mga dayuhan at bisita—magalang sa mga may-edad na at may kapansanan—mapitagan sa mga sagradong bagay, sa mga magulang at sa pagmamahal ng magulang.

Tatlong impluwensya sa buhay sa tahanan ang pumupukaw sa pagiging mapitagan ng mga bata at tumutulong sa pag-unlad ng kanilang kaluluwa. Ito ay: *una*, matatag ngunit *Magiliw na Pagpatnubay; pangalawa, Paggalang* na ipinakikita ng mga magulang sa bawat isa, at sa mga anak; at *pangatlo, Panalangin* kung saan kasama ang mga bata. Sa bawat tahanan sa Simbahang ito ay dapat sikapin ng mga magulang na kumilos sa matalinong paraan sa pagkikintal ng tatlong mahahalagang bagay na ito sa isipan ng kanilang mga anak.[6]

Pagpipitagan ang nagtutuon ng isipan sa Diyos. Kung wala nito ay walang relihiyon.[7]

Para sa akin ang pagpipitagan ay isa sa mga pinakamainam na katangian ng kaluluwa. Ang taong walang pitagan ay taong walang pinaniniwalaan. . . .

Ang pagpipitagan ay nagpapahiwatig ng mataas na kultura, at totoong pananampalataya sa Maykapal at sa kanyang kabutihan.[8]

Dama kong pagpipitagan ang susunod sa pagmamahal. Una itong binanggit ni Jesus sa panalangin ng Panginoon: "Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. . . ." [Mateo 6:9.] *Sambahin*—gawing banal—pagpitaganan.[9]

Kung may dagdag na pitagan sa puso ng mga tao, mababawasan na ang kasalanan at pighati at madaragdagan ang kagalakan at kaligayahan. Upang lalong mapamahal, lalong maangkop, maging mas nakaaakit, ang hiyas na ito sa gitna ng nagniningning na kabutihan ay proyektong karapat-dapat sa lubos na nagkakaisa at puno ng panalanging pagsisikap ng bawat opisyal, magulang, at miyembro ng Simbahan.[10]

---

### Ang meditasyon ay humahantong sa espirituwal na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Hindi natin masyadong pansin ang kahalagahan ng meditasyon, isang prinsipyo ng katapatan. May dalawang elemento ang ating pagsamba: Ang isa ay ang espirituwal na pakikipag-ugnayan na nagmumula sa ating sariling meditasyon; ang isa pa ay pagtuturo ng iba, lalo na ng mga may awtoridad na umakay at magturo sa atin. Sa dalawang ito, ang mas kapaki-pakinabang sa ating pagkatao ay ang meditasyon. Meditasyon ang lengguwahe ng kaluluwa. Ito'y isang "uri ng debosyon ng isang tao, o espirituwal na gawain, na kinapapalooban ng malalim at patuloy na pagmumuni sa isang paksa ukol sa relihiyon." Ang meditasyon ay isang uri ng panalangin. . . .

Ang meditasyon ay isa sa mga pinakalihim, pinakasagradong pintuan na dinaraanan natin papunta sa kinaroroonan ng Panginoon. Ipinakita sa atin ni Jesus ang halimbawa. Matapos Siyang mabinyagan at matanggap ang pahintulot ng Ama, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan," [Mateo 3:17] si Jesus ay [nagpunta] sa tinatawag ngayon na bundok ng tukso. Gusto kong isipin na ito ang bundok ng meditasyon kung saan, sa loob ng apatnapung araw ng pag-aayuno ay nakipag-ugnayan siya sa kanyang sarili at sa kanyang Ama, at inisip nang mabuti ang responsibilidad ng kanyang dakilang misyon. Ang isang bunga ng ganitong espirituwal na pakikipag-ugnayan ay ang lakas na nagbigay-daan para masabi niya sa manunukso:

". . . Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." (Mat. 4:10.)

Bago niya ibigay . . . ang magandang sermon sa bundok, siya'y mag-isang nakipag-ugnayan. Gayundin ang ginawa niya matapos ang abalang araw na iyon ng Sabbath, nang maaga siyang gumising, matapos siyang maging bisita ni Pedro. Walang-dudang nakita ni Pedro na wala ng tao sa silid, at nang hanapin nila si [Jesus] nakita nila siyang nag-iisa. Nang umagang iyon sinabi ni Pedro na:

“. . . Hinahanap ka ng lahat.” (Marcos 1:37.)

Muli, matapos pakainin ni Jesus ang limang libo ay sinabi niya sa Labindalawa na pauwiin na ang mga tao, at nagpunta si Jesus sa bundok para mapag-isa. Sinabi ng mananalaysay, “nang gumabi na, ay siya’y nagiisa doon.” (Mat. 14:23.) Meditasyon! Panalangin![11]

Gawin nating sentro ng ating buhay ang Diyos. . . . Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, ang isa sa mga pinakadakilang mithiin ng buhay. Kapag ang kapayapaan at pag-ibig ng Diyos ay pumasok sa kaluluwa habang naglilingkod tayo, ito’y nagiging panghikayat sa buhay at pag-iral ng tao.[12]

---

**Nagpupunta tayo sa bahay ng Panginoon para makipag-ugnayan sa Kanya sa espiritu.**

Pumapasok tayo sa kapilya para sambahin ang Panginoon. Gusto nating makabahagi ng kanyang Espiritu, at sa pakikibahagi ng kanyang Espiritu ay nagkakaroon tayo ng espirituwal na kalakasan.[13]

Ang mga simbahan ay inilalaan at itinatalaga bilang mga sambahan. Siyempre ibig sabihin nito ang lahat ng papasok dito ay sasamba, o kahit paano ay magkukunwaring sumasamba, sa layon na lalong mapalapit sa kinaroroonan ng Panginoon kaysa kapag sila’y nasa lansangan o nababagabag ng mga gawain sa araw-araw. Sa madaling salita, nagpupunta tayo sa bahay ng Panginoon para makipagkita sa kanya at makipag-ugnayan sa kanya sa espiritu. Dahil dito ang gayong tagpuan ay dapat maging akma at angkop sa lahat ng aspeto, kahit ang Diyos ang siyang itinuturing na bisita, o kaya’y ang taong sumasamba ang kanyang bisita.

Kung ang tagpuan man ay sa simpleng kapilya o kaya'y sa "napakagandang gusali" na yari sa puting marmol na nalalatagan ng mga mamahaling bato, hindi na ito mahalaga pa sa paglapit o pakikitungo natin sa Diyos na Walang Hanggan. Ang malaman na naroon ang Diyos ay dapat sapat na para magtulak sa atin na maging maayos at mapitagan sa ating mga kilos.

Hinggil dito, bilang mga miyembro ng Simbahan sa ating pulong sa pagsamba, ay marami pa tayong dapat pagbutihin. Ang mga namumunong awtoridad sa stake, ward, at mga pulong ng korum, at lalo na ang mga guro sa klase, ay dapat magsikap na mabuti para manatili ang kaayusan at maging mas mapitagan ang mga oras ng pagsamba at pag-aaral. Ang hindi pag-uusap ng mga nakaupo sa harapan ay magiging kapaki-pakinabang sa kongregasyon. Sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin, dapat ikintal sa isip ng mga bata na hindi angkop ang pagkalito at kaguluhan sa sumasambang kongregasyon. Dapat ikintal sa isip nila habang bata pa, at bigyang-diin ito sa mga kabataan, na kawalang-galang ang magsalita o kahit bumulong man lamang kapag may nagsesermon, at ito'y kabastusan, maliban kung hindi maiiwasan, ang lumabas nang hindi pa ito natatapos.[14]

May dalawang layunin sa pagtatayo ng bawat kapilya: una, upang maging lugar ito kung saan lahat ay sasanayin sa paraan ng Diyos, at pangalawa, upang dito ay luwalhatiin ng lahat ang ating Ama sa langit na walang ibang hiling sa kanyang mga anak maliban sa sila'y maging mga kalalakihan at kababaihang may mararangal na pagkatao upang makabalik sa kanyang piling.[15]

Kapag pumapasok kayo sa isang gusali ng Simbahan, pumapasok kayo sa kinaroroonan ng ating Ama sa langit; at dapat na sapat nang dahilan para sa inyo ang kaisipang iyan upang ihanda ang inyong puso, isipan, at maging ang inyong pananamit, upang kayo ay maging akma at angkop na umupo sa kanyang kinaroroonan.[16]

Huwag nating gawing pista-opisyal ang Linggo. Banal ang araw na ito, at sa araw na ito ay dapat tayong pumunta sa bahay ng dalanginan at hanapin ang ating Diyos. Kung hahanapin natin siya sa araw ng Sabbath, makakapiling natin siya sa araw na

iyon, hindi na tayo mahihirapan pang makapiling siya sa mga susunod na araw ng linggo.[17]

---

**Ang sakrament ay nagbibigay ng pagkakataon para makipag-ugnayan sa Panginoon.**

Ang pinakamalaking kapanatagan sa buhay na ito ay ang katiyakan na malapit tayo sa Diyos. . . . Ang oras ng sakrament ay dapat isa sa mga pampukaw sa ganitong uri ng ugnayan.

" . . . ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:

"At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

"At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.

"Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.

"Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.

"Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro." [I Mga Taga Corinto 11:23–28.]

Walang ibang sagradong ordenansa na pinangangasiwaan sa Simbahan ni Cristo maliban sa pangangasiwa ng sakrament. . . .

May tatlong bagay na napakahalaga na may kaugnayan sa pangangasiwa ng sakrament. Ang una ay ang pag-unawa sa sarili. Ito'y pagsusuri ng kaisipan at damdamin. "Gawin ito bilang pagalaala sa akin," ngunit dapat *marapat* tayong makibahagi, suriin ang sarili na isinasaalang-alang ang pagiging marapat nito.

Pangalawa, may pakikipagtipan; isang *tipan* na higit pa sa isang pangako. . . . Wala nang hihigit pa riyan sa buhay na ito. . . .



*"Naniniwala ako na ang sandaling panahon ng pangangasiwa sa sakrament ay isa sa ating pinakamaiinam na pagkakataon para sa . . . meditasyon."*

Ang tipan, ang pangako, ay dapat maging sagrado tulad ng buhay. Ang alintunting iyan ay kasama tuwing Linggo kapag nakikibahagi tayo ng sakrament.

Pangatlo, may isa pang pagpapala, at iyan ay ang pagiging malapit sa Panginoon. May pagkakataong makipag-ugnayan sa sarili at sa Panginoon. Nagpupulong tayo sa bahay na inilaan sa kanya; ipinagkatiwala na natin ito sa kanya; tinatawag natin itong bahay niya. Makatitiyak kayong naroon siya para tayo'y bigyang inspirasyon kung makikipagkita tayo sa kanya nang may wastong saloobin. Hindi tayo handang makipagkita sa kanya kung dala natin sa silid na iyon ang kaisipan tungkol sa ating negosyo, gawain, at lalo na kung dala natin sa bahay-dalanginan ang damdamin ng pagkapoot sa ating kapwa, o galit at inggit sa mga Awtoridad ng Simbahan. Natitiyak kong walang sinumang taong makaaasa na lumapit sa Ama kung taglay niya ang gayong damdamin. Kabaligtaran ito ng pagsamba, lalo na ng pakikibahagi ng sakrament. . . .

Naniniwala ako na ang sandaling panahon ng pangangasiwa sa sakrament ay isa sa ating pinakamaiinam na pagkakataon para sa . . . meditasyon, at walang dapat makaagaw ng ating pansin sa sagradong oras na iyon mula sa layunin ng ordenansang iyon. . . .

. . . [Kailangan] nating dagdagan ang pagpipitagan at perpektong kaayusan sa sagradong ordenansang ito, para maisip na mabuti ng bawat dumarating sa bahay ng Diyos ang kanyang kabutihan at tahimik at mapanalanging magpakita ng pasasalamat sa kabutihan ng Diyos. Hayaan ang oras ng sakrament na maging karanasan sa maghapon kung saan sinisikap kahit paano ng sumasamba na tanggapin sa kanyang sarili na posible siyang makipag-ugnayan sa kanyang Diyos.

Nagaganap ang mga dakilang pangyayari sa Simbahang ito dahil sa gayong pakikipag-ugnayan, dahil sa pagtugon ng kaluluwa sa inspirasyon ng Makapangyarihan. Alam kong totoo ito. Taglay ni Pangulong Wilford Woodruff ang kaloob na ito. Nakatutugon siya; kilala niya ang "marahan at banayad na tinig" na dayuhan pa rin sa ilan. Makikita ninyo na kapag dumating sa inyo ang mga nagbibigay-inspirasyong sandaling ito, kayo'y nag-iisa at Diyos lamang ang inyong kasama. Marahil darating ito sa inyo kapag nahaharap kayo sa malaking pagsubok, kapag may pader sa inyong daanan, at tila napakahirap lampasan ang balakid, o kapag nabibigatan ang inyong puso dahil sa ilang trahedya sa inyong buhay. Inuulit ko, ang pinakadakilang kapanatagan na mapasasaatin sa buhay na ito ay ang malaman na nakikipag-ugnayan tayo sa Diyos. Dakila ang mga patotoong dumarating sa mga sandaling ito. . . .

. . . Kapag hindi na ninyo iniisip ang tungkol dito, makikita ninyo na sa pangangasiwa ng sakrament ay walang ibang mahalaga kundi ang *alalahanin* ang ating Panginoon at Tagapagligtas. Walang dapat pagtuunan ng pansin kundi ang kahalagahan ng pangakong ginagawa natin. Bakit tayo gagambalain ng anupaman? May hihigit pa ba rito? Pinatutunayan natin doon, sa harapan ng bawat isa, at sa kanya, na ating Ama, na handa tayong taglayin ang pangalan ni Cristo, na lagi natin siyang aalalahanin, *tuwina*, na susundin natin ang mga utos na ibinigay niya sa atin. Magagawa mo ba, o ng sinumang nabubuhay, na mag-iisip sandali, na magbigay sa atin ng anumang bagay na mas sagrado at

mas tumatagal ang epekto sa ating buhay? Kung basta-basta lamang tayo tumatanggap nito, hindi tayo tapat, o sabihin nating, hinahayaan nating magambala ang ating kaisipan sa napakasagradong ordenansa. . . .

. . . Gawin natin ang oras ng sakrament na isa sa mga makapukaw-damdaming paraan ng pakikipag-ugnayan sa espiritu ng Diyos. Hayaan nating ang Espiritu Santo, na kaloob sa atin, ang umakay sa atin patungo sa kanyang piling, at nawa'y madama natin na malapit tayo, at mag-alay ng panalangin sa ating puso na kanyang diringgin.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng "pagpipitagan"? (Tingnan sa mga pahina 35–37.) Sa paanong paraan higit pa sa pagiging tahimik ang pagpipitagan? Paano tayo magkakaroon ng ganitong "matinding paggalang na may kahalong pagmamahal"?
- Paano natin maituturo ang alituntunin ng pagpipitagan sa ating mga tahanan at sa simbahan? (Tingnan sa mga pahina 36, 38–39.)
- Bakit mahirap kung minsan na humanap ng panahon para mapagnilay-nilay ang mga bagay na ukol sa Diyos? Ano ang magagawa natin para magkaroon ng panahon para sa meditasyon? Anu-anong pagpapala ang matatanggap natin bilang bunga ng ating meditasyon? (Tingnan sa mga pahina 35–37, 40–42.)
- Ano ang magagawa natin upang maihanda ang ating sarili na "magpunta sa bahay ng Panginoon . . . [at] makipag-ugnayan sa kanya sa espiritu"? (Tingnan sa mga pahina 38–42.) Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pakikibahagi ng sakrament? (Tingnan sa mga pahina 38–42.)
- Sa paanong paraan natin matutulungan ang ating mga anak at ang iba na maging mas mapitagan sa loob ng templo, sa sakrament miting, at sa iba pang mga pulong ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 36, 38–39].) Paanong nakagagambala sa pagpipitagan ang pagdating nang huli o maagang pag-alis sa mga pulong?
- Ano ang kahalagahan ng sakrament sa iyong buhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 89:5–7; D at T 20:75–79; 63:64; 76:19–24; 109:21; 138:1–11

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1967, 88.
2. Sa Conference Report, Abr. 1912, 52.
3. Sa Conference Report, Okt. 1936, 103.
4. Sa Conference Report, Abr. 1946, 114.
5. Sa Conference Report, Abr. 1967, 133.
6. Sa Conference Report, Okt. 1956, 6–7.
7. Sa Conference Report, Abr. 1929, 102.
8. Sa Conference Report, Okt. 1951, 179–80.
9. Sa Conference Report, Okt. 1950, 163.
10. Sa Conference Report, Okt. 1955, 5–6.
11. Sa Conference Report, Abr. 1946, 113.
12. Sa Conference Report, Abr. 1967, 133.
13. "Reverence," *Improvement Era,* Hulyo 1962, 508.
14. Sa Conference Report, Okt. 1956, 7.
15. "Our Places of Worship," *Improvement Era,* Set. 1969, 2.
16. "Reverence," *Improvement Era,* Hulyo 1962, 509.
17. Sa Conference Report, Abr. 1929, 102.
18. Sa Conference Report, Abr. 1946, 111–12, 114–16; binago ang pagtatalata.

# Ang Biyaya ng Pagkakaisa

*Ang pagkakaisa at mga kasinghulugan nito—pagkakasundo, kabaitan, kapayapaan, kasunduan, pag-uunawaan—ay naglalarawan sa kalagayang patuloy na minimithi ng puso ng tao.[1]*

## Panimula

Mula Oktubre 1934 hanggang Abril 1951, sina Pangulong J. Reuben Clark Jr. at David O. McKay ay magkasamang naglingkod bilang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, una kay Pangulong Heber J. Grant at pagkatapos kay Pangulong George Albert Smith. Sa panahong ito si Pangulong Clark ang siyang unang tagapayo at si Pangulong McKay ang pangalawang tagapayo.

Noong ika-9 ng Abril 1951, limang araw pagkamatay ni Pangulong Smith, ay nagtipon ang mga Banal sa mga Huling Araw para sa pangkalahatang kumperensya at sinang-ayunan si Pangulong David O. McKay bilang Pangulo ng Simbahan. Doon nila nalaman na si Pangulong Clark, na matapat na naglingkod bilang unang tagapayo sa loob ng halos 17 taon, ay tinawag na maglingkod bilang pangalawang tagapayo. Si Pangulong Stephen L. Richards ang tinawag na unang tagapayo.

Dahil nadaramang magtatanong ang mga miyembro ng Simbahan tungkol sa pagbabagong ito, ipinaliwanag ni Pangulong McKay sa pangkalahatang kumperensya ang pagkatawag ng kanyang dalawang tagapayo. Sinabi niyang tinawag si Pangulong Richards na maging unang tagapayo dahil mas matagal ang kanyang paglilingkod kaysa kay Pangulong Clark sa pagkaapostol. Sa pagbibigay-diing ang gawaing ito ay hindi naman "estabilisadong patakaran," ay simpleng sinabi ni Pangulong McKay na "tila angkop ito" sa tungkulin nina Pangulong Richards at Clark.



*Si Pangulong McKay kasama ang kanyang mga tagapayo, sina Pangulong Stephen L Richards (kaliwa) at Pangulong J. Reuben Clark Jr. (kanan). Sinabi ni Pangulong McKay na hangad niyang ang mga miyembro ng Simbahan ay "masulyapan ang pagkakaisa ng Unang Panguluhan."*

Sa pagpapatuloy ni Pangulong McKay sa kanyang mensahe, binanggit niya ang pagkakaisang nadama niya sa kanyang mga tagapayo: "Hindi namin gustong isipin kahit sandali man lang ng sinumang miyembro ng Simbahang ito, ni ng sinumang lalaki o babae na nakikinig na nagkaroon ng anumang di-pagkakasundo sa pagitan ng dalawang tagapayo na sumang-ayon kay Pangulong Smith sa Korum ng Unang Panguluhan, at ni Pangulong Grant noong mga taon na kasa-kasama namin ang inspiradong lider na iyon. Ni hindi ninyo dapat madama na nagkaroon ng anumang pagbaba sa katungkulan. Kahanga-hangang tagapaglingkod si Pangulong Clark. . . .

"Dapat din ninyong maunawaan, na sa pagiging tagapayo sa Korum ng Unang Panguluhan ang dalawang lalaking ito ay pantay sa karapatan, sa pagmamahal, at pagtitiwala, sa kalayaan na magmungkahi, at magrekomenda, at sa kanilang responsibilidad hindi lamang sa Korum kundi maging sa Panginoong Jesucristo at sa lahat ng tao.

"Sila'y mga dakilang lalaki. Kapwa ko sila mahal, at pagpalain nawa sila ng Diyos, at tinitiyak ko sa inyo na magkakaroon ng pagkakasundo at pagmamahalan at pagtitiwala sa Korum ng Unang Panguluhan dahil sa pagsang-ayon ninyo sa kanila ngayon."[2]

Kaagad pagkatapos ng pahayag na ito ni Pangulong McKay ay nagsalita si Pangulong Clark sa mga Banal. Nagpakita siya ng hangarin na makiisa sa paggawa sa kanyang kapwa mga tagapaglingkod: "Sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano. Sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ginagampanan ng isang tao ang tungkuling iniatas sa kanya, tungkuling di niya dapat hangarin ni tanggihan. Pangako ko kina Pangulong McKay at Pangulong Richards ang buong katapatan sa paglilingkod sa mga atas na ibibigay sa akin, sa abot ng aking lakas at kakayahan, at hangga't kaya kong maisagawa ang mga ito, gaano man ang kakulangan ko."[3]

Sa pangkalahatang kumperensya makaraan ang tatlong taon, muling nagsalita si Pangulong McKay tungkol sa pagkakaisang nadama niya sa iba pang mga lider ng Simbahan: "Sana'y nasulyapan ng lahat ng nakaririnig sa tinig ko ngayon, ng lahat ng may maling palagay sa kanilang puso, ang mga General Authority sa Bahay ng

Panginoon noong Huwebes ng umaga. Sama-sama silang nag-ayuno at nanalangin para espirituwal na ihanda ang kanilang sarili sa mga responsibilidad na naghihintay sa kanila sa dakilang kumperensyang ito. Disin sana'y nasulyapan ninyo ang pagkakaisa ng Unang Panguluhan at sa komunikasyon ng puso sa puso, ng kaluluwa sa kaluluwa, ay nakita sana ninyo ang pagmamahal ko sa dalawang tagapayo [ko], sa kanilang malinaw na pananaw at mabuting paghatol at pasensya sa kanilang mga lider kapag kailangan. Nasulyapan sana ninyo ang pagkakaisa at pagmamahalan ng labindalawang kalalakihang ito [ng Korum ng Labindalawang Apostol], ng . . . Pitumpu, . . . at ng Presiding Bishopric. Dalangin namin na ang pagmamahalan at pagkakaisa sa miting na iyon ay makarating sa bawat stake presidency, mission presidency, bawat bishopric, bawat korum ng priesthood at auxiliary sa buong Simbahan. Sa gayong pagkakaisa at pagmamahalan ay walang kapangyarihan sa mundo ang makapipigil sa pagsulong ng gawaing ito ng Diyos."[4]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Nais ng Panginoon na magkaisa ang Kanyang mga tagasunod.

"Amang Banal, ingatan mo sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin.

"Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y sumaatin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo." (Juan 17:11, 20–21.)

Sa gayon, sa isa sa mga pinakadakilang panalanging inalay ng tao, ay ginawa ni Jesus na pinakamahalaga ang pagkakaisa ng kanyang mga tagasunod.

Ang pagkakaisa at mga kasinghulugan nito—pagkakasundo, kabaitan, kapayapaan, kasunduan, pag-uunawaan—ay naglalarawan sa kalagayang patuloy na minimithi ng puso ng tao.

Ang kabaligtaran nito ay di-pagkakasundo, pagtatalo, alitan, pagkalito. . . .

Nawa ang samo ng ating Panginoon sa kanyang dalanging namamagitan ay matupad sa ating mga tahanan, ward at stake, at sa ating pagsuporta sa mga pangunahing alituntunin ng kalayaan.[5]

Ang pagkakaisa sa layunin, na paggawa ng lahat nang may pagkasundo, ay kailangan para maisakatuparan ang gawain ng Diyos. Sa paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith mga isang taon matapos maitatag ang Simbahan, ay malawakang ipinaalam ng Panginoon kung bakit ang kanyang dakilang gawain, na isasakatuparan, ay ipinanumbalik para sa kapakanan ng sangkatauhan at para ihanda ang daan para sa kanyang ikalawang pagparito. Sabi niya:

"At sa gayon ay ipinadala ko ang aking walang hanggang tipan sa daigdig, upang maging ilaw ng sanlibutan, at maging pinakawatawat para sa aking mga tao, at para sa mga Gentil upang hanapin ito, at maging sugo sa harapan ko upang ihanda ang daan para sa aking pagparito." (D at T 45:9.)

Nakikita natin dito ang malaking obligasyon na nakaatang sa mga taong ito na tulungan ang Panginoon sa pagsasakatuparan ng mga bagay na ito sa lahat ng tao. Kailangan ng pagkakaisa at dedikasyon sa mga layunin nito. Ang Panginoon ay nagbabala hinggil sa pangangailangang ito:

". . . Ang bawa't kahariang nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay mawawasak; ang bawa't bayan o bahay na nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay hindi mananatili." (Mat. 12:25.)[6]

---

**Kailangan nating iwasan ang mga pag-uugali at kilos na hahantong sa di-pagkakaisa.**

Ang isa sa mga unang kondisyon na magdudulot ng di-pagkakaisa ay ang kasakiman; ang isa pa'y inggit: "Dinaanan lang ako ni ganito't ganyan at wala namang sinabi tungkol dito." "Pinili ng bishopric si ganito't ganyan na maging organista, samantalang ni wala siya sa kalahati ko." "Hindi na ako dadalo sa miting ng priesthood kasi si "kuwan" ang tinawag ng bishopric na gumanap

bilang tagapayo ng mga priest." "Pinili ng Sunday School si ganito't ganyan na maging guro." . . . "Hindi ako kailanman kinilala ng panguluhan ng stake, kaya masama ang loob ko." "Lagi na lang di sang-ayon ang mga General Authority." Hay! napakaraming maliliit na bagay tulad nito ang lilitaw—mumunting bagay, na di makabuluhan kung ihahambing sa mas malalaki at makatotohanang bagay ng buhay. Gayunman, batay sa karanasan alam kong pinalalaki ito ng kalaban at nagiging mga bundok sa ating buhay, at nagdaramdam tayo, at nagugutom ang ating espiritu dahil pinapansin natin ang ganitong mga damdamin.

May isa pang elemento—ang pamimintas—na kaugnay ng diwa ng pagkainggit. Pinipintasan natin ang isang kapitbahay. Sinisiraan natin ang bawat isa. Kapag ganito na ang nadarama, makabubuting awitin na lang ang simpleng munting himno [ng Simbahan] na, "Nay, Speak No Ill" (Huwag Manira).

*"Huwag manira; di kailanman*<br>
*Makasasakit ang mabuting salita;*<br>
*At, o, ang magkuwento ng bawat narinig*<br>
*Di sasagi sa mabuting isip.*<br>
*Madalas mabuti ang naipupunla*<br>
*Sa pagpili ng planong mas dakila,*<br>
*Buti man ng iba'y di gaanong alam,*<br>
*Bigkasin pa rin ang pinakamainam.*

*"Huwag manira, sa halip unawain*<br>
*Pagkakamaling tulad ng sa atin.*<br>
*Kung sa mali una kang nakakita,*<br>
*Huwag naman ikaw ang unang magbalita,*<br>
*Dahil buhay ay lilipas;*<br>
*Itatagal nito'y walang nakatatalastas;*<br>
*Kaya't sa sandaling ating ilalagi,*<br>
*Bigkasin ang pinakamabuti."*<br>
[*Mga Himno,* blg. 233.]

Nawa patuloy pa nating tulungan ang bawat isa sa paggawa ng tama, ipagtanggol ang Simbahan, huwag magsalita ng laban sa kapwa, ni laban sa mga awtoridad ng Simbahan, sa ating lugar, sa stake,

o sa pangkalahatan. Iwasan nating magsalita ng masama; iwasan ang mga maling kuwento at tsismis tungkol sa iba. Lason ito sa kaluluwa ng gumagawa ng gayon. Higit ang pinsalang dulot ng pagsasalita ng masama sa taong naninira kaysa sa taong sinisiraan.[8]

May mga anay na sumisira sa mga tahanan, tulad din sa mga bahay, at ang ilan dito'y ang paninirang-puri, pagsasalita ng masama, pamimintas ng mga magulang o kaya ng mga anak. Ang paninirang-puri ay lason sa kaluluwa. "Ang paninirang-puri ay tulad ng mga langaw na dumaraan sa mabubuting bahagi ng tao para lamang ilawan ang kanyang mga sugat." Sa huwarang tahanan, hindi sinisiraan o itinitsismis . . . ang mga guro sa paaralan, opisyal ng gobyerno, o opisyal ng Simbahan. Lalo ang pasasalamat ko ngayon sa tatay ko, na sa paglipas ng mga taon, ay taas-kamay na nagsabing, "Ngayon, wala nang pamimintas sa inyong guro o sa kahit kanino."[9]

---

**Sa pagkakaisa ng pamilya ang tahanan ay nagiging lugar ng kanlungan at proteksyon.**

Karapatan ng isang bata na madamang ang tahanan niya'y kanlungan, lugar na ligtas sa mga panganib at kasamaan ng mundo sa labas. Ang pagkakaisa at integridad ng pamilya ay kailangan para matustusan ang pangangailangang ito.[10]

Iilan lang marahil, kung mayroon man, na mas di kanais-nais sa tahanan, maliban sa kawalan ng pagkakaisa at pagkakasundo. Sa kabilang banda, alam kong ang tahanan na may pagkakaisa, pagtutulungan, at pagmamahalan ay munting piraso ng langit sa lupa. Sa tingin ko halos lahat kayo'y makapagpapatunay sa matamis na pamumuhay sa tahanan na kinakikitaan ng mga katangiang ito. Buong pasasalamat at pagpapakumbaba kong pinahahalagahan ang alaala na noong bata pa ako ay hindi ko kailanman nakitang nagtalo ang aking ama at ina. Kabaitan at pagkakaunawaan ang bigkis na dahilan ng pagkakaisa ng mapapalad na grupo ng magkakapatid. Pagkakaisa, pagkakasundo, at kabutihan ang magagandang katangiang dapat itaguyod at pagyamanin sa bawat tahanan.[11]

Napakadalas umusbong sa mga tahanan ang pagtatalo dahil hangad ng mga asawang lalaki na maligtas sa kahihiyan at gawin ang

mga bagay-bagay sa kanilang sariling paraan, na ipinatutupad ang sarili nilang kagustuhan. Ganoon din ang hangad ng mga asawang babae. Inaangkin naman ng iba ang pribilehiyo ng paggawa ng huling desisyon. Kung minsan mas hinahangad ng mga lalaki na mapasakanila ito kaysa sa mga babae. Talagang sinisikap ng bawat isa na iligtas ang kanyang sarili, at sa halip na magkaroon ng pagkakasundo at kapayapaan sa tahanan ay nagkakaroon ng pagtatalo. Sa halip na manatili ang pagkakasundo sa tahanan, nawawala ito, dahil lamang sa hangarin ninyong iligtas ang makasarili ninyong pamumuhay, o pagbigyan ang makasarili ninyong pamamaraan. Mas mainam na mawala ang hangaring iyon. Huwag na lang magsalita, at kapag nawala ang inyong hangarin at ang damdamin ng poot, ng pamumuno, ng pangingibabaw, ay wala kayong sasabihin, at magiging masigla ang inyong buhay sa tahanan.[12]

Pagpalain nawa kayo ng Diyos, at patnubayan at tulungan kayo upang manatili sa bawat tahanan ang kabutihan, pagkakasundo, at pagmamahalan ng isa't isa.[13]

---

## Ang pagkakaisa sa Simbahan ay humahantong sa pag-unlad at espirituwalidad.

Ang misyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay magtatag ng kapayapaan. Ang Buhay na Cristo ang pinuno nito. Sa ilalim ng Kanyang pamamahala libulibong kalalakihan sa Simbahan ang binigyang karapatan ng langit para maging kinatawan Niya sa iba't ibang atas na tungkulin. Tungkulin ng mga kinatawan na ito na magpakita ng pagmamahal ng tulad ng sa kapatid, una sa isa't isa, at pagkatapos sa buong sangkatauhan; na hangarin ang pagkakaisa, pagkakasundo, at kapayapaan sa mga organisasyon sa loob ng Simbahan, at sa alituntunin at halimbawa ay ipakita ang mabubuting katangiang ito sa buong mundo.[14]

Sa mga branch at ward ng Simbahan, wala ng katangian na mas nakahihikayat ng pag-unlad at espirituwalidad sa presensya ng alituntuning ito. Kapag pinalitan ng inggit, paninira, [at] pagsasalita ng masama ang pagtitiwala sa isa't isa, pagkakaisa, at pagkakasundo, ang pag-unlad ng organisasyon ay nauudlot. . . .

Ang kahinaan sa loob ng Simbahan ay mas mapanganib at mas nakamamatay kaysa mga pagsalungat sa labas. Kung sakali man ay kaunti lang ang pinsalang dulot sa Simbahan ng pang-uusig at maling pagpaparatang na nagmumula sa ignorante, walang sapat na kaalaman, o may masasamang hangaring kaaway; ang mas malaking balakid ay nagmumula sa mga miyembrong mapanira, batugan, suwail sa kautusan, at tumalikod sa katotohanan.[15]

Alituntunin ng *pagkakaisa* ang dahilan ng pag-unlad ng mga ward, stake, branch, at misyon ng Simbahan; ito rin ang dahilan kung bakit naisasakatuparan ang mga layunin ng pagkakatatag ng Simbahan. Hindi sana ito nagawa kung ang gamit ay alitan at poot. May mga paghihirap. Bawat miyembro ng Simbahan ay may sariling mga ideya. Kung minsan hindi ito katulad ng sa bishopric, at sa panguluhan ng stake, at sa Panguluhan ng Simbahan; ngunit kailangang isuko ng bawat isa ang kanyang sariling mga ideya sa ikabubuti ng lahat, at sa nagkakaisang layuning iyon ay kagilagilalas ang nagawa natin.

Kapag naiisip ko ang hinaharap ng Simbahang ito at ang kapakanan ng mga kabataan, gayundin ng mga ina at ama, nadarama kong walang ibang pinakamahalagang mensaheng dapat ibigay kundi ang "magkaisa," at iwasan ang mga bagay na maaaring maging sanhi ng hidwaan sa mga miyembro. Alam kong wala nang mas malakas pang sandata ang kaaway laban sa alinmang grupo ng kalalakihan o kababaihan sa Simbahang ito maliban sa pagsusuksok ng sinsel ng di-pagkakaisa, pag-aalinlangan, at pagkapoot. . . .

Ang hamon ay nasa ating harapan; hindi tayo dapat mabigo sa mga banal na pangakong ibinigay sa atin bilang isang grupo ng mga tao. Ang pagkakaisa ng layunin, pati ang lahat ng pagsisikap nang may pagkakasundo sa loob ng istruktura ng organisasyon ng Simbahan gaya ng inihayag ng Panginoon, ang dapat na maging mithiin natin. Hayaang madama ng bawat miyembro, guro, at lider ang kahalagahan ng posisyon na hawak ng bawat isa. Lahat ay mahalaga sa matagumpay na pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos, na siyang ating gawain.[16]

Ang pinakamalaking proteksiyon natin sa pagkakaisa at kalakasan sa Simbahan ay matatagpuan sa priesthood, sa paggalang

at pagrespeto dito. O, mga kapatid ko—mga pangulo ng stake, bishop ng mga ward, at lahat ng mayhawak ng priesthood—basbasan kayo ng Diyos sa inyong pamumuno, sa inyong responsibilidad na gabayan, basbasan, aluin ang mga tao na inatas na pamunuan ninyo at dalawin. Akayin silang lumapit sa Panginoon at hangarin ang inspirasyon na mamuhay sa paraan na mangingibabaw sila sa mababa at masama, at mamumuhay sa espirituwal na kalagayan.

Kilalanin ang mga namumuno sa inyo at, kapag kinakailangan, hingin ang kanilang payo.[17]

Nawa ang [mga organisasyon sa] Simbahan ay mabasbasan ng diwa ng pagkakaisa at pagkakasundo. Nawa mapawi sa kanilang puso ang diwa ng pagkapoot, paninira, at masamang pananalita, at nawa taglayin nila sa kanilang puso ang katotohanang ipinamalas ni Jesus nang sabihin niyang, ". . . kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin." (D at T 38:27.)[18]

Nawa ang diwa ng pagkakaisa na idinalangin ng ating Panginoon at Tagapagligtas noong gabi na ipagkanulo siya, ang maging katangian ng Simbahang ito: Amang Banal, ingatan mo sila . . . upang sila'y maging isa, na gaya naman natin [tingnan sa Juan 17:11].[19]

---

**Ang pagtupad sa mga huwaran ng ebanghelyo ang pinakatiyak na landas tungo sa pagkakaisa.**

Isang nangungunang manunulat . . . [ang nagsabing]: "Maraming mabubuting tao sa mundo ngayon, na mas handang maniwala kaysa noon, pero walang huwaran ng pagkakaisa ang mga taong ito, walang batayang prinsipyo, walang pagkakatugma sa pananaw sa buhay, walang magkakaugnay na programa ng gagawing hakbang. Ang lipunan ay masyadong nakatuon sa kanyang sarili, at napapansin na nito ang mga problema at pangangailangan, ngunit walang malinaw na diwa ng patutunguhan, walang pagkukusang bumuo, walang mga mithiin na para sa lahat, walang pagkukusa. . . . Mayroon bang anumang bagay na magiging sanhi ng ating pagkakaisa; na makikilala ng ating lahi ang kapatiran nito, na maisasaayos ng sangkatauhan ang mga gawain nito sa kabuuan?"

Sagot nati'y, oo—ang puwersang magiging sanhi ng pagkakaisa, ang gayong uri ng huwaran ay ang Ebanghelyo ni Jesucristo na ibinalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ipinaliliwanag nito ang buhay at layunin ng tao, at nakapaloob dito ang mahahalagang elementong nakapagliligtas, mararangal na huwaran, at espirituwal na kasiglahan na inaasam ng puso ng tao sa ngayon.[20]

"Mabubuting balita ng malaking kagalakan" [Lucas 2:10]—Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ang mabubuting balitang iyon. Ang ibig sabihin talaga ng "Ebanghelyo," ay "mabubuting balita," at ito ang balitang nagmumula sa itaas. . . . Sa bawat dispensasyon ay laging mayroong mga pagkakataon ang tao na tanggapin ang mabubuting balitang iyon, at ang mga propetang ito na namumuhay nang naaayon sa Walang Hanggan at una at direktang nakarinig sa mabubuting balita, ang nagkusang taglayin ang responsibilidad na iparating ang mabubuting balita sa kanilang kapwa-tao, upang sila na nag-aalala sa mga bagay ng daigdig ay maaaring makatanggap ng masayang mensahe at maibalik sa kapaligiran ng kapayapaan, pagkakasundo, at kabutihan.[21]

Maging sa mga isla man ng dagat, sa Japan, sa Syria, sa mga bansang Scandinavia, sa England, Germany, France, Holland—saan man makatagpo ang isang tao ng grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw na di-natitinag ang pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo, ay matatagpuan niya ang diwa ng pagkakaisa, ang diwa ng pag-ibig, ang diwa ng kahandaang magsakripisyo para sa ikabubuti ng sangkatauhan. Pagpalain ng Diyos ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo upang magpatuloy sila sa gayong diwa.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paanong iisa ang Diyos Ama at si Jesucristo? Ano ang ilang tiyak na paraan upang magkaisa tayo bilang isang Simbahan? bilang pamilya? bilang mga miyembro ng komunidad? (Tingnan sa mga pahina 52–54.) Anu-anong kapakinabangan ang maaaring magmula sa gayong uri ng pagkakaisa?
- Anu-ano ang ilang pag-uugali at kilos na naghahatid ng di-pagkakasundo sa ating mga tahanan at mga ward? (Tingnan

sa mga pahina 49–54.) Ano ang maaari nating gawin para madagdagan ang pagkakasundo at pagkakaisa? Paano natin maisasagawa ang sinabi ni Pangulong Clark ("Sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano ka naglilingkod") habang sinisikap nating dagdagan ang pagkakaisa sa ating mga tahanan at ward?

- Paano maiimpluwensiyahan ang mga bata kapag nagsalita ng di maganda ang kanilang mga magulang tungkol sa mga lider at guro? Bakit napipinsala ng masamang pagsasalita "ang naninira kaysa sinisiraan"? (Tingnan sa pahina 51.)
- Sa paanong mga paraan maisasakatuparan ng ebanghelyo ang minimithing pagkakaisa at pagkakasundo ng mga tao? (Tingnan sa mga pahina 54–55.) Bakit kailangan ang pagkakaisa upang maisakatuparan ang mga walang hanggang layunin ng Panginoon sa lupa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 1:9–10; Mosias 18:21; 3 Nephi 11:29–30; 4 Nephi 1:2, 15–17; D at T 38:23–27; 105:3–5; Moises 7:18

## Mga Tala

1. Sa Conference Report, Okt. 1967, 7.
2. Tingnan sa Conference Report, Abr. 1951, 150–51.
3. Sa Conference Report, Abr. 1951, 154.
4. Sa Conference Report, Okt. 1954, 132–33.
5. "Unity in the Home—the Church—the Nation," *Improvement Era,* Peb. 1954, 77–78.
6. Sa Conference Report, Okt. 1967, 6.
7. Sa Conference Report, Okt. 1967, 7.
8. Sa Conference Report, Abr. 1969, 95–96.
9. Sa Conference Report, Abr. 1953, 16.
10. Sa Conference Report, Abr. 1945, 144.
11. Sa Conference Report, Okt. 1967, 7.
12. Sa Conference Report, Abr. 1954, 142.
13. Sa Conference Report, Okt. 1969, 137.
14. Sa Conference Report, Okt. 1964, 5.
15. "Unity in the Home—the Church—the Nation," *Improvement Era,* Peb. 1954, 77.
16. Sa Conference Report, Okt. 1967, 5–6.
17. Sa Conference Report, Okt. 1967, 6.
18. Sa Conference Report, Abr. 1967, 87–88.
19. Sa Conference Report, Okt. 1934, 91.
20. Sa Conference Report, Abr. 1941, 108; binago ang pagtatalata.
21. Sa Conference Report, Abr. 1910, 106.
22. In Conference Report, Apr. 1925, 11.

# “Bawat Miyembro ay Misyonero”


*Ang daigdig ay gutom sa katotohanan. . . . Nasa atin ito. Kaya ba nating gampanan ang tungkulin—ang responsibilidad na iniatang sa atin ng Diyos?*[1]

## Panimula

Ang mga magulang ni Pangulong David O. McKay ay kapwa nagbalik-loob sa Simbahan, bunga ng pagsisikap ng mga misyonerong tinawag maglingkod sa Great Britain. Ang pamilya ng kanyang amang si David McKay, ay sumapi sa Simbahan sa Scotland noong 1850 kabilang ng ilan sa mga unang nagbalik-loob sa Simbahan sa lugar na iyon. Ang pamilya ng kanyang inang si Jennette Evans ay sumapi sa Simbahan sa Wales halos noong panahon ding iyon sa kabila ng matinding pagtutol ng malalapit na kamag-anak.

Mula sa matwid na pamanang ipinagkaloob sa kanya ng kanyang mga magulang, si Pangulong McKay ay nagkaroon ng malakas na patotoo sa kahalagahan at matinding epekto ng gawaing misyonero. Noong 1953, sa paglalakbay sa Europa, dinalaw ni Pangulong McKay ang abang tahanang kinalakihan ng kanyang ama sa Scotland. Itinala ng anak ni Pangulong McKay na si Llewelyn, na nakasama niya sa biyahe, ang sumusunod na karanasan:

“[Nang palapit na kami sa bahay], sumikat na ang araw sa kabila ng mga ulap at ngumiti sa amin na tila pahiwatig ng galak at ligaya sa puso ni Itay. Nang magtipon kami sa harapan ng bahay, may luha sa mga mata ni Itay habang nakatingin siya sa pintuan. ‘Kung hindi dahil sa dalawang misyonerong kumatok sa pintuang ito noong mga 1850, wala ako rito ngayon!’ ”[2]



*Ang responsibilidad ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay nakasalalay sa bawat miyembro ng Simbahan.*

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang mga miyembro ng Simbahan ay inatasang gumawa ng gawaing misyonero.

"Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

"Na ituro ninyo sa kanila na ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. . . ." (Mat. 28:19–20.)

Gayon ang payong ibinigay sa labindalawa noon. Gayon ang payong ibinigay sa mga tao sa panahong ito sa Doktrina at mga Tipan upang maging ilaw sa daigdig. "At sa gayon ay ipinadala ko ang aking walang hanggang tipan sa daigdig, upang maging ilaw ng sanlibutan, at maging pinakawatawat para sa aking mga tao, at para sa mga Gentil upang hanapin ito, at maging sugo sa harapan ko upang ihanda ang daan para sa aking pagparito." [Tingnan sa D at T 45:9.]

Halos isang taon pa lang ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nang ibigay sa pamamagitan ng inspirasyon ang pahayag na iyon kay Propetang Joseph Smith. Siya mismo ay mga dalawampu't anim na taon pa lamang. Kagila-gilalas ang gumawa ng gayong pahayag, na malaki ang potensiyal, at malawak ang sakop. . . .

. . . Ang tinatawag na Mormonismo, ay nagtayo ng bantayog sa mga bansa at, sa mga salitang singlawak ng binasa ko sa paghahayag, ay inaanyayahan ang mundo sa kapayapaan, kapahingahan, sa kasiyahan.[3]

Ang salitang . . . "magsiyaon kayo sa buong sanglibutan" ay talagang atas sa misyonero na ibinigay ng nabuhay na Cristo sa kanyang mga Apostol. Sa katunayan ang sabi niya'y:

Ituring na hindi tapos ang gawaing ito hanggang sa matanggap ng lahat ng bansa ang ebanghelyo at ituring ang kanilang mga sarili bilang aking mga disipulo. . . .

Sa gayunding direktang utos mula sa nabuhay na Panginoon na kasama ng Ama na nagpakita sa pagsisimula ng ikalabinsiyam

na siglo, ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay ginagawa ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa "bawat bansa, lahi, wika at tao" sa napakabilis na paraan at bilang ng mga misyonerong makapaghahatid nito.[4]

---

## Bawat Banal sa mga Huling Araw ay dapat makabahagi sa gawaing misyonero.

Kung babanggitin ko nang tiyakan ang dalawa sa pinakamarubdob na pinaniniwalaan ng puso ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang babanggitin ko'y: Una, *ang katiyakan sa tuwina na ang ebanghelyo, na itinuro ng Manunubos noong nabubuhay pa siya sa piling ng mga tao at sa huli'y binago at pinasama ng mga tao, ay ipinanumbalik ng Manunubos sa kadalisayan at kabuuan nito;* at pangalawa, na likas na kasunod ng una, ang paniniwala sa puso ng bawat miyembro ng Simbahang ito na responsibilidad ng lahat ng miyembro ng Simbahan na ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika at tao.[5]

Naalala ko na noong nasa lupa pa si Cristo, sinabi Niya sa ilang kalalakihan na nakaaalam sa Kanyang kabanalan, na may obligasyon ang lahat ng nagtataglay ng gayong kaalaman ng pag-iral ng Diyos at ng mga katotohanan ng ebanghelyo ni Cristo. "Ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapatdapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya." [Lucas 12:48.] Kung kaya kaakibat ng kaalamang ito na taglay ng mga Banal sa mga Huling Araw ang malaking obligasyon. Ang mga tao ng Diyos ay binabanggit sa banal na kasulatan, noon at ngayon, bilang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, isang ilaw na nasa ibabaw ng bundok. "Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." [Tingnan sa Mateo 5:14–16.][6]

Napakalaking responsibilidad . . . ang akayin ang mabubuting lalaki at babae sa buong mundong ito upang makilala ang Diyos, at malaman kung ano ang misyon nila dito sa mundo! Mga ama at ina, mga kapwa manggagawa, nauunawaan ba ninyong mabuti ngayon ang ibig sabihin ng akuin ang responsibilidad ng paghahatid ng mensahe ng kapayapaan at kabutihan sa lahat ng tao?[7]

Ang daigdig ay gutom sa katotohanan na di pa nangyari kailanman sa kasaysayan nito. Nasa atin ito. Kaya ba nating gampanan ang tungkulin—ang responsibilidad na iniatang sa atin ng Diyos?[8]

Bawat miyembro ng Simbahan ay dapat magbalik-loob at magkaroon ng kaalaman sa ebanghelyo, kabilang na ang kaalaman sa banal na kasulatan. Napakaganda kung magagawa ng bawat miyembro ng Simbahan, gaya ng sabi noon ni Pedro na, "ariing banal si Cristo na Panginoon sa inyong mga puso: na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo. . . ." (I Ped. 3:15.) . . .

Ang responsibilidad ng Simbahan ay ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo na ipinanumbalik kay Propetang Joseph Smith, hindi lamang ipangaral ito at ipahayag sa pamamagitan ng salita, sa pamamahagi ng lathalain, kundi higit sa lahat sa pamumuhay ng ebanghelyo sa ating mga tahanan at sa ating mga pakikipagnegosyo, taglay ang pananampalataya at patotoo sa ating puso, at pagpapakita nito saanman tayo magpunta. . . . Wala nang makapipigil sa pagsulong ng katotohanan maliban lamang sa ating mga kahinaan o kabiguang gampanan ang ating tungkulin.[9]

Bawat miyembro ay misyonero. Responsibilidad niyang magdala ng isang tao: ina, ama, kapitbahay, katrabaho, kasamahan, isang taong nakikipag-ugnayan sa mga sugo ng ebanghelyo. Kung aakuin ng bawat miyembro ang responsibilidad na iyan at kung maiaayos ang pakikipagkita ng ina o ng amang iyon o ng isang tao sa mga awtorisadong kinatawan ng Simbahan, walang kapangyarihan sa mundo na makapipigil sa paglago ng simbahang ito. At ang personal na pakikipag-ugnayan ang iimpluwensya sa mga investigator na iyon. Ang personal na pakikipag-ugnayan, ang katangiang ito, ang epekto nito ay nakasalalay sa inyo. At iyan ang isang bagay na gusto kong bigyang-diin. May isang responsibilidad na hindi matatakasan ng sinumang tao, iyan ang responsibilidad ng personal

na impluwensya. . . . Ang kung ano kayo, hindi ang pagkukunwaring kung sino kayo ang aakay sa mga tao para magsaliksik.[10]

Bawat miyembro ng Simbahan ay dapat maging misyonero. Maaaring hindi siya pahihintulutang magbahay-bahay, ngunit siya'y awtorisado, sa kanyang pagiging miyembro, na magpakita ng magandang halimbawa bilang mabuting kapitbahay. Pinagmamasdan siya ng mga kapitbahay. Pinagmamasdan ng mga kapitbahay ang kanyang mga anak. Siya'y ilaw, at tungkulin niyang huwag itago sa ilalim ng takalan ang ilaw na iyon, kundi dapat itong ilagay sa ibabaw ng burol upang sa pamamagitan nito'y magabayan ang lahat ng tao. . . .

. . . Kung mamumuhay kayo nang naaayon sa mga abang alituntuning iyon sa ilalim ng tipan na ginawa ninyo sa gilid ng tubig, at simula noon sa oras ng mga Sakrament miting, at marami sa inyo sa Bahay ng Diyos, matutupad ninyo ang magiting na misyon, at gagantimpalaan kayo ng Diyos.

Nawa danasin ng bawat miyembro ng Simbahan ang pagbabagong ito sa buhay na ito, at mamuhay upang ang iba, na nakakakita sa kanyang mabubuting gawa, ay maakay sa pagluwalhati sa ating Ama sa langit.[11]

Ang Ebanghelyo ang ating angkla. Alam natin kung para saan ito. Kung ipamumuhay natin ito, daramhin, at mabuti ang sasabihin tungkol sa Ebanghelyo, sa Priesthood, sa mga awtoridad na narito, magsasalita ng mabuti kahit sa ating mga kaaway, tayo'y magiging mas maligaya, at maipangangaral natin ang Ebanghelyo ni Jesucristo. Magagawa ito ng lahat. Posible ito. Hindi tayo hinilingan ng Diyos na gawin ito at pagkatapos ay pinagkaitan tayo ng kapangyarihang gawin ito.[12]

---

## Kailangang karapat-dapat ang full-time na mga misyonero na maglingkod.

Sa Bahagi 4 ng Doktrina at mga Tipan, natanggap ni Propetang Joseph ang isang paghahayag na "masdan, isang kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao.

"Samakatwid, O ikaw na humaharap sa paglilingkod sa Diyos, tiyaking pinaglilingkuran mo siya nang buong puso, kakayahan,

pag-iisip at lakas upang ikaw ay makatayong walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw." (D at T 4:1–2.) . . .

Ang [isang] mahalagang tampok sa paghahayag na ito, at ng iba pang ibinigay halos noong panahong iyon ay ang pagbanggit ng mahahalagang kwalipikasyon ng mga taong makakasama sa pagsasakatuparan ng kagila-gilalas na gawaing ito. Ang mga kwalipikasyong ito'y *wala sa taglay na yaman, wala sa katanyagan sa lipunan, wala sa piniling partido sa pulitika, wala sa natanggap na gawad sa militar, ni sa maharlikang pagsilang;* kundi nasa *hangaring paglingkuran ang Diyos nang buo ninyong "puso, kakayahan, pag-iisip at lakas"*—mga espirituwal na katangian na nakadaragdag sa *pagkamaharlika ng kaluluwa*. Inuulit ko: Walang katanyagan, walang yaman, walang pagsasanay sa relihiyon para mapamahalaan ang simbahan—gayunman, "isang kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap [noon] sa mga anak ng tao."[13]

May mga partikular na pamantayan kung saan dapat magabayan [ang mga bishop at stake president] sa pagtawag ng ating mga misyonero. Una, huwag tawagin ang sinumang [misyonero] sa layuning iligtas siya. Naliligaw ng landas ang binata at inaakala ninyong makabubuti sa kanya ang misyon. Makabubuti nga. Pero hindi iyan ang dahilan kung bakit ninyo siya ipadadala sa misyon. Piliin [ang mga misyonero] na karapat-dapat kumatawan sa Simbahan, tiyaking nasa husto na silang kaisipan, at higit sa lahat, na mabuti ang kanilang pag-uugali.[14]

Makabubuting huwag nating masyadong isipin ang buting idudulot nito sa mga kinatawan sa paghahanda nila sa mga responsibilidad na kaakibat ng tawag sa misyon. Sa pagpili ng misyonero makabubuting isaisip ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

Karapat-dapat ba siyang maging kinatawan ng Simbahan?

May sapat ba siyang determinasyon na labanan ang tukso?

Napanatili ba niyang malinis ang kanyang sarili habang nasa tahanan siya at sa pamamagitan ng pamantayang iyon ay napatunayang kaya niyang labanan ang posibleng maging tukso sa misyon?

Naging aktibo ba siya sa mga organisasyon ng Simbahan habang nasa tahanan?

May ideya ba siya kahit paano sa iniaalok ng Simbahan sa mundo?

May ideya ba siya na ang Simbahan ang pinakadakilang bagay sa daigdig, at ang tanging awtorisadong grupo na kinatawan ng Panginoong Jesucristo sa kaligtasan ng sangkatauhan? . . .

Nadama ba niya sa pamamagitan ng dalangin, o ng karanasan, na malapit ang Diyos sa kanya, na malalapitan niya ang Panginoon tulad ng paglapit niya sa kanyang ama sa lupa?[15]

Samakatwid bawat elder na nangingibang bayan para ipangaral ang ebanghelyo ay kailangan munang ipamuhay ang ebanghelyo sa abot ng kanyang makakaya, at magkaroon ng pananalig sa kanyang puso na ipinangangaral niya ang katotohanan. Tunay na sa una ang patotoong ito'y maaaring tila walang katiyakan; ngunit lahat ng ating mga anak ay ganyan kahit paano. . . . Sa pamamagitan ng pag-aaral, paglilingkod, kababaang-loob at panalangin, ang patotoong ito'y madaragdagan.

Ang isa pang kwalipikasyon ay ito: Bawat elder ay dapat maging maginoong Kristiyano sa tuwina. Maginoo—sino siya? "Ang sinumang bukas"—walang itinatago, hindi nakatungo dahil may kasalanan; "ang sinumang tapat"—tapat sa katotohanan, sa mabuting katangian, sa Word of Wisdom—"totoo, maawain at palakaibigan, kagalang-galang siya mismo at ang kanyang paghatol sa iba, tapat sa kanyang sinabi ayon sa batas, at tapat kapwa sa Diyos at sa tao—ang gayong tao ay maginoo," at ang gayong tao na elder ng Simbahang ito ang dapat humayo para gawing Kristiyano ang mundo.[16]

Nauunawaan ng bawat deacon, teacher, at priest, ng bawat elder sa Simbahan na para maging karapat-dapat na kinatawan ng Simbahan ni Cristo, kailangang maging mahinahon siya at malinis ang pagkatao. Tinuturuan siya na walang dobleng pamantayan sa kalinisang-puri, na bawat kabataan ay hindi dapat masangkot sa kasalanang seksuwal. . . .

Sinasabihan ang mga binatilyong ito na humayo bilang mga kinatawan ng Simbahan, at ang kinatawan ng alinmang organisasyon—sa pangkabuhayan o relihiyon—ay kailangang magtaglay ng kahit isang kakaibang katangian, at iyon ay: mapagkakatiwalaan. Tama ang taong nagsabing, "Mas magandang katangian ang



*Binilinan ni Pangulong McKay ang mga bishop at stake president na "pumili ng mga [misyonerong] karapat-dapat na kumatawan sa Simbahan."*

mapagkatiwalaan kaysa mahalin." At sino ang kinakatawan ng mga misyonerong ito? Una, kinakatawan nila ang kanilang mga magulang, taglay ang responsibilidad na panatilihing malinis at di nadudungisan ang kanilang pangalan. Pangalawa, kinakatawan nila ang Simbahan, lalo na ang ward kung saan sila nakatira. At pangatlo, kinakatawan nila ang Panginoong Jesucristo, sila'y mga awtorisadong lingkod Niya.

Ang mga embahador na ito, dahil gayon nga sila, ang kumakatawan sa tatlong grupong ito at taglay nila sa pagkatawang iyon ang isa sa mga pinakadakilang responsibilidad sa kanilang buhay.[17]

**Maraming dulot na pagpapala ang paglilingkod ng misyonero.**

Kung gusto ninyong mapalakas ang inyong patotoo, na maihayag ngayon sa bawat isa sa inyo na tinutulungan kayo ni Cristo sa inyong gawain, na ginagabayan ang kanyang Simbahan, ang pinakamainam na paraan para gawin iyan ay . . . gampanan ang inyong tungkulin, . . . atupagin ang gawaing misyonero.[18]

Ang paglilingkod . . . sa misyon ay pagpapala sa kahit sino. Kinikilala ito ng libu-libong mga magulang sa buong Simbahan na nagpapahalaga sa gayong gawain sa kanilang mga anak, dahil ang karanasang ito ang pumupukaw sa pagpapahalaga sa tahanan at sa ebanghelyo. Alam din ng mga magulang na ang gawaing misyonero ay naghahatid ng kabatiran ng katotohanan ng ebanghelyo, na marahil ay nadama ng mga binata ngunit hindi naipamalas.[19]

Marami sa atin ang hindi nakauunawa sa kahalagahan at maaaring marating ng dakilang sangay na ito ng gawain [gawaing misyonero] ng Simbahan.

1–Bilang halimbawa ng kusang-loob na paglilingkod sa ngalan ng Guro, hindi ito mapapantayan.

2–Bilang insentibo sa malinis na pamumuhay ng kabataan, bilang isang aspetong tumutulong sa pagbuo ng pagkatao, ang impluwensya nito'y di masusukat.

3–Bilang puwersang nagtuturo at impluwensyang nagbibigay-sigla sa ating mga komunidad, kitang-kita ang epekto nito.

4–Bilang isang aspetong tumutulong sa mas mabuting unawaan ng mga bansa, at para maitatag ang pangkalahatang pagkakaibigan, napakalaki ng impluwensya nito.

5–Dahil layunin ng Pinakamakapangyarihan na iligtas ang tao, . . . angkop na angkop ang gawaing misyonero sa pagsasakatuparan ng walang hanggang plano!

"Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos; . . .

"At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala,

kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

"At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!" (D at T 18:10, 15–16.)[20]

Kailangang magbago ang puso ng mga tao. Naparito si Cristo sa mundo dahil sa layuning iyon. Ang pangunahing dahilan ng pangangaral ng ebanghelyo ay baguhin ang mga puso at buhay ng mga tao. Kayong mga kapatid na nagpupunta sa mga stake at nakikita ang patibay at patotoo ng mga taong kailan lang nagbalik-loob . . . ay makapagpapatotoo kung paano napagbabago ng pagbabalik-loob ang kanilang buhay, sa pagbibigay nila ng kanilang patotoo. Sa gayong pagbabalik-loob ay nagdudulot sila ng kapayapaan at kabutihan sa daigdig sa halip na magdulot ng alitan [at] pagdurusa.[21]

Ipinahahayag ng ating mga misyonero . . . ngayon sa maligalig na daigdig na ang mensaheng hatid ng pagsilang ni Jesus—"sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan" [tingnan sa Lucas 2:14]—ay magkakatotoo dito at ngayon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Madalas magpakita ng pasasalamat si Pangulong McKay sa pagsisikap ng mga misyonero na nagturo sa kanyang mga magulang. Paano kayo napagpala, o ang isang taong kakilala ninyo, ng gawaing misyonero?
- Saan nakasalalay ngayon ang responsibilidad ng gawaing misyonero? (Tingnan sa mga pahina 59–61.) Ano ang mga pagkakataong mayroon tayo para masunod ang bilin ni Pangulong McKay na bawat miyembro ay dapat maging misyonero? Paano natin maihahanda ang ating sarili para magampanan ang responsibilidad na ito?
- Ano ang mga mapagkukunang inilaan ng Simbahan para tulungan tayong maibahagi ang ebanghelyo? Sa paanong paraan

tayo inutusan na tulungan ang mga full-time at ward missionary sa ating lugar?

- Ano ang mga kwalipikasyong kailangan sa paglilingkod ng full-time na misyonero? (Tingnan sa mga pahina 62–65.) Bakit mahalagang maging karapat-dapat at mapagkakatiwalaan sa paglilingkod ang misyonero?
- Ano ang maaaring gawin ng mga kabataan para maihanda ang kanilang sarili sa pagmimisyon? Ano ang magagawa ng matatanda para tulungan ang mga kabataan sa paghahanda sa pagmimisyon?
- Paano maisasagawa ng mga taong may kapansanan sa katawan at kaisipan ang gawaing misyonero? Paano pa sila makapaglilingkod sa Simbahan?
- Sa paanong paraan makatutulong nang malaki sa misyon ang matatandang mag-asawa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 3 Nephi 12:14–16; D at T 4:1–7; 18:15–18; 75:2–5; 88:81; 90:11

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Okt. 1945, 113–14.
2. Llewelyn R. McKay, *Home Memories of President David O. McKay* (1956), 15; binago ang pagtatalata.
3. "Every Member a Missionary," *Improvement Era,* Okt. 1961, 710–11.
4. Sa Conference Report, Okt. 1949, 118.
5. Sa Conference Report, Abr. 1927, 102.
6. Sa Conference Report, Okt. 1910, 47.
7. Sa Conference Report, Abr. 1927, 106.
8. Sa Conference Report, Okt. 1945, 113–14.
9. Sa Conference Report, Okt. 1969, 88–89; binago ang pagtatalata.
10. "Talk by President David O. McKay Given to the North British Mission 1 March 1961," Family and Church History Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 2–3.
11. Sa Conference Report, Okt. 1958, 93–94.
12. Sa Conference Report, Abr. 1910, 110.
13. Sa Conference Report, Okt. 1966, 86.
14. Sa Conference Report, Abr. 1950, 176.
15. Sa Conference Report, Abr. 1961, 96.
16. Sa Conference Report, Abr. 1927, 106.
17. Sa Conference Report, Okt. 1949, 119–20.
18. Sa Conference Report, Okt. 1959, 89.
19. Sa Conference Report, Abr. 1961, 96.
20. Sa Conference Report, Okt. 1949, 117.
21. Sa Conference Report, Okt. 1953, 11.
22. Sa Conference Report, Okt. 1966, 87.

# Ang Kahalagahan ng Pagkabuhay na Mag-uli

*Dahil nabuhay si Cristo matapos mamatay gayundin naman ang lahat ng tao, bawat isa'y kakamtin ang kanyang lugar na angkop sa kanya sa susunod na daigdig.*[1]

## Panimula

Noong 1912, dumanas si Elder David O. McKay, na noon ay miyembro ng Labindalawa, at ang kanyang asawang si Emma Ray, ng unang matinding dalamhati ng pagiging magulang nang mamatay ang kanilang dalawa't kalahating taong anak na si Royle. Ipinakikita sa kuwento ni Elder McKay ang sakit ng kaloobang nadama niya at ipinakikita rin nito ang kanyang pananalig sa pagkabuhay na mag-uli sa hinaharap:

"Lunes, ika-8 ng Abril 1912. Gabi ng napakatinding paghihirap para sa mahal naming anak! Bawat hininga niya'y tila pahirap sa kanya! Sinuri siya ng mga doktor kaninang umaga, at natuklasan na ang sakit niya'y sanhi ng pamamaga ng magkabilang baga. Halos mawalan kami ng pag-asa; ngunit sa huli nang sabihin sa amin [ng doktor] na sa pamamagitan ng pagsusuri ay nalaman niya kung anong mikrobyo ang sanhi ng impeksyon at mayroon siyang pangontra rito, kaya nabuhayan kami ng loob.

"Pero masyadong mahina si Royle at napakarami ng komplikasyon ng kanyang sakit. Buong tapang siyang nakibaka sa buong maghapon, na iniinom ang munting pampasiglang ibinibigay sa kanya nang maluwag sa kalooban tulad ng isang nasa hustong gulang. Dakong 9:30 n.u. muli kaming nagbasbas ni Papa, Thomas E. [McKay] sa kanya. Lumaki ang pag-asa ni Ray, at nahiga sa kama sa kanyang tabi para magpahinga nang kaunti. Di nagtagal ay humina ang kanyang munting pulso, at alam na na-



*"Ang literal na pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan ay totoo sa mga disipulong nakakikilalang mabuti kay Cristo. . . . Sila'y mga saksi ng totoong pangyayari."*

ming malapit na kaming iwanan ng aming sanggol. 'Mama' ang huling katagang binigkas ng kanyang munting mga labi. Bago siya namatay, iniunat niya ang maliliit niyang kamay, at habang nakayuko ako para yakapin siya ay niyapos niya ako sa leeg, at ibinigay sa akin ang pinakahuli sa maraming paglalambing na matatanggap ng isang ama mula sa mahal na anak. Tila alam niyang paalis na siya, at gustong sabihing, 'Paalam, Papa,' ngunit pinatahimik na ng panghihina at sakit ang kanyang munting tinig. Natitiyak kong nakilala niya ang kanyang Mama ilang sandali matapos iyon. Ilang minuto lang siyang nakapagpahinga; at nang mapansing tila balisa ang mga narses, yumuko siya para pagmasdan kahit ilang saglit lang ang kanyang mahal na sanggol at hindi niya ito iniwan hanggang sa dahan-dahan namin siyang mailabas sa silid kung saan kinuha ni Kamatayan ang aming sanggol.

"Dumating ang wakas dakong 1:50 n.u., nang walang kakislot-kislot. Ang mga katagang 'Hindi siya patay, kundi siya ay natutulog' hindi kailanman ay naging angkop noon sa kahit kaninong kaluluwa liban sa kanya, dahil talagang tuluyan na siyang natulog. Hindi siya namatay."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang mga Apostol ni Jesus ay naging mga saksi ng katunayan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.

Mga dalawang libong taon na ang nakararaan . . . ay may ilang nalulumbay na apostol. Lungkot na lungkot si Pedro; nagdadalamhati si Juan; gayundin si Maria, na Ina ni Cristo. Tumakas na ang ibang mga apostol. Natanto ni Judas na malaking krimen ang kanyang nagawa. Napakapanglaw na gabi!

Kinabukasan ay nagbangon si Cristo. . . . Dahil totoo ito, pinatunayan ng pagkabuhay na mag-uli ang imortalidad ng kaluluwa, na umiiral ang mga mahal sa buhay sa kabila ng tabing, na naroon pa rin ang kanilang personalidad. Tunay na naroon sila sa espirituwal na kalagayan na tulad ng espiritu ni Cristo nang mangaral Siya sa mga espiritu sa bilangguan.[3]

Dahil naroon sila nang maganap ang [Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus] ay lalong tumibay ang ebidensyang ibinigay ng mga

Apostol. Ang mas malalim na kahalagahan ng kanilang patotoo ay nakasalalay sa katotohanan na noong namatay si Jesus ay nasiraan ng loob at nalumbay ang mga Apostol. Dalawa't kalahating taon silang itinaguyod at pinasigla ng presensya ni Cristo. Ngunit wala na siya ngayon. Naiwan silang mag-isa, at tila nalilito sila at walang magawa. . . .

"Ano ang dahilan at biglang nagbago ang mga disipulong ito at nagkaroon sila ng tiwala sa sarili, walang kinatatakutan, at naging magigiting na mangangaral ng Ebanghelyo ni Jesucristo? Ito'y dahil sa paghahayag na si Cristo ay nagbangon mula sa libingan. Natupad ang kanyang mga pangako, naisagawa ang kanyang misyon bilang Mesiyas." . . .

Mismong si Marcos ay hindi maalaala ang anumang pagpapakita ng nagbangong Panginoon; ngunit nagpapatotoo siya na ang anghel sa libingan ang nagbalita sa pagkabuhay na mag-uli, at nangakong makikipagkita ang Panginoon sa kanyang mga disipulo. Maririnig natin mula kay Marcos ang maluwalhating pahayag tungkol sa unang libingan na walang laman sa buong mundo. Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng tao ang mga salitang "Dito nakahimlay" ay napalitan ng banal na mensaheng "Siya'y nagbangon." Walang mag-iisip na hindi kumbinsido si Marcos sa katunayan ng libingang walang laman. Para sa kanya ang pagkabuhay na mag-uli ay hindi na dapat pag-alinlanganan pa—tunay ito; at ang pagpapakita ng kanyang Panginoon at Guro sa mga tao ay katotohanang nakakintal na sa kanyang isipan nang walang alinlangan. Ibinuhos niya ang kanyang buhay sa katotohanang ito, at kung totoo nga ang pasalin-saling mga kuwento tungkol sa kanya, siya'y pinaslang dahil sa kanyang paniniwala at patotoo.

Ang isa pang nagtala ng patotoo ng mga saksi ay si Lucas, isang Gentil, o, gaya ng iniisip ng ilan, isang nagbalik-loob sa Antioquia sa Siria, kung saan siya naging manggagamot. (Col. 4:14.) Maging ang ilan sa kanyang matitinding kritiko ngayon ay nagsasabing magaling siyang mananalaysay, at dahil sa personal niyang pakikipag-ugnayan sa naunang mga apostol ay naging napakahalaga ng kanyang mga pahayag.

Ang isinulat niya'y bunga ng sariling pagtatanong at imbestigasyon, at mula sa lahat ng nakuhang impormasyon. Ininterbyu

at itinala niya ang mga pahayag ng mga taong "sa pasimula ay mga saksing nangakakakita at mga ministro ng Salita." Sinabi niyang "lubos [niyang] siniyasat ang pangyayari ng lahat ng bagay mula nang una," upang kanyang "maisulat nang sunud-sunod." [Tingnan sa Lucas 1:1–4.] Nangangahulugan na nakuha ni Lucas ang patotoo ng mga "saksing" ito mula sa kanila mismo at hindi mula sa naunang mga salaysay.

Batay sa lahat ng mapagkakatiwalaang patotoo, mula sa kamay niya mismo ay napasaatin ang Ebanghelyo ni Lucas. Sa kabanata 24, nagpapatotoo si Lucas sa banal na mensaheng: "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon." [Lucas 24:5–6.]

Sa gayunding katiyakan ng katumpakan ng mga ito ay matatanggap natin ang kanyang mga pahayag at patotoo hinggil sa patotoo nina Pedro at Pablo at ng iba pang mga apostol sa pagkabuhay na mag-uli. "Na sa kanila nama'y napakita rin siyang [si Cristo] buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios." [Mga Gawa 1:3.] Sino ang mag-aalinlangan sa lubos na pagtitiwala ni Lucas sa katunayan ng pagkabuhay na mag-uli?

Totoong hindi nagpatotoo si Marcos ni si Lucas na nakita nila mismo ang nagbangong Panginoon, at dahil dito, iginigiit ng iba na ang nakatala nilang mga patotoo ay hindi maituturing na tuwirang ebidensya. Ang hindi nila pagpapatotoo, bagamat kumbinsido sila na nakita ng iba si Cristo, ay nagpapakita kung gaano kalakas ang ebidensya sa mga apostol at sa iba pang mga disipulo na totoo nga ang pagkabuhay na mag-uli.

Sa kabutihang-palad ay may isang dokumentong nagbibigay ng personal na patotoo ng nakasaksi mismo sa pagpapakita ni Jesus matapos siyang mamatay at ilibing. Pinagtitibay ng personal na pagsaksing ito ang patotoo hindi lamang ng dalawang lalaking binanggit ko kundi ng iba pang tao. Ito'y si Saulo, isang Judio na taga Tarso, na tinuruan sa paanan ni Gamaliel, isang istriktong Fariseo, at bago siya nagbalik-loob ay naging malupit na tagausig ng lahat ng naniniwala kay Jesus ng Nazaret na nagbangon mula

sa patay. At ngayon sa pinakamatandang tunay na dokumento na umiiral na may kaugnayan o nagpapatotoo sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ay makikita nating sinasabi ito ni Pablo sa mga taga Corinto:

"Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, at siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; at siya'y napakita kay Cefas, at sa labingdalawa. Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hangga ngayon, datapuwa't ang mga iba'y nangatulog na. Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apostol. At sa kahulihulihan, tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita naman siya sa akin." [I Mga Taga Corinto 15:3–8.][4]

---

**Hindi mapabubulaanan ng pag-aalinlangan ng mundo ang patotoo ng mga saksi.**

Marami sa ngayon ang tulad ng kalalakihan sa Mars' Hill dalawang libong taon na ang nakararaan. Nagtayo sila ng dambana sa "Dios na Hindi Kilala," pero kakaunti o wala silang alam tungkol sa kanya. Mababasa natin na noong papunta siya sa Areopago ay nakita ni Pablo ang kagila-gilalas na mga estatwang itinayo para sa iba't ibang diyus-diyosan. . . . Madalas magtipon dito ang mga pilosopo at mga huwes, ang magagaling mag-isip, ang matatalinong pantas ng sinaunang daigdig, at pinag-uusapan at tinatalakay nila ang mga misteryo ng buhay at kapalaran ng sangkatauhan.

Sa gitna ng lahat ng karunungang ito ng mundo ay may isang malungkot na maliit na tao na nagsabing huwad ang karamihan sa kanilang mga pilosopiya at malaking kamalian ang pagsamba nila sa mga imahen—ang nag-iisang tao sa malaking lungsod na iyon ng matatalino na nakaalam sa pamamagitan ng aktuwal na karanasan na ang isang tao ay maaaring dumaan sa maringal at malawak na pintuan ng kamatayan at manatiling buhay. . . . Habang buong husay na ipinaliliwanag ni Pablo ang personalidad ng Diyos, nakinig na mabuti ang mga pilosopo hanggang sa patotohanan niyang binuhay ng Diyos si Jesus mula sa patay.

Nang marinig nila ang pagkabuhay na mag-uli, pinagtawanan ito ng ilan at lahat maliban sa iilan ang lumayo at iniwan siya na nagpahayag ng katotohanan na lalo pang malungkot. [Tingnan sa Mga Gawa 17:22–33.] Ngayon, tulad noon sa Mars' Hill, kapag nagsasalita tayo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, may ilan na nagtatawa at ang iba naman ay nagdududa at lumalayo. Ngayon, tulad noon, napakaraming mga lalaki at babae ang may ibang mga diyos na mas iniisip nila kaysa sa nabuhay na mag-uling Panginoon. . . .

Patunayan ninyo na binuhay ni Cristo ang Kanyang katawan at nagpakita bilang niluwalhati at nabuhay na mag-uling Nilalang, at masasagot ninyo ang matagal nang tanong—"Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?" [Tingnan sa Job 14:14.]

Na ang literal na pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan ay totoo sa mga disipulong nakakikilalang mabuti kay Cristo ay talagang nangyari. Sa kanilang isipan ay walang anumang pag-aalinlangan. Sila'y mga saksi sa totoong pangyayari. Alam nila dahil nakita ng kanilang mga mata, narinig ng kanilang tainga, nahawakan ng kanilang kamay ang katawan ng nagbangong Manunubos.[5]

Na ang espiritu ng tao ay matagumpay na makadaraan sa maringal at malawak na mga pintuan ng kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan ay isa sa mga maluwalhating mensaheng ibinigay ni Cristo na ating Manunubos. Sa kanya ang makalupang mithiing ito'y isang araw lamang at ang pagsasara nito'y tila paglubog lamang ng araw ng buhay. Ang kamatayan, na pagtulog lamang, ay sinusundan ng maluwalhating paggising sa umaga ng walang hanggang kaharian. Nang makita nina Maria at Marta ang kanilang kapatid na isang bangkay sa madilim at mapanglaw na libingan, siya'y nakita ni Cristo bilang buhay na nilalang. Ang katunayang ito'y ipinamalas niya sa mga salitang: ". . . Si Lazaro . . . ay natutulog. . . ." (Juan 11:11.) Kung alam ng bawat isa . . . na ang ipinakong Cristo ay tunay na nagbangon sa ikatlong araw—na matapos batiin ang iba at makasalamuha ang iba sa daigdig ng mga espiritu, ang kanyang espiritu ay muling nabigyang-buhay sa kanyang sugatang katawan, at matapos manirahang pansamantala na kapiling ng mga tao sa loob ng apatnapung araw, siya'y

umakyat na niluwalhating kaluluwa sa kanyang Ama—napakasarap ng kapayapaang darating sa mga kaluluwang naliligalig ngayon ng duda at kawalang-katiyakan!

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay kasama nina Pedro, Pablo, Santiago, at ng lahat ng iba pang mga apostol noong una na tumanggap sa pagkabuhay na mag-uli hindi lamang bilang tunay na pangyayari, kundi bilang katuparan ng banal na misyon ni Cristo sa lupa.[6]

Ang huli at pinakadakilang katibayan na nagbangon si Jesus mula sa patay ay ang pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Propetang Joseph Smith, labingsiyam na daang taon matapos ang pangyayari. . . . Hindi lamang ang himalang ito ng buhay ang makahulugan kundi maging ang pahiwatig din nito sa lahat ng pangunahing alituntunin ng tunay na Kristiyanismo.[7]

---

**Pinagtibay ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos at kawalang-kamatayan ng tao.**

Sa loob ng mahigit apat na libong taon, tumutunghay lamang ang tao sa libingan at ang tanging nakikita dito ay katapusan ng buhay. Sa lahat ng milyun-milyong nakapasok na rito, wala ni isang tao na nakabalik bilang nabuhay na mag-uling walang-kamatayang nilalang. "Sa lahat ng dako ng mundo ay wala ni isang libingan na walang-laman. Walang pusong naniwala; walang tinig na nagpahayag na mayroong gayong uri ng libingan—isang libingang ninakawan ng kapangyarihan ng Nagtagumpay na mas malakas kaysa sa matinding kaaway ng tao, ang Kamatayan."

Dahil dito'y bago at maluwalhating mensahe ang ibinigay ng anghel sa kababaihan na natatakot ngunit may pagmamahal na lumapit sa puntod na pinaglibingan kay Jesus: ". . . Hinahanap ninyo si Jesus, ang Nazareno, na ipinako sa krus: siya'y nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya." (Marcos 16:6.)

Kung ang himala ay isang di-pangkaraniwang pangyayari na ang sanhi ay di-masayod ng isip ng tao, kung gayon ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo ang pinaka-kagila-gilalas na hima-

la sa lahat ng panahon. Dito nananatiling nahahayag ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos at ang kawalang-kamatayan ng tao.

Ang pagkabuhay na mag-uli ay isang himala, hindi lamang dahil sa hindi ito lubos na maintindihan ng tao. Sa lahat ng tumatanggap na totoo ito, ito'y patunay lamang na patas ang batas ng buhay. Dahil hindi ito maunawaan ng tao, tinatawag niya itong isang himala.[8]

Ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Tagsibol ay masayang napaguugnay, hindi dahil sa may eksaktong katulad sa kalikasan ang pagkabuhay na mag-uli, kundi dahil sa napakarami nitong iminumungkahing kaisipan sa PAGGISING. Tulad ng pagkakasakmal ng nakamamatay na Matandang Taglamig sa lahat ng pananim na tangan nito, ngunit sa pagsapit ng Tagsibol ay napaluluwag nito ang pagkakasakmal ng Taglamig sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng init at liwanag, at ang mistulang patay ay umuusbong sa panibagong buhay, muling nanariwa, napasigla, at napalakas matapos ang payapang pagtulog.

Gayundin sa tao. Ang tinatawag nating kamatayan ay itinuturing ni Jesus na pagtulog. Si "Lazaro . . . ay natutulog," sabi niya sa kanyang mga disipulo [tingnan sa Juan 11:11]. "Hindi patay ang bata, kundi natutulog," ang mapang-alo niyang mga salita sa naghihinagpis na mga magulang ng munting bata [tingnan sa Marcos 5:39]. Sa katunayan, sa Tagapagligtas ng mundo ay walang tinatawag na kamatayan—tanging buhay—buhay na walang hanggan. Tunay na masasabi niyang, "Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya." [Juan 11:25.]

Dahil sa katiyakang ito, ang pagsunod sa walang hanggang batas ay dapat maging kagalakan, hindi pasanin, dahil ang buhay ay kagalakan, ang buhay ay pag-ibig. . . . Ang pagsunod kay Cristo at sa kanyang mga batas ay nagdudulot ng buhay. Nawa'y mabigyang-diin ng paulit-ulit na Paskua ang katotohanang ito, at puspusin ang ating mga kaluluwa ng banal na katiyakan na tunay na nagbangon si Cristo, at sa pamamagitan niya ay sigurado ang kawalang-kamatayan ng tao.[9]

**Natatanggap ng matatapat ang mapang-along patotoo ng Pagkabuhay na Mag-uli.**

Walang dahilan para katakutan ang kamatayan; ito'y isang pangyayari lamang sa buhay. Ito'y likas na dumarating tulad ng pagsilang. Bakit natin katatakutan ito? Ang ilan ay natatakot dito dahil iniisip nilang ito ang wakas ng buhay, at kadalasan ang buhay ang pinakamahalagang bagay na nasa atin. Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakilang pagpapala ng tao.

Kung ang tao lamang ay "nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban" [tingnan sa Juan 7:17], sa halip na tumingin nang walang kapag-a-pag-asa sa madilim at mapanglaw na libingan, sila'y titingala sa langit at malalaman na nagbangon si Cristo!

Walang taong tatanggap sa pagkabuhay na mag-uli at mananatili sa kanyang pananampalataya nang hindi tinatanggap ang pagiral ng personal na Diyos. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ay nagapi ni Cristo ang kamatayan at naging kaluluwang walang-kamatayan. Ang "Panginoon ko at Dios ko" (Juan 20:28) ay hindi lamang walang-saysay na pahayag ni Tomas nang mamasdan niya ang nagbangong Panginoon. Kapag tinanggap nating banal si Cristo, madali nang mailarawan sa isip na ang kanyang Ama ay tulad din niya; dahil, sabi ni Jesus, ". . . ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama. . . ." (Juan 14:9.)[10]

Dahil nabuhay si Cristo matapos mamatay gayundin naman ang lahat ng tao, bawat isa'y kakamtin ang kanyang lugar na angkop sa kanya sa susunod na daigdig. Samakatwid, ang mensahe ng pagkabuhay na mag-uli ang pinaka nakaaalo, ang pinakamaluwalhating ibinigay sa tao, dahil kapag kinukuha ng kamatayan ang ating mahal sa buhay, ang nagdadalamhati nating puso ay naaalo ng pag-asa at banal na katiyakang ipinahayag sa mga salitang:

"Siya'y wala rito: sapagka't siya'y nagbangon." [Tingnan sa Mateo 28:6.] Dahil buhay ang ating Manunubos tayo rin ay mabubuhay. Pinatotohanan ko na Siya'y buhay. Alam ko ito, at umaasa akong alam ninyo ang banal na katotohanang iyan.[11]

Dinanas ni Jesus ang lahat ng mga karanasan sa mortalidad tulad natin. Alam niya ang kaligayahan, dumanas siya ng sakit. Nagalak siya at nakidalamhati sa iba. Alam niya ang pakikipagka-

ibigan. Dumanas din siya ng kalungkutan na nagmumula sa mga taksil at nagpaparatang ng mali. Dumanas siya ng mortal na kamatayan na tulad din naman ng daranasin ninyo. Dahil nabuhay si Cristo matapos mamatay, gayundin naman na ikaw at ako ay mabubuhay matapos mamatay. . . .

Si Jesus ang nag-iisang perpektong tao na nabuhay. Sa pagbangon mula sa patay ay nagapi niya ang kamatayan at ngayon ay Panginoon ng daigdig. Napakahina, napakahangal ng taong kusang tatanggi sa uri ng pamumuhay ni Cristo, lalo na dahil sa ang gayong pagtanggi ay hahantong lamang sa kalungkutan, paghihirap, at maging sa kamatayan! . . .

Kapag nananalaytay na sa ugat ng mga Kristiyano sa buong daigdig ang pananampalatayang ito [kay Jesucristo], kapag nakadarama na sila ng katapatan sa kanilang mga puso sa Nabuhay na Mag-uling Cristo at sa mga alituntuning kaakibat niyon, nagawa na ng sangkatauhan ang unang malaking hakbang tungo sa tuluy-tuloy na kapayapaan na idinarasal natin araw-araw.[12]

Marami sa mga tinatawag na Kristiyano ang hindi naniniwala sa literal na pagkabuhay na mag-uli, at sa inyong balikat sa mga balikat ng . . . iba pa sa Simbahang ito nakasalalay ang tungkulin ng pagpapahayag sa daigdig tungkol sa kabanalan ng kanyang pagiging Anak, sa kanyang literal na pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan, at kanyang pagpapakita mismo na kasama ng Ama sa propetang si Joseph Smith.[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang ebidensya ng literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo? (Tingnan sa mga pahina 71–74, 76.) Paano napatatag ng pagsaksi ng Kanyang mga Apostol noon at ngayon ang inyong patotoo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus?
- Sa paanong paraan tinatangka ng "karunungan ng mundo" na pabulaanan ang katunayan ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus? (Tingnan sa mga pahina 74–76.)
- Paano naging mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ang doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli?

- Itinuro ni Pangulong McKay na ang Pagkabuhay na Mag-uli ay "patunay na patas ang batas ng buhay" at ang "Pagkabuhay na Mag-uli at ang Tagsibol ay masayang napag-uugnay." Sa paanong paraan katulad ng tagsibol ang Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa mga pahina 76–78.) Paano ninyo magagamit ang paghahambing na ito upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang Pagkabuhay na Mag-uli?
- Paano tayo magkakaroon o paano natin mapatatatag ang patotoo hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa mga pahina 78–79.) Paano naiimpluwensyahan ng inyong patotoo sa Pagkabuhay na Mag-uli ang inyong mga desisyon? Ano ang iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo na mas madaling maunawaan matapos tayong magkaroon ng patotoo hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli?
- Paano nababawasan ng kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ang kalungkutang kaakibat ng kamatayan at paano ito nakatutulong upang maaliw ang mga nagdadalamhati? (Tingnan sa mga pahina 78–79.) Ano ang nakita ninyong mga halimbawa ng mga tao na sa gitna ng pagsubok ay napalakas ng kanilang patotoo hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli?
- Bakit napakahalaga ng pag-iral ng nabuhay na mag-uling Diyos sa sangkatauhan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Job 19:25–27; Marcos 16:1–6; Mga Gawa 2:22–32; 4:33; 1 Mga Taga Corinto 15:3–8; 3 Nephi 11:15; D at T 76:22–24

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1966, 59.
2. Sinipi sa David Lawrence McKay, *My Father, David O. McKay* (1989), 84–85.
3. Sa Conference Report, Abr. 1950, 178.
4. Sa Conference Report, Abr. 1939, 112–14; binago ang pagtatalata.
5. Sa Conference Report, Abr. 1944, 120–22; binago ang pagtatalata.
6. Sa Conference Report, Abr. 1966, 57; binago ang pagtatalata.
7. Sa Conference Report, Abr. 1944, 120; binago ang pagtatalata.
8. Sa Conference Report, Abr. 1966, 56.
9. Sa Conference Report, Abr. 1939, 115.
10. Sa Conference Report, Abr. 1966, 58–59.
11. Sa Conference Report, Abr. 1944, 125.
12. Sa Conference Report, Abr. 1966, 59.
13. Sa Conference Report, Abr. 1950, 179.

# Ang Bisa ng Panalangin

*Paroroon ang Diyos para gabayan at turuan ang taong "magsasaliksik sa Kanya nang may pananampalataya nang buo niyang lakas at buong kaluluwa."[1]*


## Panimula

Noong tagsibol ng 1921, dinalaw nina Elder David O. McKay at Brother Hugh J. Cannon ang New Zealand bilang bahagi ng kanilang paglalakbay sa buong daigdig sa mga misyon ng Simbahan. Isang araw ng Linggo, nakatakdang magsalita si Elder McKay sa isang kumperensya ng mga Banal sa hapon. Subalit, paggising niya nang umagang iyon ay masama ang pakiramdam niya at namamalat na halos pabulong lang kung magsalita siya. Sa kabila nito'y dumalo siya sa kumperensya nang may pananampalatayang maihahatid ang kanyang mensahe. Itinala niya sa dakong huli:

"Libong tao . . . ang nagtipon para sa panghapong serbisyo. Nagpunta sila para mag-usisa at umaasa silang mabuti. Tungkulin kong ibigay sa kanila ang mensahe, ngunit bukod sa namamalat ako at hindi marinig ng mga tao, ay may sakit ako.

"Gayunman, sa marubdob na pagsamo sa aking puso para humingi ng tulong at patnubay mula sa langit, ako'y nagbangon para gampanan ang aking tungkulin. Ipit ang boses ko at namamalat. . . .

"At nangyari ang hindi pa kailanman nangyari sa akin. Sinimulan ko ang aking paksa nang buong katapatan at sidhi sa abot-kaya ko at nagsalita nang malakas. Nadama kong luminaw ang tinig ko at naging lalong matunog, kaya nalimutan kong may lumalabas nang boses at ang naisip ko na lamang ay ang katotohanan na gusto kong maunawaan at tanggapin ng mga nakikinig. Tuluy-tuloy kong ibinahagi ang aking mensahe sa loob ng apatnapung minuto at nang matatapos na ako, matunog at malinaw pa rin ang tinig ko na tulad ng dati. . . .



*"Itinuturing kong isa sa mga pinakamahalagang karanasan ng buhay ang malaman na dinirinig ng Diyos ang dalangin ng pananampalataya."*

"Nang sabihin ko kay Brother Cannon at sa iba pang mga kapatid kung gaano kataimtim ako nagdasal para sa biyayang natanggap ko, sinabi niyang, 'Nagdasal din ako—noon lang ako nagdasal nang ganoon kataimtim para sa isang magsasalita.' "[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang Diyos ay personal na Katauhan na maaari nating lapitan sa panalangin.

Mula pagkabata ay mahal ko na ang katotohanan na ang Diyos ay personal na katauhan, at Siya'y tunay na ating Ama na malalapitan natin sa panalangin at makatatanggap tayo ng sagot mula sa Kanya. Itinuturing kong isa sa mga pinakamahalagang karanasan ng buhay ang malaman na dinirinig ng Diyos ang dalangin ng pananampalataya. Totoong ang mga sagot sa ating mga dalangin ay hindi palaging darating nang tuwiran at tumpak sa oras, ni sa paraan, na inaasahan natin; ngunit dumarating ang mga ito, sa oras at sa paraan na pinakamainam para sa ikabubuti ng taong nag-alay ng panalangin.

Gayunman may mga pagkakataon na nakatanggap ako ng tuwiran at agad na katiyakan na ang dalangin ko'y pinagbigyan. Minsan ay napakalinaw ng sagot na tila nasa tabi ko lamang ang Ama sa Langit at nagsasalita. Ang mga karanasang ito'y bahagi ng aking pagkatao at mananatili hangga't ako'y may alaala at talino. Tila tunay na tunay at napakalapit sa akin ng Tagapagligtas ng daigdig.

Noon ko lang nadama na ang Diyos ay aking Ama. Hindi lamang Siya kapangyarihan na di-nakikita, o puwersa ng kabutihang-asal sa daigdig, kundi isang personal na Diyos na may kapangyarihang lumikha, ang tagapamahala ng daigdig, at ng ating mga kaluluwa. Nais ko sanang lahat ng lalaki, at lalo na ang mga kabataan ng Simbahan, na maging napakalapit sa ating Ama sa langit para araw-araw manalangin sa Kanya—hindi lamang lantaran, kundi nang sarilinan. Kung tataglayin ng ating mga tao ang pananampalatayang ito, maraming biyaya ang darating sa kanila. Mapupuno ang kanilang kaluluwa ng pasasalamat sa mga bagay na ginawa ng Diyos para sa kanila; makikita nilang mayaman sila sa mga kahilingang ipinagkaloob. Hindi guni-guni lang ang

makalapit sa Diyos at makatanggap ng liwanag at patnubay mula sa Kanya, at pagkatapos ay maliwanagan ang ating isipan at mapuspos ng Kanyang Espiritu ang ating mga kaluluwa.[3]

Kapag nakaluhod kayong dumadalangin sa gabi, nadarama ba ninyong malapit siya, na naririnig niya kayo, nadarama ba ninyo ang kapangyarihang kumikilos na tulad ng radyo o mas matinding kapangyarihan kung kaya dama ninyong nakikipag-ugnayan kayo sa kanya?[4]

Gusto kong maging malapit nang husto ang mga binatilyo ng Israel sa [Diyos] upang malapitan nila Siya araw-araw, hindi lamang sa publiko, kundi nang sarilinan. Sana'y magtiwala sila sa Kanya tulad ng batang babaing bulag sa kanyang ama. Nakaupo siya sa kandungan ng ama habang nakasakay sa tren, at isang kaibigan na katabi sa upuan ang nagsabing: "Pahinga ka muna, ako naman ang kakandong sa kanya," at kinuha niya ang bata at iniupo sa kanyang kandungan. Sinabi ng ama sa bata: "Kilala mo ba ang mayhawak sa iyo?" "Hindi po," sagot ng bata, "pero kilala n'yo siya." O, napakalaki ng tiwala ng bata sa kanyang ama. . . . Gayon din ang tiwalang dapat ipakita ng mga batang Banal sa mga Huling Araw sa kanilang Ama sa langit.[5]

Mabuting malaman ng mga batang lalaki at babae na makalalapit sila sa Diyos sa panalangin. Malalaman ninyong mga estudyante sa unibersidad, gaya ng dapat malaman ng ibang mga estudyante sa bawat eskuwelahan, na kapag nahihirapan kayo ay makatatanggap kayo ng tulong at patnubay kung taos-puso ninyong hahangarin ito. Marahil tatayo kayo tulad ng ginawa ng ilan sa amin noon at madarama na hindi nasagot ang inyong dalangin, ngunit balang-araw matatanto ninyo na sinagot ng Diyos ang inyong mga dalangin tulad ng gagawin ng matalinong magulang. Isa sa mga pinakamalaking ari-arian ng kabataan ang madama na makalalapit kayo sa ating Ama at maibubuhos ang nilalaman ng inyong puso sa Kanya.[6]

---

## Ang panalangin ay higit pa sa mga salita; kailangan nito ng pananampalataya, pagsisikap, at wastong pag-uugali.

Ang panalangin ay pintig ng sumasamo at mapagmahal na puso na nakaayon sa Walang Hanggan. Ito ang mensahe ng kaluluwa na

tuwirang ipinararating sa mapagmahal na Ama. Ang wika ay hindi lamang mga salita. . . .

Ang una at pinakamahalagang katangian ng mabisang panalangin ay pananampalataya. Ang paniniwala sa Diyos ay nagdudulot ng kapayapaan sa kaluluwa. Ang katiyakan na ang Diyos ay ating Ama, na malalapitan natin para sa kapanatagan at patnubay, ay pinagmumulan sa tuwina ng aliw.

Ang isa pang mahalagang katangian ay pagpipitagan. Ang katangiang ito'y ipinakita sa huwarang dalangin na ibinigay ng Tagapagligtas sa mga salitang "Sambahin nawa ang pangalan mo." [Mateo 6:9.] Ang alituntuning ito'y dapat ipakita sa mga silid-aralan, at lalo na sa ating mga bahay-dalanginan.

Ang ikatlong mahalagang elemento ay kataimtiman. Ang panalangin ay pagsamo ng espiritu. Ang taimtim na pananalangin ay nangangahulugan na kapag humiling tayo ng anumang mabuting katangian o pagpapala ay dapat tayong gumawa para makamtan ang biyaya at linangin ang mabuting katangian.

Ang susunod na mahalagang katangian ay katapatan. Bakit mo idadalangin na dumating ang Kaharian ng Diyos kung hindi naman ito ang hangarin ng puso mo at hindi ka handang tumulong sa pagtatatag nito? Ang pagdalangin na matupad nawa ang Kanyang kalooban at pagkatapos ay hindi naman ito susundin, ay nagbibigay kaagad ng negatibong sagot. Hindi mo ipagkakaloob ang isang bagay sa isang bata na hindi naman bibigyang halaga ang hinihiling niya sa iyo. Kung idadalangin natin ang tagumpay ng ilang layunin o negosyo, maliwanag na may simpatiya tayo rito. Kawalang pitagan ang manalangin na masunod nawa ang kalooban ng Diyos at pagkatapos ay mabigong iayon ang ating buhay sa kaloobang iyon.

Ang huling mahalagang katangian ay ang kababaang-loob. . . . Ang alituntunin ng kababaang-loob at panalangin ang umaakay sa tao para madama ang banal na patnubay. Ang pag-asa sa sariling kakayahan ay mabuting katangian, ngunit dapat ay alam ng tao na kailangan ng tulong mula sa kaitaasan—ng kaalaman na habang matatag kang lumalakad sa landas ng tungkulin, ay may posibilidad na magkamali ka ng hakbang; at kasama ng kaalamang iyan

ang dalangin, ang pagsamo na bigyang-inspirasyon ka ng Diyos upang maiwasan ang maling hakbang.[7]

---

**Ang panalangin sa tahanan ay nagtuturo sa mga bata ng pananampalataya sa Diyos.**

Kung tatanungin ninyo ako kung saan ko natanggap ang pananampalataya kong di-natitinag ukol sa pag-iral ng Diyos, ang sagot ko'y: sa tahanan noong aking kabataan—kapag tinitipon nina Itay at Inay ang kanilang mga anak sa umaga at sa gabi at hinihingi ang basbas ng Diyos sa sambahayan at sa buong sangkatauhan. May katapatan sa tinig ng mabuting patriarch na iyon na nag-iwan ng di-malilimot na impresyon sa kaluluwa ng kanyang mga anak, at ang mga dalangin ni Inay ay gayon din kasidhi. Hiling ko ngayong gabi sa bawat ama sa Simbahan na buong pusong tiyakin na makikintal sa kanyang mga anak ang katunayan ng pag-iral ng Diyos at ang katunayan na gagabayan at pangangalagaan ng Diyos ang kanyang mga anak. Iyan ay tungkulin ninyo. Ang tahanan ay isa sa mga yunit—ang pangunahing yunit—ng lipunan. Bago ko narinig na nagpatotoo ang aking ama na narinig niya ang tinig mula sa langit, alam ko na na nabuhay siyang malapit sa kanyang Manlilikha.[8]

Naturuan ang mga batang Banal sa mga Huling Araw na kilalanin ang [Diyos], at manalangin sa kanya bilang isang taong nakakarinig at dumirinig at nakadarama na tulad ng ama sa lupa na nakakarinig, dumirinig at nakadarama. Naging sangkap na ng kanilang pagkatao, mula sa kanilang mga ama't ina, ang tunay na patotoo na ang personal na Diyos na ito ay nagsalita sa dispensasyong ito. May katotohanan ito.[9]

Naniniwala ako na kapag ang mga bata ay pinalaking malapit sa ating Amang Walang Hanggan ay hindi gaano ang kasalanan o kasamaan sa tahanang iyon. Kapag ang batang paslit na nahihirapan dahil inaapoy ng lagnat, at umasa sa kanyang ama at sa simpleng pananalig ay nagsabing, "Papa, basbasan n'yo po ako," gusto kong sabihin sa inyo na mula sa gayong mga tahanan nagmumula ang kalakasan at kaluwalhatian ng alinmang bansa. Gayon ang mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw.[10]

"Panginoon, turuan mo kaming manalangin" ang mapitagang samo ng mga disipulo sa Guro [tingnan sa Lucas 11:1]. Tulad ng mapagpakumbabang mga bata naghangad sila ng angkop na patnubay, at ang kanilang samo ay hindi nabigo.

Kung paanong madaling makaramdam ang mga disipulo, gayundin na minsan ay maaaring madama ng mga bata na kailangan ng banal na patnubay at kapanatagan, ngunit hindi nabibigkas ang kanilang inaasam na kahilingan. Dahil dito'y ibinigay ng Panginoon na tungkulin ng mga magulang ang "[turuan] ang kanilang mga anak na manalangin." [D at T 68:28.]

Ang mga alalahanin, kalituhan, at kalungkutan ay umiiral kapwa sa buhay ng maliit na bata at sa mundo ng matatanda, at karapatan ng mga bata na tumanggap ng kapanatagan, aliw, at patnubay na nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

Hindi lamang iyan, kundi mula sa punto ng pananampalataya, katapatan, at patuloy na pagtitiwala, ang dasal ng inosenteng bata ay tiyak na tatanggap kaagad ng sagot mula sa mapagmahal na Ama.[11]

Ang inspirasyon ng Diyos ay nakikita sa paghiling sa mga Banal sa mga Huling Araw na panatilihing buo ang kanilang mga tahanan, at turuan ang kanilang mga anak ng mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ngayon, hindi ibig sabihin na gagawin nating pormal ang gayong pagtuturo o kaya'y nakayayamot sa anumang paraan. Ang ibig kong sabihin ay dapat mabanaag ang ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat tahanan; na ang dalangin sa umaga at gabi ay dapat iaalay nang taos-puso; na maunawaan ng mga bata sa araw-araw na nais nating lumagi sa ating tahanan ang presensya ng Diyos. Kung maaanyayahan natin doon ang Tagapagligtas, malalaman natin na ang mga anghel ay hindi lamang handa kundi sabik na protektahan ang ating mga anak. Naniniwala ako na sa karamihan ng mga tahanan ang mga bata ay tinuturuang manalangin bago matulog sa gabi. Gayunman naniniwala ako na karaniwang napapabayaan ang mga dasal sa umaga. Bagamat kung iisipin natin ay higit na kailangan ng ating mga anak sa oras na gising sila ang proteksyon ng Diyos, at ang patnubay ng kanyang Banal na Espiritu, kaysa kapag sila'y natutulog.[12]

Sinusunod ba ninyo ang payo ni Cristo na manalangin sa Ama at turuan ang inyong mga anak na manalangin, upang ang kabanalan, paggalang sa Diyos at sa kanyang gawain, sa araw-araw ay makintal sa puso ng inyong mga anak? Dapat sa tahanan gawin iyan. Huwag lamang ipagdasal ang inyong sarili, kundi ipagdasal din ang inyong mga kaaway.[13]

Mga magulang, kung wala na kayong ibang gagawin, lumuhod sa umaga kasama ng inyong mga anak. Alam kong abala kayo kapag umaga, . . . ngunit humanap kayo ng oras para lumuhod at anyayahan ang Diyos sa inyong tahanan. Ang panalangin ay makapangyarihang puwersa.[14]

Sa pamamagitan ng panalangin ng pamilya ay hayaang makapunta sa kinaroroonan ng Diyos ang mga magulang at mga anak.[15]

## Ang panalangin ay nagdudulot ng maraming malalaking biyaya.

Ang kapangyarihan ng . . . mga panalangin sa buong Simbahan ay dumating sa akin kahapon nang matanggap ko ang isang liham mula sa isang kapitbahay sa bayan kong sinilangan. Ginagatasan niya ang kanyang mga baka nang marinig niya sa radyo na nasa kanyang kamalig ang balitang yumao na si Pangulong [George Albert] Smith. Nadama niya kung ano ang ibig sabihin nito sa kanyang dating kababayan, at iniwan niya ang kanyang kamalig at umuwi at sinabi sa kanyang asawa. Kaagad nilang tinawag ang maliliit nilang anak, at sa abang tahanang iyon, tumigil sila sa pagtatrabaho, at lumuhod bilang isang pamilya at nag-alay ng panalangin. Kayo na ang bahalang umunawa sa kahalagahan ng tagpong iyon. Gawin ninyo iyang daang libo, dalawang daang libo, kalahating milyong mga tahanan, at masdan ang kapangyarihan sa pagkakaisa at mga panalangin, at sa nagtataguyod na impluwensya sa buong Simbahan.[16]

Kung magkakaroon lamang ang ating mga kabataan ng . . . pananampalataya at palihim nilang lalapitan ang kanilang Diyos, kahit paano'y may apat na biyayang darating sa kanila ngayon din. Ang una'y pasasalamat—pasasalamat sa mga biyayang di nila nakamtan noon. Mapupuspos ang kanilang kaluluwa ng pasasalamat sa nagawa ng Diyos para sa kanila. Makikita nilang sagana sila

sa mga kahilingang ipinagkaloob. Ang binatang nagsasara ng pintuan at humihila sa mga kurtina at doon ay sumasamo ng tulong sa Diyos, ay dapat munang taimtim na magpasalamat para sa kalusugan, mga kaibigan, mga mahal sa buhay, ebanghelyo, at katotohanan ng Diyos, gaya ng nakikita sa mga bato at mga puno at mga bulaklak, at lahat ng bagay sa kanyang paligid. Dapat muna niyang bilangin ang kanyang mga pagpapala, at mamamangha siya sa kaloob ng Panginoon [tingnan sa "Mga Pagpapala ay Bilangin," *Mga Himno*, blg. 147].

Ang pangalawang biyaya ng panalangin ay patnubay. Hindi ko inaakalang maliligaw ang isang binatilyong lumuluhod sa tabi ng kanyang kama sa umaga at nagdarasal sa Diyos na tulungan siyang panatilihing walang bahid ng mga kasalanan ng daigdig. Palagay ko ay hindi magkakamali ang isang dalagitang luluhod sa umaga at dadalangin na panatilihin siyang dalisay at walang bahid-dungis sa maghapon. Hindi ko inaakalang magkakaroon ng poot sa puso ng Banal sa mga Huling Araw kung taos-puso at lihim siyang mananalangin sa Diyos na pawiin ang damdamin ng pagkainggit at maruming pag-iisip sa kanyang kapwa. Patnubay? Oo, paroroon ang Diyos para gabayan at turuan ang taong "magsasaliksik sa Kanya nang may pananampalataya nang buo niyang lakas at buong kaluluwa."

Ang ikatlong biyaya ay pagtitiwala. Sa buong lupaing ito'y libulibo at laksa-laksa ang mga estudyanteng nagsisikap na makapagaral. Turuan natin ang mga estudyanteng ito na kung gusto nilang magtagumpay sa kanilang mga aralin, dapat nilang saliksikin ang kanilang Diyos, upang ang pinakadakilang guro na kilala sa buong mundo ay tumayo sa tabi nila at akayin sila. Minsang madama ng estudyante na malalapitan niya ang Panginoon sa pamamagitan ng panalangin, magkakaroon na siya ng tiwala na matututuhan niya ang mga aralin, na maisusulat niya ang kanyang talumpati, na makatatayo siya sa harap ng kanyang kapwa mga estudyante at maihahatid ang kanyang mensahe nang walang takot na mabigo. Ang pagtitiwala ay dumarating sa taos na panalangin.

Sa huli'y makatatanggap siya ng inspirasyon. Hindi guni-guni lang ang makalapit sa Diyos at makatanggap ng liwanag at patnubay mula sa Kanya, at pagkatapos ay maliwanagan ang ating isipan



*"Sinusunod ba ninyo ang payo ni Cristo na manalangin sa Ama at turuan ang inyong mga anak na manalangin?"*

at mapuspos ng Kanyang Espiritu ang ating mga kaluluwa. . . . Alam ito ni Joseph Smith; at ang patotoo, ang ebidensya ng inspirasyong natanggap ni Propetang Joseph ay makikita ng lahat na magmumulat ng kanilang mata upang makakita at ng kanilang puso upang makaunawa.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan


- Paanong napalakas ng panalangin ang inyong kaugnayan sa Diyos? Bakit mahalagang malaman na nagdarasal kayo sa inyong Ama sa Langit, na kung kaninong wangis kayo ay nilikha? (Tingnan sa mga pahina 83–84.)
- Ano ang ilang paraan na sinasagot ng Diyos ang mga panalangin? (Tingnan sa mga pahina 83–84.) Bakit tila hindi nasasagot kaagad ang ilang panalangin? Ano ang mga natanggap ninyong pagpapala sa mga sinagot na panalangin?

- Anong mga katangian o pag-uugali ang maaari nating taglayin na makatutulong para maging mas taimtim at makabuluhan ang ating mga dalangin? (Tingnan sa mga pahina 84–86.) Paano natin espirituwal na maihahanda ang ating sarili bago mag-alay ng panalangin?
- Paano matuturuan ng mga magulang ang mga anak na manalangin? (Tingnan sa mga pahina 86–88.) Sa paanong paraan makaiimpluwensya sa buhay ng mga bata ang pansarili at pampamilyang panalangin? (Tingnan sa mga pahina 86–88.) Bakit mahalagang bahagi ng pagpapatatag at pagkakaisa ng mga pamilya ang araw-araw na panalangin?
- Ano ang ilang mga biyayang nagmumula sa regular na panalangin? (Tingnan sa mga pahina 88–90.) Ano ang magagawa natin para gawing mas makabuluhan at hindi paulit-ulit o mekanikal ang ating mga panalangin?
- Paano makatutulong ang taos at taimtim na panalangin para maalis sa ating kaluluwa ang kalupitan o masamang iniisip sa ibang tao?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 21:22; Santiago 5:16; 2 Nephi 32:8–9; Alma 17:3; 34:17–28; 3 Nephi 18:18–21; D at T 19:38

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1922, 65.
2. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 58–59.
3. Sa Conference Report, Abr. 1969, 152–53; binago ang pagtatalata.
4. Sa Conference Report, Okt. 1954, 84.
5. Sa Conference Report, Abr. 1922, 64; binago ang pagtatalata.
6. *Stepping Stones to an Abundant Life,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1971), 42.
7. *Pathways to Happiness,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1957), 225–26.
8. Sa Conference Report, Abr. 1966, 107.
9. Sa Conference Report, Abr. 1934, 23.
10. Sa Conference Report, Abr. 1912, 52–53.
11. *True to the Faith: From the Sermons and Discourses of David O. McKay,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1966), 210–11.
12. Sa Conference Report, Okt. 1917, 57–58.
13. Sa Conference Report, Okt. 1919, 78.
14. *Man May Know for Himself: Teachings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss (1967), 300.
15. *Stepping Stones to an Abundant Life*, 281.
16. Sa Conference Report, Abr. 1951, 158.
17. Sa Conference Report, Abr. 1922, 64–65.



*"Nasa gitna kayo ng tukso, pero kayo, tulad ni Cristo sa Bundok ng Tukso, ay maaaring mangibabaw rito."*

# Paglaban sa Tukso

*Magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo. Ligawan ninyo siya at di magtatagal ay may tanikala na kayo, hindi sa pulso, kundi sa inyong kaluluwa.*[1]

## Panimula

Bilang batang misyonero sa Scotland, dumalo si David O. McKay sa isang pulong na pinangasiwaan ni James L. McMurrin, isang tagapayo sa panguluhan ng European Mission. Habang nagpupulong ay nasaksihan ng mga dumalo ang ilang pagpapamalas ng mga kaloob ng Espiritu. Makalipas ang mga 70 taon, sa isang pulong ng priesthood, nagunita ni Pangulong McKay: "Naalaala ko pa, parang kahapon lamang, ang tindi ng inspirasyon sa pagkakataong iyon. Nadama ng bawat isa ang saganang pagbuhos ng Espiritu ng Panginoon. Lahat ng naroon ay tunay na iisa ang puso at iisa ang isipan. Hindi ko pa nadama ang gayon noon. . . .

"Gayon ang ibinigay na paglalarawan ni James L. McMurrin sa napatunayan na isang propesiya. Nalaman ko sa pagiging malapit ko sa kanya na si James McMurrin ay totoo at magiting na tao. Ganap ang pananampalataya niya sa ebanghelyo. Wala nang totoong tao, o mas tapat sa inaakala niyang tama ang nabuhay noon. Kaya't nang bumaling siya sa akin at ibigay ang inakala ko noon na babala sa halip na pangako, ay nakintal na mabuti sa akin ang kanyang mga salita. Sa ibang pakahulugan ng mga salita ng Tagapagligtas kay Pedro, sinabi ni Brother McMurrin: 'Sinasabi ko sa iyo, Brother David, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo, datapuwa't mahal ka ng Diyos.' [Tingnan sa Lucas 22:31.] . . .

"Nang sandaling iyon ay pumasok sa isipan ko ang mga tuksong napagdaanan ko, at natanto ko nang higit pa kay Pangulong McMurrin, o ng sino pa mang tao, na talagang nagsabi siyang,

'Hinihingi ka ni Satanas.' Nang magpasiya ako nang sandali ding iyon na panatilihin ang pananampalataya ay umusbong ang hangarin na maglingkod sa aking kapwa; at kaakibat nito'y natanto ko, kahit paano, ang utang-na-loob ko sa elder na unang naghatid ng mensahe ng pinanumbalik na ebanghelyo sa aking lolo't lola, na tumanggap sa mensahe noon sa hilagang Scotland at sa South Wales."

Tinapos ni Pangulong McKay ang kuwentong ito para sa mga binatilyo ng Simbahan sa pamamagitan ng payo na angkop para sa lahat: "Hiling ko na patuloy kayong pagpalain ng Diyos. . . . Huwag hayaang iligaw kayo ng tukso."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Kailangan nating bantayan ang ating sarili at ating mga pamilya laban sa impluwensya ng kaaway.

Ang mga puno na nananatiling nakatayo sa gitna ng buhawi ay kadalasang napapabagsak ng mapanirang mga insekto na halos di natin makita sa mikroskopyo. Gayundin naman na ang pinakamalaking kalaban ng sangkatauhan ngayon ay ang di-kapansinpansin at kung minsan ay di-nakikitang impluwensyang kumikilos sa lipunan na nagpapahina sa kalalakihan at kababaihan sa ngayon. Sa kabila ng lahat, ang pagsubok sa katapatan at pagiging epektibo ng mga tao ng Diyos ay pansarili. Ano ang ginagawa ng indibiduwal?

Bawat tuksong dumarating sa inyo at sa akin ay dumarating sa isa sa tatlong uri:

(1) Tukso sa hilig o silakbo ng damdamin;

(2) Pagbibigay-daan sa kapalaluan, moda o uso;

(3) Paghahangad sa mga yaman o kapangyarihan ng mundo at pamumuno sa mga lupain o sa makalupang ari-arian ng mga tao.

Ang gayong mga tukso ay dumarating sa atin sa mga panlipunang pagtitipon; dumarating ito sa ating pagsisikap ukol sa pulitika; dumarating ito sa atin sa mga pakikipagnegosyo, sa bukid, sa mga pamilihan; sa pakikitungo natin sa lahat ng kalakaran ng buhay ay nakikita nating kumikilos ang mga mapaminsalang

impluwensya. Kapag nakikita na ang mga ito na ginagawa ng bawat indibiduwal ay dapat nang pairalin ang pagtatanggol mismo sa katotohanan.

Itinuturo ng Simbahan na ang buhay dito sa lupa ay isang pagsubok lamang. Tungkulin ng tao na maging *panginoon*, hindi *alipin* ng kalikasan. Ang kanyang gana o hilig ay dapat makontrol at magamit para sa ikabubuti ng kanyang kalusugan at pagpapahaba ng kanyang buhay—ang simbuyo ng kanyang damdamin ay dapat mapasunod at makontrol para lumigaya at mapagpala ang iba. . . .

Kung mamumuhay kayo nang tapat sa mga bulong ng Banal na Espiritu, at patuloy na gagawin ang gayon, mapupuspos ng ligaya ang inyong kaluluwa. Kung hindi ninyo ito gagawin at lagi na lang iisipin na hindi ninyo nagawa ang alam ninyong tama, kayo'y magiging malungkot kahit na nasa inyo ang kayamanan ng mundo. . . .

Sa paghahanap nila ng kasayahan, ang mga kabataan ay madalas matuksong magpasasa sa mga bagay na nakaaakit lamang sa mababang panig ng pagkatao, lima sa pinakakaraniwan ang: *una*, kabastusan at kahalayan; *ikalawa*, pag-inom ng alak at paghihipuan; *ikatlo*, kasiraan ng puri; *ikapat*, kawalang katapatan; at *ikalima*, kawalang pitagan.

Kabastusan ang kadalasang unang hakbang pababa sa landas ng pagpapasasa. Ang pagiging bastos ay pagkalaban sa mabuting panlasa o pinong damdamin o pagkatao.

Isang hakbang lamang mula sa kabastusan tungo sa kahalayan. Tama lamang, sa katunayan ay mahalaga, sa kaligayahan ng ating mga kabataan ang magkikita sa mga parti, ngunit palatandaan ito ng mababang moralidad kapag bilang libangan ay babaling sila sa pagpukaw ng damdamin at pagpapababa ng pagkatao. Ang mga party na puno ng pag-iinuman at paghihipuan ay lumilikha ng kapaligirang nagpapahina sa kabutihang-asal, at kumakawala ang di-mapigilang kapusukan. Kasunod nito'y madali nang humakbang pababa at bumulusok sa kawalang-kahihiyan.

Kapag, sa halip na piliin ang mataas na mga alituntunin ng kabutihang-asal ay pinili ang buhay ng pagbibigay-layaw sa

kahalayan, at bumaba na ang pagkatao ng babae o lalaki, ang kataksilan ay tiyak na magiging bahagi ng kanyang pagkatao. Nasisira ang katapatan sa mga magulang; tinatalikuran na ang pagsunod sa kanilang mga turo at mithiin; naglalaho ang katapatan sa asawa at sa mga anak para bigyang-kasiyahan ang hilig ng katawan; imposible nang maging tapat pa sa Simbahan, at kadalasan ay napapalitan ng panunuya sa mga turo nito.[3]

Ang tukso ay kadalasang dumarating sa tahimik na paraan. Marahil ang pagpapatangay dito ay hindi alam ng kahit sino maliban ng taong napatukso at ng kanyang Diyos, ngunit kung napatukso nga siya, siya'y nagiging mahina, at nadudungisan ng kasamaan ng mundo.[4]

Itinaboy si Satanas dahil sinubukan niyang palitan ang Lumikha. Ngunit naipapamalas pa rin ang kanyang kapangyarihan. Siya'y aktibo at sa sandaling ito'y itinatatwa ang pag-iral ng Diyos, ng pag-iral ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, at ikinakaila ang bisa ng ebanghelyo ni Jesucristo.[5]

Aktibo ang kaaway. Siya'y tuso at mapanlinlang, at naghahanap ng pagkakataon upang pahinain ang pundasyon ng Simbahan, at sumasalakay sa tuwing posibleng pahinain o wasakin ito. . . . Ibinigay ng Diyos ang kalayaan sa pagpili. Ang pag-unlad ng ating pagkatao at espiritu ay batay sa paggamit natin sa kalayaang iyon.[6]

Determinado pa rin si Satanas na ipagpilitan ang gusto niya, at binigyan niya ng kapangyarihan ang kanyang mga sugo ngayon nang mas matindi kaysa noong nakaraang mga siglo. Maghandang harapin ang matitinding kalagayan, ang mga pilosopiya na tila makatwiran ngunit masama. Upang mapaglabanan ang puwersang ito, kailangan tayong umasa sa mga bulong ng Espiritu Santo, na karapatan ninyong tanggapin. Tunay ang mga ito.

Ginagabayan ng Diyos ang simbahang ito. Maging tunay at tapat dito. Maging tapat sa inyong mga pamilya. Pangalagaan ang inyong mga anak. Gabayan sila, hindi sa malupit na paraan, kundi sa mabuting halimbawa ng isang ama, at sa gayon ay magdagdag ng lakas sa Simbahan sa pamamagitan ng paggamit ng inyong priesthood sa inyong tahanan at sa inyong buhay.[7]

Kaakibat ng pagiging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang responsibilidad na mapaglabanan ang mga tukso, na maiwasan ang pagkakamali, mapagbuti ang kaisipan, at patatagin ang espiritu hanggang sa marating nito ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo.[8]

---

**Sinisikap ng kaaway na tirahin ang ating kahinaan, ngunit lumalakas tayo kapag nilalabanan natin siya.**

Hindi kayo maaaring makipaglaro kay Satanas. Labanan ang tukso, labanan ang Diyablo at lalayo siya sa inyo. [Tingnan sa Santiago 4:7.]

Ang Tagapagligtas na nasa bundok ang nagbigay ng pinakadakilang halimbawa sa buong daigdig. . . . Kaagad pagkatapos ng binyag ng Tagapagligtas, siya'y dinala sa bundok na kilala ngayon bilang Bundok ng Tukso. Hindi ko alam kung doon siya tumayo, kung doon siya nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw, o hindi. Pero sa isang bundok siya nagpunta, at makaraan . . . ang apatnapung araw, ay nilapitan siya ng Manunukso, gaya ng sabi sa atin, at gaya ng palaging ginagawa ng Manunukso, tinira siya ng Manunukso sa inaakala nitong pinakamahinang bahagi ng Kanyang pagkatao.

Matapos mag-ayuno [si Jesus], inakala ng Manunukso na gutom siya, at ang unang tukso, kung natatandaan ninyo, ay, "Kung," at sinabi niya nang may panunuya, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipagutos mo na ang batong ito ay maging mga tinapay." At may isang bato sa lugar na iyon na katulad ng wheat-loaf ng mga Judio, para lalong maging kaakit-akit ang tukso. Ang sagot ni Cristo ay: "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mat. 4:3–4.)

Ang sumunod na tukso ay hango rin sa banal na kasulatan. "Ito'y pang-aakit ng kayabangan, pang-aakit na makalamang sa ating kapwa-tao: "Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka . . ." (mula sa tuktok ng templo) ". . . sapagka't nasusulat . . ." (at kayang bumanggit ng banal na kasulatan ang Diyablo para sa kanyang layunin) ". . . sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at aalalayan ka ng kanilang mga kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato." At ang

sagot ay, "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios." (Mat. 4:6–7.)

Ang pangatlong tukso ay ukol sa pag-ibig sa yaman at kapangyarihan. Dinala ng manunukso si Jesus sa mataas na bundok at ipinakita sa kanya ang mga bagay ng daigdig at ang kapangyarihan nito. Hindi siya nanunuya sa tuksong ito. Siya'y sumasamo, dahil napahina ng paglaban ng Tagapagligtas ang mga kapangyarihan ng Manunukso. Ipinakita niya kay Jesus ang mga bagay ng daigdig. "Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako." Sa pagbangon sa karingalan ng kanyang kabanalan, sinabi ni Jesus: "Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." At tumalilis papalayo ang Manunukso. [Tingnan sa Mateo 4:8–11.] . . .

Iyan ang kuwento tungkol sa iyo. . . . Sa pinakamahinang bahagi ninyo kayo titirahin ng Diyablo, sisikapin niyang makuha kayo, at kung pinahina ninyo ito bago pa man kayo maglingkod sa Panginoon, daragdagan niya ang kahinaang iyon. Labanan ninyo siya at magkakaroon kayo ng lakas. Tutuksuhin niya kayo sa ibang punto. Labanan ninyo siya at siya'y manghihina at kayo'y lalong lalakas, hanggang sa masabi ninyo, anuman ang nakapaligid sa inyo na, "[Humayo ka Satanas]: nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." (Lucas 4:8.)[9]

Sa kanyang mga disipulo sa Getsemani, . . . sinabi [ni Jesus], "At wala na ako sa sanglibutan, at ang mga ito ay nasa sanglibutan, . . .

"Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama." (Juan 17:11, 15.)

Iyan ang aral sa inyo. . . . Nasa gitna kayo ng tukso, pero kayo, tulad ni Cristo sa Bundok ng Tukso, ay maaaring mangibabaw rito.[10]

---

**Habang ipinamumuhay natin ang ebanghelyo at nagpipigil sa sarili, nakatatanggap tayo ng kagalakan at kapayapaan.**

Hangga't malaya ang Kaaway ng katotohanan na magkaroon ng kapangyarihan sa mundong ito, tayo'y maaaring masalakay, at

ang tanging paraan para harapin ang mga pagsalakay na ito ay sa pamamagitan ng pamumuhay ng Ebanghelyo.[11]

Binibigyan tayo ng pagkakataon ng ebanghelyo na mamuhay sa ibabaw ng mundong ito at sa mga tuksong narito at, sa pamamagitan ng pagpipigil sa sarili at lubos na pagkakilala sa sarili (self-mastery), ay mamuhay sa espiritu, at iyan ang tunay na buhay dito at sa kabila.[12]

Nawa'y matanto natin nang higit kaysa noon na ang lubos na pagkilala sa personal na mga naisin ang siyang diwa ng relihiyong Kristiyano at ng lahat ng mga relihiyon. Likas na makasarili ang tao at may tendensiyang sumunod sa kung ano ang bigla niyang maisipan. Kailangan ng relihiyon, o ng isang bagay na mas mataas kaysa sa tao o kaya'y kalipunan ng mga tao, para mapaglabanan ang pagkamakasarili ng likas na tao. . . . Ang lubos na pagkakilala sa sarili ay dumarating sa pamamagitan ng pagkakait ng mumunting bagay sa ating sarili. Sinabi ni Cristo sa mga salitang ito: ". . . sinomang mag-ibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon." (Mat. 16:25.)

Sa tuwing kalilimutan ninyo ang inyong sarili at magsisikap para sa ikabubuti ng iba, at para sa isang bagay na mas mataas at mas mainam, kayo ay umaangat sa espirituwal na antas. Kung, sa sandali ng pagtatalo, sa sandali ng tukso na hanapan ng mali ang isa't isa, ay mawala ang ating pagkamakasarili para sa ikabubuti ng Simbahan kung saan tayo kasapi, para sa kapakanan ng komunidad, at lalo na para sa ikasusulong ng ebanghelyo ni Jesucristo, tayo ay espirituwal na pagpapalain, at kaligayahan ang ating magiging gantimpala.

> *"Ano nga ba ang buti kung kaaway ko'y magapi,*
> *At magkamal ng yaman na ubod nang dami!*
> *Ako'y mahinang klaseng manlulupig*
> *Hangga't di ko kayang lupigin ang aking sarili."*
> [Di-kilala ang may-akda.][13]

Ang taong nagbibigay-layaw sa kanyang mga hilig, palihim man o hindi, ay may pag-uugaling hindi makatutulong sa kanya kapag natukso na siyang bigyang-layaw ang kanyang pagnanasa.[14]

Ang patuloy na iniisip ng tao ang siyang batayan ng hakbang na gagawin niya sa panahon ng kaluwagan at paghihirap. Ang reaksiyon ng tao sa kanyang mga hilig at bugso ng damdamin ang sumusukat sa uri ng kanyang pagkatao. Sa mga reaksiyong ito nahahayag ang kapangyarihan ng tao na mangibabaw o kanyang puwersahang pagpapaalipin.[5]

Ang mga hakbang na naaayon sa batas ng langit at mga batas ng kalikasan ay magdudulot ng kaligayahan, at ang mga salungat sa banal na katotohanan ay nagdudulot ng kalungkutan. Ang tao'y mananagot hindi lamang sa bawat gawa, kundi maging sa bawat masamang salita o kaisipan. Sinabi ng Tagapagligtas:

". . . bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom." (Mateo 12:36.)[16]

Lahat ng mabubuting bagay ay nangangailangan ng pagsisikap. Ang bagay na karapat-dapat na makamtan ay mangangahulugan ng bahagi ng iyong pisikal na pagkatao, ng kapangyarihan ng iyong isipan, at ng iyong kaluluwa—"Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan." (Mat. 7:7.) Ngunit kailangan ninyong maghanap, kailangan ninyong kumatok. Sa kabilang banda, magsusumiksik sa inyo ang kasalanan. Kasabay ninyo itong lumalakad, tinutukso kayo nito, nang-aakit, bumibighani. Hindi ninyo kailangang magsikap. . . . Katulad ito ng patalastas sa malalaking karatula na umaakit sa inyo na uminom at manigarilyo. Katulad ito ng mensahe na dumarating sa inyong mga tahanan sa pamamagitan ng telebisyon at radyo. . . . Pilit kayong hinahanap ng kasamaan, at kailangan ng pagsisikap at tatag upang mapaglabanan ito. Ngunit ang katotohanan at karunungan ay nakakamtan lamang sa pamamagitan ng paghahanap, pananalangin, at pagsisikap.[17]

Palaging isipin na nasa ating kamay mismo ang kahihinatnan ng ating buhay, at nilinaw na mabuti ng Tagapagligtas ng mga tao kung paanong makakamtan ang kagalakan at kapayapaan. Ito'y nasa ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagsunod dito.[18]

Nawa'y itulot ng Diyos na habang patuloy nating itinatatag ang kaharian ng Diyos ay maturuan natin ang ating mga kabataan, at

ang mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako, na labanan ang mga tukso na nagpapahina sa katawan, na sumisira sa kaluluwa, upang tunay tayong makapagsisi gaya noong ilubog tayo sa mga tubig ng pagbibinyag. Nawa'y mapanibago tayo sa tunay na diwa ng salita, na muli tayong isilang; upang ang ating mga kaluluwa ay mapainit ng liwanag ng Banal na Espiritu, at patuloy na maging matatapat na miyembro ng Simbahan ni Jesucristo hanggang sa makumpleto ang ating misyon sa lupa.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ginamit ni Pangulong McKay ang pagkakatulad ng matatatag na puno na nanatiling nakatayo sa kabila ng malalakas na bagyo ngunit nagawang sirain ng mga pesteng ubod nang liliit na pumasok dito (tingnan sa pahina 94). Sa paanong paraan naaangkop ang pagtutulad na ito sa ating mga pakikibaka laban sa tukso? (Tingnan sa mga pahina 97–98.) Ano ang maaari nating gawin para maiwasang imbitahin ang tukso sa ating buhay? Paano natin mapatatatag ang mga bata at kabataan laban sa mas dumaraming mga tukso sa daigdig?
- Sa paanong paraan maaaring magkaiba-iba ang mga tukso, batay sa situwasyon ng bawat tao? Ano ang maaari nating gawin para matulungan ang bawat isa na labanan ang tukso?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento tungkol sa paglaban ng Tagapagligtas sa mga tukso ni Satanas? (Tingnan sa Mateo 4:1–11 at Lucas 4:1–13, kasama ang mga talababa na hango mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith; tingnan din sa D at T 20:22.)
- Sa paanong paraan kaiba ang kasiyahang dulot ng pagpapailalim sa tukso sa kaligayahang dulot ng pagsunod sa Tagapagligtas?
- Paano sinisikap ni Satanas na gamitin ang ating mga kahinaan? (Tingnan sa mga pahina 97–98.) Paano natin magagapi ang ating mga kahinaan sa pamamagitan ni Jesucristo? (Tingnan din sa Eter 12:27.)
- Ano ang maaari ninyong gawin para mapaglabanan at magapi ang mga tukso na madalas na nakapaligid sa inyo? Bakit ma-

halagang bumuo na ng pasiya o pinahahalagahan bago natin matagpuan ang ating sarili sa nakatutuksong situwasyon?

- Sa ating pagsisikap na sundin ang Tagapagligtas at labanan ang tukso, paano makatutulong ang pag-alaala na "sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon"? (Mateo 6:24).
- Paano nakatutulong sa atin ang mabubuti at makabuluhang kaisipan sa paglaban sa tukso? Ano ang magagawa natin para magkaroon ng lubos na pagkakilala sa sarili at pagpipigil sa sarili na madalas banggitin ni Pangulong McKay? (Tingnan sa mga pahina 98–101.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 10:13; Santiago 1:12–17; 2 Ni Peter 2:9; 1 Nephi 12:17; 15:23–24; Helaman 5:12; 3 Nephi 18:18–19; D at T 10:5

## *Mga Tala*

1. *Gospel Ideals* (1953), 352.
2. Sa Conference Report, Okt. 1968, 86.
3. Sa Conference Report, Okt. 1963, 7–8.
4. Sa Conference Report, Okt. 1911, 59.
5. Sa Conference Report, Okt. 1965, 9.
6. Sa Conference Report, Abr. 1967, 6.
7. Sa Conference Report, Abr. 1969, 97.
8. *Gospel Ideals,* 503.
9. Sa Conference Report, Okt. 1959, 88.
10. Sa Conference Report, Okt. 1953, 11.
11. Sa Conference Report, Okt. 1955, 90.
12. Sa Conference Report, Abr. 1969, 153.
13. Sa Conference Report, Abr. 1967, 133; binago ang pagtatalata.
14. Sa Conference Report, Abr. 1968, 8.
15. Sa Conference Report, Abr. 1967, 8.
16. Sa Conference Report, Abr. 1950, 33.
17. Sa Conference Report, Okt. 1965, 144–45.
18. Sa Conference Report, Okt. 1963, 9.
19. Sa Conference Report, Abr. 1960, 29.

# Ang Banal na Pagtawag kay Propetang Joseph Smith

*Ako'y may buhay na patotoo na nagpakita ang Ama at ang Anak kay Propetang Joseph Smith at inihayag sa pamamagitan niya ang ebanghelyo ni Jesucristo, na tunay na, "siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas [ng tao]." [Mga Taga Roma 1:16.]*[1]

## Panimula

Sinabi ni Pangulong David O. McKay, "Simula pagkabata ay napakadali para sa akin ang paniwalaan ang katunayan ng mga pangitain ni Propetang Joseph Smith."[2] Sinabi niyang lalong lumakas ang patotoo niya kay Propetang Joseph nang marinig niya ang karanasan ng kanyang ama noong misyonero pa ito sa Scotland:

"Nang magsimulang mangaral ang [aking ama] sa kanyang lupang sinilangan at nagbigay patotoo sa panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, napansin niyang nilayuan siya ng mga tao. Mapait ang pakikitungo nila sa anumang bagay [na may kaugnayan sa Simbahan], at ang pangalang Joseph Smith ay tila pumukaw ng galit sa kanilang mga puso. Isang araw naisip niya na ang pinakamainam na paraan para matulungan ang mga taong ito ay ang ipangaral ang mga simpleng alituntunin, tulad ng pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, mga unang alituntunin ng ebanghelyo, at huwag magpatotoo hinggil sa panunumbalik. Sa loob ng isang buwan o mahigit pa siya'y binagabag ng napakalungkot na damdamin, at hindi niya madama ang diwa ng kanyang gawain. Hindi niya alam kung ano ang dahilan, ngunit tila hinadlangan ang kanyang kaisipan; nalumbay ang kanyang espiritu; nalungkot siya at hindi makasulong sa ginagawa; at ang kalungkutang iyon ay nagpatuloy hanggang sa lubha na



*"Ang pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith ang pundasyon ng Simbahang ito. Dito nakasalalay ang sikreto ng lakas at katatagan nito."*

siyang mabigatan kung kaya lumapit siya sa Panginoon at nagsabing, 'Kung hindi mawawala ang damdaming ito'y uuwi na lang ako. Hindi maaaring patuloy na may humadlang sa pagtatrabaho ko."

"Nagpatuloy pa rin ang panghihina ng kanyang loob matapos iyon, nang, isang umaga bago magliwanag, matapos di makatulog sa magdamag, ay nagpasiya siyang magpunta sa isang yungib, malapit sa dagat, kung saan alam niyang malalayo siya sa mundo. Doon niya ibinuhos ang kanyang kaluluwa sa Diyos at nagtanong kung bakit binabagabag siya ng damdaming iyon, ano ba ang nagawa niya, at ano ang magagawa niya para mawala iyon at makapagpatuloy sa kanyang trabaho. Madilim pa nang magsimula siyang maglakad papunta sa yungib. Masyado siyang nasabik na pumasok kung kaya tumakbo pa siya papunta roon. Habang palabas na siya nang bayan ay kinausap pa siya ng isang pulis na gustong malaman kung ano ang nangyayari. Ayos naman ang kanyang naging sagot kaya pinayagan na siyang humayo. Parang may nagtutulak sa kanya; kailangan niyang magkaroon ng kapanatagan. Pumasok siya sa yungib o sa kanlungang bukana, at nagsabing, 'O, Ama, ano po ang dapat kong gawin para maalis ang damdaming ito? Kailangan po itong maalis dahil hindi ako makapagtatrabaho kung ganito'; at narinig niya ang tinig, na singlinaw ng pagbigkas ko ngayon na, 'Magpatotoo ka na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos.' Noon niya naalala ang lihim niyang naisip mga anim na linggo na ang nakararaan, at nang mapuspos ng ideyang iyon, ay naunawaan niya na naroon siya para sa natatanging misyon, at hindi niya napag-ukulan ng wastong pansin ang natatanging misyon na iyon. At napaiyak siya at sinabing, 'Panginoon, tama na po,' at lumabas na mula sa yungib."

Nagunita ni Pangulong McKay na, "Noong bata pa ako ay nakinig ako sa patotoong iyon mula sa taong hinahangaan at iginagalang ko nang higit kaysa kanino man sa mundong ito, at ang katiyakang iyon ay nakintal sa kaluluwa ko bagamat bata pa ako noon."[3]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ay naghayag ng maluwalhating mga katotohanan tungkol sa Ama at kay Jesucristo.

Malawakan at makabuluhan ang kahanga-hangang mga pagtuklas at imbensyon ng huling bahagi ng [ikalabingsiyam na] siglo kung kaya napuspos tayo ng mga ito. . . . Ngunit wala ni isa sa mga ito ang nakatugon sa pinakadakilang kailangan at hangarin ng tao. Wala pang nakapaghayag ng bagay na matagal nang hinahanap ng tao. Ang pangangailangang iyon—na laging nasa puso ng tao—ay ang makilala ang Diyos, at ang kaugnayan ng tao sa kanya. . . . Iisang pangyayari lamang noong ikalabingsiyam na siglo ang nagsabing maibibigay sa tao ang sagot dito. Kung sa pangyayaring iyon ay matagpuan ng tao ang katotohanan na matagal nang hinahanap ng sangkatauhan, ibig sabihin nararapat lamang itong parangalan bilang pinakadakilang pangyayari noong ikalabingsiyam na siglo!

Ang pangyayaring ito'y ang pagpapakita ng makalangit na mga Nilalang sa batang si Joseph Smith, na naghayag sa personal na katauhan ng Diyos Amang Walang Hanggan at ng kanyang Anak na si Jesucristo.[4]

Labingwalong daang taon matapos ang pagkamatay ni Jesus sa krus ay ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na nagpakita sa kanya ang nagbangong Panginoon. [Sabi niya]: " . . . Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"* [Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.][5]

Ang pahayag niya'y simple lamang ngunit positibo; at nagulat siya nang pagdudahan ng mga tao ang katotohanan nito. Para sa kanya ang pagsasabing iyon ay pahayag lamang ng simpleng katotohanan; para sa mga Kristiyano ito'y tila kidlat na, sa pagtama, ay nagpahina sa istruktura ng kanilang relihiyon mula sa tuktok hanggang sa pundasyon nito.

Ito ang dalawang mahahalagang elemento sa kanyang unang mensahe: una, na ang Diyos ay personal na Nilalang, at ipinaaalam Niya ang Kanyang kalooban sa tao; at pangalawa, na walang doktrina sa Sangkakristiyanuhan na nagtaglay ng tunay na plano ng kaligtasan.[6]

Ang pagpapakita ng Ama at ang Anak kay Joseph Smith ang pundasyon ng Simbahang ito. Dito nakasalalay ang sikreto ng kalakasan at katatagan nito. Ito'y totoo at saksi ako rito. Ang isang paghahayag na iyon ang sumagot sa lahat ng tanong ng siyensya hinggil sa Diyos at sa kanyang banal na katauhan. Hindi ba ninyo nakikita ang kahulugan nito? Nasagot kung ano ang Diyos. Malinaw ang kaugnayan Niya sa kanyang mga anak. Maliwanag na may malasakit Siya sa sangkatauhan dahil sa awtoridad na ipinagkatiwala sa tao. Tiyak ang patutunguhan ng gawain. Ito at ang iba pang maluwalhating mga katotohanan ay nilinaw ng maluwalhating unang pangitain na iyon.[7]

Hindi pa rin nauunawaan ng daigdig ang kahalagahan nito; ngunit bilang dagdag sa kaalaman ng tao hinggil sa kanyang kaugnayan sa Maykapal at sa kanyang katayuan sa sansinukob; bilang paraan ng pagbuo ng wastong kaugnayan ng mga tao sa isa't isa at mga grupo ng tao sa mga bansa; bilang paghahayag na nagtuturo ng daan tungo sa kaligayahan ng tao at kapayapaan sa mundo gaya ng sa darating na kawalang-hanggan, ang pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith at ang kasunod nitong panunumbalik ng priesthood at pagtatayo ng Simbahan ni Jesucristo sa kaganapan nito, ay kikilalanin pa hindi lamang bilang isa sa mga pinakadakilang pangyayari ng ikalabingsiyam na siglo, kundi bilang pinakadakila sa lahat ng mga panahon.[8]

---

**Ipinanumbalik ng Panginoon ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.**

Dahil kay Joseph Smith na di lamang dakilang lalaki, kundi isa ring lingkod ng Panginoon na may inspirasyon kung kaya gusto kong magsalita. . . . Tunay na ang kadakilaan ni Joseph Smith ay kinapapalooban ng banal na inspirasyon. . . .

Hindi maaaring pag-aralan ng tao nang buong husay at talino ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo nang hindi

humahanga sa kaangkupan ng mga turo nito sa mga ibinigay mismo ng Panginoon at Tagapagligtas noong narito pa Siya sa lupa kapiling ng Kanyang mga disipulo. Halimbawa, tingnan ang paghahayag ng Propeta hinggil sa Manlilikha—Ang Diyos bilang matalinong Nilalang, na ayon sa turo ni Jesus ay "Ama [natin] na nasa langit." [Tingnan sa Mateo 6:9.] . . .

Ang doktrina ni Joseph Smith na si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Ama, ang Tagapagligtas ng mundo, ay katulad ng mga turo Mismo ni Jesus at ng Kanyang mga apostol.

Gayundin naman ang kanyang doktrina ukol sa pag-iral ng personalidad matapos ang kamatayan. . . .

Ang gayong pag-ayon ay matatagpuan sa mga turo ng iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo tulad ng pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, ordenasyon sa priesthood, kanyang mga turo hinggil sa "kaalaman, kahinahunan, kabanalan, kabaitang pangkapatid, pag-ibig sa kapwa-tao," atbp. [Tingnan sa II Ni Pedro 1:5–7; D at T 4:6.] . . .

. . . Ang mga tagapagtaguyod ng binyag ng sanggol ay nagturo ng ganito hinggil sa maliliit na bata: "Ang mga sanggol na dumarating sa mundo ay hindi lamang walang kaalaman, kabutihan, at kabanalan, kundi mayroon silang likas na tendensiya sa masama at tanging sa kasamaan."

. . . Magiting at walang takot na nagsalita ang Propeta bilang tao na may katiyakan na siya'y nasa wasto: "Ang maliliit na bata ay banal, [at] pinabanal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo." [Tingnan sa D at T 74:7.][9]

Makikita ang banal na inspirasyon . . . sa maluwalhating balita [ni Joseph Smith] tungkol sa likas na kawalang-hanggan ng mga tipan at seremonya at oportunidad ng kaligtasan para sa bawat tao. Ang Simbahan ay hindi nagtatangi kundi sakop nito ang bawat kaluluwang tatanggap sa mga alituntunin nito. . . . Ang buong sangkatauhan ay maliligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo. Kahit sila na nangamatay nang walang batas ay hahatulan. Dahil dito kung kaya inihahayag ang ordenansa ng kaligtasan para sa mga patay.

Ang kawalang-hanggan ng tipan ng kasal ay maluwalhating paghahayag, na nagbibigay katiyakan sa mga pusong pinagsama ng ginintuang bigkis ng pag-ibig at pinagbuklod ng awtoridad ng banal na Priesthood upang maging walang hanggan ang kanilang pagsasama.

Ang iba pang mga tipan ay patuloy pa rin na sumusulong sa mga kawalang-hanggan.

Hindi sana naisagawa ni Joseph Smith ang lahat ng ito kung sa sarili lamang niyang kaalaman, talino, at impluwensya. Hindi niya sana ito nagawa.[10]

Inihayag ng Panginoon sa panahong ito ang Plano ng Kaligtasan, na humigit-kumulang ay siyang daan tungo sa espirituwal na kalagayan sa pamamagitan ng pagbuo ng pagkatao na karapat-dapat pumasok sa kanyang kaharian. Ang Plano ay ang ebanghelyo ni Jesucristo na ipinanumbalik kay Propetang Joseph Smith, at ito'y napakainam at malawak ang nasasaklaw.[11]

---

**Ang ipinumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay patunay ng banal na inspirasyong taglay ng Propetang Joseph.**

Noong mga 1820, ang kaguluhan sa relihiyon ang umakay kay Joseph Smith para hanapin ang tamang simbahan, ang wastong paraan ng pagsamba, ang tamang paraan ng pamumuhay. Ang paghahangad na malaman ang nagtulak sa binatilyo na hanapin ang Panginoon sa taimtim na panalangin. Isang bunga ng sagot sa kanyang dalangin ay ang pagkatatag ng Simbahan sa tahanan ni Peter Whitmer noong . . . Abril 6, 1830. Sa organisasyon na iyon matatagpuan ang lawak ng nasasakupan ng buong plano ukol sa kaligtasan ng tao.

Ngayon gusto kong ituring ang organisasyon na iyon bilang isang ebidensya ng kanyang inspirasyon. . . . Nalampasan [nito] ang problema sa pananalapi, kaguluhan sa lipunan, at pagtatalutalo ng mga relihiyon; at ngayon ito ang paraan ng pagtugon sa pinakamahahalagang pangangailangan ng sangkatauhan. . . .

. . . "Ang Simbahan ni Jesucristo ay itinatag ayon sa kaayusan ng Simbahan gaya ng nakatala sa Bagong Tipan," sabi ni Joseph Smith [tingnan sa *History of the Church*, 1:79]. Ang praktikal at

mapagbigay na gawain ng organisasyong ito ang nagpapatunay sa kabanalan nito.[12]

Maraming taon na ang nakalilipas sinabi ni Joseph Smith, na isang bata sa pagitan ng labing-apat at labinlimang taong gulang, na bilang sagot sa dalangin, ay nakatanggap siya ng paghahayag mula sa Diyos. . . . Ang bunga ng pahayag na ito ay ang kaagad na pagtatakwil sa kanya ng daigdig ng mga relihiyon. Sa maikling panahon ay nakita niyang nag-iisa siyang naninindigan.

Nag-iisa—at walang alam sa karunungan at pilosopiya ng kanyang kapanahunan!


Nag-iisa—at hindi nakapag-aral ng sining at siyensya!

Nag-iisa—walang pilosopong magtuturo sa kanya, walang ministrong gagabay sa kanya! Sa simpleng paraan at kabaitan ay nagmamadali niyang inihatid sa kanila ang maluwalhating mensahe; may panlalait at pagkutya nilang tinalikuran siya na nagsasabing lahat ng iyon ay sa diyablo; na wala ng mga pangitain o paghahayag sa panahong ito; na lahat ng iyon ay lumipas na kasama ng mga Apostol; at kailanman ay hindi na magkakaroon ng mga gayong bagay [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:21].

Kaya't naiwan siyang nag-iisa sa paglalayag sa karagatan ng kaisipan ukol sa relihiyon. Tinanggihan niya ang bawat kilalang barkong naglalayag at hindi pa siya nakagawa ng barko o kaya'y nakita man lang ang paggawa nito. Kung isa siyang impostor, ang barkong magagawa niya'y tiyak na marupok.

Sa kabilang banda, kung ang gagawin niya [na barko] ay napakainam at napakahusay ng pagkagawa kaysa sa naihandog ng mga edukadong propesor at pilosopo sa mundo noong nakaraang mga siglo, kahit paano ay mapipilitan ang mga tao na magulat at magsabing, saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan!

Sa gayon ay lilitaw na bagama't tila nag-iisa siya, ang pag-iisa niya'y tulad lamang ng kay Moises noon sa Sinai; tulad ni Jesus sa Bundok ng mga Olivo. Kung paano sa Guro, gayundin naman sa propeta, ang kanyang mga instruksyon ay hindi nagmula sa tao kundi direktang galing sa Diyos, na pinagmumulan ng lahat ng katalinuhan. Ang sabi niya: "Ako'y batong magaspang. Ang tunog



*"Ang resulta ng banal na patnubay [ni Joseph Smith] ay katiyakan ng kabutihan ng kanyang itinuro at kawalang-takot sa pagpapahayag nito."*

ng martilyo at pait ay di kailanman narinig sa akin hanggang sa hubugin ako ng Panginoon. Ang tanging nais ko'y ang kaalaman at karunungan ng langit." [*History of the Church*, 5:423.] . . .

Kung mapatutunayan ang pag-angkin niya sa paghahayag mula sa Diyos ay di na pagdududahan pa ang kanyang awtoridad na itayo ang Simbahan ni Jesucristo sa lupa, at mangasiwa nang may awtoridad sa mga alituntunin at ordenansa nito. Kung kaya sa pinakasimula ng dakilang gawaing ito sa mga huling araw ay itinatag ang di-natitinag na batong panulok ng Simbahan ni

Cristo sa dispensasyong ito, [alalaong baga'y], ang awtoridad na mangasiwa sa pangalan ni Jesucristo sa mga bagay na may kaugnayan sa kanyang Simbahan.[13]

Kung titingnan natin ang kakaibang nagawa [ni Joseph Smith] sa maikling panahon ng labing-apat na taon mula nang itatag ang Simbahan hanggang sa siya'y patayin; habang iniisip nating mabuti ang perpektong pagkakatugma ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa sinaunang simbahan na itinayo ni Jesus at ng Kanyang mga apostol; habang napapansin natin ang kanyang malalim na pananaw sa mga alituntunin at ordenansa; at habang nakikita natin ang walang-katulad na plano at kagalingan ng Simbahang itinatag sa pamamagitan ng inspirasyon ni Cristo na siyang pangalan na taglay nito—ang sagot sa tanong na, saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan? ay nakasaad sa nakaaantig na talata:

*Purihin s'yang kaniig ni Jehova!*
*Hinirang ni Cristo na propeta"—*
*Huling dispensasyon, sinimulan n'ya;*
*Mga hari'y pupuri sa kanya.*
[Tingnan sa *Mga Himno*, blg. 21][14]

---

**Ang Propetang si Joseph ay nabuhay at namatay sa pagtatanggol sa mga katotohanang inihayag sa kanya.**

Ang mga dakilang tao ay may kakayahang makitang mabuti ang pinakasentro ng mga bagay-bagay. Nalalaman nila ang katotohanan. Malaya silang nakapag-iisip. Magiting silang kumilos. Naiimpluwensyahan nila ang matatatag na tao para sumunod sa kanila. Kinukutya sila ng mga taong di naman tanyag, binabatikos sila, pinag-uusig sila, ngunit ang mga kritiko ay namamatay at nalilimutan na, at ang mga dakilang tao ay nananatiling buhay magpakailanman.

Ang ilan sa mga kasabayan ni Joseph Smith ay nangungutya sa kanya; ang iba naman ay humanga sa kanya; iginalang naman siya ng kanyang mga tagasunod. . . .

Kapag patas ang isang tao sa kanyang paghatol, hindi niya mapag-aaralan ang buhay ng lider na ito ng relihiyon nang hindi humahanga sa katotohanan na sagana siya sa mga katangian ng

tunay na kagitingan, at ang pinagmumulan nito'y matatagpuan sa pagnanais na malaman ang kalooban ng Diyos, at sa determinasyong sundin ito kapag natagpuan na.[15]

Sa lahat ng mga panahon ay kaunti lamang ang mga pinunong nakaunawa sa katotohanan, at sa pagtatanggol dito'y kadalasang nabubuwis ang kanilang buhay. Ang pagsulong ng sangkatauhan ay dahil sa malinaw na pagkaunawa at lakas ng loob ng matatapang na pinunong ito. Sa isang banda, kailangan nilang pumili, kung itatatwa ba, babaguhin, o ipagtatanggol ang katotohanan—isang pagpili sa pagitan ng personal na kaginhawahan at priyoridad, o paglayo sa lipunan, parusa, o maging kamatayan. Ang ganitong pagpili ay dinanas nina Pedro at Juan nang maging bilanggo sila't tumayo sa harap ni Anas, na mataas na saserdote. Kinailangan nila ng lakas ng loob nang magbigay sila ng patotoo hinggil kay Cristo sa harapan ng mga tao na mismong humatol na siya'y patayin. [Tingnan sa Mga Gawa 4.]

Kinailangan ng lakas ng loob ni Pablo, ang nakatanikalang bilanggo sa harapan ni Haring Agripa at ng kanyang tapat na mga kasama, para magbigay patotoo na si Cristo'y nagdusa, at siya ang unang magbabangon mula sa mga patay, at magtuturo ng liwanag sa mga tao, at sa mga gentil. [Tingnan sa Mga Gawa 26.]

Kinailangan ng lakas ng loob ni Joseph Smith para patotohanan sa di-naniniwala at malupit na daigdig ang katotohanan na ang Diyos at ang kanyang Minamahal na Anak ay nagpakita sa kanya sa isang pangitain.[16]

Lahat ng tao na nakagawa ng pagbabago sa daigdig ay mga taong mananatiling tapat sa kanilang konsiyensya—mga taong tulad nina Pedro, Santiago, at Pablo, at ang kanilang mga kapatid na apostol noong una, at ang iba pa. Nang kalabanin ng mga lider ng relihiyon sa Palmyra, New York si Joseph Smith dahil sa nakita at narinig niya sa Sagradong Kakahuyan, sinabi niya sa kanyang puso, na may patotoo sa Panginoong Jesus: "Nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito. . . ." [Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.]

Si Joseph Smith ay tapat sa kanyang patotoo hanggang sa huling sandali.[17]

Ang resulta ng banal na patnubay [ni Joseph Smith] ay katiyakan ng kabutihan ng kanyang itinuro at kawalang-takot sa pagpapahayag nito. Kapag nagtuturo si Joseph Smith ng isang doktrina, itinuturo niya ito nang may kapangyarihan. Hindi na niya dapat isipin pa kung naaayon ito sa kaisipan ng tao o hindi, kung tugma ba ito sa mga nakaugaliang turo ng mga simbahan o kung ito ba'y salungat. Kung ano ang ibinigay sa kanya ay iyon din ang ibinigay niya sa mundo sang-ayon man ito o hindi, tugma man ito o hindi sa paniniwala ng mga simbahan, o sa umiiral na mga pamantayan ng sangkatauhan; at ngayon, kung babalikan natin ang kasaysayan mahigit isandaang taon na ang nakalilipas, magandang pagkakataon na ito para mahusgahan natin ang kabutihan ng kanyang mga turo, at masasabi na natin kung saan galing ang kanyang mga instruksyon. . . .

Hindi lamang siya tumanggap ng instruksyon mula sa Itaas, kundi, nang matanggap ay ipinagtanggol ito nang buong katatagan.[18]

Sa kabila ng mga pambabatikos, panunuya, pag-aresto, pagkabilanggo, pagtuligsa na humantong sa kamatayan, si Joseph Smith tulad nina Pedro at Pablo na nauna sa kanya, ay palaging nagsisikap sa abot ng kanyang makakaya na sumunod sa liwanag na naging daan upang siya'y "nakabahagi sa kabanalang mula sa Dios." [Tingnan sa II Ni Pedro 1:4.][19]

Ang pinakamainam na dugo ng bansang ito'y nabuhos sa kawalang-malay. Alam ni [Propetang Joseph] na siya'y inosente. Alam niya ang mga karapatan niya. Gayundin ang kapatid niyang si Hyrum, sina John Taylor at Willard Richards na kasama niya noon. Ngunit dahil sa kasinungalingan, na maitim at kasumpasumpa, ang Propetang Joseph at ang kapatid niyang si Hyrum ay pinatay.

. . . Sa gitna ng lahat ng ito ano ang ugaling ipinakita ng Propeta? Mahinahon na ugaling tulad ng kay Cristo. Sabi niya, nang papunta na siya sa Carthage nang gabing iyon:

"Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan; subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw. Ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. Ako ay mamamatay na walang kasalanan, at ito ang

masasabi tungkol sa akin, siya ay pinaslang nang walang habag." [Tingnan sa D at T 135:4.][20]

Ang buhay ng Propeta, ng kanyang kapatid na si Hyrum, ang patriarch, at ng daan-daang libong iba pa na tumanggap sa katotohanan ng [Unang Pangitain] ay patunay na ang plano ng kaligtasan, na sinasabing inihayag ni Jesucristo, ay tiyak na aakay tungo sa pagkakaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo. Talagang tunay ang paghahayag sa Propeta at sa kanyang kapatid na si Hyrum, kung kaya hindi sila nag-atubiling tatakan ng kanilang dugo ang kanilang patotoo.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ikinuwento ni Pangulong McKay ang naging karanasan ng kanyang ama sa misyon na kailangang magpatotoo hinggil kay Joseph Smith (tingnan sa mga pahina 103–105). Bakit mahalaga sa atin ngayon ang sagot na natanggap ng kanyang ama?
- Bakit kinailangan ng Panginoon na tumawag ng isang propeta sa mga huling araw? (Tingnan sa mga pahina 106–107.) Bakit mahalagang bahagi ng patotoo sa ebanghelyo ang patotoo tungkol kay Joseph Smith? Sa paanong paraan naging "pundasyon ng Simbahang ito" ang pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith?
- Ano ang ilang katotohanan na inihayag sa pamamagitan ng Unang Pangitain? (Tingnan sa mga pahina 106–107.) Sa paanong paraan naimpluwensyahan ng inyong kaalaman hinggil sa Unang Pangitain ang inyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?
- Ano ang iba pang mga doktrina na inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith? (Tingnan sa mga pahina 107–109.) Paano kayong napagpala sa pag-aaral at pamumuhay ng mga doktrinang ito?
- Sa paanong paraan naging saksi ang Simbahan at ang mga turo nito na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos? (Tingnan sa mga pahina 109–112.)

- Ano ang ilang katangiang tulad ng kay Cristo na ipinakita ni Propetang Joseph Smith? (Tingnan sa mga pahina 112–115.) Ano ang maaari ninyong gawin para masundan ang kanyang halimbawa?
- Ano ang mga pananagutan natin kapag mayroon tayong patotoo hinggil kay Propetang Joseph Smith at sa ipinanumbalik na ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Amos 3:7; 2 Nephi 3:6–15; D at T 135; Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–75

## *Mga Tala*

1. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 16.
2. *Gospel Ideals* (1953), 524.
3. *Cherished Experiences,* 11–12.
4. *Gospel Ideals,* 79–80; binago ang pagtatalata.
5. Sa Conference Report, Abr. 1966, 58.
6. *Gospel Ideals,* 80.
7. *Gospel Ideals,* 85.
8. *Treasures of Life,* tinipon ni Clare Middlemiss (1962), 227.
9. "The Prophet Joseph Smith—On Doctrine and Organization," *Improvement Era,* Ene. 1945, 14–15; binago ang pagtatalata.
10. "Joseph Smith—Prophet, Seer, and Revelator," *Improvement Era,* Ene. 1942, 55.
11. *Treasures of Life,* 420.
12. *Improvement Era,* Ene. 1942, 13, 54.
13. *Gospel Ideals,* 80–82; binago ang pagtatalata.
14. *Improvement Era,* Ene. 1945, 47.
15. *Pathways to Happiness,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1957), 284–85.
16. *Treasures of Life,* 376–77.
17. Sa Conference Report, Abr. 1969, 151.
18. *Gospel Ideals,* 81–82.
19. Sa Conference Report, Abr. 1951, 95.
20. Sa Conference Report, Okt. 1931, 12–13.
21. *Treasures of Life,* 226–27.

# Pamumuhay ng Word of Wisdom

*Ang Word of Wisdom ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo, na siyang "kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan"—ang pisikal at maging ang espirituwal na kaligtasan.[1]*

## Panimula

Itinuro at pinatotohanan ni Pangulong McKay na ang Word of Wisdom ay isang utos na ibinigay ng Panginoon upang pagpalain tayo kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Sa kanyang mga turo at maging sa kanyang mga kilos, mahigpit niyang sinunod ang utos na ito. Nang bisitahin nila ang reyna ng Netherlands noong 1952, nakatutuwa ang naging karanasan nina Pangulo at Sister McKay. Nag-iskedyul ng 30 minuto ang reyna para sa kanila. Binantayang mabuti ni Pangulong McKay ang oras, at paglagpas ng kalahating oras, magalang siyang nagpasalamat sa reyna at naghandang umalis. "G. McKay," wika nito, "umupo ka! Nagalak ako sa tatlumpung minutong ito nang higit sa anupamang tatlumpung minuto sa napakatagal na panahon. Huwag muna sana kayong umalis." Muli siyang umupo. Ipinasok ang meryenda, at nagbuhos ang reyna ng tatlong tasang tsaa, ibinigay ang isa kay Pangulong McKay, isa kay Sister McKay, at isa sa kanya. Nang mapansin ng reyna na hindi uminom ng tsaa ang dalawa, nagtanong siya, "Ayaw ba ninyong uminom ng tsaa kasabay ng Reyna?" Paliwanag ni Pangulong McKay, "Kailangan kong sabihin sa inyo na hindi naniniwala ang aming mga tao sa pag-inom ng pampainit, at palagay nami'y isa na riyan ang tsaa." Wika nito, "Ako ang Reyna ng Netherlands. Ibig mo bang sabihi'y hindi mo sasabayan ng inom ng tsaa, kahit ang Reyna ng Netherlands?" Tugon ni Pangulong McKay, "Hihilingan ba ng Reyna ng Netherlands ang



*Sa pamamagitan ng kanyang mga turo at halimbawa, ipinamalas ni Pangulong McKay ang mga biyaya ng pagsunod sa Word of Wisdom.*

lider ng isang milyon, tatlong daang libong katao na gawin ang isang bagay na itinuturo niyang huwag gawin ng kanyang mga tao?" "Dakila kang tao, Pangulong McKay," sabi nito. "Hindi ko hihilinging gawin mo iyon."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang Word of Wisdom ay malinaw na utos na ipinahayag ng Panginoon.

Noong ika-27 ng Pebrero, 1833, natanggap ni Propetang Joseph Smith ang pahayag na itinala sa ika-89 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan. . . . Nais kong basahin ang ilang [talata] mula sa bahaging iyon:

"Masdan, katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon sa inyo: Dahil sa masasama at mga pakana na umiiral at iiral sa mga puso ng mga nagsasabwatang tao sa mga huling araw, binigyang-babala ko kayo, at binabalaan kayo, sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo nitong salita ng karunungan sa pamamagitan ng paghahayag—

"Na yayamang ang sinumang tao ay umiinom ng alak o matapang na inumin sa inyo, masdan ito ay hindi mabuti, ni nararapat sa paningin ng inyong Ama, tanging sa sama-samang pagtitipon lamang ng inyong sarili upang mag-alay ng inyong mga sakramento sa harapan niya.

"At, masdan, ito ay nararapat na alak, oo, purong alak ng ubas ng sanga, na sarili ninyong gawa." (D at T 89:4–6.] . . .

Ang partikular na pahayag na nais kong pabigyan ng pansin ay ito: "Yayamang ang sinumang tao ay umiinom ng alak o matapang na inumin . . . masdan *ito ay hindi mabuti,* ni nararapat sa paningin ng inyong Ama." Iyan ang salita ng Diyos sa mga tao ng henerasyong ito. Ang puwersa nito ay sinlakas ng mga salita ng Tagapagligtas, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." [Juan 7:17.] Mga Banal sa mga Huling Araw, batid ninyong totoo ang sinabing ito ng Tagapagligtas; pinatototohanan natin na kung gagawin ng sinumang tao ang kalooban ng Diyos magkakaroon

siya ng patotoo, sa kanyang puso at sa kanyang buhay, na ang Ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Tinatanggap natin ang mga salita ng Tagapagligtas, "Malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." [Lucas 13:3.] Ang mga walang hanggang katotohanang iyon, na ipinahayag nang malinaw, ay tinatanggap nating totoo. Maaaring hindi natin lubos na maipamuhay ang mga ito, ngunit bilang isang grupo ng mga tao tinatanggap natin ang mga ito, dahil ang mga ito'y salita ng Diyos. Talagang napakalakas, napakawalang hanggan ng katotohanang ito . . . , "[Ang] matatapang na inumin ay hindi mabuti para sa tao." [Tingnan sa D at T 89:7.] Subalit [maraming taon] ang lumipas, at sa panahong iyon ipinangaral ang doktrinang ito linggu-linggo, kung hindi man araw-araw, sa ilang kongregasyon ng Israel, at naririnig pa rin natin ang ilan sa ating paligid na nagsasabi, sa kanilang mga kilos, na mabuti ito sa tao.

Natutuwa akong malaman tuwing pag-aaralan ko ang talatang ito, na hindi sinabi ng Panginoon na, "Hindi mabuti sa tao ang sobrang pag-inom ng matapang na inumin;" ni "Hindi mabuti ang paglalasing." Ipaghalimbawa nang binago niya ang pahayag na iyon sa pagsasabing, "Ang *sobrang* pag-inom ng matapang na inumin, o pag-inom nang maramihan, ay hindi mabuti," napakadali nating pangatwiranan ang pag-inom nang kaunti. Ngunit gaya ng ibang walang hanggang katotohanan hindi pa rin ito nararapat; ***hindi mabuti ang matapang na inumin***.[3]

Palagay ko'y bisyo ang paninigarilyo na dapat iwasang parang tuklaw ng makamandag na ahas. . . . Sinabi ng Panginoon na hindi mabuti sa tao ang tabako. Dapat ay sapat na iyan para sa mga Banal sa mga Huling Araw.[4]

Ang mga miyembro ng Simbahan na nakagawian na ang paninigarilyo o pag-inom ng tsaa at kape, o pareho, ay malamang na pangatwiranan ang kanilang pagkalulong sa mga bagay na malinaw na sinabi ng Panginoon na hindi mabuti sa tao. Tuwing gagawin nila ito, ipinangangalandakan lang nila ang kahinaan ng kanilang pananampalataya sa mga salita ng Panginoon, na ibinigay bilang payo at "karunungan," na kung susundin ay magdudulot ng biyayang sintiyak ng utos niyang, "Huwag ninyong gagawin."[5]

**Nagdudulot ng kapahamakang pisikal at espirituwal ang pagsuway sa Word of Wisdom.**

May sangkap sa tsaa at kape na kapag pumasok sa katawan ng tao, ay nagpapabilis sa tibok ng puso; na nagpapabilis ng daloy ng dugo at paghinga. Lalo nitong pinag-iinit at pinasisigla ang katawan. Gayunman, pagkaraan ay lumilipas din ang pansamantalang siglang ito, at mas nangangailangan ng pahinga at pagpapalakas ang katawan kaysa bago uminom nito. Ang mga pampainit sa katawan ay parang hagupit sa napapagal na kabayo—nagpapaliksi ito ngunit hindi nagbibigay ng permanenteng lakas o likas na sustansya. Kadalasan sa paulit-ulit na paghagupit ay lalo lang tinatamad ang kabayo; at ang palagiang paggamit ng matapang na inumin, tabako, tsaa, at kape, ay lalo lang nagpapahina sa katawan at lalo itong nalululong sa mga pampainit.

Sinabi ng Panginoon sa di maipagkakamaling mga salita na ang mga bagay na ito ay hindi mabuti sa tao. Gayon din ang pahayag ng siyensya. Dapat ay sapat na ang salita ng Diyos para sa tunay na Banal sa mga Huling Araw.[6]

Ang reaksyon ng isang tao sa kanyang hilig at kapusukan kapag napukaw ang mga ito ang nagiging sukatan ng kanyang pagkatao. Sa gayong mga reaksyon nahahayag ang kapangyarihan ng tao na mamahala, o ang pilit niyang paglilingkod. Ang bahaging iyon ng Word of Wisdom, kung gayon, na tumutukoy sa alak, droga, at pampainit, ay higit pa sa masasamang epekto sa katawan, at umaatake sa pinakaugat ng pagbubuo ng pagkatao mismo. . . .

Sa nagdaang sandaang taon, ginawang posible ng kamangha-manghang pag-unlad ng siyensya na malaman ng tao sa pamamagitan ng eksperimento ang masamang epekto ng alak at droga sa mga ugat at himaymay ng katawan ng tao. Ipinamalas ng pagmamasid at eksperimento ang mga epekto nito sa pagkatao. Lahat ng gayong eksperimento at pagmamasid ay nagpatunay sa katotohanan ng . . . pahayag: "Ang matapang na inumin at tabako ay hindi mabuti sa tao."[7]

Sa paggunita ko sa mga impluwensiya sa aking kabataan, naniniwala ako na ang pinakadakila ay ang pagsasaulo ng mahalagang

kasabihang iyon: "Hindi mananahanan ang aking espiritu sa maruming tabernakulo."

At may . . . iba pa, at lahat ng ito ay puro mga babala. Dumating sa akin ang una noong bata pa ako habang nakaupo sa upuang kutson sa tabi ng tatay ko habang nakasakay kami sa bagon patungong Ogden. Noong patawid na kami sa tulay ng Ogden River, lumabas ang isang lalaki mula sa isang bar, sa may hilagang baybay ng ilog. Nakilala ko siya. Gusto ko siya dahil nakita ko na siyang gumanap sa lokal na entablado. Ngunit noo'y lasing siya, at palagay ko'y ilang araw na siyang ganoon.

Hindi ko pa alam . . . na lasing siya, ngunit nang magwala siya at umiyak at humingi ng singkuwenta sa tatay para bumalik sa bar, nakita ko siyang pasuray-suray na lumayo. Habang patawid ng tulay sinabi ni Itay: "David, dati'y magkasama kaming maghome teach."

Iyon lang ang sinabi niya, ngunit babala na iyon sa akin na hinding-hindi ko nalimutan, tungkol sa epekto ng pagkalango [o paglalasing].

Di naglaon, ipinabasa sa amin ng isang guro ang kuwento tungkol sa isang grupo ng mga kabataang naglalayag sa St. Lawrence River. . . . Hindi ko babanggitin ang ngalan ng awtor, ni ang pamagat, ngunit sasabihin ko ang gunitang nanatili sa akin, tungkol sa mga kabataang iyon na nag-iinuman at naglalasingan at nagkakatuwaan sa bangkang bumabagtas sa kilalang ilog na iyon. Subalit isang lalaki sa pampang, na nakikita at nalalaman ang panganib na nakaamba sa kanila, ang humiyaw: "Hoy, kayo riyan, matulin na ang agos sa babagsakan ninyo."

Ngunit hindi nila pinansin ang kanyang babala, hindi sila nakinig. "Okey lang kami," at nagpatuloy sa kanilang biruan at inuman. Muli'y sumigaw ang lalaki: "Matuling agos na 'yan," at muli'y hindi sila nakinig.

Sa isang iglap naroon na sila sa matuling agos. Agad silang sumagwan papuntang pampang, ngunit huli na ang lahat. Wala akong maalala liban sa mga kataga ng huling talata, na puro pagmumura, pagsisigawan, sa matuling agos, hanggang pagbagsak nila sa talon.

Pangit? Tama. Pero sasabihin ko sa inyo na maraming sumasagwan sa batis ng buhay nang gayon. Hinding-hindi ko nalimutan ang kuwentong iyon.[8]

---

**Dapat tayong mag-ingat laban sa "mga kasamaan at pakana ng mga nagsasabwatang tao."**

Isa sa mga pinakamakabuluhang pahayag sa Doktrina at mga Tipan, na nagtataglay ng katibayan ng inspirasyon ni Propetang Joseph Smith, ang matatagpuan sa ika-89 na Bahagi . . . :

"Dahil sa masasama at mga pakana na umiiral at iiral sa mga puso ng mga nagsasabwatang tao sa mga huling araw, binigyang-babala ko kayo, at binabalaan kayo, sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo nitong salita ng karunungan sa pamamagitan ng paghahayag . . . " (D at T 89:4.)

"Masasama at mga pakana na umiiral at iiral sa mga puso ng mga nagsasabwatang tao. . . ." Humanga ako sa kabuluhan nito noong 1920s at 1930s. Hinihiling ko lang sa inyo . . . na alalahaning muli ang mga paraang ginamit ng ilang kumpanya ng tabako para ganyaking manigarilyo ang mga babae.

Naaalala ninyo kung gaano katuso nilang inilunsad ang kanilang plano. Una, sa pagsasabing makabababa ito ng timbang. May sawikain sila: "Manigarilyo kaysa kumain ng matamis."

Nang lumaon, ilan sa atin na mahilig magsine ang nakapansin na ipinapalabas nila ang isang dalagang nagsisindi ng sigarilyo ng isang ginoo. Kasunod nito ay makikitang nakapaskil ang kamay ng isang babaeng nagsisindi o may hawak ng sigarilyo. Isa o dalawang taon pa ang lumipas at walang pakundangang ipinakita ang babae sa sine o paskil na naninigarilyo. . . .

Maaaring mali ako, pero parang nahiwatigan ko kamakailan na may masamang pakana na ngayon ang mga *nagsasabwatang* tao sa ating mga kabataan. Magmasid kayo at makinig.[9]

---

**Tungkulin ng mga miyembro sa kanilang sarili at sa Simbahan na ipamuhay at ituro ang Word of Wisdom.**

Bawat lalaki, bawat babae, ay dapat makibahagi sa responsibilidad ng Simbahang ito. . . . Saanman tayo naroroon, . . . saanman

tayo papuntahin, sa bangin man o kung saan, at tinukso tayo, isang malamig na umaga, na labagin ang Word of Wisdom sa pag-inom ng dalawa o tatlong tasang tsaa o kape, damhin natin ang responsibilidad na gawin ang tama.

Sabihin natin sa ating sarili, "Ang responsibilidad ng pagiging miyembro sa Simbahan ay nasasaakin; hindi ako bibigay. Kahit walang nakakakita sa akin, batid ko at alam ng Diyos na kapag bumigay ako, at tuwing bibigay ako sa isang kahinaan humihina ako at nawawalan ng respeto sa sarili." Kung negosyante kayo, at sinabi ng mga kasamahan ninyo na, "Tara, pasok tayo at magpakasawa sa bagsak-presyong ito," sumagot ng, Naku, ayoko! Kahit na uhaw kayo rito, magpakalalaki, magpakabanal, at sabihing, "Ayoko; ang responsibilidad ng pagiging miyembro sa Simbahan ay nasasaakin."[10]

Lubos ang katapatan ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa doktrina na hindi mabuti sa tao ang tsaa, kape, tabako, at alak. Ang tunay na Banal sa mga Huling Araw ay umiiwas na malulong sa tabako at pag-inom, ng mga pampainit o alak, at tinuturuan ang iba sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin na gawin din ang gayon.[11]

---

## Ang pagsunod sa Word of Wisdom ay nagpapalakas sa pagkatao at nagdudulot ng kaligayahan.

Hinihimok ng Simbahan ang mga tao na supilin ang sarili upang makontrol nila ang kanilang mga hilig, damdamin, at pagsasalita. Hindi mainam sa tao na alipinin siya ng kung anong pag-uugali. Hindi mainam sa tao na mabuhay lang para bigyang-kasiyahan ang kanyang mga kapusukan. Isang dahilan iyan kung bakit inihayag ng Panginoon ang Word of Wisdom sa Simbahan nang sa gayon, maging mula pa sa pagkabata, ay matuto na ang mga kabataan na magpigil sa kanilang sarili. Hindi laging madali iyan. Ang mga kabataan ngayon ay nahaharap sa mga kaaway—mga maling ideolohiya at mahahalay na kagawian. . . . Mabuting paghahanda ang kailangan upang harapin at magapi ang mga kaaway na ito.[12]

Bawat binatilyo sa buong Sion, pag-ahon niya mula sa tubig ng binyag, ay dapat malaman na bahagi ng kanyang tungkulin na tanggihan ang paninigarilyo, saanman siya naroroon. Bawat

kabataan sa Simbahan ay dapat turuan, pag-ahon niya mula sa tubig ng binyag, na dapat niyang tanggihan ang alak kapag inaalok sa mga pagtitipon. Bawat kabataang miyembro ng Simbahang ito ay dapat malaman na ang tabako sa anumang anyo ay hindi dapat gamitin. Dapat niyang tanggihan ang lahat ng nakaugaliang ito, hindi lang dahil sa kaakibat na biyayang pangako ng ating Ama rito, kundi dahil din sa lakas na natatamo upang mapaglabanan ang mas matitinding tukso.[13]

Isa sa pinakapraktikal na mga turo ng Simbahan hinggil sa [pagpipigil sa sarili] ang Word of Wisdom. Totoo ito. Nauukol ito lalo na sa hilig. Pakitaan mo ako ng isang lalaking lubos na napipigil ang kanyang hilig, na nalalabanan ang lahat ng tuksong malulong sa mga pampainit, alak, tabako, marijuana, at iba pang bisyong droga, at pakikitaan kita ng isang binatilyo o lalaking nagkaroon ng kapangyarihang pigilin ang kanyang mga kapusukan at pagnanasa.[14]

Kailanma'y hindi kalabisang marinig lagi ng Simbahan at ng buong mundo ang tungkol sa Word of Wisdom. Ito'y doktrinang bigay sa tao para sa kanyang kaligayahan at kapakinabangan. Bahagi ito ng pilosopiya sa buhay. . . . Siya na bigong ipamuhay ito ay ninanakawan ang sarili ng lakas ng katawan at pagkataong karapatan niyang taglayin. Ang katotohanan ay katapatan sa tama ayon sa pagkaunawa natin dito; ito'y matapang na pamumuhay ayon sa ating mga huwaran; ito'y lagi nang kapangyarihan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paanong nauna sa kanyang panahon ang Word of Wisdom?
- Bakit kung minsan ay sinisikap pangatwiranan ng mga tao ang paggamit ng mga sangkap na ipinagbabawal sa Word of Wisdom? Anu-ano ang ilang panganib sa ganitong uri ng pag-iisip? (Tingnan sa mga pahina 121–23.)
- Bakit mahalagang pangalagaan ang ating katawan? Anu-ano ang ilang negatibong epekto sa katawan ng paglabag sa Word of Wisdom? (Tingnan sa mga pahina 121–23.) Paano naaapektuhan ng pagsuway sa utos na ito ang ating espirituwalidad? (Tingnan sa mga pahina 121–23.)



*Hinikayat ni Pangulong McKay ang mga Banal sa mga Huling Araw na ituro sa kanilang mga anak at iba pa ang Word of Wisdom "sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin."*


- Binanggit ni Pangulong McKay ang mga taktika sa anunsyo ng tabako na ginamit noong 1930s (tingnan sa pahina 123). Anu-anong mga halimbawa ng "kasamaan at mga nagsasabwatang tao" ang nakikita natin ngayon na tumatangkilik sa paggamit ng nakapipinsalang mga sangkap? Paano natin matutulungan ang mga kabataan na maunawaan ang mga pakinabang ng pagsunod sa Word of Wisdom?
- Paano naging kapwa pisikal at espirituwal na utos ang Word of Wisdom? (Tingnan sa mga pahina 121–23, 124–25.) Anu-anong biyaya ang ipinangako sa mga susunod sa utos na ito? (Tingnan sa D at T 89:18–21.) Ano ang pinakamahahalagang biyayang natanggap ninyo o ng inyong pamilya sa pagsunod sa Word of Wisdom?

- Ano ang magagawa natin upang pag-ibayuhin ang lakas nating paglabanan ang mga tuksong labagin ang Word of Wisdom? Paano makatutulong ang pagsunod sa Word of Wisdom sa pagpoprotekta at pagpapalakas ng pagkatao? (Tingnan sa mga pahina 124–25.)
- Anu-anong nakapipinsala at nakalululong na sangkap ang mayroon ngayon na hindi partikular na binanggit sa D at T 89? Paano makatutulong ang mga turo sa D at T 89 at ang mga salita ng mga propeta sa mga huling araw sa paggabay at pagpapalakas sa atin laban sa mga sangkap na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Daniel 1:3–20; I Mga Taga Corinto 3:16–17; D at T 89:1–21

## *Mga Tala*

1. *Gospel Ideals* (1953), 379.
2. Tingnan sa *People of Faith*, ni Carl W. Buehner, Brigham Young University Speeches of the Year (14 Ene. 1953), 2.
3. Sa Conference Report, Abr. 1911, 61–62; binago ang pagtatalata.
4. Sa Conference Report, Okt. 1949, 188.
5. *Gospel Ideals,* 375–76.
6. *Gospel Ideals,* 376–77.
7. Sa Conference Report, Abr. 1964, 4.
8. Sa Conference Report, Abr. 1949, 180.
9. Sa Conference Report, Okt. 1949, 185–86.
10. Sa Conference Report, Okt. 1906, 115; binago ang pagtatalata.
11. *Gospel Ideals,* 379.
12. Sa Conference Report, Okt. 1969, 7–8.
13. Sa Conference Report, Abr. 1960, 28.
14. Sa Conference Report, Abr. 1968, 8.
15. *Gospel Ideals,* 377.




*Madalas hikayatin ni Pangulong McKay ang mga maytaglay ng priesthood na ipamuhay ang sawikaing nakaukit sa batong nasa Scotland: "Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Tungkulin."*

# Priesthood, ang Responsibilidad na Maging Kinatawan ng Diyos

*Ang priesthood ay isang walang hanggang alituntunin na umiiral na kasabay ng Diyos mula pa sa simula at iiral magpasawalang-hanggan. Ang mga susing ibinigay para gamitin sa pamamagitan ng priesthood ay nagmula sa langit, at gumagana ngayon ang kapangyarihan ng priesthood na ito sa Simbahan habang patuloy itong lumalaganap sa lupa.*[1]

## Panimula

Sa pagsasalita sa isang sesyon sa priesthood ng pangkalahatang kumperensya, binanggit ni Pangulong McKay ang isang karanasan niya sa misyon sa Scotland noong 1898. May nadaanan sila ng kanyang kompanyon na si Elder Peter Johnston na isang gusaling umagaw ng kanilang pansin dahil sa arkong bato sa ibabaw ng pintuan sa harapan at sa nakaukit na mensahe rito. Paggunita ni Pangulong McKay:

"Sinabi ko sa aking kompanyon: 'Pambihira iyon, a! Titingnan ko kung ano ang sinasabi roon.' Paglapit ko, bumungad sa akin ang mensaheng ito, hindi lang sa bato, kundi para bagang ito'y nagmula sa Pinaglilingkuran namin:

" 'Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Tungkulin.' . . .

"Tulungan nawa tayo ng Diyos na sundin ang sawikaing iyon. Ito'y isa lamang naiibang pagpapahayag ng mga salita ni Cristo: 'Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y

nagsasalita na mula sa aking sarili,' [tingnan sa Juan 7:17] at aakayin tayo sa buhay ng patotoong iyan sa patnubay ng Banal na Espiritu. Mapagpakumbaba kong idinadalangin na ang Priesthood na nagtitipon dito ngayong gabi . . . ay tataglayin sa kanilang sarili ang mga responsibilidad na iniatang ng Diyos sa kanila, at gagawin ang kanilang tungkulin saanman iyon."[2]

Biniyayaan si Pangulong McKay sa kanyang buhay kapag matwid na ginagamit ng mga maytaglay ng priesthood ang kapangyarihan nito alang-alang sa kanya. Noong Marso 1916, umapaw ang Ogden River at gumewang ang tulay malapit sa bunganga ng bangin. Pagsasalaysay niya: "Kami [sila ng kanyang kapatid na si Thomas E.] ay sumakay sa isang maliit na kotseng Ford at sinugod namin ang ulan at putik. . . . Nakita ko ang tumpok ng bato doon sa tulay, at mukha namang buo pa rin ito tulad kahapon. Kaya [pabirong] sinabi ko, 'Tatawirin ko ang tulay. Marunong ka bang lumangoy?' Sa gayon tinapakan ko ang silinyador at rumagasa patawid ng tulay, nang marinig ko si Thomas E. na nagsabing, 'Naku, tingnan mo! May lubid!' Ang bantay na umalis nang alas siyete ay binatak ang lubid ng "derrick" paharang sa daan, at ang kapalit niyang bantay sa araw ay hindi dumating. Inagapan ko ang emergency brake pero huli na ang lahat. Humampas ang lubid sa bintana, tinuklap ang bubong, at tumama sa baba ko, na tumuklap sa aking labi. Nabunot ang ibabang ngipin ko, at basag ang panga ko. Yumuko si Thomas E. at hindi nasaktan, pero ako'y halos mawalan ng malay. . . .

"Mga alas nuwebe ng umagang iyon inoperahan ako. . . . Itinahi nila ang panga ko sa lugar at labing-apat na tahi ang ginawa sa ibabang labi ko at sa nahiwang pisngi. Sinabi ng isa sa mga attendant, 'Kawawa naman; sira na ang mukha niya habambuhay.' Tiyak na hindi ako makikilala. Nang ibalik ako sa aking silid sa ospital, isa sa mga narses ang magiliw na nagsabi, 'Aba, Brother McKay, makakapagpatubo ka ng balbas,' na ibig sabihi'y maitatago ko ang mga pilat ko. . . . Tatlong matatalik kong kaibigan . . . ang dumalaw at nagbasbas sa akin. Sa pagpapatibay ng pagbabasbas, [isa sa kanila] ang nagsabi, 'Binabasbasan ka namin na hindi masira ang mukha mo at hindi ka makadama ng sakit.' . . .

"Sabado ng gabi dumalaw si Dr. William H. Petty para makita kung maililigtas pa ang mga ngiping natira sa itaas na bagang. Siya ang nagsabing, 'Palagay ko'y labis kang nasasaktan ngayon.' Sagot ko, 'Hindi, wala akong nararamdamang *anumang* sakit.' . . . Linggo ng umaga dumalaw si Pangulong Heber J. Grant mula sa Salt Lake City. . . . Pumasok siya at sinabing, 'David, huwag kang magsalita; babasbasan lang kita.' . . .

"Nang sumunod na Oktubre, . . . nakaupo ako sa mesang malapit as kinauupuan ni Pangulong Grant. Napansin kong nakatitig siya sa akin, pagkatapos ay sinabi niya, 'David, mula sa kinauupuan ko wala akong makitang pilat sa mukha mo!' Sagot ko, 'Wala nga, Pangulong Grant, walang mga pilat.' "[3]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang priesthood ay kapangyarihan at awtoridad na katawanin ang Diyos.

Tuwing igagawad ang priesthood sa tao, iginagawad ito sa kanya hindi bilang personal na katangian, bagama't nagiging gayon ito kung iginagalang niya, kundi bilang awtoridad na katawanin ang Diyos at obligasyong tulungan ang Panginoon sa pagsasakatuparan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao [tingnan sa Moises 1:39].[4]

Kayo'y mga kalalakihang maytaglay ng priesthood ng Diyos, na taglay ang banal na awtoridad na katawanin ang Diyos sa anumang katungkulang iniatas sa inyo. Kapag ang lalaki, isang karaniwang lalaki ay itinalaga sa kanyang komunidad bilang isang sheriff, may nadagdag sa kanya. Kapag ang pulis sa mga lansangang ito, sa tawiran, ay nagtaas ng kamay, humihinto kayo. May taglay siyang higit pa sa kanyang pagkatao, may kapangyarihang ibinigay sa kanya. Gayundin sa buhay. Walang lalaking binigyan ng posisyon na hindi humusay. Totoo ito. Gayon din ang kapangyarihan ng priesthood.[5]

Likas ang priesthood sa Panguluhang Diyos. Ito ay awtoridad at kapangyarihang nanggagaling lamang sa Amang Walang Hanggan at sa kanyang Anak na si Jesucristo. . . .

Sa paghahanap ng pinagmulan ng priesthood, . . . wala tayong maiisip na kalagayang hindi nagmula sa Diyos mismo. Sa kanya ito nakasentro. Sa kanya ito dapat magmula. Dahil ang priesthood ay likas sa Ama, natural lang na siya lamang ang makapagbigay nito sa iba. Ang priesthood, kung gayon, na taglay ng tao, ay dapat laging italaga sa pamamagitan ng awtoridad. Walang nilalang sa mundo na may karapatang [angkinin] sa sarili niya ang kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. May ilan na [umangkin] ng karapatang iyon sa kanilang sarili, ngunit hindi ito kinilala ng Panginoon. Tulad ng embahador ng anumang gobyerno na ginagamit lang ang awtoridad na bigay sa kanya ng kanyang gobyerno, gayundin ang taong binigyang-awtoridad na katawanin ang Diyos sa pamamagitan lamang ng bisa ng mga kapangyarihan at karapatang itinalaga sa kanya. Gayunman, kapag ibinigay ang gayong awtoridad, kaakibat nito, na may mga hangganan, ang lahat ng pribilehiyo ng isang kapangyarihan ng abogado (power of attorney), na ipinagkaloob ng isang tao sa ibang tao upang kumilos para sa kanya. Lahat ng opisyal na hakbang na isinagawa ayon sa gayong kapangyarihan ng abogado ay sintibay na parang ang taong iyon mismo ang nagsagawa nito. . . .

Batid ang katotohanang ang Maylikha ang walang hanggan at walang katapusang pinagmumulan ng kapangyarihang ito, na siya lamang ang tanging makapamamahala rito, at ang pagtataglay nito ay pagkakaroon ng karapatan, bilang awtorisadong kinatawan, na tuwirang makipag-ugnayan sa Diyos, makatwiran subalit banal ang mga pribilehiyo at biyayang matatamo sa pamamagitan ng pagtataglay ng kapangyarihan at awtoridad ng Melchizedek Priesthood—ang mga ito ang pinakamaluwalhating maiisip ng tao.

Ang lalaking nakikipag-ugnayan nang gayon sa kanyang Diyos ay malalaman na tumamis ang kanyang buhay, tumalas ang kanyang pang-unawa upang mabilis na makapagpasiya kung ano ang tama at mali, naging magiliw siya at maawain, subalit malakas at magiting ang kanyang espiritu sa pagtatanggol sa tama; malalaman niyang laging pagmumulan ng kaligayahan ang priesthood—isang balon ng buhay na tubig na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan.[6]

## Naipapahayag ang kapangyarihan ng priesthood sa pamamagitan ng mga korum at mga tao.

Kung tutuusin, ang priesthood bilang itinalagang kapangyarihan ay natatamo nang bawat lalaki. Gayunpaman, sa pamamagitan ng banal na utos ang mga kalalakihang itinalagang maglingkod sa partikular na mga katungkulan sa priesthood ay nagkakaisa sa mga korum. Kung gayon, naipapahayag nang pangkatan at nang sarilinan ang kapangyarihang ito. Ang korum ang oportunidad upang magkakilala, magmahalan, at magtulungan ang mga kalalakihang iisa ang mga mithiin.[7]

Kung ang priesthood ay nangangahulugan lamang ng pansariling karangalan, pagpapala o pagiging angat ng isang tao, hindi na kailangan ng mga pangkat o korum. Ang mismong pagkakaroon ng mga ganitong pangkat na itinatag nang may banal na pahintulot ay nagpapahayag ng ating pangangailangan sa isa't isa, ang hindi maisasantabing pangangailangan sa pagtutulungan at pagdadamayan. Tayo ay may banal na karapatang makisalamuha.[8]

Nabatid ng [Panginoon] na kailangan ng mga [maytaglay ng priesthood] na ito, ng pakikisama, pakikipagkaibigan, ng lakas ng grupo; kaya nagbuo siya ng mga korum at nagtalaga ng bilang sa bawat grupo mula sa deacon hanggang sa pitumpu.

Nagpupulong ang mga grupong ito, una, upang magturo at magpasigla, upang magpaibayo ng kaalaman sa pangkalahatan, at lalo na sa kaalaman sa moralidad at relihiyon, sa pananampalataya, sa kabanalan, gayundin para mapalakas ang isa't isa, upang kumilos nang makatwiran. Inilalaan ng mga grupong ito ang pangangailangan ng buong sangkatauhan. . . . Mga korum ng priesthood . . . ang maglalaan sa bawat paghahangad sa pakikipagkaibigan, kapatiran, at paglilingkod kung gagawin lang ng mga kalalakihan ang kanilang tungkulin.[9]

Mga miyembro sa Aaronic priesthood, at sa mga korum sa Melchizedek priesthood, may tungkulin tayong patatagin ang ating mga korum; huwag natin silang wasakin sa pagliban sa mga miting [ng priesthood], o sa hindi paghahanda, o sa pagpapabaya sa tungkulin. Damhin nating lahat, . . . ang tungkuling gumawa ng anuman upang patatagin ang Simbahan, tulad ng tungkulin ng



*"Ang mga kalalakihang itinalagang maglingkod sa partikular na mga katungkulan sa priesthood ay nagsasama-sama sa mga korum."*

Simbahan na manindigan sa katotohanan at tubusin ang sangkatauhan sa kasalanan. Mga kalalakihan ng priesthood, magkaisa tayo sa pagtatatag na ito; maghatid tayo ng kabutihan; at huwag hayaan ang sinumang lalaki, mula high priest hanggang deacon, sa malaking kilusang ito ng priesthood . . . , na maghatid ng kasamaan o bumulung-bulong.[10]

---

## Dapat ingatan ng maytaglay ng priesthood ang kanyang kilos at pananalita sa lahat ng sitwasyon.

Ang priesthood ay awtoridad para katawanin ang Diyos. Ang isang lalaking pinagkalooban ng priesthood ay awtorisadong kinatawan ng Panginoon sa anumang partikular na larangang pagtatalagahan sa kanya. Tungkulin ng kinatawan ng anumang grupo o organisasyon na pagsikapang katawanin ang grupo o organisasyong iyon nang buong dangal. Ang pinakamainam na paraan para maging marapat na mga kinatawan ay ang mamuhay nang gayon upang makasunod sa mga panghihikayat ng

Panginoon na kanyang kinakatawan. Isipin ngayon ang kahulugan niyan patungkol sa makatwirang pamumuhay.

". . . ang aking Espiritu ay hindi tuwinang papatnubay sa tao," (D at T 1:33) wika ng Panginoon. Lahat, kung gayon, na nagtataglay ng priesthood na ito ay dapat mamuhay na karapat-dapat sa inspirasyon ng Panginoon. Hayaan ninyong sabihin ko ukol dito na ang pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu ay sintunay ng pakikinig ninyo sa di kilalang mga boses at musika sa radyo na pumupuno sa paligid. Nadarama iyon.

Gayon ang Espiritu ng Diyos. Lagi siyang handang pumatnubay at magturo sa mga nakikinig na matwid na namumuhay at tapat na naghahanap sa kanya. Inuulit ko, tungkulin ng bawat lalaking awtorisadong katawanin siya na mamuhay sa paraang tumutugon sa Espiritung iyon.[11]

Ang pagtataglay ng priesthood ng Diyos sa pamamagitan ng banal na awtoridad ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na maaaring dumating sa tao, at pinakamahalaga ang maging karapat-dapat. Ang pinakadiwa ng priesthood ay walang hanggan. Lubos na pinagpala ang taong nadarama ang responsibilidad ng pagiging kinatawan ng Diyos. Dapat niyang madama ang tindi ng pangangailangang maging maingat sa kanyang mga kilos at pananalita sa lahat ng sitwasyon. Dapat igalang ng lalaking maytaglay ng priesthood ang kanyang kabiyak. Hindi niya dapat kaligtaang basbasan ang kanyang pagkain o lumuhod kasama ng kanyang kabiyak at mga anak at humingi ng patnubay ng Diyos. Nababago ang tahanan dahil taglay at iginagalang ng isang lalaki ang priesthood. Hindi natin ito dapat gamitin para magdikta, dahil sinabi ng Panginoon na "kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, masdan, ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote [priesthood] o sa kapangyarihan ng taong iyon." (D at T 121:37.)

Ang pahayag na iyon, na ibinigay ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, ay isa sa pinakamagagandang leksyong naibigay sa

pagtuturo o sikolohiya at gobyerno, at dapat natin itong basahin nang paulit-ulit sa ika-121 bahagi ng Doktrina at mga Tipan.[12]

Walang miyembro ng Simbahang ito, walang asawa o ama, na may karapatang magmura sa kanyang tahanan, o magsalita nang masakit sa kanyang kabiyak o mga anak. Sa inyong ordenasyon at responsibilidad, hindi ninyo magagawa ito bilang maytaglay ng priesthood kung tapat kayo sa espiritung sumasainyo. Nakatutulong kayo sa ulirang tahanan sa inyong pag-uugali, pagpipigil sa kapusukan, galit, pag-iingat sa pananalita, dahil iyon ang makikita sa inyong tahanan, at mababanaag ito ng inyong mga kapitbahay. Gawin ninyo ang inyong magagawa upang magkaroon ng kapayapaan at pagkakasundo, kahit nahihirapan kayo.[13]

Dalangin kong madama natin . . . ang kahalagahan ng priesthood, at matanto ng bawat deacon sa Simbahang ito na kapag pinagkalooban siya ng Aaronic Priesthood, namumukod-tangi siya sa kanyang mga kasamahan, na kakaiba siya sa lahat. Hindi siya makapagmumura tulad ng ibang bata, hindi siya makikibahagi sa kapilyuhan ng ibang bata sa mga kapitbahay, bukod-tangi siya. Iyan ang kahulugan nito sa labindalawang-taong-gulang na batang lalaki, at, mga bishop, iyan ang dapat ninyong ipaliwanag sa kanila kapag pinili ninyo silang maging deacon. Huwag silang basta-basta tawagin at iorden, kundi kausapin sila at ipaalam sa kanila ang kahulugan ng mapagkalooban ng Aaronic Priesthood. Sa mga kabataang lalaki ang mga batang ito na pinili at tinuruan ay dapat sikaping maging impluwensiya sa kabutihan. . . .

. . . Kapag tinanggap natin ang priesthood tungkulin nating magpakita ng halimbawang dapat gayahin ng ating kapwa. Hindi sila maiimpluwensiya sa sinasabi natin, kundi sa ating ginagawa, sa ating buong pagkatao.[14]

Hangga't tinatamo ng mga miyembro ng priesthood ang patnubay ni Cristo sa pamamagitan ng tapat at maingat na pakikitungo sa kanilang kapwa, sa paglaban sa anumang anyo ng kasamaan, sa tapat na pagganap ng tungkulin, walang kapangyarihan sa mundong ito na pipigil sa pag-unlad ng Simbahan ni Jesucristo.[15]

**Kapaki-pakinabang ang kapangyarihan ng priesthood kapag ginamit ito sa paglilingkod sa iba.**

Masasabi nating ang kapangyarihan ng priesthood ay umiiral na gaya ng malaking banga ng tubig. Ang gayong kapangyarihan ay nagiging masigla at kapaki-pakinabang lang para sa kabutihan kapag malaya itong dumadaloy sa mga lambak, parang, halamanan, at masasayang tahanan. Kaya ang priesthood, ayon sa kaugnayan nito sa tao, ay nagiging prinsipyo ng kapangyarihan lang kapag aktibo ito sa buhay ng mga tao, na ibinabaling ang kanilang puso at mga hangarin sa Diyos at naghihikayat ng paglilingkod sa kanilang kapwa.[16]

Ang ating buhay ay kaugnay ng buhay ng iba. Pinakamaligaya tayo kapag tumutulong sa buhay ng iba. Sinabi ko iyan dahil ang taglay ninyong priesthood ay nangangahulugan na dapat ninyong paglingkuran ang iba. Kinakatawan ninyo ang Diyos sa larangang kinaroroonan ninyo. "Ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mat. 16:25.)[17]

Siguro'y mayroon kayong elder na may karamdaman, at kailangang anihin ang kanyang tanim. Magsama-sama at anihin ito. Isa sa inyong mga miyembro ay may anak sa misyon, at paubos na ang pondo niya. Itanong lang kung may maitutulong kayo sa kanya. Hinding-hindi niya malilimutan ang pagkamaalalahanin ninyo. Gayong mga gawain ang nasa isip ng Tagapagligtas nang sabihin niyang, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Tingnan sa Mat. 25:40.) Wala nang iba pang paraan para mapaglingkuran si Cristo. Maaari kayong lumuhod at manalangin sa kanya, mabuti iyon. Maisasamo ninyo na patnubayan niya kayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu—oo, ginagawa natin iyon at dapat lang. Kailangan nating gawin ito. Ngunit ang mga praktikal, araw-araw na pangyayaring ito sa buhay, ang pagpipigil sa ating dila, sa hindi pagsasalita ng masama tungkol sa isang kapatid, kundi pagsasalita ng maganda tungkol sa kanya, ang itinatakda ng Tagapagligtas bilang tunay na paglilingkod.[18]

"Maging ano ka man, gampanang mabuti ang iyong tungkulin." Kung deacon ka, galingan mo ang pagiging deacon. Kung

teacher ka, galingan mo ang pagiging teacher. Isang priest na bantay sa Simbahan, na dumadalaw na kasama nila—mga kabataang lalaki sa Simbahang ito, kung magagampanan lang natin ang mga tungkulin ng teacher at priest, na nagtuturo sa mga tao ng kanilang tungkulin, malaking kabutihan ang dulot nito sa mga kabataang lalaking labingwalong taong gulang, at labinsiyam. Hindi mahirap turuan, hindi mga taksil at duwag, kundi mga lider. Mga kapatid, walang napakamakapangyarihan sa mundo na gagabay sa mga kabataan na tulad ng pagpapaganap sa kanila nang mahusay sa tungkulin nila sa priesthood.[19]

---

## Ang mga maytaglay ng priesthood ay may responsibilidad na katawanin ang Diyos bilang mga home teacher.

Sinasabi sa Mga Taga Efeso, ikaapat na kabanata, na binigyan ni Cristo ng mga apostol ang ilan at ang ilan ng mga propeta, ang ilan ng mga evangelista at ang ilan ng mga pastor at guro; "sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo." [Mga Taga Efeso 4:12.] Nakasalalay sa mga [home] teacher, sa Simbahan, na nagtataglay ng banal na priesthood, ang malaking responsibilidad sa *ikasasakdal ng mga Banal,* at *ikatitibay ng katawan ni Cristo;* kung gayon, palagay ko'y hindi kalabisang sabihin na tungkulin nila, *tungkulin* nila, na dalhin sa bawat tahanan ang diwang gayon kabanal tulad ng naranasan natin dito sa mga sesyon ng kumperensya. Wala nang higit pang dakilang tungkulin na maaaring taglayin ninuman, kaysa maging isang guro ng mga anak ng Diyos.

. . . Nadarama ng ilan sa [mga home teacher] na napakaliit ng kahalagahan ng kanilang katungkulan, na hindi ito gaanong marangal, samantalang ang totoo, wala nang mas mahalagang gawain sa Simbahan. Hindi natin masasabing mas mahalaga ang isang katungkulan sa Simbahan kaysa sa iba, dahil lahat ay deboto sa pagpapaunlad, sa pagtuturo, sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos. Gayundin sa katungkulan ng guro; ngunit kung may itatangi, dahil mas madali nilang maganyak ang mga taong ito tungo sa kaligtasan, mapupunta ito sa mga taong nagtataglay ng priesthood ng Diyos, na may tuwirang pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng Simbahan. . . .

Ang unang dapat gawin, mga kapatid ko, ay tingnan ang sarili ninyo, para malaman kung handa kayong magturo o hindi. Walang taong makapagtuturo ng bagay na hindi niya alam. Tungkulin ninyong ituro na si Jesucristo ang manunubos ng sanlibutan, na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos, at sa kanya sa huling dispensasyong ito ay nagpakita nang personal ang Diyos Ama at ang kanyang Anak. Naniniwala ba kayo rito? Nadarama ba ninyo ito? Nababanaag ba ang patotoong iyon sa inyong katauhan pagpasok ninyo sa tahanan? Kung gayon, ang banaag na iyon ay magbibigay-buhay sa mga taong tuturuan ninyo. Kung hindi, magkakaroon ng kasalatan, tagtuyot, kakulangan sa espirituwal na kapaligirang yaon na kinaroroonan ng mga Banal. . . .

. . . Mga kapatid, maaaring magkaiba ang mensahe, lalo na ang paglalahad nito sa isang taong ginugol ang kanyang buhay sa tapat na paglilingkod sa Simbahan, at sa mga taong kabibinyag. Dahil magkakaiba ang bawat pamilya . . . , gayundin ang ating mga mensahe at pamamaraan, lalo na ang ating pamamaraan sa paglalahad. Binanggit ko ito para lang ikintal sa ating isipan na tungkulin nating alamin kung sino ang ating tuturuan.[20]

Ang tungkulin ng [home] teacher ay hindi nagagampanan kapag minsan isang buwan lang siya nagtutungo sa bawat bahay. Naaalala ko nang pagampanan ng isang Bishop sa [home] teacher ang pagpunta sa bahay ng isang namatayan at alamin kung ano ang magagawa upang maalo ang mga nagdadalamhati at maisaayos ang paglilibing. Tungkulin ng [home] teacher na tiyakin na walang pangangailangan; kung mayroong maysakit doon, na pumunta at tumulong—na laging pangalagaan ang mga pamilyang iyon.[21]

Naniniwala ako na nasa [home] teaching ang isa sa mga pinakamalaking oportunidad sa buong mundo na gisingin ang mga pabaya, pinanghihinaan ng loob, naninimdim, at malungkot, na magbagong-buhay at hangaring bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan ni Jesucristo. Sa gayong aktibidad maaakay sila pabalik sa espirituwal na kapaligirang magpapasigla sa kanilang kaluluwa at magbibigay ng kapangyarihang labanan ang mga kahinaang gumugupo sa kanila.

Ang pagtulong, pagpapalakas ng loob, at pagbibigay-inspirasyon sa bawat tao ay malaking responsibilidad at pribilehiyo ng mga [home] teacher.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang kapangyarihan ng priesthood? (Tingnan sa mga pahina 131–32.) Anu-ano ang layunin ng Panginoon sa pagtatalaga ng awtoridad ng priesthood sa tao? (Tingnan sa mga pahina 133–34, 137–38.) Ano ang kaibhan ng simpleng pagtanggap sa awtoridad ng priesthood sa pagkakaroon ng kapangyarihan sa priesthood?
- Umisip ng isang karanasan na ginamit ang kapangyarihan ng priesthood alang-alang sa inyo. Ano ang epekto nito sa inyo o sa mga miyembro ng inyong pamilya? Paano natin magagamit ang gayong mga karanasan bilang "mga pagkakataong makapagturo" sa ating mga anak at apo?
- Bakit kailangang mamuhay nang marapat ang maytaglay ng priesthood para magabayan ng Espiritu ng Panginoon? (Tingnan sa mga pahina 134–36.) Anu-anong biyaya ang ipinangako sa mga tapat sa mga tipan at obligasyon ng priesthood? (Tingnan sa D at T 84:33–34.)
- Bakit napakahalaga ng home teaching sa Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 138–40.) Ano ang magagawa natin para maging mas epektibong mga home teacher? Paano magagamit sa mga visiting teacher ang payo ni Pangulong McKay sa mga home teacher? Ano ang magagawa natin para madama ng ating mga home at visiting teacher ang init ng pagtanggap sa ating tahanan at maging epektibo sila sa kanilang tungkulin?
- Paano tayo natutulungan ng pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagiging mas katulad ni Cristo sa pagbibigay-dangal sa priesthood? Sa anu-anong paraan maihahanda ng mga ama at ina ang kanilang mga anak na lalaki sa pagtanggap ng priesthood?
- Paano nakikibahagi ang mga babae sa mga biyayang nagmumula sa kapangyarihan ng priesthood?

- Ano ang layunin ng mga korum ng priesthood? (Tingnan sa mga pahina 133–34.) Anu-ano ang responsibilidad ng pagiging miyembro ng isang korum? (Tingnan sa mga pahina 133–34.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Ni Pedro 2:9; D at T 84:33–48; 121:34–46

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Okt. 1967, 94.
2. Sa Conference Report, Okt. 1956, 91.
3. Tingnan sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon, Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 138–40; binago ang pagtatalata.
4. *Gospel Ideals* (1953), 168.
5. Sa Conference Report, Okt. 1954, 83.
6. Sa Conference Report, Okt. 1965, 103–4.
7. Sa Conference Report, Okt. 1965, 104.
8. *Gospel Ideals,* 168.
9. *Gospel Ideals,* 180–81.
10. Sa Conference Report, Abr. 1909, 68.
11. *Gospel Ideals,* 180.
12. Sa Conference Report, Okt. 1967, 97.
13. Sa Conference Report, Abr. 1969, 150–51.
14. Sa Conference Report, Okt. 1948, 174.
15. *Gospel Ideals,* 167–68.
16. Sa Conference Report, Okt. 1965, 103–4.
17. Sa Conference Report, Okt. 1950, 112.
18. Sa Conference Report, Okt. 1955, 129.
19. Sa Conference Report, Okt. 1954, 84.
20. Sa Conference Report, Okt. 1916, 57–60; binago ang pagtatalata.
21. Sa Conference Report, Abr. 1956, 86–87.
22. *Gospel Ideals,* 196.



*Sa kanyang ministeryo, limang templo ang inilaan ni Pangulong McKay sa buong mundo, kasama na ang London England Temple, na makikita rito.*

# Ang Sagradong Kahalagahan ng mga Templo

*Buong kaluluwa kong idinadalangin na lahat ng miyembro ng Simbahan at kanilang mga anak at apo ay matanto ang mga dakilang katotohanang inilalahad sa bahay ng Panginoon.*[1]

## Panimula

Nang maging Pangulo ng Simbahan si David O. McKay noong 1951, walo ang gumaganang templo ng Simbahan. Apat sa Utah, at ang iba ay sa Arizona, Hawaii, Idaho, at Alberta. Noong tag-init ng 1952, naglakbay si Pangulong McKay sa siyam na bansang Europeo. Sa biyaheng ito, pumili siya ng mga pagtatayuan ng mga templo sa Switzerland at England, na nagpasimula ng panahon ng paglaganap ng mga biyaya ng templo sa labas ng Estados Unidos at Canada.[2]

Sa proseso ng pagpili at pagbili ng mga pagtatayuan ng templo, banal na inspirasyon ang gabay ni Pangulong McKay. Nang mapili na niya ang pagtatayuan ng London England Temple, nag-atubili ang mga inhinyero dahil malambot ang lupa. Gayunpaman, matapos siyasatin, natagpuan na nasa wastong lalim ang kabatuhan para suportahan ang pundasyon ng templo. Sa Switzerland, nang hindi mabili ni Pangulong McKay at iba pang mga lider ng Simbahan ang unang lugar na napili, humingi sila ng tulong sa Panginoon. Di nagtagal nakakita sila ng ibang lugar na mas malaki ngunit kalahati lang ang halaga sa una. Halos kasabay nito, hindi inaasahan na ginawang highway ang bahagi ng unang lugar, kaya mas nakabuti ang pagkakita nila sa bagong lugar.[3]

Inilaan ni Pangulong McKay ang Bern Switzerland Temple noong 1955 at ang London England Temple noong 1958. Inilaan

din niya ang Los Angeles California Temple (1956), Hamilton New Zealand Temple (1958), at Oakland California Temple (1964). Ang pamumuno ni Pangulong McKay sa pagtatayo ng mga templo sa buong mundo ay nagpala sa buhay ng napakaraming miyembro at kanilang mga ninuno at inapo. Mahihiwatigan sa isang sipi sa kanyang talaarawan ang kanyang patotoo sa kahalagahan ng gawain sa templo; nang ilaan niya ang pagtatayuan ng Bern Switzerland Temple, isinulat niya, "Nais kong ilapit ang templo sa mga tao."[4]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Inaakay tayo ng endowment sa templo sa kaharian ng Diyos.

May "endowment" sa Templo, na . . . isang ordenansa ukol sa walang hanggang paglalakbay at walang hangganang posibilidad at pag-unlad ng tao na inilaan ng makatarungan at mapagmahal na Ama sa mga anak na nilikha niyang kawangis niya—para sa buong sangkatauhan. Ito ang dahilan kung bakit nagtatayo ng mga Templo.[5]

Tulungan nawa tayo ng Diyos na pahalagahan ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, na sakop ang lahat. Ang pilosopiya ng buhay ay napapaloob doon, at sa ating mga templo ay ilalahad ang endowment, na kung susundin ay babaguhin ang tao (at ito'y pinatototohanan ko, dahil alam ko ito) mula sa pinakamakasarili, mainggitin, suplado, nakasusuklam na katangiang malahayop, tungo sa pinakamataas na espirituwal na kalagayan at sa kaharian ng Diyos.[6]

### Sa mga templo, maibubuklod ang mga mag-asawa at pamilya sa kawalang-hanggan.

Isa sa mga pangunahing tanong ng mga tagapagbalita sa radyo, telebisyon, at pahayagan at ng mga tao sa kalahatan ay, "Ano ang kaibhan ng inyong Templo sa iba pang gusali ng simbahan ninyo?" Tulad ng alam ng lahat ng miyembro ng Simbahan, ang sagot ay nagtatayo ng mga Templo para maisagawa ang mga sagradong ordenansa—hindi sekreto, kundi sagrado. Ang Templo ay hindi

pampublikong sambahan. Itinayo ito para sa mga espesyal na layunin. Tunay na matapos ilaan ang isang Templo tanging mga miyembro ng Simbahan na karapat-dapat lamang ang makapapasok.

Isa sa mga natatanging tampok ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay ang likas na kawalang-hanggan ng mga ordenansa at seremonya nito. Halimbawa, karaniwan sa kasal sa huwes o sa simbahan, ang magkasintahan ay ikinakasal "sa buhay na ito" lamang, o "hanggang paghiwalayin ng kamatayan." Ngunit ang pag-ibig ay walang hanggang tulad ng espiritu ng tao; at kung patuloy na iiral ang tao matapos mamatay, na siyang nangyayari, gayundin ang pag-ibig.

Natutuwa rito ang halos lahat ng matalinong nagtatanong at nagsisiyasat, lalo na kapag natatanto nito ang katotohanan, na ang pag-ibig—ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao—ay magiging walang hanggang tulad ng espiritu mismo. Kaya tuwing may taong namamatay, nananaig ang ganda ng pag-ibig, at kung naniniwala ang sinumang nagtatanong tungkol sa imortalidad ng kaluluwa, o sa pananaig ng personalidad pagkaraang mamatay, dapat niyang aminin na mananaig din ang pag-ibig. . . .

. . . Ang atas ng Tagapagligtas [ay] ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili. Ngunit kung ang mga makamundong bagay ay tulad ng mga bagay na makalangit, sa daigdig ng espiritu ay makikilala natin ang ating mga mahal sa buhay at matutukoy at mamahalin sila tulad noong ibigin natin sila rito. Iniibig ko ang aking asawa nang higit kaysa sa ibang tao. Mahal ko ang aking mga anak. Maaari akong makiramay; matutulungan ko ang buong sangkatauhan, ngunit iniibig ko siya na lagi kong katabi at kasamang nagbabantay sa isang mahal na buhay na maysakit o pumanaw. Ang mga karanasang iyon ay nagbibigkis ng puso sa puso, at maluwalhating isipin na hindi mapaghihiwalay ng kamatayan ang mga pusong nabigkis nang gayon; bawat isa sa inyong mga lalaki ay makikilala ang inyong asawa sa kabilang buhay, at iibigin siya roon tulad noong ibigin ninyo siya rito, at babangon sa panibagong buhay na walang hanggan sa pagkabuhay na mag-uli. Bakit kayo paghihiwalayin ng kamatayan samantalang magpapatuloy ang pag-ibig sa kabilang buhay?

Hindi dapat, at hindi kailangan, dahil sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol noong narito siya sa lupa: "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit." (Mateo 16:19.) At sa panunumbalik ng Banal na Priesthood sa lupa, ipinahahayag ng Simbahan na muling ibinigay ang kapangyarihang ito sa mga piling lalaki, at na sa bahay ng Panginoon kung saan isinasagawa ang seremonya ng kasal ng mga wastong nabigyang-awtoridad na katawanin ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, ang pagbubuklod ng lalaki at babae, at mga magulang at mga anak, ay isinasakatuparan para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan, at magpapatuloy ang pamilya ng mga ikinasal sa gayong paraan tungo sa kawalang-hanggan.[7]

Inihayag ng tagakitang si Joseph [Smith] . . . ang kawalang-hanggan ng kasal sa loob ng tipan, isang doktrinang napakaganda, napakamakatwiran, napakalaki ng epekto ng kahalagahan nito na kung susundin sa kabuuan, maraming kasalukuyang kasamaan ng lipunan ang magwawakas.[8]

---

**Naghahandog ng kaligtasan ang gawain sa templo sa mga namatay nang walang ebanghelyo.**

Isang estudyanteng Intsik, na pauwi sa kanyang lupang tinubuan, at nagtapos sa isang bantog na kolehiyo natin, ang nakikipag-usap sa isang ministrong Kristiyano, na patungo rin sa Tsina. Nang ipilit ng ministro ang katotohanan na sa pamamagitan lang ng pagtanggap sa mga turo ni Cristo maliligtas ang tao, sinabi ng [estudyante]: "Eh, paano ang mga ninuno ko na kailanma'y hindi nagkaroon ng pagkakataong marinig ang pangalan ni Jesus?" Sagot ng ministro: "Wala na silang pag-asa." Wika ng estudyante: "Ayokong magkaroon ng kaugnayan sa relihiyong hindi makatwiran kung humatol ng walang hanggang parusa sa mga kalalakihan at kababaihang mararangal na tulad natin, at marahil ay higit pa, na kailanma'y di nagkaroon ng pagkakataong marinig ang pangalan ni Jesus."

Isasagot siguro ng isang nakauunawa sa katotohanan, ayon sa pagkakahayag kay Propetang Joseph hinggil sa doktrinang ito:

"Magkakaroon sila ng pagkakataong marinig ang ebanghelyo, at sundin ang bawat alituntunin at ordenansa sa pamamagitan ng iba. Bawat tao sa buhay na ito o sa kabilang buhay ay hahatulan at gagantimpalaan ayon sa kanyang mga gawa."[9]

Dahil mahalaga sa kaligtasan ang pagsisisi at pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig at Espiritu, paano makapapasok sa kaharian ng Diyos ang milyun-milyong hindi nakarinig ng Ebanghelyo, na kailanma'y hindi nagkaroon ng pagkakataong magsisi o mabinyagan? Tiyak na kailanma'y hindi masisiyahan ang Diyos ng pag-ibig kung karamihan sa Kanyang mga anak ay nasa labas ng Kanyang kaharian, na walang hanggang nananahan sa kamangmangan, kalungkutan o impiyerno. Sa matatalino'y nakakainis isipin iyon. Sa kabilang dako, kung ang milyun-milyong ito na namatay nang hindi naririnig ang Ebanghelyo ay makapapasok sa kaharian ng Diyos nang hindi sumusunod sa mga alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo, kung gayo'y walang katotohanan ang mga sinabi ni Cristo kay Nicodemo [tingnan sa Juan 3:2–5], at hindi para sa lahat ang mga sinabi ni Pedro noong Araw ng Pentecostes [tingnan sa Mga Gawa 2:38], kahit malinaw niyang sinabing, "Sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya." [Tingnan sa Mga Gawa 2:39.]

Ngayon itinuturo ng Ebanghelyo ni Jesucristo na *lahat* ng sangkatauhan ay maliligtas sa pagsunod sa mga batas at ordenansa niyon. [Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.] Ni hindi rin limitado sa kakaunting pinili ang kahulugan ng katagang "lahat"; ibig sabihin nito'y lahat ng anak ng mapagmahal at banal na Ama. Subalit, daan-daang milyon ang namatay na hindi nakarinig na may gayong plano ng Ebanghelyo.

Lahat ng bansa at lahi ay may katwirang tumanggap ng awa ng Diyos. Dahil iisa lang ang plano ng kaligtasan, tiyak na may nakalaan para marinig ito ng "di mabilang na patay" at magkaroon sila ng pribilehiyong tanggapin o tanggihan ito. Ang gayong plano ay ibinigay sa alituntunin ng kaligtasan para sa mga patay. . . .

Binanggit ni Pablo [ang] kagawiang magbinyag [para sa mga patay] sa kanyang argumentong sumasang-ayon sa pagkabuhay

na mag-uli. Sabi niya, "Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay?" (I Cor. 15:29). . . . Hindi lang iilang komentarista ang nagtangkang ipaliwanag ang tunay na kabuluhan [ng talatang ito]; ngunit malinaw na pinatutunayan sa konteksto nito na noong panahon ng mga apostol gawi nilang magbinyag para sa mga patay; ibig sabihin, inilulubog sa tubig ang mga buhay na tao para at alang-alang sa mga patay—hindi mga "patay sa kasalanan" kundi mga "nasa kabilang buhay."

Sa Kirtland Temple, Abril 3, 1836, nagpakita si Propetang Elijah kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ipinagkaloob sa kanila ang "mga kapangyarihan ng priesthood" na nagbibigay-awtoridad sa mga buhay na magsagawa alang-alang sa mga patay. Ang "mga susi" na ito ay ipinanumbalik bilang katuparan ng propesiya ni Malakias:

"Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon. At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa" (Mal. 4:5–6). Ibabaling ang mga puso ng mga ama at mga anak sa isa't isa kapag ang mga ama sa daigdig ng espiritu, pagkarinig sa Ebanghelyong ipinangaral at pagkatanto na dapat nilang sundin ang mga ordenansa niyon, ay nabatid na isinasagawa ng kanilang mga anak sa lupa ang mga ordenansang ito para sa kanila.

Lahat ng gayong "gawain para sa mga patay" ay isinasagawa sa mga templo, inilalaan at itinatalaga para sa gayong mga layunin, kung saan iniingatan ang mga wastong talaan, at lahat ay itinuturing na sagrado.

Sa responsibilidad na nakaatang sa kanila na isagawa ang mahalagang bahaging ito ng paglilingkod sa Ebanghelyo, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay naging mga taong nagtatayo ng mga templo.[10]

Magkakaroon kayo ng pagkakataong tipunin ang mga pangalan ng inyong mga ninuno, na matapos mabinyagan sa pamama-

gitan ng iba ay naging mga miyembro ng kaharian ng Diyos sa kabilang buhay tulad natin na mga miyembro rito.

Dahil sa panunumbalik ng alituntunin at kagawiang ito, masigasig na sinasaliksik ng mga miyembro ng Simbahan ang mga talaan ng mundo para sa kasaysayan ng kanilang mga ninuno upang matanggap ng mga ito sa pamamagitan ng iba ang mga biyaya ng ebanghelyo ni Cristo. Kaugnay ng gawaing ito ng Simbahan pinalawak ang organisasyon sa genealogy.[11]

Sa alituntuning ito ng kaligtasan ng mga patay, inihayag ang lawak ng nakapagliligtas na kapangyarihan ng Ebanghelyo, at ang kaangkupan ng mga turo ng Tagapagligtas sa buong sangkatauhan. Talagang "walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." [Mga Gawa 4:12.] Lahat ng ordenansang isinagawa ng Priesthood ng Kataas-taasan ay walang hanggan tulad ng pag-ibig, singlawak at singhaba ng buhay, at sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ito, ang buong sangkatauhan, buhay at patay, ay makapapasok at makapananatili magpasawalang-hanggan sa kaharian ng Diyos.[12]

**Dapat tayong pumasok nang marapat sa templo at maging tapat sa mga tipang ginagawa natin doon.**

Ang mga pumapasok sa templo ay papasok nang may mga rekomendasyong sila ay mga tunay na Kristiyano; na sila ay mga tunay na miyembro ng Simbahan ni Cristo; na sila ay tapat sa kanilang kapwa; na sila ay namumuhay ayon sa mga huwaran ng ebanghelyo ni Jesucristo.[13]

Bago isagawa ang kasal [sa templo], kailangan munang kumuha ng rekomend ang binata at dalaga sa bishop. . . . Doon, sa harapan ng priesthood, bago sila ikasal, tatanggap ng mga tagubilin ang magkasintahan tungkol sa kasagraduhan ng tungkuling haharapin nila; at, bukod pa riyan, titingnan nila kung handa sila o hindi na pumasok nang banal at dalisay sa altar ng Diyos at doo'y mabuklod ang kanilang mga sumpaan at pag-ibig.[14]

Ang kasal sa templo ay isa sa pinakamagagandang bagay sa buong mundo. Ang magkasintahan ay inaakay doon ng pag-ibig, ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao. . . . Magkasama

silang tatayo sa bahay ng Panginoon upang magpatunay at makipagtipan sa kanya na magiging tapat sila sa mga tipang kanilang gagawin sa araw na iyon, na bawat isa'y inilalaan ang sarili sa isa't isa at wala nang iba. Iyan ang pinakamataas na huwaran ng kasal na naibigay sa tao. Kung mapananatiling sagrado ang mga tipang iyon tulad ng nararapat, mababawasan ang mga kababaihan at kalalakihang wasak ang puso. Ang tipan ay sagrado. . . . Tapat itong sundin, maging tapat dito.[15]

Ang mga nakipagtipan para sa kanilang mga mahal sa buhay at nakibahagi sa pinakamataas na huwaran ng kasal na naibigay sa tao ay lalakad ayon sa espiritu at hindi magpapakasasa sa laman. Magiging tapat kayo sa mga tipang ginawa ninyo sa Bahay ng Diyos.[16]

"Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man" (Gen. 6:3), wika ng Panginoon. "Ang aking espiritu ay hindi mananahan sa maruming tabernakulo." Siya na nagtatangkang manlinlang, na tunay na nanlilinlang sa paglabag sa kanyang mga tipan, ayon sa isang awtor, "ay isang alipin kung hindi man isang hangal." Madalas ay katulad siya ng dalawang ito, dahil ginagamit niya mismo ang kalayaan niyang pumili para idaos ang kanyang mga kapusukan, aksayahin ang kanyang kabuhayan sa magulong pamumuhay, at labagin ang mga tipang ginawa niya sa bahay ng Diyos.[17]

---

**May responsibilidad tayong tumulong na matamo ng iba ang mga biyaya ng templo.**

Ang mga templong itinayo para sa kaligtasan at kadakilaan ng pamilya ng tao ay tumutulong sa pagpapatupad ng walang hanggang plano ng kaligtasan. Ganito rin ang mga batas ng walang hanggang pag-unlad na ipatutupad sa lahat ng anak ng ating Ama buhay man o patay. Nababanaag sa gayong walang hanggang pag-unlad na hinihingi sa lahat ang banal na katarungan. . . .

Ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ang siyang planong ibinigay ng ating Ama sa Langit upang bawat nilalang na makapag-iisip para sa sarili ay makipagtulungan sa Diyos upang lumigaya at maligtas ang kanyang kaluluwa. Mangangailangan ang *katwiran* at *katarungan* ng *pandaigdigang pagsasagawa*

ng *mga walang hanggang alituntunin* at *ordenansa* para sa *mga taong nabubuhay* sa *mortalidad*, at *sa mga nabubuhay sa daigdig ng espiritu.*

Sa gayong paraan lamang maisasakatuparan ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.

Tuwirang inihayag ng Ama at ng kanyang Anak ang walang hanggang plano ng kaligtasan kay Propetang Joseph Smith, at ang banal na awtoridad na mangasiwa sa mga alituntunin at ordenansa ay napasa mga taong ngayo'y gumagabay sa tadhana ng inihayag na Simbahan.[18]

Isa sa pinakamalalaking responsibilidad natin ang mailapit sa matatapat na miyembro ng ating Simbahan sa ibang bansa ang mga angkop na bahay ng Panginoon. Libu-libo sa kanila ang hindi makapunta sa templo, kung saan matatamo nila ang mga biyaya ng endowment, at maibubuklod sila sa kanilang mga asawa at anak para sa buhay na ito at kawalang-hanggan. Atin ang tungkuling dalhin ang templo sa kanila.[19]

A kayganda ng ebanghelyo! Kaylaki ng ating responsibilidad na ipamalas sa mundo ang karingalan, kalawakan, at kabanalan nito! Buong kaluluwa kong idinadalangin na makita sa ating mga templo ang dagdag na interes at hangaring malaman ang kalooban ng Diyos sa puso ng libu-libong mararangal na taong nais malaman ang katotohanan. Tulungan nawa tayong lahat ng Diyos na mag-ibayo ang ating kakayahang ipalaganap ang katotohanang ito at ipaalam ito sa sangkatauhan.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit mahalagang matanggap natin ang mga ordenansa ng templo at magawa at matupad natin ang mga kaakibat na tipan? (Tingnan sa mga pahina 144–46, 149–50.)
- Paano tayo aakayin ng endowment sa templo sa buhay na walang hanggan? (Tingnan sa pahina 144.) Bakit mahalagang dalasan ang pagdalo sa templo? Anu-anong biyaya ang natanggap ninyo sa pakikibahagi sa mga ordenansa at tipan sa templo? Bakit sa palagay ninyo mahalagang matanggap ang

mga ordenansa at tipang ito bago magmisyon o magsimula ng isang pamilyang walang hanggan?

- Ano ang kailangan para magpatuloy ang pagsasama ng mag-asawa at pamilya sa kawalang-hanggan? (Tingnan sa mga pahina 144–46.) Paano dapat impluwensiyahan ng doktrina ng walang hanggang kasal at pamilya ang ating pakikipag-ugnayan sa ating kabiyak at mga anak? Paano makatutulong ang higit na pagsunod sa doktrinang ito para wakasan ang "kasalukuyang mga kasamaan ng lipunan"?
- Anu-ano ang responsibilidad natin hinggil sa kaligtasan ng mga patay? (Tingnan sa mga pahina 146–49.) Anu-ano ang ilang paraan na makababahagi kayo sa gawain para sa mga patay?
- Paano naging malaking pagpapamalas ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak ang mga templo? (Tingnan sa mga pahina 146–49.) Paano makikita sa gawain sa templo ang likas na plano ng kaligtasan? (Tingnan sa mga pahina 146–49.)
- Ano ang layunin ng rekomend sa templo? (Tingnan sa pahina 149.) Bakit mahalaga sa pagpasok sa templo ang pagkamarapat ng tao? Sa anu-anong paraan tayo nabibiyayaan sa pananatiling tapat sa mga tipan natin sa templo? Bakit mahalaga na panatilihing maybisa ang rekomend sa templo kahit mahirap sa ating kalagayan na dumalo nang madalas o kahit minsan sa templo?
- Ano ang magagawa natin upang matamo ng iba ang mga biyaya ng templo? (Tingnan sa mga pahina 150–51.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 15:29; D at T 124:37–41; 128:1, 15–24; 131:1–4; 132:19; 138:28–37, 57–60

## *Mga Tala*


1. *Treasures of Life,* tinipon, Clare Middlemiss (1962), 282.
2. Tingnan sa "McKay, David O.," ni James B. Allen, sa *Encyclopedia of Mormonism* (1992), ni Daniel H. Ludlow, inedit, 4 na tomo, 2:872–73.
3. Tingnan sa "Temples: History of Latter-day Saint Temples from 1831 to 1990," ni Richard O. Cowan, sa *Encyclopedia of Mormonism,* 4:1453.
4. Francis M. Gibbons, *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God* (1986), 323.
5. *The Purpose of the Temple* (1976), Church History Library of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints (mga lumang aklat, polyeto), 11; binago ang pagtatalata.
6. *Treasures of Life,* 282.
7. *The Purpose of the Temple,* 5–7.
8. "The Prophet Joseph Smith—On Doctrine and Organization," *Improvement Era,* Ene. 1945, 45.
9. *Improvement Era,* Ene. 1945, 15, 45.
10. "Salvation for the Dead," *Millennial Star,* 25 Okt. 1923, 680–82.
11. *The Purpose of the Temple,* 10.
12. *Millennial Star,* 25 Okt. 1923, 682.
13. *Treasures of Life,* 282.
14. Sa Conference Report, Abr. 1969, 9.
15. Sa Conference Report, Abr. 1969, 94; binago ang pagtatalata.
16. Sa Conference Report, Abr. 1959, 49–50.
17. Sa Conference Report, Abr. 1945, 123.
18. *Treasures of Life,* 340–42.
19. Sa Conference Report, Abr. 1954, 26.
20. *Treasures of Life,* 342.



*"Makabubuti sa mga kabataang lalaki at babaeng nais mamuhay nang maligaya na ihanda ang sarili na maging karapat-dapat sa uri ng pag-aasawang inorden ng Diyos."*

# Paghahanda para sa Walang Hanggang Kasal at Pamilya

*Tunay na walang mas mataas na huwaran sa pag-aasawa na maitatangi ng mga kabataan kaysa sa pagturing dito bilang isang banal na institusyon.*[1]

## Panimula

Niyayang pakasal ni David O. McKay ang magiging asawa niyang si Emma Ray Riggs pagbungad ng Disyembre 1900 at nagtanong si Emma, "Sigurado kang ako ang para sa iyo?" Sinabi niyang sigurado siya. Sa sumunod na liham kay Dr. Obadiah H. Riggs, ama ni Emma Ray, inilarawan ni David O. McKay ang ilang katangiang nagustuhan niya kay Emma:

"Ang magiliw niyang disposisyon, ang angkin niyang dangal, talino, likas na di pagkamakasarili, sa madaling salita, ang kanyang *perpektong* mga katangian, ang umakit sa pagmamahal ko. Nang sabihin niyang gayundin ang nadarama niya, wala akong pagsidlan sa kaligayahan. . . . Niyaya ko nang pakasal ang inyong anak, at ngayo'y nais kong hilingin ang pahintulot ninyo na kanyang ama, Dr. Riggs. Pumayag na siya. . . . Wala akong maibibigay sa kanya liban sa tunay kong pag-ibig at puso at isipang ang tanging hangad ay paligayahin siya."

Makikita sa mga liham ni David O. McKay kay Emma Ray noong magnobyo sila ang marangal nilang relasyon at mga katangian ni Emma na nagbigay-inspirasyon kay David. Sa isang liham noong 11 Disyembre 1900, isinulat niya: "Batid mo ba na mula nang *tunay akong magmahal*, mas nauunawaan ko kung bakit lagi nang may ipinaglalabang babaeng iniibig ang magiting na kabalyero noong araw. Isipin lang na masisiyahan ito ay nagpapalakas na sa kanilang mga bisig, nagpapatalim sa kanilang

mga espada, at nagpapawala ng kanilang takot. Sinisikap ng bawat isa na magkaroon ng sapat na lakas at siglang kaya niyang taglayin upang makamit niya ang pagsuyo ng kanyang sinisinta. Dangal din ng pagkatao ang itinatangi ng pinakamagiting na kabalyero, upang makapiling nila ang sa palagay nila ay nag-aangkin ng pinakatapat at dalisay na kaluluwa."[2]

Sa isa pang liham kay Emma Ray noong 22 Disyembre 1900, isinulat ni David O. McKay ang pinapangarap nilang pagbubuklod ng kanyang nobya: "Ang sabi mo'y magiging pangwalang-hanggan ang ating pagbubuklod. Kawalang-hanggan lamang ang makasisiya sa pag-ibig na pinananabikan ko, at inihahandog. . . . Nalulumbay ako kapag wala ka, Ray, at inaasam kong darating ang panahon na lalagi ka sa aking tabi."[3] Dahil namuhay nang makatwiran at marangal at matinong pagsusuyuan, nakamtan nina Brother at Sister McKay ang kanilang mithiin. Sa kanyang ministeryo, madalas ituro ni Pangulong McKay ang paghahanda para sa walang hanggang kasal at pamilya.

Bagama't nauukol sa mga kabataang naghahanda para sa kasal ang mga turo ni Pangulong McKay sa kabanatang ito, ang mga alituntunin nito ay makatutulong din sa mga taong kasal na, lalo na sa pagtuturo nila at pagpapayo sa kanilang mga anak at iba pang kabataan hinggil sa pakikipagdeyt at pagliligawan.

## Mga Turo ni David O. McKay

### Dapat ituro sa mga kabataan ang likas na kasagraduhan ng kasal at pagkamagulang.

Ituro sa mga kabataan na ang kasal ay hindi lang basta institusyong gawa ng tao, kundi inorden ng Diyos, at isang sagradong seremonya, at dapat tumanggap ng pinakaseryoso nilang pag-iisip bago pirmahan ang kontratang nasasangkot ang habambuhay nilang kaligayahan o kalungkutan. Dapat seryohin ang pag-aasawa . . . at hindi dapat humantong sa paghihiwalay sa unang maliit na problemang darating. Ang tanging magagawa ng mga kabataan ay lutasin ito nang may tapat na layuning magtatag ng tahanan na tutulong na mapatibay ang isang marangal na lipunan.[4]

Ang mga kabataan ay dapat turuan ng mga responsibilidad at huwaran sa pag-aasawa upang matanto nila na ang pag-aasawa ay may kaakibat na mga obligasyon at hindi isang kasunduang wawakasan kung kailan magustuhan. Dapat silang maturuan na ang dalisay na pag-ibig sa pagitan ng lalaki't babae ay isa sa pinakamararangal na bagay sa daigdig at pagdadalantao at pagpapalaki sa mga anak ang pinakamataas na tungkulin ng tao. Patungkol dito, tungkulin ng mga magulang na maging halimbawa sa tahanan upang makita at maunawaan ng mga bata ang kasagraduhan ng buhay-pamilya at responsibilidad na kaakibat nito.[5]

[Ang layunin ng pag-aasawa] ay magkaanak at magpalaki ng isang pamilya. Tandaan natin iyan. Daan-daan ang nagsasabi ngayon, at daan-daan pa ang magsasabi—"Paano ko pakakasalan at susuportahan ang isang nobya sa paraang nakagawian niya? Paano ako makapag-aaral at makasusuporta ng isang pamilya? Ni wala nga akong matirhan."

Ito ay mga praktikal na tanong. . . . Handa akong alamin ang mga ito at iba pang mga problema at tugunan ang mga ito, na tinatandaan ang sinabi ng Panginoon na "ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao." [Tingnan sa D at T 49:15.] At inuulit ko na ang tunay na layunin ng pag-aasawa ay magpalaki ng pamilya at hindi lang para masiyahan ang lalaki o babae.[6]

Sinasabi na ang pinakamaganda at pinakamarangal na buhay ay yaong may matataas na huwaran. Tunay na walang mas mataas na huwaran sa pag-aasawa na maitatangi ng mga kabataan kaysa sa pagturing dito bilang isang banal na institusyon. Sa isipan ng mga kabataan, isang proteksyon sa kanila ang gayong pamantayan sa pagliligawan, isang impluwensiyang lagi nang nag-uudyok sa kanila na iwasang gumawa ng anumang hahadlang sa pagpasok nila sa templo para gawing perpekto ang kanilang pag-iibigan sa tumatagal at walang hanggang pagbubuklod. Aakayin sila nitong hangarin ang banal na patnubay sa pagpili ng kanilang mapapangasawa, sa matalinong pagpili na magiging batayan ng kanilang kaligayahan sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Pinadadalisay at pinabubuti nito ang kanilang puso; pinalalapit sila nito sa kanilang Ama sa langit. Ang gayong kagalakan ay kayang abutin ng maraming lalaki't babae kung

wastong naitaguyod at naitangi ang matataas na huwaran sa pag-aasawa at tahanan.[7]

---

### Dapat paghandaan ng mga kabataan ang pag-aasawa at pagkamagulang sa pamamagitan ng malinis na pamumuhay.

Ang kalusugan ng mga anak, kung bibiyaan ng gayon ang mag-asawa, ay madalas na nakasalalay sa mga kilos ng mga magulang bago sila makasal. Sa mga pahayagan, mula sa pulpito, at lalo na sa tahanan, dapat marinig nang mas madalas ang mensahe na sa kanilang kabataan ang mga lalaki't babae ay naglalatag ng pundasyon para sa kaligayahan o kalungkutan nila sa hinaharap. Bawat binata, lalo na, ay dapat maghanda para sa responsibilidad ng isang ama sa pamamagitan ng pagpapanatiling malinis ng katawan, upang makapasok siya sa responsibilidad na iyon hindi bilang isang duwag o manloloko, kundi bilang isang taong marangal at karapat-dapat magtatag ng tahanan. Ang binatang nag-angkin ng responsibilidad ng isang ama nang di karapat-dapat, ay mas malala kaysa isang manloloko. Ang kaligayahan ng kanyang asawa at mga anak sa hinaharap ay nakasalalay sa buhay niya noong kanyang kabataan.

Ituro rin natin sa mga babae na ang pagiging ina ay banal, dahil kapag binanggit natin ang tungkol sa pagdadalantao, pinag-uusapan natin ang kabanalan. Mahalaga, samakatwid, na matanto sa pagkadalaga ang pangangailangang panatilihing malinis at dalisay ang kanilang katawan. . . . Walang karapatan ang sinumang ina na habambuhay na hadlangan ang anak na tila sa kabataan ay kasiyahan o karapatan nitong magpakalulong sa nakapipinsalang droga at iba pang makasalanang gawi.[8]

Hindi nagsisimula sa altar ang kaligayahan; nagsisimula ito sa panahon ng kabataan at pagliligawan. Ang mga binhing ito ng kaligayahan ay itinatanim ng inyong kakayahang pigilin ang udyok ng inyong kapusukan. Dapat mamayani ang kalinisang-puri sa mga kabataan—ang huwarang ayaw tanggapin ng mundo, at hindi paniniwalaan ng marami sa mundo na umiiral o itinatangi sa puso ng mga kabataan.[9]

Isang namamayaning kasamaan sa mundo ngayon ang kawalang-puri. . . . Ang lalaking nawalan ng puri sa kanyang kabataan ay hindi tapat sa pagtitiwala ng mga magulang ng babae; at ang babaeng nawalan ng puri sa kanyang kabataan ay hindi tapat sa kanyang magiging asawa at naglalatag ng pundasyon ng kalungkutan, pagdududa, at pag-aaway sa tahanan. . . . Tandaan lamang ang walang hanggang katotohanan na ang kalinisang-puri ay isang katangiang dapat itangi bilang isa sa pinakamararangal na tagumpay sa buhay. . . . Ito'y pangunahing dahilan ng isang maligayang tahanan. Hindi makasisira ng reputasyon ang marangal na pagsunod sa mga pamantayan ng Simbahan. Maaari kang "manatili" sa mundo at hindi maging "makamundo." Itangi sa lahat ang kalinisang-puri! Iniutos ng Diyos na manatili tayong walang bahid-dungis.[10]

Sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw iisa lang ang pamantayan ng moralidad. Dalaga man o binata ay walang karapatang dungisan ang kanyang puri. Ang binatang hihingi ng rekomend para dalhin ang isang dalisay na dalaga sa altar ay inaasahang dalisay rin tulad ng babae.[11]

Kadalisayang-puri, hindi ang pagpapasasa bago ikasal, ang pinagmumulan ng pagkakasundo at kaligayahan sa tahanan, at pangunahing dahilan ng kalusugan at pagpapatuloy ng lahi. Katapatan, pagiging maaasahan, pananalig, pagtitiwala, pag-ibig sa Diyos, at di pagtataksil sa asawa ay inuugnay sa korona ng malinis na pagkababae at [matatag] na pagkalalaki. Ang salita ng Panginoon sa Kanyang Simbahan ay: "[Pag-ingatan] ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan." [Tingnan sa Santiago 1:27; D at T 59:9.][12]

Pagpalain kayo ng Diyos na mapanatili ninyong malinis ang inyong buhay, upang makapanalangin kayo sa Diyos at mahilingan siya ng patnubay sa pagpili ng inyong mapapangasawa, at kapag nakapili, kapwa kayo mamuhay nang matwid upang makapasok sa bahay ng Diyos, at kung naroon siya at tanungin kayo tungkol sa inyong buhay, masasagot ninyo siya ng matapat na, "Opo, malinis kami." Ang pag-aasawang nagsimula nang gayon ay humahantong sa kaligayahan, sa pinakamatamis na kagalakan sa buhay na ito, o sa buong kawalang-hanggan.[13]

**Dapat makipagdeyt nang angkop ang mga kabataan at pag-aralang mabuti ang kanilang damdamin.**

Ang mga kabataan, ang mga dalagitang nasa hayskul, ay [humahayo] araw-araw sa pakikipagligawan sa mga lalaking kaedad nila, sa mga dalagitang kaedad nila, sa kanilang kabataan, na nalilimutang mas may makikilala pa silang iba; at sa araw-araw na pakikipagligawang iyon sa murang edad, ay [nagiging] napakalapit para pagningasin ang kanilang kapusukan sa isang oras na kasiyahan, na naghahatid ng dalamhati sa buhay. At hindi iyan imahinasyon! Kayong mga kalalakihan sa mga Panguluhan ng Stake at mga Bishopric ng Ward, at kayong mga ama't ina ng ilan sa kanila, dapat ninyong malaman na hindi iyan imahinasyon.[14]

Binata, laging tandaan na tuwing magsasama ka ng [isang] dalaga sa party na ipinagkatiwala siya sa iyo ng kanyang ama't ina. Siya ang kanilang pinakamahalagang pag-aari. Kung ipinagkatiwala nila sa iyo ang isang libong dolyar, hindi mo iisiping sayangin ito o waldasin. Ipinagkakatiwala nila sa iyo ang isang bagay na hindi matutumbasan ng salapi, at napakasama mo kung hindi ka magiging tapat sa pagtitiwalang iyan. . . . Natatandaan ko ang payo ni Itay nang simulan kong manligaw sa isang dalagita noong tinedyer pa ako: "David, tratuhin mo ang dalagitang iyan tulad ng gusto mong pagtrato ng sinumang binata sa kapatid mong babae." Mga binata, sundin ang payong iyan at mabubuhay kayong malinis ang budhi, at paglaon ay tapat ninyong masasabi na sa lahat ng pagkakamali ninyo, hinding-hindi kayo nagsamantala sa babae.[15]

Sa pagpili ng mapapangasawa, kailangang pag-aralan . . . ang taong iniisip ninyong makakasama sa buhay. Nakikita ninyo kung gaano kahalagang hanapin ang mga katangian ng pagiging matapat, maaasahan, malinis ang puri, at mapitagan. Ngunit kapag natagpuan ang mga ito—"Paano ninyo masasabi," itatanong ninyo, "kung magkakasundo kayo o hindi, para maging palagay man lang kayo sa isa't isa?" "Mayroon bang gabay?" itatanong ninyo. Bagama't hindi laging totoong gabay ang pag-ibig, lalo na kung hindi tinutugon ang pag-ibig na iyan o ipinagkaloob sa isang masamang tao, tiyak na walang kaligayahan kapag walang

pag-ibig. “Teka,” itatanong ninyo, “paano ko malalaman kung umiibig nga ako?” Napakahalagang tanong niyan. . . .

Sa harapan ng dalagang tunay mong iniibig hindi mo gugustuhing magmakaawa; hindi mo gugustuhing pagsamantalahan siya; nanaisin mong maging isang lalaking uliran [magiting], dahil bibigyang-inspirasyon ka niyang maging gayon. At hinihiling ko sa inyong mga dalaga na itangi ang gabay ring yaon. Ano ang binibigyang-inspirasyon niya sa inyo . . . ? Kapag sinamahan ka ng isang binata matapos ang isang miting, o makaraan ang isang sayawan, at nagpakita ng pagsasamantala para masiyahan o bilang kapalit, madarama mong hindi ka niya mahal.

Sa gayong mga kalagayan, gaano man kalaki ang inyong paghanga, mga kadalagahan, gaano man kayo kasiguradong iniibig ninyo siya, pangibabawin ang talino ninyo sa paghatol at pag-aralan ang inyong damdamin. Maaari kayong malungkot sa hindi pagsunod sa nadarama ng inyong puso, ngunit mas mabuting masaktan kayo nang kaunti sa inyong kabataan kaysa magdusa kayo sa huli.[16]

---

### Naghihintay ang mga dakilang biyaya sa mga naghahanda nang husto para sa walang hanggang kasal.

Makabubuti sa mga kabataang lalaki’t babaeng nais mamuhay nang maligaya na ihanda ang sarili nila na maging karapat-dapat sa uri ng pag-aasawang inorden ng Diyos—ang pagbubuklod ng isang lalaki at isang babaeng karapat-dapat na isagawa ang kasal sa templo ng Maykapal. Doon habang nakaluhod ang tunay na magsing-irog . . . , maitatangi ng bawat isa ang katiyakan ng mga sumusunod:

Una, na ang kanilang pag-aasawa ay nagsimula sa kadalisayan. Ang mga batang darating upang basbasan ang pagbubuklod ay nakatitiyak sa maharlikang pagsilang kung pag-uusapan ang pagtatamo ng malinis na katawan.

Ikalawa, na ang pananaw nila tungkol sa relihiyon ay magkapareho. Ang hirap ng wastong pagpapalaki sa anak ay lalong tumitindi kapag magkaiba ang pananaw ng Ama at Ina hinggil sa doktrina at simbahang sinasapian. . . .

Ikatlo, na ang kanilang mga sumpaan ay ginawa sa ideya ng walang hanggang pagbubuklod, na hindi dapat masira ng walang katuturang di pagkakaunawaan o problema.

Ikaapat, na ang pakikipagtipan sa Diyos na ibinuklod ng Banal na Priesthood ay higit na nagbibigkis kaysa anupamang sumpaan.

Ikalima, na ang pag-aasawang nagsimula nang gayon ay walang hanggan tulad ng pag-ibig, ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao.

Ikaanim, na ang yunit ng pamilya ay mananatiling buo magpasawalang-hanggan.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano natin matutulungan ang mga kabataan na maunawaan ang mga sagradong responsibilidad na kaakibat ng pag-aasawa? (Tingnan sa mga pahina 156–58.) Ano ang magagawa natin para tulungan ang mga kabataan na mapaghandaan ang mga hamong tiyak na darating sa mag-asawa?
- Bakit mahalaga ang kalinisang-puri sa paghahanda para sa walang hanggang kasal at pamilya? (Tingnan sa mga pahina 158–59.) Paano maaapektuhan ng pagkawala ng puri ang kakayahan ng isang tao na matalinong pumili ng mapapangasawa sa kawalang-hanggan? Anong proseso ang dapat pagdaanan ng isang tao para makapagsisi sa kawalan ng puri? Anu-ano ang ilang pagpapala ng pananatiling malinis?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang mga bata ay madalas maapektuhan ng ikinikilos ng mga magulang bago makasal (tingnan sa mga pahina 158–59). Bukod sa pananatiling walang bahid-dungis, ano pa ang magagawa ng mga kabataan at magulang para mapanatiling dalisay ang kanilang buhay at maprotektahan ang kanilang magiging mga anak?
- Sa anu-anong paraan nagtatangkang impluwensiyahan ng media ang ating mga pananaw sa pagliligawan at pag-aasawa? Bakit sa palagay ninyo nagbabala si Pangulong McKay laban sa pakikipagnobyo sa murang edad? Anu-anong iba pang pag-iingat ang dapat gawin sa pakikipagdeyt? (Tingnan sa mga pahina 160–61.)

- Anong payo ang ibibigay ninyo sa mga kabataang nag-iisip kung sila ay umiibig? (Tingnan sa mga pahina 161–62.) Anu-ano ang ilang katangiang mahalaga sa isang relasyon?
- Ano ang layunin ng pag-aasawa? (Tingnan sa mga pahina 156–58.) Anu-ano ang mga panganib ng pag-aasawa nang maaga? Anu-ano ang panganib ng matagal na pagpapaliban ng pag-aasawa? Paano malalaman ng magkasintahan na oras na para magpakasal?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang mga taong itinuturing ang pag-aasawa bilang isang "banal na institusyon" ay lumalakas at ginagabayan sa pagliligawan. Bakit ninyo iniisip na totoo ito? Paano ninyo nakitang pinagpala ang mga tao sa pamumuhay ng mga pamantayan ng ebanghelyo sa pagliligawan?
- Anu-anong pagkakatulad ang nakikita ninyo sa mga turo ni Pangulong McKay sa mga kabataan at sa mga pamantayang matatagpuan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*? Paano ninyo matutulungan ang inyong mga anak na maunawaan ang mga pamantayang natutuhan ninyo ay katulad ng mga pamantayan para sa kanila?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Jacob 2:28; Alma 37:37; 39:3–5; D at T 132:15–19

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1969, 7.
2. Sinipi sa *My Father, David O. McKay* (1989), ni David Lawrence McKay, 7–8; binago ang pagtatalata.
3. Sinipi sa *My Father, David O. McKay,* 8–9; binago ang pagtatalata.
4. Sa Conference Report, Okt. 1943, 32.
5. Sa Conference Report, Abr. 1964, 6.
6. *Gospel Ideals* (1953), 466–67.
7. Sa Conference Report, Abr. 1969, 7.
8. Sa Conference Report, Abr. 1969, 6.
9. "As Youth Contemplates an Eternal Partnership," *Improvement Era,* Mar. 1938, 139.
10. Sa Conference Report, Abr. 1969, 6.
11. Sa Conference Report, Abr. 1969, 9.
12. Sa Conference Report, Abr. 1964, 6.
13. *Gospel Ideals,* 465–66; binago ang pagtatalata.
14. Sa Conference Report, Abr. 1958, 90.
15. *Improvement Era,* Mar. 1938, 191.
16. *Gospel Ideals,* 459–60; binago ang pagtatalata.
17. *Gospel Ideals,* 465.



*Tinamasa nina Pangulo at Sister McKay "ang magiliw na pagsasamang iyon ng mag-asawa na lalong pinayayabong ng mga problema sa buhay."*

# Pagdanas ng Kaligayahan sa Pag-aasawa

*Ang mataas na pagpapahalaga sa kasal ayon sa Simbahan ay ipinahayag sa anim na katagang mababasa sa ikaapatnapu't siyam na bahagi ng Doktrina at mga Tipan: "ang kasal ay inorden ng Diyos." (D at T 49:15.)*[1]

## Panimula

Ikinasal sina David O. McKay at Emma Ray Riggs sa Salt Lake Temple noong ika-2 ng Enero 1901, ang unang mag-asawang ibinuklod sa templong iyon sa taong iyon. Ang 69 na taong pagsasama nila ay halimbawa ng patuloy na katapatan ng isang mag-asawa sa isa't isa. Napuna ng kapwa mga kaibigan at estranghero ang tibay ng kanilang pagsasama. Minsa'y ikinuwento ni Sister McKay ang sumusunod na karanasan:

"Sinamahan ko ang asawa ko sa dedikasyon ng isang meetinghouse sa Los Angeles. Huminto kami sa Wilshire Boulevard para magpahugas ng kotse. Naupo ako sa bangko at nasa tabi naman ng kotse ang Pangulo. Bigla kong narinig sa may siko ko ang tinig ng isang musmos na nagsasabing, 'Palagay ko'y mahal kayo ng lalaking iyon.' Gulat akong lumingon at nakita ko ang guwapong batang mga pitong taong gulang na kulot ang buhok at malalaki ang brown niyang mga mata. 'Ano'ng sabi mo?'

" 'Sabi ko, palagay ko'y mahal kayo ng lalaking iyon.'

" 'Oo naman, mahal niya ako; asawa ko siya. Bakit mo itinatanong?'

" 'E, kasi, ang ganda ng ngiti niya sa inyo. Alam ninyo, ibibigay ko ang lahat sa mundo kung ngingitian ni Itay si Inay nang ganoon.' "[2]

Hanggang maupo sa wheelchair si Pangulong McKay, lagi siyang tumatayo kapag pumapasok sa silid ang kanyang asawa, ipinag-uurong ito ng silya, at pinagbubuksan ng pintuan ng kotse. Lagi rin niya itong hinahagkan bago umalis at pagdating. Nagpatuloy ang ugaling ito nang kapwa naka-wheelchair na sina Pangulo at Sister McKay. Minsan nang i-wheelchair si Pangulong McKay papunta ng miting, bulalas niya: "Balik tayo. Hindi ko nahagkan si Ray." Ibinalik siya para sa ritwal ng pag-ibig na ito na naging bahagi na ng kanilang relasyon.[3]

Malaking papuri sa pagsasama ng mga McKay ang ibinigay ng bata pang magkasintahan na naghahandang makasal. Isa sa mga anak na lalaki ni Pangulong McKay, si David Lawrence McKay, ang nagsalaysay ng sumusunod na karanasan:

"Nang naninirahan sina Itay at Inay sa 1037 East South Temple [sa Salt Lake City], may dumating na bata pang magkasintahan na sakay ng kotse, bumaba, at naupo sa damuhan sa harapan. Doon, niyaya ng lalaki ang babae na magpakasal. Ayon sa pagkakuwento niya sa isang kapamilya, iyo'y dahil 'Gusto kong maging huwaran ang aming pagsasama tulad nina Pangulo at Sister McKay.' "[4]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang tipan ng walang hanggang kasal ay naghahatid ng galak at nagpapatibay ng pag-iibigan.

Sa mga turo ng Simbahan ni Jesucristo, pinakamahalaga ang pamilya sa pag-unlad ng tao at ng lipunan. "Higit na mas maligaya ang mga nagtatamasa ng walang udlot na pagsasama, na ang pag-iibigan, na hindi napatid ng anumang reklamo, ay hindi maglalaho hanggang sa huling araw." Hindi ito maglalaho kapag naibuklod ng awtoridad ng Banal na Priesthood magpasawalang-hanggan. Ang seremonya ng kasal, kapag naibuklod nang gayon, ay nagdudulot ng ligaya at galak na di kayang higitan ng anumang iba pang karanasan sa mundo. "Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao." [Marcos 10:9.][5]

Ang kawalang-hanggan ng tipan sa kasal ay isang maluwalhating pahayag, na nagbibigay-katiyakan sa mga pusong binigkis

ng ginintuang tanikala ng pag-ibig at ibinuklod ng awtoridad ng Banal na Priesthood upang maging walang hanggan ang kanilang pagsasama.[6]

Isang salita tungkol sa kawalang-hanggan ng tipan sa kasal. . . . Tingnan natin ang prinsipyo nito. Isipin mo nga para sa akin ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao? . . . Ang pag-ibig ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao, at kung tinatanggap ninyo ang imortalidad ng kaluluwa, na ibig sabihi'y, kung naniniwala kayo na nananaig ang personalidad pagkamatay, kung gayo'y naniniwala kayo na nananaig din ang pag-ibig. Hindi ba tama iyon? At itatanong ko ito sa inyo: Sino ang mamahalin natin kapag nakilala natin ang mga personalidad na iyon sa kabilang buhay?

Totoong pinapayuhan tayo na mahalin ang lahat. Oo, dapat nating mahalin ang lahat ngayon; ngunit alam nating pareho na mahal natin ang pinakakilala natin. . . . Kapag nakita natin ang mga taong ito sa kawalang-hanggan, makikilala natin sila, dahil sa mga karanasan sa buhay na ito. At ang pagsasamang iyon ng magkasuyo ay magpapatuloy sa kabilang buhay. Kaya tayo ikinakasal—ibinubuklod—para sa buhay na ito at magpasawalang-hanggan. Hindi lang ito basta doktrina ng Simbahan—mahalagang katotohanan ito sa buhay at kaligayahan ng buong sangkatauhan. Bahagi ito ng karunungan na piliin ang Bahay ng Panginoon para [ipangako] ang inyong pagmamahal at ganap na ilaan ang inyong mga sumpaan.[7]

Sa mataas na pagpapahalaga sa kasal ayon sa ipinahayag kay Propetang Joseph Smith, iisa lamang ang dapat mithiin ng mga miyembro ng Simbahan, at iyon ay ang isaisip ang katotohanan na ang kasal, ang pundasyon ng lipunan, ay "inorden ng Diyos" [D at T 49:15] para sa pagtatatag ng mga permanenteng tahanan kung saan mapapalaki nang wasto at matuturuan ng mga alituntunin ng ebanghelyo ang mga bata.[8]

Alisin natin ang mababang pagtingin sa kasal at bigyan ito ng mataas na pagpapahalaga tulad ng ginagawa ng Diyos. Kahapon ay nakatayo ako sa altar ng templo, na maraming beses ko nang ginawa, at nakita ang dalawang puso—dalawang kaluluwa—na pinag-iisa, tulad ng dalawang hamog sa tangkay ng rosas pagsilay

ng araw sa umaga, ang isa ay umaanib sa isa, ang dalawa'y nagiging isa. Ang mataas na pagpapahalaga sa kasal sa isipan ng nobyong iyon, at ang pagpapahalaga ng nobya sa kasagraduhan ng kasal, sa palagay ko ay isa sa mga pinakadakilang bagay sa buong mundo. Mataas ang pagpapahalaga nila sa kasal, hindi mababa na para lang bigyang-kasiyahan ang kapusukan. Ituring natin ang kasal na sagradong obligasyon at ang tipan na pangwalang-hanggan hangga't maaari.[9]

Ang bigkis ng kasal ay dapat maging walang hanggan tulad ng pag-ibig, ang pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao. Kung gayo'y siguradong dapat magpatuloy ang bigkis hangga't isa sa mga katangian ng espiritu ang pag-ibig.[10]

---

**Mag-ingat tayo sa mga panganib na nakaamba sa pagsasama ng mag-asawa.**

Talagang ipinahihiwatig ng mga palatandaan ng panahon na nanganganib ang kasagraduhan ng tipan sa kasal. May mga lugar na mapagdarausan ng mga seremonya sa kasal anumang oras ng araw o gabi nang walang anumang pasubali. Ibinibigay ang lisensya at isinasagawa ang seremonya habang naghihintay ang magkasintahan. Maraming mag-asawa na nabitag sa gayong mga panunukso ang nabigo sa kanilang pagsasama at nagdusa. Sa ilang pagkakataon ang mga lugar na ito ay walang iba kundi mga oportunidad para sa imoralidad na ginawang legal. A, napakalayo nila sa talagang uliran! Hangga't kaya natin, dapat nating balaan ang mga magkasintahan laban sa sekreto at madaliang kasalan.

Mahalaga ring labanan ang mapanlinlang na impluwensiya ng mga babasahing nagsasaad ng "kawalang-silbi ng kasal," na nagtataguyod ng pagsasama nang walang kasal, at ipinapantay ang pakikiapid sa pakikipagkaibigan.[11]

Ang pag-aasawa ay sagradong relasyong pinapasukan para sa mga layuning alam ng lahat—unang-una ang pagpapalaki ng pamilya. Sinasabi ng ilang mapagmasid na tipong humahadlang ang modernong buhay ngayon sa mga layuning ito.[12]

Kung minsan ang mga taong mababa ang ambisyon at di makapagpigil ay pinahihintulutan ang kanilang kapusukan, na parang

nagwawalang mga kabayo, na isinasantabi ang matalinong pagpapasiya at pagpipigil sa sarili. Ito ang nagiging dahilan para magkasala sila na uusig sa kanilang budhi at habambuhay nilang pagsisisihan.

Sa panahong ito na nawawalan na ng kahihiyan, at hindi na uso ang kalinisang-puri, isinasamo ko sa inyo na panatilihing malinis at walang bahid-dungis ng kasalanang ito ang inyong kaluluwa, na ang kahihinatnan ay magpapakonsiyensiya sa inyo hanggang sa usigin nito ang inyong budhi at pandirihan ang inyong pagkatao. . . . Tandaan din ang kahalagahan ng sinabi ng Tagapagligtas na kung sinuman ang makiapid sa kanyang puso, hindi mapapasakanya ang Espiritu, kundi itatatwa ang pananampalataya at matatakot [tingnan sa D at T 63:16].[13]

Dalawampu't apat na taon na ang nagdaan nang umangkla ang barkong *Marama* sa labas ng batuhang koral sa paligid ng pulo ng Rarotonga, nagtanong sa kapitan ang isang pasaherong gustong bumaba kung bakit hindi niya inilapit nang husto ang barko sa daungan. Bilang sagot, sinabi ng sanay na marino na mapanganib ang karagatan at itinuro ang makina ng barkong *Maitai*, at ang tulis ng harapan ng isa pang barko, na litaw pa sa tubig—na kapwa hatid ang piping ebidensya ng panganib ng pag-angkla nang napakalapit sa pampang ng pulong naliligiran ng batuhang koral. "Dito tayo aangkla," sabi ng kapitan, "dahil mas ligtas na umiwas na magkapira-pirasong tulad ng dalawang barkong iyon, na ang kasko ay naiwan sa mapanganib na batuhan."

Ang pagbabalewala sa kasal, ang masamang payo na "magsama nang walang obligasyon," ang aba at napakasamang teoriya ng "malayang pakikipagtalik," at ang nakahandang mga hukuman sa diborsyo ay mapanganib na mga batuhang kinasasadlakan ng maraming pamilya.[14]

Mas liligaya kayo kung mas tatagal kayo sa piling ng inyong asawa. Inilalayo kayo ng negosyo sa tahanan. Nag-iisa siya roon. Huwag ninyong hayaang makihati ang ibang babae sa inyong pagmamahal, at angkop iyan sa babae at maging sa lalaki. Datirati akala ko'y hindi ganoon; na lalaki lang ang dapat sisihin sa gulo, sigalot at lungkot na napakadalas mangyari, ngunit kinailangan kong baguhin ang aking opinyon. Ang pagsasama ang daan

sa pagpapatuloy ng pagmamahalang naging dahilan ng inyong pagiging isa.[15]

Isa pang banta sa ating lipunan ang dumaraming diborsyo at tendensiyang ituring ang kasal bilang simpleng kontratang maaaring pawalang-bisa sa unang paghihirap o di pagkakaunawaang mangyayari.

Isa sa pinakamahahalagang pag-aari natin ang ating pamilya. Nangunguna at mas mahalaga sa buhay natin ngayon ang relasyon natin sa tahanan kaysa lahat ng iba pang pakikisama sa lipunan. Dito unang tumitibok ang puso at umuusbong ang marubdob na pag-ibig. Sa tahanan unang natututo ng magagandang pag-uugali ang tao. Ang mga responsibilidad, galak, lungkot, ngiti, luha, at malasakit nito ang bumubuo sa mga pangunahing interes sa buhay ng tao. . . .

Kapag inuna ng tao ang trabaho o paglilibang kaysa kanyang tahanan, sa sandaling iyon mismo ay magsisimulang humina ang kanyang kaluluwa. Kapag mas naaakit ang sinumang lalaki sa klab kaysa kanyang tahanan, panahon na para aminin niya nang buong kahihiyan na nagkulang siya sa pinakadakilang pagkakataon niya sa buhay at bumagsak sa huling pagsusulit ng tunay na pagkalalaki. . . . Ang pinakadukhang dampa kung saan namamayani ang pagmamahalan sa nagkakaisang pamilya ay mas mahalaga sa Diyos at sangkatauhan sa hinaharap kaysa anupamang yaman. Sa gayong tahanan makagagawa at gagawa ng mga himala ang Diyos.[16]

---

**Ang tagumpay na pag-aasawa ay nangangailangan ng patuloy na pagsusuyuan, pagsisikap, at katapatan.**

Gusto kong bigyang-diin ang *patuloy na pagsusuyuan*, at iangkop ito sa matatanda. Maraming mag-asawang nagpakasal na ang tingin sa seremonya ng kasal ay wakas ng pagsusuyuan sa halip na simula ng walang-hanggang suyuan. Huwag nating kalimutan na sa mga problema ng buhay-pamilya—at dumarating ang mga iyon—mas napahahalagahan ang magiliw na pasasalamat at magalang na kilos kaysa matatamis na araw at buwan ng pagsusuyuan. Nakatutulong sa pag-iibigang naghatid sa inyo sa altar ang mga salitang “salamat,” o “paumanhin,” o “pakiusap,”

sa parte ng asawa matapos ang seremonya at sa mga pagsubok na dumarating sa tahanan araw-araw. Makabubuting tandaan na talagang unti-unting namamatay ang pag-ibig katulad ng katawang walang sustansya. Nabubuhay ang pag-ibig sa kabaitan at paggalang. Makabuluhan na ang unang pahayag na kilala ng buong Kristiyanismo bilang Awit ng Pag-ibig, ay, "Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:4.] Hindi binibigyang-karapatan ng singsing sa kasal ang sinumang lalaki na maging malupit o mawalan ng konsiderasyon, ni sinumang babae na maging salaula, magalitin, o bugnutin.

Ang susunod na impluwensiya sa maligayang pagsasama ninyo ay tatawagin kong *pagpipigil sa sarili*. May maliliit na pangyayaring umiinis sa inyo, at mabilis kayong magsalita nang masakit, pasigaw, at makasugat-damdamin. Walang katangiang higit na nakatutulong sa kaligayahan at kapayapaan ng tahanan liban sa napakagandang katangian ng pag-iingat sa pagsasalita. Iwasang magbitiw ng masakit na salita na biglang pumapasok sa inyong isipan kung kayo'y nasaktan o may makita kayo sa iba na nakasama ng loob ninyo. Sinasabing sa pagliligawan ay dapat nating imulat ang ating mga mata, ngunit matapos ang kasal ay bahagyang ipikit ang mga ito. . . .

"Ang pag-aasawa ay relasyong hindi tatagal sa kasakiman, kawalan ng pasensiya, pagkadominante, pagkakaiba, at kakulangan sa respeto. Ang pag-aasawa ay relasyong umiiral sa pagtanggap, pagkakapantay-pantay, pagbabahagi, pagbibigay, pagtulong, pagganap, pagkatuto nang magkasama, katuwaan."[17]

Bawasan ang pagpuna sa mali, purihin ang magagandang katangian. Pagkalipas ng unang kilig ng pulutgata, nakikita na ng mga mag-asawa ang mga kahinaan at kakatwang ugaling hindi nila napuna noon. Dumarating sa babae ang mga responsibilidad ng pagiging ina. Mahirap nang magbayad ng utang. Kaya nagiging mapamintas tayo. Matuto sana tayong kontrolin ang sarili natin sa ganito. . . .

Hindi ko itatatwa ang katotohanan na ang kasal na may tunay na kapayapaan, pag-ibig, kadalisayan, kalinisang-puri, at kaligayahan, ay laging dinadaluhan ng espiritu ni Cristo, at ng araw-araw, oras-oras na pagpupunyagi matapos sundin nang buong

pagmamahal ang kanyang mga banal na utos, at lalo na, ang gabi-gabing dalangin ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap.

Tulungan nawa tayo ng Diyos na magtatag ng mga tahanan kung saan mararanasan ang langit sa lupa. Alam nating pareho na posible ito, hindi ito isang pangarap, ni haka-haka. Magiging magiliw ang pagsasama ng mag-asawa na lalong pinayayabong ng mga problema sa buhay. Magkakaroon tayo ng mga tahanang hinding-hindi maririnig ng mga bata ang bangayan o away ng mga magulang. Tulungan nawa tayo ng Diyos . . . na magtatag ng gayong mga tahanan, at turuan ang ating mga kabataan na magkakaroon ng sariling pamilya, na maitangi ang gayong huwaran.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang labis ninyong nagustuhan sa relasyon nina Pangulo at Sister McKay? Paano nakatutulong ang relasyon nilang ito sa kredibilidad [ni Pangulong McKay] na magpayo tungkol sa pag-aasawa?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang pag-ibig ang “pinakabanal na katangian ng kaluluwa ng tao” (pahina 167). Bakit ninyo ipinalalagay na totoo ito?
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng “ang kasal ay inorden ng Diyos”? (Tingnan sa mga pahina 166–68.) Ano dapat ang epekto ng kaalamang iyon sa saloobin natin tungkol sa kasal? Ano ang itinuturo ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” hinggil sa kasal?
- Anu-ano ang ilang panganib na nagbabanta sa mga mag-asawa ngayon? (Tingnan sa mga pahina 168–70.) Ano ang pagkakaiba ng pagtuturing sa kasal bilang isang tipan at ng pagtuturing dito bilang isang “simpleng kontrata?” Paano natin malulutas ang mga problema at sigalutan ng mag-asawa? (Tingnan sa mga pahina 170–72.)
- Bakit ipinagpapaliban o iniiwasan ng ilang tao ang pag-aasawa? Paano natin matutulungan ang iba na ituring ang kasal bilang “pinakamataas na huwaran” na binanggit ni Pangulong McKay?
- Bakit mahalaga ang patuloy na pagsusuyuan sa buong pagsasama ng mag-asawa? (Tingnan sa mga pahina 170–72.)

Paano ninyo napalakas ang relasyon ninyo sa inyong asawa? Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa ibang mag-asawa na patuloy na pinatitibay ang kanilang pagsasama?

- Bakit nakasisira ang masasakit na salita sa relasyon ng mag-asawa? Paano tayo mas makapagpipigil sa ganito? (Tingnan sa mga pahina 170–72.)
- Itinuro ni Pangulong McKay na walang kasal na tumatagal na walang "espiritu ni Cristo" (mga pahina 171–72). Paano natin maihahatid ang espiritu ni Cristo sa pagsasama ng mag-asawa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 19:3–8; Mga Taga Efeso 5:25; D at T 25:14; 42:22; 49:15–17; 131:1–4

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1969, 6–7.
2. Emma Ray Riggs McKay, *The Art of Rearing Children Peacefully* (1952), 10.
3. Sinipi sa David Lawrence McKay, *My Father, David O. McKay* (1989), 264.
4. *My Father, David O. McKay,* 1.
5. Sa Conference Report, Abr. 1956, 9; binago ang pagtatalata.
6. *Gospel Ideals* (1953), 463.
7. "As Youth Contemplates an Eternal Partnership," *Improvement Era,* Mar. 1938, 191.
8. Sa Conference Report, Abr. 1953, 16.
9. *Gospel Ideals,* 478.
10. Sa Conference Report, Abr. 1947, 119.
11. Sa Conference Report, Abr. 1969, 7.
12. Sa Conference Report, Abr. 1945, 141.
13. Sa Conference Report, Abr. 1951, 8–9; binago ang pagtatalata.
14. *Gospel Ideals,* 508–9.
15. Sa Conference Report, Abr. 1956, 9.
16. Sa Conference Report, Abr. 1964, 5.
17. Sa Conference Report, Abr. 1956, 8–9.
18. Sa Conference Report, Abr. 1952, 87.



*"Maging mas determinado nga tayong [pagbusayin] ang ating mga tahanan, . . . at magpasiyang sa ating mga tahanan ay bahagya nating matikman ang langit dito sa lupa."*

K A B A N A T A 1 6

# Ang Marangal na Tungkulin ng mga Magulang

*Protektahan ang inyong mga anak. Gabayan sila . . . sa pamamagitan ng halimbawa ng isang mabait na ama, isang mapagmahal na ina.*[1]

## Panimula

Madalas magpasalamat si Pangulong David O. McKay sa kanyang mga magulang at sa impluwensiya nila sa buhay niya: "Natuto ako [sa tatay ko] na magtrabaho at sumamba patungkol sa moral at espirituwal na mga aktibidad gayundin sa biglaan at temporal na mga bagay. Anuman ang ating tungkulin, anuman ang gawain, gawin natin ito, sa abot ng ating kaya.

"Ang magandang halimbawa ng nanay ko ay nanatili rin sa akin—ang kanyang kahinahunan at pasensiya at katapatan."[2]

Bunga nito malakas ang impluwensiya ni Pangulong McKay bilang mapagmahal na ama. Noong bata pa si David Lawrence, isa sa mga anak niyang lalaki, sinamahan nito ang kanyang ama sa karetela. "Tinawid namin ang rumaragasang ilog sa gitna ng unos," paggunita ni David Lawrence, "at napagitna kami sa ilog at sa maagos na batis sa bundok. Akala ko'y katapusan na ng mundo, at umiyak ako. Yakap ako ni Itay sa kanyang kandungan buong gabi hanggang masagip kami kinaumagahan. Mahirap suwayin ang isang lalaking nagmamahal at yumayakap sa iyo."[3]

Naalala ni David Lawrence na niliwanag nina David O. at Emma Ray McKay ang inaasahan nila sa kanilang mga anak at bilang mga magulang, "napakadisiplinado nila kaya hinding-hindi kami nalilito kapag nakikita namin silang kumikilos nang kakaiba sa dapat naming ikilos. . . . Ang pag-asa nilang ito ang nagturo sa amin ng landas na tatahakin, at dahil mahal namin sila,

naganyak kaming tahakin ang landas na iyon. Natutuhan namin silang mahalin dahil una nila kaming minahal nang husto."[4]

Ang halimbawa at payo ni Pangulong McKay sa mga magulang na Banal sa mga Huling Araw ay nagpakita ng kanyang pag-unawa sa kanilang mahalagang impluwensiya at nagbadya ng kanyang paniniwala na "walang ibang tagumpay na makakatumbas sa kabiguan sa tahanan."[5]

## Mga Turo ni David O. McKay

### May banal na responsibilidad ang mga magulang na pangalagaan at gabayan ang kanilang mga anak.

Ang pinakawalang-kayang nilikha sa mundo ay ang bagong panganak. Ang pangangalaga ng magulang ay mahalaga sa kaligtasan, gayundin sa paglaki nito. . . . Mga anak natin ang pinakamahalagang pag-aari natin, ang kayamanan natin sa kawalang-hanggan. Karapat-dapat at dapat silang makatanggap ng pinakamahusay at patuloy na pangangalaga at gabay natin. . . .

Ang pagluluwal ng mga bata sa mundo ay may kaakibat ng malalaking responsibilidad at ipinakikita nito ang pinakamarangal na layunin ng buhay, ang pakikipagtuwang sa Diyos na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." (Moises 1:39.)[6]

Ang Ama ng buong sangkatauhan ay umaasa sa mga magulang, bilang kanyang mga kinatawan, na tulungan siyang hubugin at gabayan ang mga tao at kaluluwang imortal. Iyan ang pinakamataas na tungkuling maibibigay ng Panginoon sa tao.[7]

Ang pagiging magulang . . . ay dapat ituring na sagradong obligasyon. May namamayani sa kaibuturan ng kaluluwa ng tao na naghihimagsik laban sa pabayang magulang. Itinanim ng Diyos sa kaibuturan ng kaluluwa ng mga magulang ang katotohanan na hindi nila matatakasan ang parusa sa pagpapabaya sa kanilang responsibilidad na protektahan ang mga bata at kabataan.

Tila lumalaganap ang tendensiya na ilipat ang responsibilidad na ito sa tahanan sa impluwensiya sa labas, tulad ng paaralan at simbahan. Mahalaga man ang mga impluwensiyang ito sa labas,

hinding-hindi nila kayang tumbasan ang impluwensiya ng ama't ina. Ang patuloy na pagsasanay, pangangalaga, pagsama, pagbabantay sa sarili nating mga anak ay kailangan para mapanatiling buo ang ating pamilya.[8]

Nakikita ang inspirasyon ng Diyos sa pag-uutos sa mga Banal sa mga Huling Araw na panatilihing buo ang kanilang pamilya at ituro sa mga anak nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. "At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon." Ang utos na ito ng Panginoon, na ibinigay sa atin sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 68, talata 28, ay nagpapatunay sa responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak—responsibilidad na madalas ipabalikat sa Simbahan, mga paaralang pampubliko, at mga maykapangyarihan.[9]

Tatlong grupo ang nagdadala ng responsibilidad sa pagtuturo sa mga bata: Una, ang pamilya; ikalawa, ang Simbahan; ikatlo, ang gobyerno. Pinakamahalaga rito ang pamilya. Ipinabalikat ng banal na utos ng Panginoon ang responsibilidad sa mga magulang, una, ituro ang doktrina ng pagsisisi; ikalawa, pananampalataya kay Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay; ikatlo, pagbibinyag at kumpirmasyon; ikaapat, turuang magdasal ang mga bata; ikalima, turuang lumakad nang matwid ang mga bata sa harapan ng Panginoon [tingnan sa D at T 68:25–28]. Ang mga magulang na tatakas sa responsibilidad na ito ay mananagot sa kasalanang pagpapabaya.[10]

Ang pinakadakilang pagtitiwalang maibibigay sa lalaki o babae ay ang pag-aaruga sa isang batang paslit. Kung magpabaya ang taong pinagkatiwalaan ng pondo ng ibang tao, maging bangko man ito, o opisyal ng bayan o bansa, dinarakip siya at maaaring makulong. Kung ibunyag ng taong pinagkatiwalaan ang mga sekreto ng gobyerno, at ipagkanulo ang kanyang bansa, tinatawag siyang traydor. Ano kaya ang iniisip ng Panginoon, kung gayon, sa mga magulang na bigong mapalaki nang wasto ang kanilang mga anak dahil sa kapabayaan o labis na kasakiman, at sa gayo'y mapatunayang di tapat sa pinakadakilang pagtitiwalang ibinigay sa mga tao? Ang tugon ng Panginoon: ". . . ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang." (D at T 68:25.)[11]

Walang pansamantala sa tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Gayundin sa relasyon ng pamilya. Sa Banal sa mga Huling Araw talagang pangunahing yunit ng lipunan ang tahanan; at ang pagiging magulang ay kasunod ng Pagkadiyos. Ang sekreto ng mabuting pagkamamamayan ay nasa tahanan. Ang sekreto ng pagkikintal ng pananampalataya sa Diyos, sa kanyang Anak, ang Manunubos ng mundo, pananalig sa mga organisasyon ng Simbahan, ay nasa tahanan. Doon ito nakasentro. Ipinagkatiwala ng Diyos sa mga magulang ang responsibilidad sa pagkikintal ng mga prinsipyong ito sa isipan ng mga bata. Lahat ng paaralan, organisasyon ng Simbahan, at ilang karapat-dapat na institusyon ng ating lipunan ay mga tulong sa pagpapalaki at paggabay sa mga kabataan, ngunit wala sa mga ito—dakila man at mahalaga sa buhay ng ating mga kabataan—ang makapapalit sa pagkapermanente at impluwensiya ng mga magulang sa tahanan.[12]

---

**Maaaring maging makapangyarihang impluwensiya ang mga ina sa kabutihan ng kanilang mga anak.**

Isa sa pinakamalaking kailangan ng mundo ngayon ay ang matalino at matapat na ina. . . .

Ang pagiging ina ang maaaring pinakamalaking impluwensiya sa buhay ng tao sa kabutihan man o sa kasamaan. Ang wangis ng ina ang unang nakikintal sa isip ng bata. Ang kanyang yakap ang unang gumigising sa kapanatagan; ang kanyang halik ang unang pagpapadama ng pagmamahal; ang kanyang awa at paggiliw ang unang patunay na may pag-ibig sa mundo.[13]

Pagiging ina ang pinakamarangal na katungkulan sa mundo. Ang tunay na pagiging ina ang pinakamaganda sa lahat ng sining, ang pinakadakila sa lahat ng propesyon. Siya na nakapipinta ng obra-maestra, o nakasusulat ng aklat na iimpluwensiya sa milyun-milyon, ay karapat-dapat hangaan at purihin ng sangkatauhan; ngunit siya na tagumpay na nakapagpapalaki ng malulusog at magagandang anak, na ang mga kaluluwang imortal ay iimpluwensiya sa buong panahon kapag kumupas na ang mga ipininta, at anayin o masira ang mga aklat at estatuwa, ay karapat-dapat sa pinakamataas na papuri ng tao, at sa pinakapiling mga biyaya ng Diyos.[14]

Ang mga ina ay nagtatanim ng mga binhi sa pagkabata na malaking basehan sa ani ng buhay sa pagtanda. Ang isang inang nagkikintal sa kaluluwa ng kanyang mga anak ng respeto sa isa't isa at pagmamahal sa pagiging ina at ama, ay malaki ang serbisyo sa Simbahan at sa sangkatauhan. Ang mga batang lumaki sa gayong klaseng tahanan ay nagiging mabubuting mamamayan—mga mamamayang nagsisilbi tulad ng kanilang mga magulang, upang ipaglaban ang mga ipinaglaban ng kanilang mga magulang. . . .

Ang pagiging ina ang isang bagay sa buong mundo na tunay na naghahalimbawa ng mabubuting katangiang bigay ng Diyos sa paglikha at pagsasakripisyo. Bagama't ibibingit nito ang babae sa kamatayan, ihahatid din siya ng pagkaina sa mismong kinaroroonan ng mga bukal ng buhay, at nagiging katuwang siya ng Maylikha sa pagbibigay sa mga espiritung walang hanggan ng pagkakataong mabuhay sa lupa.

Sa buong panahon ng pagiging sanggol, bata, at kabataan, oo, kahit maging magulang na ang kanyang mga anak, magiliw at mapagmahal pa ring nagsasakripisyo ang ina ng kanyang oras, kaginhawahan, kasiyahan, kailangang pahinga at paglilibang, at, kung kailangan, pati na kalusugan at mismong buhay niya para sa kanila. Walang salitang makapagpapahayag ng kapangyarihan at ganda at pagkauliran ng pag-ibig ng isang ina. . . .

. . . Kabilang sa pinakamahalagang yaman ng aking kaluluwa ang gunita ng mga dalangin ni Inay sa tabi ng higaan, ng kanyang mapagmahal na haplos habang kinukumutan niya kami ni kuya at hinahagkan bago matulog. Napakabata at pilyo pa namin noon para mapansin ang gayong katapatan, pero hindi na bata para malamang mahal kami ni Inay.

Ang tunay na pagmamahal ni Inay, at katapatan sa mga tagubilin ng ulirang ama, ang madalas na nagpaiwas sa akin sa kapusukan ng kabataan sa tukso.[15]

Walang mas marangal na gawain sa mundong ito na magagampanan ng sinumang ina kundi ang palakihin at mahalin ang mga batang kaloob ng Diyos sa kanya. Iyan ang tungkulin niya.[16]

**Dapat makibahagi ang mga ama sa pagpapalaki sa kanilang mga anak.**

Isang gabi, bandang alas-singko, apat na lalaking sakay ng kotse ang gumagaygay sa Main Street [sa Salt Lake City, Utah]. Paglagpas nila sa First South Street, nakarinig sila ng matinis na palahaw, "Papa! Papa! Papa! hintay." Ama niya ang nagmamaneho, at nakilala nito ang tinig ng kanyang anak. Dagli niyang itinigil ang makina. Pagsilip nila sa labas, nakita nilang sumulpot mula sa nagkukumahog at nagtutulakang mga tao ang siyam-nataong-gulang na batang lalaki, kapos ng hininga, humihingal, umiiyak, sa paghabol sa kotse. . . .

Wika ng ama, "Aba, saan ka galing, anak ko?"

"Kanina ko pa kayo hinahanap."

"E di, umalis ka sa pinagkasunduan nating tagpuan?"

"Opo, tiningnan ko kung saan kayo naroon."

Akala ng bata magkikita sila sa harap ng Tabernakulo. Malinaw na gusto ng ama na magkita sila ng bata sa banda pa roon. Dahil sa di pagkakaunawaang ito nawalay ang anak sa kanyang magulang, at naipit ang batang paslit sa kakapalan ng tao, at napabayaan.

Naniniwala ako na ipinakikita niyan ang tema ng babala na madalas marinig. Mga ama, hindi ba kayo magkaunawaan ng inyong mga anak? May nasadlak ba sa mga kagipitan sa buhay, naliligiran ng lahat ng uri ng tukso, at umaasa kayong makita siya sa tagpuang hindi niya alam? Baka hindi siya makalabas sa kagipitang iyon at magpalahaw ng, "Itay, Itay!" at kung sakali, baka hindi ninyo siya marinig, dahil nakapako ang isipan ninyo sa mga problema sa buhay. Kaya baka malagpasan ninyo siya at maiwan siya sa gitna ng kasamaan, para umuwing mag-isa. Samahan ang inyong mga anak sa landas ng buhay na ito, para madala ninyo sila sa walang-hanggang tahanang iyon na may walang-hanggang kapayapaan at katiwasayan.[17]

Ang ama, na nakakaligtaang hatian sa responsibilidad ang kanyang asawa sa pagpapalaki ng kanyang mga anak dahil sa mga responsibilidad sa negosyo o pulitika o lipunan, ay hindi tapat sa

mga obligasyon niya sa pag-aasawa. Siya ay negatibong elemento sa sana at dapat ay masayang kapaligiran sa tahanan, at posible itong pagsimulan ng hidwaan at masamang ugali.[18]

---

**Dapat mapagmahal na ituro ng mga magulang ang pagsunod at pagpipitagan.**

Dapat magsimula sa tahanan ang pagpipitagan at pagsunod sa batas. Tunay na nasa mga magulang ang responsibilidad na turuan ang kanilang mga anak na pagpitaganan ang Diyos sa lahat ng sagradong bagay, at igalang at sundin ang batas.[19]

Pagsunod ang unang batas sa langit, at ito ang batas sa tahanan. Walang tunay na kaligayahan sa tahanan kung walang pagsunod—pagsunod na natamo, hindi nang sapilitan, kundi dahil sa banal na elemento ng pag-ibig. Walang tahanan na walang pagmamahalan. Maaaring nakatira kayo sa palasyo pero wala namang tahanan, at maaaring yari sa kahoy ang bahay ninyo na sira ang bubong at sahig, at naroon ang pinakamaluwalhating tahanan sa buong mundo, kung sa apat na sulok ng bahay na iyon ay namamayani ang banal na prinsipyo ng pagmamahal, [na nagiging resulta] ng banal na pagsunod at pagtalima na nagbibigay-kabuluhan sa buhay.[20]

Kumakalat ang kung anu-anong haka-haka tungkol sa kalayaang magdesisyon ng mga bata sa sarili, at pangangalaga sa kanilang pagkatao. Ilan sa mga nagpapalaganap nito ay naniniwala na ang mga bata ay dapat hayaang lutasin ang sarili nilang problema nang walang patnubay ng mga magulang. May kabutihan ito, ngunit higit ang kamaliang dulot nito. . . .

. . . Dapat malaman ng bata na may limitasyon ang kanyang mga kilos, na may mga batas na hindi niya puwedeng suwayin nang hindi napaparusahan. Ang pag-ayon sa mga kundisyon sa tahanan ay madaling makamtan sa kabaitan, ngunit may kahigpitan. "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." [Tingnan sa Mga Kawikaan 22:6.][21]

[Kailangan] ng mga kabataan ng paggabay, patnubay, at wastong pagsaway. "Gawing unang leksyon ng inyong anak ang

pagkamasunurin, at madali na niyang matututuhan ang iba pa," wika ni Benjamin Franklin. . . . Dapat malaman nang maaga ng bata na hindi nilikha ang mundo para lang sa kanya; na may obligasyon siya sa iba. . . .

Responsibilidad din ng mga magulang sa pagsasanay na ito na huwag galitin ang mga bata [tingnan sa Mga Taga Efeso 6:4]. Dapat nilang isiping huwag mang-inis sa kauutos o kasusumbat. Hangga't maaari dapat silang magbigay ng lakas ng loob kaysa magreklamo o manumbat.[22]

---

**Malakas ang epekto ng halimbawa ng magulang sa buhay ng mga bata.**

May responsibilidad ang lahat, lalo na ang mga ama't ina, na magpakita sa mga bata at kabataan ng mga halimbawang dapat tularan. Dapat maging tapat ang mga magulang sa pagsunod sa batas at sa priesthood sa kanilang tahanan, upang makita ng mga bata ang wastong halimbawa.[23]

Tungkulin ng mga magulang at ng Simbahan hindi lamang ang ituro kundi ipamalas din sa mga kabataan na ang pamumuhay sa katotohanan at kadalisayang-puri ay naghahatid ng galak at ligaya, samantalang ang paglabag sa batas ng kabutihang-asal at ng lipunan ay nauuwi lamang sa sama ng loob, lungkot, at, kung labis-labis, ay sa kapahamakan.[24]

Tungkulin nating matatanda at mga magulang [ng ating mga anak] na pakitaan sila ng wastong halimbawa sa tahanan at sa lipunan. Responsibilidad nating ipakita sa ating mga anak ang katapatan natin sa paniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kahit kailan ang mga magulang ay hindi dapat magturo ng isang bagay tungkol sa ebanghelyo na kaiba naman sa kanilang ginagawa. Madaling matutong manloko ang mga bata.[25]

Ang pamilya ang nagbibigay sa bata ng kanyang pangalan at katayuan sa komunidad. Gusto ng isang bata na maging maayos ang kanyang pamilya tulad ng sa kanyang mga kaibigan. Gusto niyang maipagmalaki ang kanyang ama, at laging magkaroon ng inspirasyon tuwing iisipin ang kanyang ina.[26]

Tulungan nawa tayo ng Diyos na ipagtanggol ang katotohanan—higit pa roon, na maipamuhay ito, na makita ito sa ating

mga tahanan. . . . Bigyan nawa kayo ng Diyos ng lakas na taglayin ang impluwensiyang iyon, nang maging tapat ang inyong mga anak hanggang sa huli, hanggang kamatayan kung kailangan, sa katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo.[27]

Maging mas determinado nga tayong [paghusayin] ang ating mga tahanan, maging mas mababait na asawa, mas maalalahaning maybahay, mas uliran sa ating mga anak, at magpasiyang sa ating mga tahanan ay bahagya nating matikman ang langit dito sa lupa.[28]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Anu-ano ang mga tungkulin ng mga magulang sa plano ng Diyos "na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" ng Kanyang mga anak? (Tingnan sa mga pahina 176–78.) Paano hinahati ng mga ama at ina ang responsibilidad sa pagpapalaki ng mga anak sa kabutihan? (Tingnan sa mga pahina 178–81.)
- Bakit dapat unahin ng mga magulang ang kanilang mga anak at tahanan? Anong uri ng mga impluwensiya o gawain ang nag-uunahan sa oras ng pagsasama-sama ng pamilya? Paano mapananatili ng mga magulang sa tamang pamantayan ang mga aktibidad sa labas ng tahanan? Bakit mahalagang isama sa mga desisyong ito ang buong pamilya?
- Anong espesyal na relasyon ang dapat umiral sa pagitan ng ina at kanyang mga anak? (Tingnan sa mga pahina 178–79.) Sa anu-anong kakaibang mga paraan maiimpluwensiya ng mga ina sa kabutihan ang kanilang mga anak?
- Ano ang magagawa ng mga ama para makabahagi sa pagpapalaki ng kanilang mga anak? (Tingnan sa mga pahina 180–81.) Anong mga biyaya ang darating sa mga ama at anak sa mga oras na sila ay magkasama?
- Ano ang ilang epektibong paraan para maturuan ng mga magulang ang mga anak na maging masunurin at mapitagan? (Tingnan sa mga pahina 181–82.) Bakit mahalagang bahagi ng pagsisikap na ito ang pagmamahal? Ano ang magagawa ng mga magulang kapag sumusuway at naliligaw ng landas ang mga anak?

- Ano ang epekto sa mga anak ng magulang na "nagtuturo ng isang bagay tungkol sa ebanghelyo at iba ang ginagawa"? Ano ang nakita ninyong positibong impluwensiya ng halimbawa ng magulang sa mga anak? (Tingnan sa mga pahina 182–83.)
- Paano natin matutulungan ang mga magulang na nag-iisa na nagpupunyaging palakihin ang kanilang mga anak sa kabutihan?
- Sa palagay ninyo, bakit itinangi ng Panginoon ang mga responsibilidad ng magulang sa lahat ng iba pang responsibilidad? Bakit mahalagang maunawaan na ang tahanan ang pangunahing yunit ng Simbahan? Ano ang mga pagkakatulad na nakikita ninyo sa mga turo ni Pangulong McKay tungkol sa pamilya at sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Colosas 3:20–21; 1 Nephi 1:1; 8:35–38; Enos 1:1–3; Alma 56:41–48

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1967, 97.
2. *Secrets of a Happy Life,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1960), xii.
3. Sinipi sa *Remembering the McKays* (1970), ni John J Stewart, 30.
4. David Lawrence McKay, *My Father, David O. McKay* (1989), 99; binago ang pagtatalata.
5. Sinipi mula sa *Home: The Savior of Civilization* (1924), ni J. E. McCulloch, 42; sa Conference Report, Abr. 1935, 116.
6. Sa Conference Report, Okt. 1954, 8–9.
7. Sa Conference Report, Abr. 1955, 27.
8. Sa Conference Report, Abr. 1969, 7.
9. Sa Conference Report, Abr. 1966, 107.
10. Sa Conference Report, Okt. 1954, 8.
11. Sa Conference Report, Abr. 1955, 25–26.
12. *Stepping Stones to an Abundant Life,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1971), 358.
13. *True to the Faith: From the Sermons and Discourses of David O. McKay,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1966), 167–68.
14. *Pathways to Happiness,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1957), 116.
15. *Man May Know for Himself: Teachings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss (1967), 262–65.
16. Sa Conference Report, Abr. 1951, 81.
17. *Gospel Ideals* (1953), 489–90.
18. Sa Conference Report, Abr. 1965, 7.
19. Sa Conference Report, Abr. 1937, 30.
20. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 78.
21. Sa Conference Report, Abr. 1955, 27.
22. Sa Conference Report, Abr. 1959, 73.
23. Sa Conference Report, Okt. 1927, 12.
24. Sa Conference Report, Abr. 1967, 6.
25. Sa Conference Report, Abr. 1960, 120.
26. Sa Conference Report, Abr. 1945, 143.
27. Sa Conference Report, Abr. 1969, 97.
28. Sa Conference Report, Abr. 1952, 128.

# Isang Patotoo sa Katotohanan

*Ang patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo ang pinakasagrado at pinakamahalagang kaloob sa ating buhay, na natatamo lamang sa pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, hindi sa pagsunod sa kalakaran ng mundo.*[1]

## Panimula

Madalas ituro ni Pangulong David O. McKay ang kahalagahan ng pagkakamit ng personal na patotoo sa ebanghelyo, na nangangako na "hinding-hindi pababayaan ng Panginoon ang mga naghahanap sa kanya." Noong kabataan niya, hinangad tamuhin ni David O. McKay ang sarili niyang patotoo sa katotohanan. Sa paggunita sa panahong iyon ng kanyang buhay, isinulat niya:

"Kahit paano ay nagkaroon ako ng ideya sa pagkabata na hindi tayo magkakaroon ng patotoo hangga't hindi tayo nagkakaroon ng mga pahiwatig. Nabasa ko ang Unang Pangitain ni Propetang Joseph Smith, at alam kong alam niya na ang tinanggap niya ay mula sa Diyos. Narinig ko ang patotoo ng aking ama sa isang tinig na dumating sa kanya, at kahit paano ay nadama ko na iyon ang pinagmumulan ng lahat ng patotoo. Nalaman ko sa aking kabataan na ang pinakamahalagang bagay na matatamo ng tao sa buhay na ito ay isang patotoo sa kabanalan ng gawaing ito. Nasabik ako rito; nadama ko na kung magtatamo ako ng patotoo, lahat ng iba pa ay talagang mawawalan ng kabuluhan.

"Hindi ko kinaligtaang magdasal. Lagi kong inisip na sa lihim na dalangin, sa silid man o sa kakahuyan o sa mga burol, ang lugar para makamtan ang patotoo. Alinsunod dito, noong bata pa



*"Ang pinakamahalagang bagay sa mundo ay ang patotoo sa katotohanan."*

ako maraming beses akong lumuhod para manalangin sa may serviceberry bush habang nakaantabay ang kabayo ko sa tabing daan.

"Naaalala kong nangabayo ako sa mga burol ng Huntsville isang hapon, na iniisip ang mga bagay na ito at ipinalalagay na doon sa katahimikan ng mga burol ang pinakamabuting lugar na makamtan ang patotoong iyon. Pinatigil ko ang aking kabayo, inilagak ang renda sa kanyang ulunan, umurong nang ilang hakbang, at lumuhod sa tabi ng isang puno. Malinis at dalisay ang hangin, maningning ang sikat ng araw; mabango ang lumalagong damo at mga bulaklak. . . .

"Lumuhod ako at buong taimtim sa aking puso na ibinuhos ang aking kaluluwa sa Diyos at humiling ako ng patotoo ng ebanghelyong ito. Naniwala ako na magkakaroon ng kahit na anong pahiwatig; na makatatanggap ako ng kahit na anong pagbabagong papawi sa aking pag-aalinlangan.

"Tumayo ako, sumakay sa aking kabayo, at sa pagsisimula nitong tumakbo, napag-isip-isip ko at iiling-iling na sinabi ko sa aking sarili, 'Hindi, ginoo, walang pagbabago; ako pa rin ang dating batang lalaking iyon bago ako lumuhod.' Ang inaasahan kong pahiwatig ay hindi dumating."[2]

Kahit hindi niya natanggap kaagad ang pahiwatig na inaasahan niya, patuloy na naghangad ng personal na patotoo si Pangulong McKay. Nang lumaon ikinuwento niya na "ang espirituwal na pahiwatig na ipinagdasal ko noong binatilyo pa ako ay kusang dumating sa pagganap ng tungkulin."[3]

Sa sarili niyang karanasan itinuro ni Pangulong McKay na ang pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay isang susi sa pagtanggap ng patotoo. Pinatotohanan niya: "Kung gugustuhin ninyong yakapin ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan, madarama sa inyong kaluluwa ang basbas ng Espiritu Santo na magpapatotoo sa inyo na walang alinlangang ang Diyos ay buhay, na talagang siya ang ating Ama, at ito ang kanyang gawain na itinatag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Iyan ang aking patotoo—ang pinakamahalagang bagay sa buhay!"[4]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang patotoo sa katotohanan ang pinakamahalagang pag-aari sa mundo.

Walang anumang maaangkin ang tao sa mundong ito, na higit na magdudulot ng ginhawa, pag-asa at pananampalataya kaysa patotoo sa pag-iral ng isang Ama sa Langit na nagmamahal sa atin, o ng katotohanan ni Jesucristo, ang Bugtong na Anak niya, na nagpakita ang dalawang makalangit na personahe kay Propetang Joseph at itinatag ang Simbahan ni Jesucristo, at opisyal na binigyang-karapatan ang mga taong iyon na katawanin ang Diyos.[5]

Ang pinakamahalagang bagay sa mundo ay ang patotoo sa katotohanan. . . . Hindi tumatanda kailanman ang katotohanan, at ang katotohanan ay na ang Diyos ang pinagmumulan ng Priesthood . . . ; na Siya ay buhay, na si Jesucristo, ang dakilang High Priest, ang namumuno sa Simbahang ito.[6]

Pinatotohanan na ng Espiritu na tayo'y mga anak ng ating Ama sa Langit. May patotoo na tayo na ang Diyos ay nabubuhay. May patotoo na tayo na si Cristo, na ipinako sa krus at bumangon at nabuhay na mag-uli sa ikatlong araw, ang pinuno ng kanyang Simbahan. Pinatotohanan na ng Espiritu na inihayag niya sa dispensasyong ito ang ebanghelyo ni Jesucristo, na muling itinatag sa lupa sa kaganapan nito. Ang ebanghelyo ni Jesucristo, ayon sa inihayag kay Propetang Joseph Smith, ay tunay na kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng paraan tungo sa kaligtasan [tingnan sa Mga Taga Roma 1:16]. Binibigyan nito ng perpektong buhay dito ang bawat tao, at sa pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay binibigyan tayo nito ng buhay na walang hanggan.[7]

Itangi sa inyong puso ang patotoo sa katotohanan; pagtibayin ito na tulad ng mga bituin sa kalangitan. Nawa'y sumapuso ng lahat at sumaating mga tahanan ang tunay na espiritu ni Cristo, ang ating Manunubos, na ang katotohanan, ang nakapagbibigay-inspirasyong patnubay ay alam kong totoo.[8]

**Kapag sumusunod tayo, tumatanggap tayo ng patotoo sa pamamagitan ng Espiritu.**

*Kadalisayan ng pag-iisip*, at *tapat na pusong hangad ang patnubay* ng Tagapagligtas *araw-araw* ang aakay sa patotoo ng katotohanan ng Ebanghelyo ni Cristo na kasintiyak at kasintatag ng angkin ni Pedro . . . matapos makita ang transpigurasyon ni Cristo, at marinig ang tinig ng Diyos na nagpapatotoo sa Kanyang kabanalan [tingnan sa Mateo 17:1–5].[9]

Iniisip ko kung ilan sa atin ang nagtuturo . . . [sa mga kabataan] *kung paano* sila [makatatanggap ng patotoo]. Sapat ba nating binibigyang-diin ang katotohanan na hinding-hindi nila ito malalaman kung maglulunoy sila sa kasalanan; hinding-hindi nila ito malalaman kung binibigyang-kasiyahan nila ang kanilang mga kapusukan at hilig. "Ang aking Espiritu ay hindi tuwinang papatnubay sa tao." (Gen. 6:3; D at T 1:33; Moises 8:17.) Ang Kanyang espiritu ay hindi mananahan sa maruruming tabernakulo. ("Ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo." Helaman 4:24.) At hindi kayo magkakaroon ng patotoo nang walang Espiritu ng Diyos. . . .

. . . Heto ang tanong—Paano ko malalaman? Sinagot na ito ni Jesus, nang ipakita niya ang daan sa bawat aspeto ng buhay. Isang araw, nang magpatotoo siya sa kanyang kabanalan, na ang kanyang mga turo ay sa Diyos, sinabi sa kanya ng nakapaligid na mga Fariseo at ng iba pa, "Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nagaral kailan man?" Paano namin malalaman (iyan ang kanilang tanong), na ikaw ay banal? At simple ang tugon niya: "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:15, 17.) May tiyak na sagot—isang malinaw na pahayag. . . . "Kung gagawin ninyo ang kanyang kalooban, malalaman ninyo." At, "ang makilala ang Diyos, at si Jesucristo, na isinugo niya, ay buhay na walang hanggan." [Tingnan sa Juan 17:3.][10]

At ipinagkaloob sa ilan, wika ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, na malaman sa pamamagitan ng Espiritu Santo na si Jesus

ang Anak ng Diyos at Siya'y ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng mundo [tingnan sa D at T 46:13]. Sila ang sinasabi ko na matatag na naninindigan sa bato ng pahayag sa patotoong hatid nila sa mundo. Ngunit sinabi pa ng Panginoon na may mga ibang pinagkalooban na maniwala sa patotoo ng iba, upang matanggap din nila ang kaligtasan kung tapat silang magpapatuloy [tingnan sa D at T 46:14]. Sa lahat ng ito, gayunpaman, dumarating din ang patotoo sa araw-araw na karanasan.

Nakatatagpo ng pagpapatibay ng kanilang patotoo ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo sa bawat pagganap ng tungkulin. Batid nilang itinuturo sa kanila ng ebanghelyo na maging mas mabuting tao; na pinalalakas ang mga lalaki at mas nagiging tapat ang mga babae sa pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Araw-araw dumarating ang gayong kaalaman sa kanila, at hindi nila ito maitatatuwa; batid nila na ang pagsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo ay nagpapabuti at ginagawa nitong mas tapat na asawa ang mga lalaki, mas tapat at mararangal ang maybahay, at masunurin ang mga anak. Batid nila na ang pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa lahat ng aspeto ay ginagawa silang mga ulirang haligi ng tahanan; naroon ang huwaran; nadarama nila ito, hindi nila ito maitatatuwa, alam nila ito, at batid nila na ang pagsuway sa mga alituntuning ito ay kabaligtaran ang epekto sa buhay nila at sa kanilang mga tahanan. Batid nila na ang pagsunod sa ebanghelyo ay naghahatid ng tunay na kapatiran at pakikisama sa sangkatauhan; batid nila na mas matitino silang mamamayan dahil sa pagsunod sa mga batas at ordenansa. Kaya, sa araw-araw nilang pagkilos, at pamumuhay ng relihiyon sa kanilang trabaho, nababanaag ang katotohanan ng Ebanghelyo sa kanilang buhay.[11]

Walang dudang nakakilala na kayo ng mga taong . . . nagtataka kung bakit nakikita sa Simbahang ito ang gayong sigla at pag-unlad. Ang sekreto ay ito, na bawat tapat na Banal sa mga Huling Araw ay nag-aangkin ng katiyakan na ito ang gawain ng Diyos, ang gayunding kapangyarihang nagbigay kina Pedro at Juan ng lakas na harapin ang mga nagparatang sa kanila at hayagan at buong tapang na ipahayag sa Sanedrin na "si Jesus na ipinako ninyo sa krus ang may kapangyarihan na nagpagaling sa

taong ito," na tanging pangalan lang Niya ang ibinigay sa mga tao para maligtas sila [tingnan sa Mga Gawa 4:10, 12].

Ang sekreto ay nasa patotoong taglay ng bawat taong tapat sa pagiging miyembro ng Simbahan ni Cristo, na ang ebanghelyo ay naglalaman ng mga wastong alituntunin. . . . Inihayag ang patotoong ito sa bawat tapat na lalaki at babaeng umaayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo, sumusunod sa mga ordenansa at karapat-dapat at nakatatanggap ng Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo, upang gabayan sila. Bawat tao ay naninindigan sa sarili sa patotoong iyon, tulad ng libu-libong bombilya na tumatanglaw nang husto sa Salt Lake City . . . sa gabi, na umiilaw at nagliliwanag sa sarili nitong kapaligiran, subalit ang mga liwanag nito ay nagmumula sa iisang lakas, iisang enerhiya, na siyang pinagmumulan ng liwanag ng iba pang tumatanggap ng kanilang enerhiya.[12]

Kung natanggap natin ang pagsaksi ng tao, ang pagsaksi ng Diyos ay mas dakila, dahil ito ang pagsaksi ng Diyos sa kanyang Anak: "Ang nananampalataya sa Anak ng Dios ay may patotoo sa kaniya." [I Juan 5:10.] May pagsaksi ng Espiritu. Tunay na inihahayag ng Diyos sa tao ngayon ang katotohanan ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon, ang kabanalan ng dakilang gawaing ito, ang katotohanan, ang banal at walang hanggang katotohanan, na ang Diyos ay buhay, hindi bilang kapangyarihan, diwa, lakas, o kuryente, kundi bilang ating Ama sa Langit. . . . Inihahayag ng Diyos sa kaluluwa ang kanyang pag-iral. Inihahayag Niya ang kabanalan ng Panginoong Jesucristo, na bumaba sa lupa upang ibigay sa tao ang dakilang katotohanan ng pag-iral ng Diyos at ng kanyang Anak.[13]

Sa katotohanan bilang ating gabay, kasama, kaibigan, inspirasyon, ay matutuwa tayo na malaman na ang ating angkan ay Walang Hanggan, at lahat ng walang kabuluhang pagsubok, lungkot, at dusa ng buhay na ito ay maglalahong gaya ng pansamantala, walang-saysay na pangitaing nakita sa panaginip. Iyan ang ating pribilehiyo dahil sa biyaya at patnubay ng Diyos kung ipamumuhay natin sa araw-araw ang mga espirituwal na biyaya at pribilehiyo ng ebanghelyo ni Jesucristo.[14]

**Ang patotoo sa ebanghelyo ay angkla sa kaluluwa.**

Ang patotoo sa ebanghelyo ay angkla sa kaluluwa sa gitna ng pagkalito at kaguluhan. . . . Ang kaalaman sa Diyos at Kanyang mga batas, ay nangangahulugan ng katatagan, kapanatagan, kapayapaan, taglay ang pusong puspos ng pagmamahal na tumutulong sa kapwa tao na naghahandog ng gayunding mga biyaya, gayunding mga pribilehiyo.[15]

Hindi natin talagang mapaniniwalaan na tayo'y mga anak ng Diyos, na ang Diyos ay umiiral, nang hindi naniniwala sa huling di-maiiwasang tagumpay ng katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kung paniniwalaan natin iyon, maiibsan ang problema natin tungkol sa pagkawasak ng mundo at ng kasalukuyang sibilisasyon, dahil itinatag na ng Diyos ang kanyang Simbahan na hinding-hindi na mawawasak ni maipamimigay sa ibang tao. At habang buhay ang Diyos, at tapat ang kanyang mga tao sa kanya at sa isa't isa, hindi tayo kailangang mag-alala tungkol sa pagtatagumpay ng katotohanan sa huli.

. . . Kung nasa panig ninyo ang katotohanan, malalampasan ninyo ang kasamaan ng paninirang-puri, kasinungalingan, at pang-aabuso, nang walang-takot na para bagang may mahiwagang kalasag kayo na hindi tinatablan ng bala, ni ng sibat. Maitataas ninyo ang inyong noo, makapagmamalaki, matititigan sa mata ang lahat ng tao nang payapa at walang kurap. . . . Malalaman ninyo na sa huli'y maaayos din ang lahat; na hindi ito mapipigilan; na lahat ay dapat takasan ang dakilang ningning ng katotohanan, tulad ng pagtalilis ng kadiliman tungo sa kawalan dahil sa sinag ng araw.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo? Bakit patotoo ang pinakamahalagang pag-aaring matatamo natin? (Tingnan sa pahina 188.) Bakit mahalaga na magkaroon ng patotoo ang bawat isa sa atin?

- Ano ang dapat nating gawin upang makatanggap ng pagsaksi sa katotohanan? (Tingnan sa mga pahina 189–91.) Bakit mahalagang bahagi ng malakas na patotoo ang pagsunod? Ano ang papel ng Espiritu Santo sa pagtatamo natin ng patotoo?
- Bakit mahalaga na patuloy na palakasin ang ating patotoo habambuhay? Anong mga paraan ang napatunayan ninyong magpapayaman ng inyong patotoo?
- Ano ang magagawa natin upang matulungan ang ating mga anak na makatanggap ng patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo?
- Itinuro ni Pangulong McKay na ang "patotoo sa ebanghelyo ay angkla sa kaluluwa" (pahina 192). Bakit natin kailangan ang patotoo para iangkla ang ating kaluluwa? (Tingnan sa pahina 192.) Paano kayo naprotektahan at napalakas ng inyong patotoo sa mga pagsubok sa buhay?
- Bakit mahalagang ibahagi ang ating patotoo sa iba? Anu-anong mga biyaya ang nakamit ninyo nang dahil sa pagpapatotoo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 16:13–17; Lucas 22:32; Juan 7:17; 14:26; Eter 12:4; Moroni 10:3–5; D at T 1:39; 93:24–28

## *Mga Tala*


1. *Treasures of Life,* tinipon ni Clare Middlemiss (1962), 228.
2. *Treasures of Life,* 228–30.
3. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 7.
4. *Treasures of Life,* 232.
5. Sa Conference Report, Okt. 1953, 88.
6. Sa Conference Report, Abr. 1948, 172.
7. Sa Conference Report, Okt. 1966, 136.
8. Sa Conference Report, Okt. 1965, 145–46.
9. *Ancient Apostles* (1918), 49.
10. Sa Conference Report, Okt. 1953, 88–89.
11. Sa Conference Report, Abr. 1912, 121; binago ang pagtatalata.
12. Sa Conference Report, Okt. 1912, 120–21.
13. Sa Conference Report, Okt. 1925, 111.
14. Sa Conference Report, Abr. 1958, 130.
15. Sa Conference Report, Okt. 1912, 122.
16. Sa Conference Report, Abr. 1969, 152.



*"Sa nanlalabong mga matang luhaan, nakita [ni Pedro] ang tunay na katangian ng pagkalalaki sa halimbawa ni Jesus—Pagpipitagan, Kabaitan, Pagtitiyaga, Katapatan, Katapangan."*

# Tapang na Mamuhay nang Matwid

*Ang pinakamalaking pangangailangan sa mundo ngayon ay pananampalataya sa Diyos at tapang na gawin ang kanyang kalooban.*[1]

## Panimula

Sa mensahe sa isang pangkalahatang kumperensya, isinalaysay ni Pangulong David O. McKay ang kuwento ng isang lalaking nagngangalang James L. Gordon:

"Isang batang lalaki . . . ang nagpasiyang maging aprentis sa isang samahan ng mga karpintero. Matalino ang binatilyong ito, at tuwang-tuwa ang mga lalaki na tanggapin siya. Sabi nila, 'Halika, uminom tayo sa pagpasok ng binatilyong ito sa ating grupo!' Nagsalin sila ng serbesa [at] inabot sa kanya ang baso.

"Hindi po, salamat, hindi po ako umiinom,' wika niya.

" 'Aba,' sabi ng walang pitagang matanda, 'di puwedeng makasama sa grupo ang hindi manginginom.'

" 'Eh,' sabi ng binatilyo, 'magkakaroon kayo kung isasama ninyo ako.'

"Pinitserahan siya ng isa pa at ang sabi, 'Bata, iinumin mo ang serbesang ito kung hindi ay ibubuhos ko ito sa iyo!"

" 'Gano'n ho ba, dumating ako rito na malinis ang dyaket at budhi. Marahil nga marurumihan ninyo ang dyaket ko, pero hindi ninyo madudungisan ang pagkatao ko.'

Ganito ang napuna ni Pangulong McKay sa binatilyo sa kuwento:

"Sinanay siya—ginagamit ko nang wasto ang salitang iyon—hindi lang tinuruan, kundi sinanay upang maiwasan ang tabako at alak. Iyan ang sinasabi kong tapang ng kalooban.

Ang pinakamalaking pangangailangan sa mundo ngayon ay pananampalataya sa Diyos at tapang na gawin ang kanyang kalooban."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang Tagapagligtas ang pinakadakilang halimbawa ng katapangan.

Siya na gabay at dapat maging gabay sa buhay natin ang siyang pinakamatapang sa lahat ng tao. "Kay Jesus nakikita natin ang pinakamatinding kagitingan; pinakadakilang katapangan; pinakasukdulang kabayanihan." Ipinagtatanggol ng tunay na kabayanihan ang karapatan at walang takot na hinaharap ang kapahamakan. Patungkol dito ang Tagapagligtas ang halimbawa ng tunay na katapangan at kabayanihan. Para mailarawan ito, ang kailangan ko lang banggitin ay ang paglilinis sa templo [tingnan sa Mateo 21:12–13]; o ang walang takot niyang pagsasabi ng katotohanan nang palayasin siya ng mga kapitbahay niya mula sa Nasaret [tingnan sa Lucas 4:16–32, 43–44]; o nang ang limang libo sa Capernaum . . . [ay nabawasan at] bumaling siya [sa Labindalawa] at nagsabi, "Ibig baga ninyong magsialis din naman?" [Tingnan sa Juan 6:66–67.] Gayunman, kahit minsan ay hindi nawalan ng pag-asa o umiba ng landas ang Maestro. Ito ang uri ng katapangang kailangan natin sa mundo ngayon.[3]

Pagpunta ng mga sundalo para dakpin si Jesus, si Pedro . . . ay iniligtas ang kanyang Maestro, "nagbunot [ng kanyang tabak], at sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas ang kaniyang kanang tainga." [Tingnan sa Juan 18:10.] . . . "Isalong mo ang iyong tabak," ang utos ng Tagapagligtas, "ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi ko baga iinuman?" [Juan 18:11.] Kay laking leksyon kay Pedro! Bagama't nagdusa at namatay ang Panginoon dahil sa pagtupad sa tungkulin, hindi pa rin nabawasan ang Kanyang lakas. . . .

Nabawasan ang lakas at katapatan ni Pedro; ngunit hindi rin niya maatim na tumakas gaya ng iba. Hindi rin naman niya masabing mas mabuti pang sumama kay Jesus; kaya hindi rin niya

ginawa, pero "sumunod sa kaniya sa malayo, hanggang sa loob ng looban ng dakilang saserdote." [Marcos 14:54.] Noong una, nanatili siya sa labas, pero nang lumaon ay nakiumpok din siya sa mga tagapaglingkod. . . .

[Matapos tatlong beses na itatwa ni Pedro ang Panginoon], ang Tagapagligtas ay . . . "lumingon . . . at tinitigan si Pedro." Nang maalala niya ang sinabi ng kanyang Panginoon, "Bago tumilaok ang manok ngayon, ay ikakaila mo akong makaitlo," lumabas si Pedro at nanangis. [Tingnan sa Lucas 22:54–62.]

Sang-ayon sa kuwento nang si Pedro ay "walang imik na umalis sa harapan ng lahat . . . at pinuno ng kanyang panangis ang katahimikan," ay napakabigat ng kanyang pagdurusa kung kaya napag-isa siya buong araw ng Biyernes at Sabado matapos ipako sa krus ang Tagapagligtas. Kung gayon, ang kalungkutan niya sa kanyang ginawa ay lumala pa nang maalala niya ang maraming mabubuting salita ng Tagapagligtas sa kanya, at ang maraming-maraming maliligayang sandali sa piling ng Panginoon. Bawat kataga at kilos at tingin ng kanyang Maestro ay nagugunita niya nang may bagong kahulugan. . . . Sa nanlalabong mga matang luhaan, nakita niya ang tunay na katangian ng pagkalalaki sa halimbawa ni Jesus—Pagpipitagan, Kabaitan, Pagtitiyaga, Katapatan, Katapangan.[4]

Ang pag-asa at kapalaran ng mundo ay nakasentro sa Taong taga Galilea, ang Panginoon at Tagapagligtas nating si Jesucristo. Sa sandali ng inyong pakikibaka sa maghapon, isipin nga ninyong mabuti at tingnan kung talagang naniniwala kayo riyan? [Isang manunulat] ang minsa'y nagtanong: "Si Jesus ba ay isa lang alamat sa kasaysayan, isang Santo na naipipinta sa stained glass ng mga bintana ng simbahan, . . . hindi dapat lapitan at banggitin sa pangalan, o siya pa rin ang dati nang buhay siya, isang katotohanan, isang lalaking may damdaming tulad ng sa atin, isang nakatatandang kapatid, isang gabay, isang tagapayo, isang tagaaliw, isang dakilang tinig na tumatawag sa atin mula sa nakaraan na mamuhay nang marangal, matapang na gumabay, at manatiling matapang hanggang sa huli." Ano siya sa iyo, kapwa ko manggagawa?[5]

## Ang katapangan ay nanggagaling sa pananampalataya at pag-asa.

Mas malaki ang responsibilidad natin kaysa rati na malaman at maipamuhay ang Ebanghelyo ni Jesucristo. Mas malaki ang gawain natin. Hindi pa tapos ang huling gawain. . . . Kailangan natin ng tapang na pasukin ang mga bagong lugar na iyon; tapang na harapin ang mga sitwasyon at kundisyon natin ngayon, at iyan ang dahilan kung bakit napili ko ang tekstong, “Kayo’y mangagpakalakas, at mangagdalang tapang ang inyong puso, kayong lahat na nagsisiasa sa Panginoon.” [Mga Awit 31:24.]

May dalawang alituntunin sa pangakong ito na dapat itangi ng bawat tunay na relihiyoso—pananampalataya at katapangan. Ano ang ipinahihiwatig sa tekstong ito? Batid natin ang katiyakan na may tiwala ang Panginoon sa kanyang mga tao; kung gayon, huwag mawalan ng pag-asa, kundi maging matapang at hindi mawawalan ng kabuluhan ang kanilang pag-asa. Pananampalataya sa Diyos, tiwala, kumpiyansa sa ating kapwa-tao, tapang ng ating mga pinaniniwalaan, ang magbibigay-lakas sa atin sa dakong huli upang makamtan ang anumang mabuting mithiin.[6]

Taglay ang pananampalataya sa isang makapangyarihan, sa personal at malapit na proteksyon ng ating Ama—at gusto nating isiping gayon siya, isang mapagmahal na Ama—harapin natin ang ating mga paghihirap nang buong tapang.[7]

## Dapat magkaroon ng tapang ang mga kabataan upang mapanatili ang mga espirituwal na pinahahalagahan.

[Ang paninindigan sa] ating mga mithiin ay isa pang larangan kung saan makapagpapakita tayo ng tapang, at magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos na pinagtitiwalaan natin. Sa mga panahong ito dapat maging listo ang tao, at huwag magpatangay sa mga prinsipyo ng iba’t ibang teoriyang iniaalay bilang gamot sa lahat ng hinaing natin sa ngayon. Kailangan sa ngayon ang matatapang na kabataang paninindigan ang pamantayang moral. Sa larangang iyon makikita natin ang tunay na katapangan ng loob. Ang kabayanihan daw ay tinipong katapangan. Pero, hindi lahat ng pinakamagigiting nating bayani ay laging natatagpuan sa larangan ng



*"Gaya ng mga kabataang mandirigma ni Helaman, dapat tayong maging "napakagigiting, at gayundin sa lakas at gawain" at "tapat sa lahat ng panahon" (Alma 53:20).*

digmaan. Palagay ko'y makikita rin sila sa ating mga kabataan. Mga kabataan na, kapag nasa lipunan, ay hindi takot na manindigan at tuligsain ang mga bagay na alam nating nagpapahina sa pagkatao, na nagbibigay sigla sa buhay ng kabataan.

"Hindi pa naganap sa kasaysayan ng mundo," sabi [ng isang manunulat], "na mas kailangan ang mga bayaning may moralidad. Naghihintay pa ang mundo sa gayon. Pagpapala ng Diyos ang utusan ang siyensiya na magtrabaho at ihanda ang daan para dito. Para sa kanila inihahanda niya ang daang-bakal, at inilalatag ang kanyang mga alambre, at nilalagyan ng mga tulay ang karagatan. Ngunit nasaan sila? Sino ang magpapatayog sa ating mamamayan at pulitika?" "Ang pinakamahalaga sa mundo," wika ng isang dakilang

siyentipiko, "ay hindi ang nadiskubre nina Galileo, Faraday, at ng iba pa, kundi ang paniniwala sa katotohanan ng moral at espirituwal na pinahahalagahan." Pinakikiusapan ko ang mga kabataan na maging matapang sa pagpapanatili ng mga moral at espirituwal na pinahahalagahan ng Ebanghelyo ni Jesucristo. Kunsabagay, "Ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" [Mateo 16:26.][8]

Ang layunin ng edukasyon ay dagdagan ang kakayahan ng bata na magiging kapaki-pakinabang sa kanya habambuhay. Para makilala niyang mabuti ang sarili upang hindi siya kailanman maging alipin ng pagbibigay-layaw sa hilig o ng iba pang mga kahinaan. Para maging [matatag] ang pakalalaki, mabuting pagkababae upang sa bawat bata at kabataan ay makita man lang ang pangako ng pagiging kaibigan, kompanyon, o sa kalaunan ay maging mabuting kabiyak, ulirang ama o mapagmahal at matalinong ina. Para magawa niyang harapin ang buhay nang buong tapang, ang kapahamakan nang may katatagan, at pati na ang kamatayan nang walang takot.[9]

Nabasa ko mula sa ikalimampu't tatlong kabanata ng Alma, na nagsalaysay ukol sa mga binatilyong napakagigiting sa tapang, lakas, at gawain—tapat sa lahat ng panahon sa anumang bagay na ipinagkatiwala sa kanila. Sino ang mga binatilyong ito? Sila ang mga anak ng mga magulang na pare-parehong tapat sa bawat pagtitiwala. Mga magulang nila ang mga Lamanitang nagbalik-loob na, nang mapasakanila ang Espiritu ng Diyos, ay inilaan ang kanilang buhay sa paglilingkod sa kapwa. Sa kanilang ministeryo sa Simbahan ay nakipagtipan silang hindi na makikipaglaban sa kanilang mga kapatid, hinding-hindi na makikidigma. Gayon ang kanilang sumpa; gayon ang kanilang tipan; at tapat sila rito hanggang kamatayan.[10]

Nakikiusap ako sa mga kabataan na maging matapang sa pagpapanatili ng moral at espirituwal na mga pinahahalagahan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan ng mundo ang mga bayaning may kagandahang-asal![11]

Sa mga kataga ng [isang manunulat]: . . . "Dalawang landas ang bukas para sa inyo—ang isa'y pababa nang pababa, kung

saan maririnig ang mga panaghoy ng kawalang-pag-asa . . . ; at ang isa nama'y papataas kung saan maririnig ang masasayang hiyawan ng sangkatauhan at ginagantimpalaan ng imortalidad ang tapat na pagsisikap.". . .

Sa pagpili, . . . nawa'y bigyan kayo ng Diyos ng maliwanag na pananaw, malinaw na paningin, matibay na kalooban, matapang na puso. Kapag nakapili kayo nang matalino, makalalakad kayo nang taas-noo, at mababakas sa inyong mukha na wala kayong pinagkasalahan. Kahit bumigat ang mga tungkulin sa buhay at manghina sa kalungkutan, nawa'y mapanatili kayong matapang ng ilaw ng buhay ni Cristo.[12]

---

**Sa pamamagitan ng tapang ng loob, madadaig natin ang mga hirap ng buhay.**

Ang katapangan ay katangian ng isipan na tumutugon sa panganib o oposisyon na may kahinahunan at katatagan, na nagbibigay-kakayahan sa tao na harapin ang mga hirap sa kanyang landasin tungo sa mabuting tagumpay. . . . Ang katapangan ay nagpapahiwatig ng pagharap sa mga suliranin at pagdaig sa mga ito.[13]

Madaling gumawa ng tama kapag mababait ang kasama mo, pero hindi madaling ipaglaban ang tama kapag karamihan sa mga tao ay laban dito; subalit, iyon ang oras para magpakita ng tunay na katapangan. Si Propetang Joseph, halimbawa, ay kinutya at inusig sa pagsasabing nakakita siya ng isang pangitain, ngunit naging tapat siya sa kanyang patotoo. Bagama't siya "ay kinamuhian at inusig subalit sinabi niyang totoo na kinausap siya ng Diyos," at *"Ang buong daigdig ay hindi siya mapag-iisip o mapaniniwala nang taliwas dito."* [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:24–25; idinagdag ang italics.]

Ang gayong katapangan at katatagan ay dapat taglayin ng lahat. Kapag batid ng isang tao ang tama dapat siyang maging matapang na ipagtanggol ito maging sa harap ng pagkutya o kaparusahan.[14]

Maging matapang nga tayo sa pagtatanggol sa tama. Huwag matakot na magsalita para sa tama. Magpakatotoo tayo.[15]

Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng tapang na piliin ang tama, ng kakayahang pahalagahan ang mabubuting bagay sa buhay, at kapangyarihang tapat na paglingkuran Siya at ang ating kapwa.[16]

Ang katotohanan ay katapatan sa kung ano ang tama sa ating paningin; katapangan ang mamuhay sa pakikiisa sa ating mga mithiin; ito'y lagi nang kapangyarihan.[17]


## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang katapangan? (Tingnan sa pahina 201.) Bakit mas mahalaga ang katapangan ng loob kaysa pisikal na katapangan? Paano natin madaragdagan o mapatatatag pa ang katapangan ng ating loob? Paano natin maipamumuhay ang ebanghelyo sa araw-araw nang may tahimik na katapangan?
- Ano ang ilang halimbawa ng ganap na katapangan ng loob ng Tagapagligtas at ng iba pa na nasa mga banal na kasulatan? (Tingnan sa mga pahina 196–97.) Paano kayo napalakas ng kanilang halimbawa?
- Ano ang kaugnayan ng pananampalataya sa katapangan? (Tingnan sa pahina 198.) Paano tayo tinutulungan ng Panginoon na harapin ang tila nakapanghihinang oposisyon? Ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang Kanyang tulong?
- Ang panghihina ng loob ay karuwagan. Bakit mapanganib na kasangkapan ng kalaban ang panghihina ng loob? Paano tayo makapag-iingat at makapananaig sa panghihina ng loob?
- Anong mga uri ng sitwasyon sa lipunan o sa iba pang kalagayan ang nangangailangan ng di-pangkaraniwang tapang? Paano magpapakita ng tapang ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga sitwasyong ito? Paano natin matutulungan at mahihikayat ang mga bata at kabataan ng Simbahan na maging matapang sa pamumuhay ng mga pamantayan ng ebanghelyo? (Tingnan sa mga pahina 198–201.) Paano makatutulong ang polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa pagsisikap na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Deuteronomio 31:6; II Mga Hari 6:16; Mga Taga Roma 15:13; 1 Nephi 3:7; D at T 121:7–9

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1963, 95.
2. Sa Conference Report, Abr. 1963, 95; kuwento mula sa *The Young Man and His Problems*, ni James L. Gordon.
3. Sa Conference Report, Abr. 1936, 58.
4. *Ancient Apostles* (1918), 63–66; binago ang pagtatalata.
5. Sa Conference Report, Okt. 1954, 84; binago ang pagtatalata.
6. Sa Conference Report, Abr. 1936, 57–58; binago ang pagtatalata.
7. Sa Conference Report, Abr. 1936, 61.
8. Sa Conference Report, Abr. 1936, 60–61; binago ang pagtatalata.
9. *Gospel Ideals* (1953), 436.
10. Sa Conference Report, Okt. 1927, 11–12.
11. Sa Conference Report, Abr. 1969, 152.
12. *Whither Shall We Go?* Brigham Young University Speeches of the Year, 10 Mayo 1961, 7.
13. Sa Conference Report, Abr. 1936, 58.
14. *Ancient Apostles,* 185; binago ang pagtatalata.
15. Sa Conference Report, Okt. 1968, 145.
16. Sa Conference Report, Abr. 1940, 118.
17. Sa Conference Report, Abr. 1959, 73.



*"Ang pagiging tunay na Kristiyano ay pag-ibig na kumikilos. . . .
Sa pananampalataya, sa kabaitan, puspusin ang inyong puso ng hangaring
maglingkod sa buong sangkatauhan. Ang diwa ng ebanghelyo ay
dumarating sa paglilingkod sa kabutihan ng iba."*

# Ang Likas na Kabanalan ng Paglilingkod

*Ang pinakamarangal na layunin sa buhay ay ang magpursiging mabuhay para higit na mapabuti at mapaligaya ang iba.*[1]

## Panimula

Madalas ituro ni Pangulong David O. McKay na naghahatid ng tunay na kaligayahan ang paglilingkod sa iba at ginagabayan at pinagpapala ng Panginoon ang mga naglilingkod. Isang halimbawa nito ang naganap noong 1921, nang minsa'y ginabayan ng Panginoon sa pagtupad ng tungkuling bigay ng Unang Panguluhan sa mga tagapaglingkod Niyang sina Elder David O. McKay at Brother Hugh J. Cannon na bisitahin ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo. Bahagi ng ipinagagawa sa kanila ay bisitahin ang mga miyembro ng Simbahan sa Armenia. Dahil sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig at mahirap na kalagayan sa rehiyon, kakatiting ang balita tungkol sa kalagayan ng mga miyembro ng Simbahan doon. Itinala ni Elder McKay:

"Noong Marso 1921, nalaman namin na sa isang espesyal na araw ng ayuno, ilang libong dolyar ang iniambag para makaraos sa hirap ang mga dukha sa Europa at mga nagdurusang taga-Armenia sa Asya. Nalaman din namin na naisip ng Unang Panguluhan na magpadala ng espesyal na mensahero sa Syria upang personal na tumulong sa mga Banal sa Armenia."

Dahil hindi nakatakdang bumisita sina Elder McKay at Brother Cannon sa mga miyembro ng Simbahan sa Armenia hanggang sa bandang huli ng biyahe nila, patuloy silang naglakbay, at binisita ang Australia, New Zealand, at maraming pulo. Ilang buwan silang walang balita tungkol sa kalagayan sa Armenia o kung may naghatid na ng tulong. Sa wakas, noong ika-2 ng Nobyembre

1921, habang nasa Jerusalem, nabalitaan nila na isang lalaking nagngangalang J. Wilford Booth ang ipinadala ng headquarters ng Simbahan upang salubungin sila. Gayunman, walang nakaa-alam ng iskedyul o kinaroroonan nito. Noong araw na iyon, itinala ni Elder McKay sa talaarawan niya, "Hindi namin alam kung nasaan siya, pero lilisanin namin ang Jerusalem patungong Haifa, papuntang Aleppo [Syria], bukas ng umaga. Ipinasiya naming libutin ang Samaria sakay ng kotse, at bisitahin ang mga lugar sa Biblia." Bago lumisan, umakyat ng Bundok ng Olibo sina Elder McKay at Brother Cannon, pumili ng tagong lugar, at nanalangin sa Panginoon na gabayan sila sa kanilang biyahe.

Matapos manalangin, nagunita ni Elder McKay, "Pagbalik sa otel, malakas ang pakiramdaman kong mag-tren sa halip na magkotse patungong Haifa." Sumang-ayon si Brother Cannon, at tumuloy sila sa Haifa, sa pag-asang matagpuan doon si Elder Booth. Itinala ni Elder McKay: "Pinakahangad naming makilala si Elder Booth habang papatapos na ang misyong ito. Talagang mawawalan ng kabuluhan ang biyahe namin sa Syria kung hindi namin siya makikita. Hindi kami magkakilala. Wala kaming kakilala. . . . May ilan kaming mga pangalan at address; pero hindi namin mabasa ang mga ito, dahil nakasulat ito sa wikang Turkish."

Pagdating nina Elder McKay at Brother Cannon sa istasyon ng tren, nahuli sila sa pag-alis sa istasyon nang tangkain nilang magtanong kung saan may maayos na otel. Matapos maantala, lumapit si Elder McKay sa pintuan ng istasyon tulad ng ginagawa ng iba pang biyahero. Tinapik siya ng lalaki sa balikat at sinabi, "Ikaw ba si Brother McKay?"

Itinala ni Elder McKay ang mga resulta ng pagkikita nang ganito: "Nabigla sa gayong tawag sa isang di kilalang bayan, bumaling ako, at nakilala si Elder Wilford Booth, isang lalaking bukod-tangi sa lahat na gustung-gusto naming makita. Nakita rin namin siya sa pinakamagandang oras at lugar. . . . Hindi mangyayari ito kung nagplano kami nang ilang linggo! Habang ginugunita namin sa isa't isa ang mga karanasan namin, wala kaming duda na nagkita kami dahil sa banal na tulong. . . . Tunay, kung hindi kami nagkita sa Haifa, ayon sa karunungan ng tao ay nawalan sana ng saysay ang biyahe namin sa Armenian Mission.

Dahil doon, bukod pa sa maraming tungkulin at karanasan, binuo namin ang Armenian Mission."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Kalooban ng Panginoon na paglingkuran natin ang isa't isa.

*Kalooban ng Diyos na paglingkuran [ninyo] ang inyong kapwa, paginhawahin sila, at pagandahin ang mundo dahil namumuhay kayo rito.* Ibinigay ni Cristo ang lahat-lahat para ituro sa atin ang prinsipyong iyon. At sinabi niya: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Mat. 25:40.) Ito ang mensaheng bigay ng Diyos sa atin. Ang Simbahang ito ay Simbahan ng Diyos, na perpekto ang pagkakagawa upang bawat lalaki at babae, bawat bata, ay magkaroon ng pagkakataong gumawa ng mabuti para sa iba. Obligasyon ng ating mga miyembro ng priesthood, responsibilidad ng mga organisasyon sa auxiliary at ng bawat miyembro na maglingkod at gawin ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, kung higit natin itong gagawin, mas makukumbinsi pa tayo na ito ang gawain ng Diyos, dahil sinusubukan natin ito. At, sa *paggawa ng kalooban ng Diyos, nakikilala natin siya at napapalapit tayo sa kanya at nadaramang ang buhay na walang hanggang iyon ay atin.* Gugustuhin nating mahalin ang sangkatauhan saanman, at makahihiyaw tayong kasabay ng mga sinaunang apostol, "Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid." (I Juan 3:14.)[3]

May nagsabi na "ang lahi ng sangkatauhan ay mapapahamak kung titigil sila sa pagtutulungan." Isang lalaking pinagkunan ko ng sipi ang nagsabing "mula sa pagbabalot ng ina sa ulo ng bata hanggang sa taong tumulong na punasan ang pawis sa noo ng naghihingalo, hindi tayo mabubuhay nang walang pagtutulungan." . . . Ang Simbahan, pati na lahat ng korum at organisasyon nito, ay plano ng Diyos para makapagtulungan.[4]

May naiisip akong ilan . . . na nais kong pasalamatan. . . . Sila ang kalalakihan at kababaihan sa buong Simbahan na nag-ukol

ng kanilang oras at kabuhayan para maisulong ang katotohanan—hindi lang sa pagtuturo, kundi sa tunay na paglilingkod sa maraming paraan. Ilan sa kanila ay nagpupunyaging kumita. Ang ilan ay mayayaman na nagretiro na at nagbibilang ng milyunmilyon nilang kayamanan. . . . Pagpalain ng Diyos ang mga naglilingkod nang gayon, at pagpalain kayong lahat, dahil sa palagay ko'y masasabi ko para sa Simbahan, "Sinisikap naming maging isa, Ama, tulad ng Kayo ng Inyong Anak ay iisa."[5]

Handa ba kayong maglingkod? May pangitain ba kayong tulad ni Haring Benjamin na nagwikang, ". . . kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos"? (Mosias 2:17.) Ang pagiging tunay na Kristiyano ay pag-ibig na kumikilos. Wala nang ibang mas mabuting paraan para ipamalas ang pag-ibig sa Diyos kaysa sa pagpapakita ng di-sakim na pagmamahal sa kapwa-tao. . . .

. . . Sa pananampalataya, sa kabaitan, puspusin ang inyong puso ng hangaring maglingkod sa buong sangkatauhan. Ang diwa ng ebanghelyo ay dumarating sa paglilingkod sa kabutihan ng iba.[6]

---

**Ang paglilingkod ay naghahatid ng kaligayahan sa nagbibigay at sa tumatanggap.**

Talaga namang kaligayahan ang mithiin natin sa buhay. Dumarating ang kaligayahang iyan sa paglilingkod sa ating kapwa.[7]

Lahat ng tao ay gustong lumigaya. Marami ring tapat na nagpupunyaging gawin ang pinakamabuti nila. Gayunma'y nakakagulat na iilan ang nakaaalam na ang tiyak na gabay para magtagumpay ay matatagpuan sa sumusunod na deklarasyon ni Jesus ng Nasaret: "Ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpung niyaon." [Mateo 16:25.] Ang mahalagang talatang ito ay naglalaman ng sekretong mas karapat-dapat angkinin kaysa katanyagan o kapangyarihan, isang bagay na mas mahalaga kaysa lahat ng kayamanan ng mundo.

Ito'y isang *prinsipyo* na kung ipamumuhay ay may pangakong papalitan ng *pag-asa* at *kagalakan* ang *panghihina ng loob* at

*kalungkutan*; pupuspusin ang buhay ng walang-hanggang *kapanatagan* at *kapayapaan*. Dahil totoo ito malaking pakinabang ngayon kung tatanggapin ito ng mundong lito at puno ng kapighatian. Kung gayon bakit binabalewala ng mga tao at bansa ang isang bagay na napakahalaga?

Napakahirap bang unawain ang katotohanan sa kakatwang pahayag na, ang mawalan ng buhay ay makasusumpong niyaon, na hindi ito maintindihan ng tao? O salungat ito sa pagpupunyaging mabuhay kaya akala ng tao ay hindi ito mangyayari?

Magkagayunman, totoo pa rin na Siya na "Ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay" [tingnan sa Juan 14:6] ay nagtakda ng isang di-nababagong batas. . . .

Malinaw sa batas na ito na, *"Kumpleto ang buhay natin kapag nagpupunyagi tayong mas pagandahin at pasayahin ang mundo."* Ang batas ng purong kalikasan, matira ang matibay, ay *pagliligtas sa sarili kaysa iba;* ngunit taliwas sa batas na ito ang tunay na espirituwal na buhay ay, *paglimot sa sarili para sa kapakanan ng iba. . . .*

Sa layuning ito, [libu-libong] kalalakihan at kababaihan, na kusang naglilingkod nang walang bayad, ang nagtuturo at gumagabay linggu-linggo sa [libu-libong] mga bata at kabataan sa paghubog ng pagkatao at espirituwal na pag-unlad. Dagdag pa sa grupong ito ng mga opisyal at guro, . . . mga lalaking naorden sa priesthood ang tumanggap ng obligasyon na maglaan ng oras at talino hanggang kaya sa pagbabahagi ng ligaya, galak, at kapayapaan sa kanilang kapwa.[8]

Higit na espirituwalidad ang nahahayag sa pagbibigay kaysa pagtanggap. Ang pinakadakilang espirituwal na pagpapala ay nagmumula sa pagtulong sa iba. Kung gusto mong maging miserable, magtanim ka ng galit sa kapwa, at kung gusto mong magalit, saktan mo lang ang kapwa mo. Pero kung gusto mong lumigaya, maglingkod ka, pasayahin mo ang ibang tao.[9]

Magkaisa ang matatapat na lalaki at babae sa buong mundo sa taimtim na pagsisikap na palitan ang damdaming makasarili, galit, poot, sakim, ng batas ng paglilingkod sa iba, nang sa gayo'y lumaganap ang kapayapaan at kaligayahan ng sangkatauhan.[10]

## Kailangan nating sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod.

Nang lilisanin na ng Tagapagligtas ang kanyang mga Apostol, binigyan niya sila ng dakilang halimbawa ng paglilingkod. Alalahanin ninyo na nagtapi siya ng tuwalya at hinugasan ang mga paa ng kanyang mga disipulo. Si Pedro, na akala'y trabaho iyon ng alipin, ay nagsabi, ". . . huhugasan mo baga ang aking mga paa? . . . Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man."

Sumagot ang Tagapagligtas "Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin."

"[Kung gayon]," wika ng punong Apostol, "Hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo."

"Ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos.

"Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawa mo pagkatapos." [Tingnan sa Juan 13:6–10.]

At hinugasan niya ang mga paa nito, at ng iba rin. Pagkabalik ng palanggana sa tabi ng pintuan, nag-alis siya ng tapi, at nagsuot ng bata, at bumalik sa lugar niya sa Labindalawa, at sinabi:

"Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga.

"Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa." [Juan 13:13–14.]

Napakagandang halimbawa ng paglilingkod sa mga dakilang tagapaglingkod na iyon, na mga tagasunod ni Cristo! Siyang pinakadakila sa inyo, hayaang siya ang magpakaaba. Kaya may obligasyon tayong higit na paglingkuran ang mga miyembro ng Simbahan, na ilaan ang buhay natin para isulong ang kaharian ng Diyos sa lupa.[11]

Isipin ninyo! Ang tanging dahilan kung bakit may alam ang mundo tungkol sa kanila [mga Apostol ni Jesus] ay dahil nakilala nila ang Tagapagligtas, ginawa nila Siyang gabay sa buhay. Kung hindi, walang makaaalam ngayon na nabuhay ang mga taong iyon noon. Nabuhay sana sila at namatay at nalimutan tulad

ng libu-libong iba pa sa panahon nila na nabuhay at namatay at walang nakaaalam o pakialam sa kanila; tulad ng libu-libong nabubuhay ngayon, na nagsasayang ng oras at lakas nila sa walang-kabuluhang pamumuhay, na pinipili ang mga maling uri ng tao bilang huwaran, ibinabaling ang kanilang mga hakbang sa landas ng Kasiyahan at Layaw sa halip na sa landas ng Paglilingkod. Di maglalaon aabot sila sa hangganan ng buhay, at walang makapagsasabing gumanda ang mundo dahil nabuhay sila rito. Sa pagwawakas ng bawat araw iniiwan ng mga taong yaon ang landas nila na sintigang tulad nang datnan nila ito—hindi sila nagtanim ng mga punong magbibigay-lilim sa iba, ni palumpong ng rosas upang pagandahin at pasayahin ang mundo ng mga susunod—walang mabuting gawa, walang marangal na paglilingkod—tigang, walang bunga, parang disyertong dinaraanan lang, na nakakalatan marahil ng mga tinik at dawag.

Hindi gayon sa mga disipulong pinili si Jesus bilang Gabay. Ang buhay nila ay parang hardin ng mga rosas na mapipitasan ng daigdig ng magagandang bulaklak magpakailanman.[12]

*Ang pinakamatwid na tungkulin sa buhay . . . ay iyong mapaglilingkuran nang husto ng tao ang kanyang kapwa. . . .* Ang pinakamarangal na layunin sa buhay ay ang magpursiging mabuhay para higit na mapabuti at mapaligaya ang iba.[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit tayo inuutusan ng Panginoon na maglingkod sa isa't isa? (Tingnan sa mga pahina 207–208.) Ano ang ilang pagkakataon natin para makapaglingkod sa Simbahan? Anong mga uri ng paglilingkod ang maibibigay natin liban sa mga katungkulan natin sa Simbahan?
- Itinuro ng Panginoon na "ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon" (Mateo 16:25). Ano ang kinalaman ng banal na kasulatang ito sa paglilingkod? Anong walang hanggang pagpapala ang hatid ng di-makasariling paglilingkod sa iba? Ano ang pagkakaiba ng paglilingkod dahil inutusan tayo at paglilingkod dahil gusto natin? (Tingnan din sa D at T 58:26.)

- Ano ang naranasan ninyo sa pag-uukol ng inyong sarili sa paglilingkod sa iba? Paano nagkakaugnay ang kaligayahan at paglilingkod? Paano tayo tinutulungan ng paglilingkod na mapaglabanan ang damdamin ng pagkamakasarili, kalungkutan, o depresyon? (Tingnan sa mga pahina 208–209.) Paano makatutulong sa atin ang paglilingkod sa iba para mapaglabanan ang masasamang saloobin sa kanila?
- Ano ang hinangaan ninyo sa maraming halimbawa ng paglilingkod ni Jesus? (Tingnan sa mga pahina 210–211.) Ano ang matututuhan natin sa Kanya sa pagpupunyagi nating maglingkod sa iba? Bakit mahalagang hangarin ang banal na gabay sa ating paglilingkod?
- Bakit kung minsan ay mahirap hayaan ang iba na paglingkuran tayo? Bakit mahalagang magiliw na tanggapin ang paglilingkod? Paano kayo nabiyayaan o ang pamilya ninyo sa paglilingkod sa iba?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 25:40; Marcos 8:35; Mga Taga Galacia 5:13; Mosias 4:15; D at T 18:10, 15–16

## *Mga Tala*

1. *Two Contending Forces,* Brigham Young University Speeches of the Year (18 Mayo 1960), 7.
2. Tingnan sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 101–4; binago ang pagtatalata.
3. Sa Conference Report, Okt. 1966, 137.
4. Sa Conference Report, Okt. 1962, 119.
5. Sa Conference Report, Okt. 1968, 143.
6. Sa Conference Report, Okt. 1969, 88–89.
7. Sa Conference Report, Okt. 1953, 132.
8. Sa Conference Report, Abr. 1936, 45–46; binago ang pagtatalata.
9. Sa Conference Report, Okt. 1936, 104–5.
10. Sa Conference Report, Abr. 1936, 46.
11. Sa Conference Report, Abr. 1951, 158–59.
12. *Ancient Apostles* (1918), 5–6.
13. *Two Contending Forces,* 7.

# Pagtuturo, Isang Marangal na Gawain

*Tulungan nawa ng Diyos ang ating mga guro na madama ang responsibilidad na dumarating sa kanila, at maalala na ang responsibilidad ay hindi lamang nasusukat sa salita, kundi sa gawa. . . . Hay, kaylaki ng responsibilidad ng isang guro!*[1]

## Panimula

Halos buong buhay na nagturo si Pangulong David O. McKay. Ginampanan niya ang kanyang mga tungkulin bilang misyonero, guro sa paaralan, tagapamahala, Apostol, Pangulo ng Simbahan, at ama.

Sa mensaheng patungkol sa mga maytaglay ng priesthood, ikinuwento niya ang isang karanasang may kaugnayan sa lahat ng may pagkakataong magturo:

"Noong makalawa pagkakataon kong magmaneho sa kaparangan sa dati kong bayan. Dalawang bukid ang dinaanan ko malapit sa kanal ng bundok. Isa ang nakita kong napakaganda ng ani ng *oats*. Sa kabila ng tagtuyot at malamig na tagsibol, at iba pang di magagandang pangyayari, sagana pa rin ang [ani] ng magbubukid. Sa kabila lang ng bakod ay may isa pang bukid ng *oats*, ngunit hindi ito nagbungang tulad ng sa isa. Sinabi ko sa lalaki: 'Bakit, ano'ng diperensya? Baka hindi maganda ang itinanim mong binhi.'

" 'Hindi, pareho lang ng binhing itinanim sa kabila.'

" 'Baka naman huli na nang itanim mo, at hindi sapat ang halumigmig (basa) ng lupa para tumubo ito.'

" 'Sabay kaming nagtanim nito.'



*Gustung-gustong magturo ng ebanghelyo ni Pangulong McKay. Sa kanyang kapwa guro, ang sabi niya: "Magpatuloy sa marangal ninyong gawain! Wala nang ibang mas dakila at mas mabuti! Inyo ang kagalakang pangako ng Tagapagligtas."*

"Sa katatanong, nalaman ko na inararo ng unang lalaki ang sa kanya noong taglagas; tapos ay maingat itong binungkal noong tagsibol, at tinakpan ang ibabaw, at sa gayong paglilinang ay naimbak ang halumigmig ng taglamig. Ang katabing bukid naman, sa kabilang dako, ay nag-araro sa bandang huli ng tagsibol, hindi sinuyod ang dinaanan ng araro; nawala ang halumigmig. Kasunod ng pagtatanim ng binhi ang apat o anim na linggo ng [tagtuyot], at hindi sapat ang halumigmig para sumibol ang binhi. Ang unang lalaki ay naghanda, nang wasto, at kalikasan na ang nagpabunga. Ang ikalawang lalaki ay nagpakapagod, pero hindi nakapaghandang mabuti; talagang hindi sapat ang ginawa niyang paghahanda."

Ginamit ni Pangulong McKay ang kuwentong ito upang ilarawan ang impluwensiya ng mga guro. Sabi niya: "Sa malaking hardin ng Diyos ay may mga tagamasid na tinatawag na mga guro, at inatasan silang arugain at bigyang-inspirasyon ang mga anak ng Diyos. Naisip ko na sa pagmamasid sa kanyang bukirin ay nakikita ng Dakilang Hardinero ang ilang nabubuhay sa mabuting gawain at ang iba ay salat dahil sa pagkatuyo ng kinaligtaang tungkulin, dahil sa maginaw na kapaligiran ng kahambugan, o dahil sa nakapapahamak na paglalasing. Bakit? Marahil dahil hindi nakapaghanda ang mga hardinero at tagamasid, o kaya'y hindi nagampanang mabuti ang kanilang tungkulin."[2]

Patungkol man sa mga magulang, mga guro sa klase, o mga home teacher at visiting teacher, halos buong ministeryo ni Pangulong McKay ay inilaan niya sa pagtulong sa mga miyembro ng Simbahan na maunawaan ang malaking kahalagahan at impluwensiya ng epektibong pagtuturo.

## Mga Turo ni David O. McKay

### Sa Simbahan ay marami tayong pagkakataong turuan ang iba at palakasin ang sarili.

Tayo'y isang Simbahan ng mga guro. Sa tahanan ng Banal sa mga Huling Araw kailangang maging guro ng ebanghelyo ang mga ama at ina—na inutusan sa pahayag ng Panginoon. Bawat organisasyon ng auxiliary, bawat korum, ay binubuo ng mga

kalalakihan at kababaihan . . . na sa tunay na kahulugan ng salita, ay mga guro.[3]

Nagpapasalamat ako sa pagiging miyembro ng Simbahan na ang relihiyon ay naghahanda sa mga tao para malabanan ang mga puwersa ng mundo at, tinutulungan silang manalo sa labanang ito. Isa sa mga paghahanda sa atin ay ang responsibilidad sa pagtuturo, at ang pagkakataon ng marami sa Simbahang ito na makihati sa responsibilidad na ito. . . .

Ngayon sa pagbibigay-oportunidad sa marami na umunlad dahil sa pagiging tunay na guro, isipin ninyo kung ano ang ginagawa ng Simbahan para tulungan ang grupong ito ng mga guro na lumakas sa digmaan laban sa mga puwersa ng mundo!

Una, binibigyan sila ng obligasyon na turuan ang kanilang kapwa sa pamamagitan ng halimbawa; at wala nang ibang mas makapangangalaga sa isang tapat na lalaki o babae.

Ikalawa, pinagtitibay nito ang banal na katangiang mahalin ang iba. Sinabi ni Jesus sa isa sa kanyang mga Apostol, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito? . . . Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. . . . Pakanin mo ang aking mga kordero." (Juan 21:15.) Dapat pangunahan ng pagibig ang responsibilidad na pakainin ang mga korderong iyon. At ang libu-libong mga gurong ito ay dapat magkaroon ng pagmamahal sa pagtuturo, pagmamahal sa kapwa, at handang tanggapin ang responsibilidad na ito na may banal na katangiang magmahal.

At ang ikatlong kailangan ay: kadalisayan ng buhay. Hindi ko mawari ang sinumang narumihan ang kanyang sarili, na tagumpay na nagtuturo ng kadalisayan sa mga batang lalaki. Hindi ko mawari ang sinumang may duda sa kanyang isipan tungkol sa katotohanan ng Diyos, na mahusay na nagtuturo ng katotohanan ng isang Diyos sa mga kabataan. Hindi niya ito magagawa. Kung magiging ipokrito siya at magtatangkang magturo nang gayon, mas malakas ang dating ng kanyang pagkatao kaysa kanyang sinasabi—at iyan ang panganib ng pagkakaroon ng nagdududang guro sa inyong mga anak. Tumatagos ang lason, at hindi nila namamalayang nagkakasakit ang kanilang espiritu, dahil sa lason na itina-

nim ng taong pinagtiwalaan nila sa kanilang kaluluwa. Isipin lang ang mga gurong nagtatangkang turuan ng pananampalataya sa Diyos ang mga kabataan, samantalang wala sila noon, ay magkasalungat, kung hindi man imposible. Kaya ang ikatlong katangian ay kadalisayan ng buhay at pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa huli, binibigyan sila nito ng pagkakataong maglingkod sa kapwa, at gampanan ang tungkuling dumating sa kanila, at talagang patunayan na sila ay tunay na mga disipulo ni Cristo.[4]

Sa paghuhubog ng pagkatao at patnubay sa pagkabata, pinakamatindi ang impluwensiya ng magulang; kasunod nito ang sa guro. . . . "May tunay na karangalan sa kaluluwa ng taong matapat na naghahangad at nagpupunyaging akayin ang mga bata palayo sa nakahahawang mga impluwensiya tungo sa kapaligirang may matataas na pamantayan at matatayog na hangarin."[5]

---

**Ang epektibong mga guro ay naghahanda sa pamamagitan ng pag-aaral, pananampalataya, at panalangin.**

Ang malaking obligasyon ng guro ay ang maging handa sa pagtuturo. Hindi maituturo ng guro sa iba ang isang bagay na hindi niya alam. Hindi niya maipadarama sa kanyang mga estudyante ang hindi niya nadarama mismo. Hindi niya masusubukang akayin ang isang binatilyo o dalagita sa pagtatamo ng patotoo sa ebanghelyo ng Diyos kung ang mismong guro ay walang gayong patotoo.

Tatlong bagay ang dapat gumabay sa lahat ng guro: una, pagaralan ang paksa; ikalawa, damhin ang paksang iyon; ikatlo, subuking ipadama ang paksa sa inyong mga estudyante—hindi ito ibinubuhos sa kanila, kundi inaakay silang makita ang nakikita ninyo, malaman ang alam ninyo, madama ang nadarama ninyo.

Bawat guro ay dapat maging handa sa kanyang leksyon kapag humarap siya sa mga batang iyon sa klase; dahil, paalala lang, ang paglalahad ninyo ng leksyong iyon, ang saloobin ninyo sa katotohanang nasa leksyon ang magpapasiya ng saloobin dito ng mga bata at ng saloobin nila sa lahat ng gawain sa Simbahan. Kung itataboy ninyo sila pagkatapos ng klase na nadarama sa

batang puso nila na wala silang napala sa pagpunta, mahihirapan kayong pabalikin sila sa susunod na linggo. Ngunit sa kabilang dako, kung napasabik ninyo sila, o kung hindi man, kung nabigyan ninyo sila ng kaisipang nagustuhan nila, makikita ninyo na ang kanilang intensyon at hangaring bumalik ay makikita sa pagbalik nila sa susunod na linggo. . . .

Ang simpleng pagbasa ng aralin sa manwal bago magklase ay hindi sapat. Sa ganitong paraan ay wala pa sa loob ko ang araling iyon, at hangga't wala ito sa loob ko, hangga't hindi ko nadaramang may mensahe akong ibibigay sa klase ko, hindi ako handa tulad ng sinabi ng Panginoon nang tawagin niya ako na ibigay ang kanyang mensahe. Dapat itong pumasok sa loob ko; kung anuman ang gusto kong ibigay sa mga bata ay iyon ang mahalaga kapag hinarap ko na sila. Magagawa kong bahagi ng buhay ko ang aralin sa manwal sa pamamagitan ng pag-aaral, pananampalataya, at panalangin.[6]

Ang pagbibigay ng aralin nang handang-handa ay parang pagpapala—pinagpapala nito ang nagbibigay at ang tumatanggap. Totoo ito sa pagtuturo tulad sa buhay—"Ibigay ang pinakamagaling ninyo sa mundo, at pinakamagaling ang babalik sa inyo.". . .

. . . Mga guro, simulan ang paghahanda ng inyong mga leksyon sa panalangin. Ituro ang inyong mga leksyon nang may dalangin sa puso. Tapos ay ipagdasal na pagyamanin ng Diyos ang inyong mensahe sa kaluluwa ng inyong mga estudyante sa pamamagitan ng impluwensiya ng kanyang banal na Espiritu.[7]

---

**Tinutulungan ng kaayusan at pagpipitagan sa mga silid-aralan ng Simbahan ang mga kabataan na matuto ng paggalang at pagpipigil sa sarili.**

Naniniwala ako na ang disiplina sa klase, na nagpapahiwatig ng *pagpipigil sa sarili*, at nangangahulugan din ng *konsiderasyon sa iba*, ang pinakamahalagang bahagi ng pagtuturo. . . .

Ang pinakamagandang leksyong matututuhan ng bata ay pagpipigil sa sarili, at madama ang relasyon niya sa iba hanggang sa matuto siyang igalang ang kanilang damdamin. . . .

Ang isang magulong kapaligiran, na walang paggalang sa guro at sa kaklase, ay sasakal sa pinakamahahalagang katangian ng pagkatao.[8]

Kung minsan ay maingay sa ating mga silid-aralan. Dito natin kailangan ang magagaling na guro. Ang isang gurong makapaglalahad ng leksyon na nagpapagana ay magkakaroon ng kaayusan, at kapag nakakita siya ng estudyanteng palaban, nagtatapon ng mga papel, hindi nakikinig, nagtitisuran, nagsisipaan, malalaman niya na hindi niya naiturong mabuti ang aralin. Marahil hindi nga siya nakapaghanda. . . .

Sa mga silid-aralan ang mga bata ay dapat maturuan, dapat malaya silang makipagtalakayan, magsalita, makibahagi sa gawain sa klase. Subalit walang karapatan ang sinumang miyembro ng klase na guluhin ang ibang estudyante sa pamamagitan ng panggugulo o panloloko. At palagay ko sa Simbahang ito, sa mga korum at klase ng priesthood at sa mga auxiliary, hindi ito dapat payagan ng mga guro at [lider]. Nasasaktan sa kaguluhan ang batang may gawa nito. Dapat niyang matutuhan na kapag nasa labas siya ng bahay may ilang mga bagay na hindi niya magagawa nang hindi napaparusahan. Hindi niya malalabag ang mga karapatan ng kanyang mga kasamahan.

Hayaang matutuhan ng mga bata ang leksyong ito habang bata pa sila dahil kapag lumabas sila ng bahay at nagtangkang labagin ang batas, madedemanda sila at malamang na maparusahan.

Mahalaga ang pagkakaroon ng katiwasayan sa klase para maikintal sa puso at buhay ng mga kabataan ang alituntunin ng pagpipigil sa sarili. Gusto nilang magsalita at bumulong, ngunit hindi nila ito magawa dahil makakaistorbo sila sa iba. Pag-aralan ang kapangyarihan at aral ng lubos na pagkilala sa sarili.[9]

Inaasam ng Sunday School ang panahon na sa bawat klase sa Sunday School ang mga alituntunin ng pagdating sa oras, paggalang, pagpipigil sa sarili, paggalang sa awtoridad, pagsisipag sa pag-aaral, pagiging bukas ng isipan, at, lalo na, pagpipitagan at pagsamba, ang . . . [pupuno] sa kapaligiran.[10]

---

**Sa mga pagsisikap nating ituro ang katotohanan, si Jesucristo ang ating dakilang Huwaran.**

Sa larangan ng personalidad, sa kaharian ng pagkatao, nananaig si Cristo. Sa personalidad, ibig kong sabihi'y lahat ng maituturing na pansariling katangian ng isang tao. Ang personalidad ay kaloob ng Diyos. Tunay na ito'y mahalagang perlas, isang walang hanggang pagpapala.

Mga kapwa ko guro, hindi natin maipapakita, kahit katiting, ang personalidad ng ating dakilang Gurong si Jesucristo. Para sa Tagapagligtas ang bawat personalidad ay tulad lamang ng munting sinag ng makapangyarihang araw mismo; datapuwat, kahit higit na mas mababa, bawat personalidad ng guro ay dapat katulad ng sa Tagapagligtas. Sa larangan ng pagkatao, bawat guro ay maaaring maging mas mataas at maging isang batubalaning hahatakin sa kanyang tabi ang mga tuturuan niya sa isang di mailarawang paraan.

Ngunit gaano man kaganda ang kanyang personalidad sa mga miyembro ng klase, bigo ang guro sa trabaho niya kung ibabaling lang niya ang pagmamahal ng bata sa kanyang personalidad. Tungkulin ng guro na turuan ang bata na mahalin—hindi lang ang guro, kundi maging ang katotohanan. Lagi na, saanman, nakikita natin si Cristo na kinalilimutan ang sarili para sa kalooban ng Ama; gayundin ang guro, patungkol sa kanyang personalidad, ay dapat kalimutan ang sarili para sa katotohanang nais niyang ituro.[11]

Dapat kilalanin ng guro ang kanyang tinuturuan, para maunawaan, kahit katiting, ang pag-iisip at kakayahan ng mga miyembro ng kanyang klase. Dapat niyang mabasa ang ekspresyon ng mukha at maging bukas ang isipan ukol sa iniisip at espirituwal na saloobin ng mga tinuturuan niya. Taglay ng Dakilang Guro ang ganap na kapangyarihang umunawa. Nababasa Niya ang mga tagong iniisip at nauunawaan ang damdamin ng mga taong tinuturuan Niya. Sa pagtatamo ng kapangyarihang ito ay tataglayin nila kahit paano ang katangian Niya. Iilan lang ang mga guro na nagkakaroon ng kaloob na ito, kahit kailangan; gayunman responsibilidad ng bawat guro na alamin kung ano ang pinakainam

na paraan sa pagtuturo sa mga miyembro ng klase nang sa gayo'y maging kawili-wili ito.[12]

Gamitin ang mga bagay sa paligid ninyo. Ihalimbawa ang Dakilang Gurong umupong kasama ng kanyang mga disipulo at pinagmasdan ang pagtatanim ng binhi ng tagsibol ng mga magsasaka. Sabi Niya, "Ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at ang iba'y sa batuhan." [Tingnan sa Marcos 4:3–8.] Isang leksyon iyan sa buhay. Ang babaeng taga Samaria na nagpunta sa balon upang pawiin ang kanyang uhaw ay isa pang halimbawa. Sinabi sa kanya ni Jesus na ang tubig na ibibigay niya rito ay magiging balon ng tubig na bubukal sa buhay na walang hanggan [tingnan sa Juan 4:14]. Magtipon ng mga karanasan, at ilarawan sa bawat punto. Palagay ko'y aral iyan sa bawat guro—ikaw na may araling ihahanda—hindi talumpati, kundi mensahe.[13]

Kayo'y mga karapat-dapat na mga alagad ni Cristo! Mga guro! Mga tagasunod ng tunay na Guro, ang dakilang Huwaran ng lahat! Magpatuloy sa marangal ninyong gawain! Wala nang ibang mas dakila at mas mabuti! Inyo ang kagalakang pangako ng Tagapagligtas.[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Anu-ano ang mga responsibilidad ng guro? (Tingnan sa mga pahina 215–18.) Bakit mahalagang magkaroon ng personal na mga patotoo ang mga guro ng ebanghelyo?
- Anong mga biyaya ang natanggap ninyo sa pagtuturo ng ebanghelyo? Paano napagpala o nabago ng matatapat at mahuhusay na guro ang inyong buhay?
- Paano naiimpluwensiyahan ng isang araling mahusay na naihanda ang kapwa guro at estudyante? (Tingnan sa mga pahina 217–18.) Ano ang ilang paraan para makapaghanda ang mga guro? (Tingnan sa mga pahina 217–18.) Anu-anong mga sanggunian ang makukuha sa Simbahan para mapahusay ang pagtuturo?
- Ano ang magagawa natin para maitaguyod ang kaayusan at paggalang sa mga klase ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 218–19.) Paano nakikinabang ang mga kabataan kapag

maayos ang klase? Ano ang magagawa ng mga magulang para masuportahan ang mga guro sa mga pagsisikap nilang mapanatili ang kaayusan sa mga klase?

- Ano ang pagkakaiba ng "pagtuturo ng aralin" at pagtuturo ng mga tao? Paano inihalimbawa ng Tagapagligtas ang kahusayang ito? Ano pa ang matututuhan natin sa halimbawa ni Jesucristo bilang Dalubhasang Guro? (Tingnan sa mga pahina 220–21.)
- Ano ang magagawa ng guro para tiyakin na mamahalin ng mga miyembro ng klase "hindi lamang ang guro, kundi maging ang katotohanan"?
- Paano natin magagamit ang payo ni Pangulong McKay sa pagpapahusay ng pagtuturo sa ating tahanan? Anong mga paraan ang nakita ninyong mabisa sa pagtuturo sa inyong mga anak?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 21:15–17; 3 Nephi 27:21; D at T 11:21; 42:14; 88:77–80, 118; 132:8

## *Mga Tala*

1. "The Teacher," *Improvement Era,* Set. 1951, 622.
2. Sa Conference Report, Okt. 1916, 58–59; binago ang pagtatalata.
3. " 'That You May Instruct More Perfectly,' " *Improvement Era,* Ago. 1956, 557.
4. "The Teacher," 621–22.
5. *Gospel Ideals* (1953), 214.
6. " 'That You May Instruct More Perfectly,' " 557.
7. *Gospel Ideals,* 222–23.
8. *Man May Know for Himself: Teachings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss (1967), 337–38.
9. Sa Conference Report, Okt. 1950, 164–66.
10. *Gospel Ideals,* 221.
11. "To The Teacher," *Improvement Era,* Ago. 1955, 557.
12. *True to the Faith: From the Sermons and Discourses of David O. McKay,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1966), 251.
13. "We Believe in Being True . . . ," *Improvement Era,* Set. 1959, 647.
14. *Gospel Ideals,* 135.

# Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo

*Alam kong banal ang ebanghelyo,*
*at kailangan ito ng mundo.*[1]

## Panimula

Laging mabait at magalang si Pangulong David O. McKay sa mga taong iba ang paniniwala, at pinuri niya ang mabubuting gawain ng lahat ng simbahan. Gayunman, matibay siya sa kanyang patotoo na matatagpuan lang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaganapan ng ebanghelyo. Para maituro ang kahalagahan ng pagsunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ipinanumbalik na ebanghelyo, binanggit niya ang pagiging miyembro sa Simbahan bilang mamamayan sa isang dakilang kaharian:

"Lahat ng simbahan at lahat ng doktrina ay may kaunting kabutihang nag-aakay sa kaharian ng ating Ama; ngunit para maging mamamayan sa kahariang iyon lahat ay dapat umayon sa mga hiling ng Hari. Tunay na *iisa ang daan* para makapasok sa Simbahan ni Jesucristo, at iyon ang daan na tinahak ng Panginoong Jesucristo. 'Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.' (Juan 14:6.)

"Ang paraan para maging mamamayan sa Simbahan ni Jesucristo ay napakalinaw; talagang napakaliwanag na nakapagtataka na napakaraming mukhang matatalino at may pinag-aralang mga tao . . . [na nag-aakala] na makapapasok sila sa iba at sari-saring paraan.

"Iisa lang ang may karapatang magsabi ng paraan para maligtas ang tao. Tiyak na makabuluhan ang sinabi niya kung ano ang kailangan para maging mamamayan sa kanyang kaharian.

"Pansinin kung gaano kalinaw ang kanyang mga salita: 'Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya *makakakita* ng kaharian ng *Dios*.' [Juan 3:3; idinagdag ang italics.] Nang ipaliwanag niya ang matalinghagang kawikaan kay Nicodemo, nagpatuloy ang Guro:

" 'Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay *hindi* siya makapapasok sa kaharian ng Dios.' [Juan 3:5; idinagdag ang italics.]

"Malinaw na binigyang-kabuluhan ito ni Pedro, ang punong Apostol, bilang paraan na lubhang kailangan sa pagtatamo hindi lamang ng pagkamamamayan sa Simbahan, kundi ng kaligtasan din sa kaharian ng Diyos, dahil, nang humiyaw ang madlang nasaktan ang damdamin ng, 'Mga kapatid, anong gagawin namin?' [Mga Gawa 2:37] sumagot siya at sinabi:

" 'Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.' (Mga Gawa 2:38.) Kaya apat ang ibinigay na kailangang gawin, apat na alituntunin at ordenansang lubhang kailangan, na mahalagang sundin para maging miyembro ng Simbahan ni Cristo: [alalaong baga'y,] pananampalataya, pagsisisi, pagpapabinyag, at pagtanggap ng Espiritu Santo. . . .

"Maraming daang itinuturo patungo sa kaharian ng Diyos, ngunit iisa lang ang tarangkahan para makapasok at matamo ang pagkamamamayan doon. Malinaw itong itinuro ni Cristo noong kapiling siya ng mga tao; at muli niya itong inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Simple at madaling matagpuan ang daan, at napakaringal at walang hanggan nito.

"Maraming daan . . . na umaakay sa matatapat na tao *tungo* sa simbahan at kaharian ng Diyos, ngunit yaong makikibahagi sa mga pribilehiyo at pagpapala ng pagkamamamayan doon ay kailangang sundin ang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo."[2]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang pananampalataya kay Jesucristo ang pinakapangunahing alituntunin ng Simbahan.

Ang walang-maliw na pananampalataya kay Cristo ang pinakamahalagang kailangan ng mundo ngayon.[3]

Ano ang kahulugan ng panatilihin ang pananampalataya? Ang unang kahulugan nito ay, na tinatanggap natin si Jesucristo, hindi lang basta bilang dakilang guro at makapangyarihang lider, kundi bilang Tagapagligtas, ang Manunubos ng daigdig. . . . Siya na nananatiling sumasampalataya ay tatanggap kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos, ang Manunubos ng daigdig. Gusto kong panatilihin ng lahat ng tao ang pananampalatayang iyan. Palagay ko'y mahalaga ito sa kaligayahan ng tao at sa kapayapaan ng kanyang isipan. Palagay ko'y ito ang pangunahing alituntunin ng Simbahan ni Jesucristo.[4]

Ang gayong pananampalataya marahil ang nagpalakas sa labing-isang Apostol at sa mga pitumpung disipulong nakakita kay Cristo matapos mabuhay na mag-uli. Lubos ang paniniwala nila sa kanyang pagkatao. Mga saksi sila ng katotohanan. Alam nila dahil nakita ng kanilang mga mata, narinig ng kanilang mga tainga, nahipo ng kanilang mga kamay ang katauhan [katawan] ng nagbangong Manunubos.

Ang walang-maliw na pananampalatayang iyan ang naghatid ng maluwalhating pangitain kay Propetang Joseph Smith:

"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—

"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos." (D at T 76:22–24.)

Ang may gayong katiyakan sa kanilang mga puso ay tinatanggap siya bilang "Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay," bilang kaisa-isang ligtas na gabay sa nakalilitong daigdig na ito.[5]

Pananampalataya sa Ebanghelyo ang unang hakbang tungo sa tunay na kaalaman, at humahantong sa pagsasakripisyo, tungo sa karunungan at kaligayahan.[6]

Kung gayo'y dapat maging personal ang pagsampalataya sa Diyos. Dapat itong maging iyo; dapat itong maging akin; at, para epektibo'y dapat manggaling sa isipan at puso.[7]

Ang kailangan natin ngayon ay pananampalataya sa buhay na Cristo, na higit pa sa damdamin, kundi isang kapangyarihang nagpapakilos—isang pananampalatayang magbibigay ng layunin sa buhay at ng katapangan sa puso. Kailangan natin ng ebanghelyong ipamumuhay.[8]

Hindi tinatanggap ng Simbahan ang doktrina na simpleng pahayag lang ng paniniwala kay Jesucristo ang kailangan para maligtas. Maaaring sabihin ng isang tao na siya ay naniniwala pero kung hindi siya kikilos upang makaimpluwensiya ang paniniwala o pananampalatayang iyon para magsagawa, magsakatuparan, magpabuti ng kaluluwa, walang-saysay ang kanyang pahayag. "Pagsikapan ang inyong sariling kaligtasan" ang payo para maipakita ang totoong pagsampalataya sa gawa at sa seryosong pagsunod.[9]

---

**Ang pagsisisi ay kaakibat ng pagbabago ng buhay, kaisipan, at kilos.**

Mahirap isipin na pag-aalinlanganan pa ng sinuman ang kabuluhan ng pagsisisi. Bawat alituntunin ng ebanghelyo na pinag-aralang mabuti ay naghahayag ng pag-ayon sa katotohanan na talagang banal. Bawat alituntunin ay mukhang saklaw na ang lahat, na patungo o sumasakop sa iba pang mga alituntunin. Kaya nga, ang pananampalataya sa isang perpektong nilalang, na nagbibigay-inspirasyon sa tao na mamuhay nang mabuti, ay tila kaakibat ng pagsisisi.[10]

Ang mensahe ng [Simbahan] ay tulungan ang mga tao na kilalanin ang kanilang mga kahinaan at daigin ang mga pagkakasala

at kahinaang yaon. Dito'y wala tayong oras para talakayin kung ano ang kasalanan, ngunit diumano'y sinabi ito sa atin ng ina ni John Wesley [isang kilalang eksperto sa teolohiya]:

"Hahatulan mo ba ang pagkamakatarungan o kawalan ng katarungan ng kasiyahan? Isaalang-alang ang tuntuning ito: Pansinin ngayon—anuman ang nagpapahina sa inyong katwiran, nagpapatigas ng inyong ulo, nagpapalabo sa pagkakilala ninyo sa Diyos, nag-aalis ng kasabikan ninyo sa mga bagay na espirituwal, anuman ang nagpapangibabaw ng awtoridad ng katawan sa isipan, kasalanan ang bagay na iyon sa inyo, gaano man ito kainosente."

Ang mensahe ng [mga misyonero] na humahayo sa lahat ng dako ng mundo, ang mensahe ng Simbahan sa buong mundo ay: Pagsisihan ang mga bagay na nakadaragdag sa pangingibabaw ng pisikal na damdamin sa halip na hangarin ang espirituwalidad. Kaya sila nangangaral ng pagsisisi! Ano ang kahulugan ng pagsisisi? Ito'y *pagbabago* ng buhay, *pagbabago* ng isipan, *pagbabago* ng hakbang. Kung nagalit at namuhi kayo, palitan ang pagkamuhi at poot na iyan ng pagmamahal at konsiderasyon. Kung nandaya kayo ng kapatid, hayaang usigin kayo at baguhin ng inyong budhi, at humingi ng tawad, at huwag na kayong uulit. Sa pagbabagong iyon ng inyong buhay mula sa mga bagay na para kayong nasa antas ng hayop, nagsisisi kayo sa inyong mga kasalanan. Kung nilalapastangan ninyo ang Diyos, huwag na kayong uulit! Sa halip na lapastanganin ang ngalan niya, sambahin siya! At sa sandaling dumating ang damdamin ng pagbabagong iyon sa kaluluwa, nanaisin ninyong ipanganak na muli, at magpanibagong buhay. . . .

Ang pagbabagumbuhay na ito, ang pagsisising ito ang kailangan ng mundo. Ito'y pagbabago ng puso. Dapat baguhin ng mga tao ang kanilang pag-iisip! Baguhin ang kanilang damdamin! Sa halip na kamuhian at kalabanin at durugin ang isa't isa, dapat silang matutong magmahalan![11]

Ang pagsisisi ay pagtalikod sa mga bagay na masama at pagsisikap na maabot ang mas dakila. Bilang alituntunin ng kaligtasan, hindi lang ito pagnanais ng mas mabuti, kundi isa ring kalungkutan—hindi basta pighati—kundi tunay na kalungkutan




*"Ang pagsisisi ay pagtalikod sa mga bagay na masama at pagsisikap na maabot ang mas dakila."*

sa anumang antas ng pagkahawa sa mga bagay na makasalanan, nakakadiri, o nakakahamak.

Karaniwan na sa mga tao ang mamighati sa mga kamalian, kalokohan at kasalanang nagawa, pero hindi tumatalikod sa gayong mga karupukan at kasamaan. Maaari pa nga silang magpenitensya; ngunit ang "penitensya," wika nga, "ay panandalian, at maaaring di magbago ang pagkatao o pag-uugali." Ang pagsisisi, sa kabilang dako, "ay kalungkutan para sa kasalanan na may *pagpaparusa sa sarili*, at lubos na pagtalikod sa kasalanan." Kung gayon, hindi lang ito basta pamimighati; "saklaw nito ang pagbabago ng ugaling nababagay sa langit."[12]

**Ang tunay na pananampalataya at pagsisisi ay humahantong sa pagpapabinyag.**

Kapag tumayo sa tabi ng tubig ang isang nagpapabinyag, bago malibing kay Cristo sa binyag, taglay niya ang lubos na pananampalataya na ang Simbahan ni Jesucristo ay itinatag sa lupa, at ang organisasyong ito ang pinakamainam sa mundo ngayon para sa pagpapaunlad ng espirituwal na buhay, para sa pagtatamo ng tunay na pag-unlad sa relihiyon, para sa kaligtasan ng kaluluwa.

Inuulit ko nasa kaibuturan niya ang kanyang pananampalataya; at dahil dito, may tunay na pagsisisi, at sa pagsisising iyan ay kasama ang hangaring talikuran ang lahat ng nakaraan na salungat sa mga turo ng ebanghelyo o ng Simbahan. Ang dati niyang buhay, at mga kasalanan, kung mayroon man, ay lubos na niyang napagsisihan. Umaasa siya sa panahon na siya'y muling isisilang sa kaharian ng Diyos. Dadaan na siya sa ordenansa ng binyag, na simbolo ng paglilibing ng dati niyang buhay, kasama ang lahat ng pagkukulang, karupukan, kasamaan, kasalanan na kaakibat ng dating buhay na yaon. Ililibing na siya sa binyag, tulad nang ibangon si Cristo mula sa mga patay sa kapangyarihan at kaluwalhatian ng Ama, para mapanibago ang kanyang buhay, isang miyembro ng Simbahan ng Diyos, isang anak ng Ama, isang mamamayan sa kaharian ni Cristo. Sa binyag siya'y muling isinilang, at naging marapat na tumanggap ng Espiritu Santo. Muling umahon ang kanyang katawan, at iginawad sa kanya ang Espiritu Santo; siya'y nakumpirmang miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Pinagdaanan natin iyon minsan. Iyon ang ating nadama, ang ating pananampalataya, ang ating pag-asa.[13]

Sinabi ni Jesus kay Nicodemo, 'Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.' (Juan 3:5.)

Sa mga miyembro ng Simbahan, isinulat nina Pablo at Pedro, "Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus. Sapagka't ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo." (Mga Taga Galacia 3:26–27.) "Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas,

sa makatuwid baga'y ang bautismo . . . sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo." (I Pedro 3:21.)

Sa tatlong pagkakataong ito maliwanag nating ipinakita ang tatlong layunin ng ordenansa ng binyag, [alalaong baga'y]:

(1) Isang seremonyang itinatag ng Diyos mismo at kaugnay ng walang-hanggang alituntunin ng kabutihan, pagsunod sa batas, na itinatag para sa kaligtasan ng tao.

(2) Isang panimulang ordenansa—ang pasukan tungo sa pagiging miyembro sa kawan ni Cristo.

(3) Isang maganda at dakilang simbolo ng libing ng "dating" tao kasama ang lahat ng kanyang kahinaan at karumihan, at ang pagpapanibago ng buhay.

Ang ordenansa ng binyag ay batas ng Diyos, na kung susundin, nang taos, dalisay, at simple, ay maghahatid sa huli ng pangakong biyaya ng Mang-aaliw, ang banal na Gabay. . . . Kahit hamakin at kutyain ito ng mga tao, at pagdudahan ang bisa nito, ang binyag ay mananatili, maging sa kasimplehan nito, hindi lang bilang isa sa mga pinakamagandang simbolong kilala, kundi isa rin sa mga pinakaepektibong batas na umiiral para sa kaligtasan ng tao.[14]

Tulungan nawa tayong lahat ng Diyos na ipahayag sa mundo ang pangangailangang magsisi, ang kahalagahan ng binyag, una'y upang maganap ang lahat ng katwiran, ikalawa'y para makapasok sa kaharian ng Diyos, ang pintuang papasok sa kanyang Simbahan, at ikatlo'y para ilibing ang dati nating buhay at magabayan ng kanyang banal na espiritu.[15]

---

**Matapos tayong taos na manampalataya, magsisi, at mabinyagan, tatanggap tayo ng kaloob na Espiritu Santo.**

Yaon lamang taos na naniniwala kay Jesucristo bilang Manunubos ng Daigdig at nagsisisi sa kanilang mga kasalanan ang tatanggap ng Espiritu Santo. Yaong mga nabinyagan nang walang pananampalataya at pagsisisi ay nagkukunwari lamang.[16]

Bukas ang linya ng komunikasyon, at handang pumatnubay ang Panginoon, at talagang pumapatnubay siya, sa kanyang mga

tao. . . . Ang patotoo ng Espiritu Santo ay isang espesyal na pribilehiyo. Para itong pagbubukas ng radyo at pakikinig sa tinig na nasa kabilang panig ng mundo. Ang mga taong hindi sakop ng signal ay hindi maririnig ito, ngunit naririnig natin ito, at may karapatan tayo sa tinig na iyon at sa patnubay nito. Darating ito sa atin kung gagawin natin ang ating bahagi.[17]

Tulungan nawa tayong lahat ng Diyos na mapanatiling malinis ang ating budhi, maayos ang ating pag-uugali, sumusunod tayo sa mga bulong ng Banal na Espiritu, na totoo, kung dibdiban lang nating pakikinggan ito.[18]

Pinatutunayan ko sa inyo na totoo ang banal na inspirasyon. Ang mga lalaki at babaeng sumusunod sa mga alituntunin ng buhay at kaligtasan, taos na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, at nagpupunyaging mamuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo, ay ginagabayan at iniimpluwensiyahan ng Espiritu Santo, at pinakikitaan ng mga bagay na darating. Pinatototohanan ko na ang patnubay na iyon ay nasa Simbahan mula pa noong itatag ito ni Propetang Joseph Smith.[19]

Nalaman ng mga Banal sa mga Huling Araw ang katotohanan na ipinanumbalik na ang walang-hanggang Ebanghelyo. At ano ang dulot ng kaalamang ito sa kanila? Dulot nito sa lahat, na tapat at taos na sumunod sa mga alituntunin ng pagsisisi at pagpapabinyag, ang kaloob na Espiritu Santo, na nagpapalinaw ng kanilang isipan, nagpapabilis ng kanilang pang-unawa, at nagbabahagi sa kanila ng kaalaman tungkol kay Cristo.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may isang gabay, isang tulong, isang paraan na wala sa mundo na aalalayan sila sa pagtamo ng katotohanan, sa hangarin nilang alamin kung ano ang kanilang tungkulin. Ang gabay na ito ay kailangan; hindi malalaman ng tao ang katotohanan; hindi niya makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang talino lamang. Sinasabi na walang taong makatutuklas sa Diyos sa paggamit ng microscope. Hindi sapat na gabay ang mahusay na pag-iisip sa pagsasaliksik ng katotohanan. May mas mataas, mas tiyak na gabay kaysa mahusay na pag-iisip. . . .

[Pananampalataya] ang alituntuning iyon na naglalapit sa ating espiritu sa pakikipagniig sa Mas Nakatataas na Espiritu na magpapaalala sa atin ng lahat, magpapakita ng mga darating, at magtuturo ng lahat ng bagay. Ang pagkakamit ng Espiritung iyon ay responsibilidad ng Banal sa mga Huling Araw na nakaaalam ng katotohanan.[20]


## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang pananampalataya kay Jesucristo? (Tingnan sa mga pahina 225–26.) Bakit pangunahing alituntunin ng Simbahan ang pananampalataya kay Jesucristo? (Tingnan sa mga pahina 225–26.) Ano ang dapat nating gawin upang mapalago at mapalakas ang pananampalataya natin sa Kanya?
- Paano natin mapapagana ang pananampalataya natin kay Jesucristo? Paano kayo nabiyayaan sa gayong pananampalataya kay Jesucristo?
- Bakit humahantong sa pagsisisi ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo? Paano naging higit pa sa simpleng pagtigil sa isang ugali ang pagsisisi? (Tingnan sa mga pahina 226–28.) Ano ang dapat nating gawin upang malubos ang pagsisisi sa ating mga kasalanan? Ano ang mga panganib ng di pagsisisi?
- Ano ang simbolismo ng ordenansa ng binyag? (Tingnan sa mga pahina 229–30.) Ano ang tipan o pangakong ginagawa natin sa binyag? Ano ang pangako ng Panginoon bilang kapalit? Paano natin maaalala ang tipan natin sa binyag at patuloy na magalak sa mga biyayang kaakibat nito?
- Ano ang misyon ng Espiritu Santo? (Tingnan sa mga pahina 230–32.) Ano ang ipinagagawa sa atin para makaayon sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo? (Tingnan sa mga pahina 230–32.) Bakit kailangang matanggap ang kaloob na Espiritu Santo para makabalik sa ating Ama sa Langit?
- Paano natin malalaman kung ginagabayan tayo ng Espiritu Santo? Ano ang mga karanasan ninyo kung saan ginabayan kayo ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 14:26; Santiago 2:14–20; 2 Nephi 2:21; 32:5; Mosias 18:8–10; Alma 32:21; Moroni 10:5; D at T 11:13–14; 58:43; 121:26

## *Mga Tala*

1. *Gospel Ideals* (1953), 329.
2. *Gospel Ideals,* 117–18.
3. Sa Conference Report, Abr. 1966, 58.
4. Sa Conference Report, Okt. 1928, 36–37.
5. *Gospel Ideals,* 42.
6. *Ancient Apostles* (1918), 258.
7. *Gospel Ideals,* 11.
8. Sa Conference Report, Abr. 1968, 144–45.
9. Sa Conference Report, Abr. 1938, 17.
10. *Gospel Ideals,* 12.
11. *Gospel Ideals,* 327–28.
12. *Gospel Ideals,* 13.
13. Sa Conference Report, Abr. 1960, 26–27; binago ang pagtatalata.
14. *Gospel Ideals,* 16–17.
15. *Gospel Ideals,* 329.
16. *Ancient Apostles,* 92.
17. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 128; binago ang pagtatalata.
18. Sa Conference Report, Abr. 1963, 95.
19. Sa Conference Report, Okt. 1929, 15.
20. Sa Conference Report, Okt. 1906, 112–13; binago ang pagtatalata.



*Dahil binigyan tayo ng Ama sa Langit ng kaloob na kalayaan sa pagpili, mapipili nating sundin si Jesucristo.*

# Kalayaang Pumili at Responsibilidad

*Nakasalalay sa inyo ang kahihinatnan ninyo bilang indibiduwal. Narito kayo sa mundo upang piliin ang tama o mali, upang tanggapin ang tama o magpadala sa tukso. Sa pagpiling iyan nakasalalay ang pag-unlad ng espirituwal na bahagi ninyo. Pangunahin iyan sa ebanghelyo ni Jesucristo.*[1]

## Panimula

Naglingkod nang mahigit anim na dekada si Pangulong David O. McKay bilang General Authority, at sa panahong ito saksi siya sa maraming katangi-tanging kaganapan sa kasaysayan ng daigdig. Nakita niya ang kaguluhan sa buong mundo, pati na ang dalawang digmaang pandaigdig, laganap na mga pag-aaway sa mga rehiyon, at pagsulpot ng mga bansang pinakamakapangyarihan sa banta ng digmaang nukleyar. Nakita rin niya ang malalaking pagbabago sa ekonomiya at lipunan, tulad ng Matinding Kahirapan at ang lumalaking pagtanggap ng mundo sa dagliang kasiyahang dulot ng kahalayan sa seks at bawal na gamot. Bilang inspiradong saksi sa kasaysayan, maraming beses siyang nagsalita sa mga miyembro ng Simbahan tungkol sa kalayaan at kanikanyang responsibilidad. Sa isang mensahe sa kumperensya matapos sumali ang Estados Unidos sa Unang Digmaang Pandaigdig, nagsalita si Elder McKay (na noo'y miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol) tungkol sa mga trahedyang namamayani sa mundo:

"Hindi ako naniniwala na ang Diyos ang nagdulot ng dalamhati, gutom, salot, at kamatayan na laganap ngayon sa mga bansang Europa na pininsala ng digmaan. Naniniwala ako na ang

mga kalagayan ng mundo ngayon ay tuwirang resulta—isang di maiiwasang resulta, ng pagsuway sa mga batas ng Diyos. . . . Maaaring piliin ng mga tao ang tama o ang mali; makalalakad sila sa kadiliman o sa liwanag; at, tandaan ninyo, hindi iniwan ng Diyos ang kanyang mga anak na walang liwanag. Binigyan niya sila sa iba't ibang dispensasyon ng mundo ng liwanag ng ebanghelyo kung saan makalalakad sila na di natitisod, makatatagpo sila ng kapayapaan at kaligayahang nais niya, bilang mapagmahal na Ama, na tamasahin ng kanyang mga anak, ngunit hindi kinukuha ng Panginoon ang kanilang kalayaang pumili."[2]

Bagama't batid ni Pangulong McKay ang mga trahedyang magaganap kapag pinili ng mga tao ang kasamaan, lagi pa rin siyang nagpapasalamat sa kaloob na kalayaang pumili. Naunawaan niya ang mga biyayang dumarating sa mabubuting pagpili, at pinaalalahanan ang mga tinuruan niya na ang kalayaang pumili ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan. Sa kanyang mga diskurso tungkol sa paksang kalayaang pumili, madalas niya itong tawaging "pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao."

## Mga Turo ni David O. McKay

### Ang walang-hanggang kaloob na kalayaan ay nagpapahintulot sa atin na umunlad at magtamo ng kadakilaan.

Ang kalayaang pumili ay pinanggagalingan ng pag-unlad ng kaluluwa. Layon ng Panginoon na maging katulad niya ang tao. Para makamit ito ng tao kinailangan muna siyang bigyang-laya ng Maylikha.[3]

May mahalagang reperensya sa [aklat ng Apocalipsis] tungkol sa "digmaan sa langit." (Apoc. 12:7.) Hindi lang ito mahalaga, kundi mukhang salungat pa, dahil itinuturing natin ang langit bilang selestiyal na tahanang maluwalhati, isang kalagayan na imposibleng umiral ang digmaan at pag-aaway. Mahalaga ang taludtod na ito dahil nagpapahiwatig ito ng kalayaang pumili at kumilos sa daigdig ng mga espiritu. Sa Mahalagang Perlas ibinigay sa atin ang salaysay na ito: "Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at *naghangad na wasakin*

*ang kalayaan ng tao*, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, *na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan*; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay mapalayas;

"At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa aking tinig." (Moises 4:3–4; idinagdag ang italics.)

Dalawang bagay ang mapupuna ninyo sa taludtod na iyan: una, na si Satanas ay determinadong wasakin ang kalayaang pumili ng tao. Ang kalayaang pumili ay kaloob ng Diyos. Bahagi ito ng kanyang kabanalan. Ang ikalawa ay hinangad niyang pangunahan ang Diyos. Uulitin ko ang sabi niya, "Ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan." [Tingnan sa Moises 4:1.]

Hindi nauunawaan ng mundo ang kabuluhan ng banal na kaloob na iyon sa tao. Iyon ay likas na gaya ng katalinuhan na sabi nila ay hindi pa nilikha ni hindi maaaring likhain [tingnan sa D at T 93:29].[4]

Ang kalayaang magpasiya at ang responsibilidad na kaakibat niyon ay mga pangunahing aspeto ng mga turo ni Jesus. Sa kanyang ministeryo binigyang-diin niya ang halaga ng tao, at nagpakita ng halimbawa ng ipinahiwatig sa makabagong paghahayag bilang gawain at kaluwalhatian ng Diyos—"Ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." [Moises 1:39.] Tanging sa pamamagitan lamang ng banal na kaloob na kalayaan ng kaluluwa posible ang gayong pag-unlad.

Ang puwersa, sa kabilang banda, ay nagmumula mismo kay Lucifer. Maging bago pa isilang ang tao, hinangad na ni Satanas ang kapangyarihang pilitin ang pamilya ng tao na gawin ang kalooban niya sa pamamagitan ng pagmumungkahi na huwag paganahin ang kalayaang pumili ng tao. Kung tinanggap ang kanyang plano, magmimistulang puppet ang mga tao sa kamay ng isang diktador, at mabibigo ang layunin ng paglalagak ng tao sa lupa.

Kaya nga tinanggihan ang iminungkahing sistema ng pamamahala ni Satanas, at itinatag ang alituntunin ng kalayaang pumili.[5]

Bagama't nilikha ng Diyos ang sansinukob at lahat ng naroon, "ang tao ang hiyas ng Diyos." Isa pa itong paraan ng pagsasabi na ang daigdig ay nilikha para sa tao at hindi ang tao para sa daigdig. Ibinigay ng Diyos sa tao ang bahagi ng kanyang kabanalan. Binigyan niya ang tao ng kapangyarihang pumili, at walang ibang nilikha sa mundo ang mayroon nito. Kaya binigyan niya ng obligasyon ang tao na pamahalaan ang sarili bilang walang-hanggang nilalang. Wala na kayong maiisip na mas dakilang kaloob sa lalaki o babae maliban sa kalayaang pumili. Kayo lang ang mananagot, at sa pamamahala at paggamit ng kalayaan sa pagpili, uunlad ang inyong pagkatao, tatalino kayo at magiging banal, at sa huli'y makakamtan ninyo ang mataas na kadakilaang iyon. Malaking obligasyon iyan. Iilang tao ang nagpapahalaga rito. Maliwanag na itinuro ang landas—handog ng isa ay pag-iral na tulad ng hayop, ang isa'y saganang buhay. Subalit, ang pinakadakilang likha ng Diyos—*ang tao*—ay madalas na kontentong gumapang na parang hayop.[6]

Kasunod ng pagkakaloob mismo ng buhay, ang karapatang pamahalaan ang buhay na iyon ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao. . . . Ang kalayaang pumili ay mas dapat ingatan kaysa anumang pag-aari sa daigdig. Ito'y likas sa espiritu ng tao. Ito'y banal na kaloob. . . . Isinilang man sa abang karukhaan o napapaligiran ng minanang yaman, lahat ay taglay ang pinakamahalagang kaloob na ito sa buhay—ang kaloob na kalayaang pumili; ang karapatang mana ng tao na di maipagkakait.[7]

Ipinakikita ng mga reperensya sa mga Banal na Kasulatan na [ang kalayaan sa pagpili] ay (1) mahalaga sa kaligtasan ng tao; at (2) maaaring gawing panukat sa paghatol sa mga kilos ng tao, mga organisasyon, o mga bansa.

"Samakatwid, magalak sa inyong mga puso, at tandaan ninyo na kayo ay malayang makakikilos para sa inyong sarili—ang piliin ang daan ng walang-hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan." (2 Nephi 10:23.)[8]

### Kaakibat ng kalayaan sa pagpili ang personal na responsibilidad na tuparin ang "tunay na layunin ng buhay."

Responsibilidad ng bawat tao na piliin ang landas ng katwiran, ng katapatan at tungkulin sa kapwa. Kung iba ang [pipiliin] niya, at bunga nito'y kabiguan, pagdadalamhati at kamatayan, siya lang ang dapat sisihin. Tulad ng sinabing minsan ni Pangulong [Brigham] Young:

"Kung maligaw ng landas si Brother Brigham at mapagsarhan ng kaharian ng langit, walang masisisi kundi si Brother Brigham. Ako lamang ang tanging masisisi sa langit, sa lupa, o sa impiyerno.

"Aakma rin ito sa bawat Banal sa mga Huling Araw. Kani-kanyang sikap ang kaligtasan. . . . Kapag inihatid sa akin ang kaligtasan, maaari ko itong tanggihan o tanggapin. Sa pagtanggap dito, habambuhay akong lubos na sumusunod at nagpapasailalim



*"Ang mga kilos na ayon sa banal na batas at mga batas ng kalikasan ay magdudulot ng kaligayahan, at yaong sumasalungat sa banal na katotohanan, ay dalamhati."*

sa dakilang May-akda nito, at sa lahat ng itatalaga niyang magturo sa akin; sa pagtanggi rito, mas sinusunod ko ang kalooban ko kaysa sa kalooban ng aking Manlilikha." [Tingnan sa *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe (1954), 390.][9]

May kaakibat na responsibilidad ang kalayaang pumili. Kung gagantimpalaan ang tao sa pagkamakatwiran at pinarusahan dahil sa kasamaan, kung magkagayo'y hihilingin ng karaniwang katarungan na bigyan siya ng kapangyarihang makakilos nang malaya. Mahalagang malaman ng tao ang mabuti at masama para umunlad sa daigdig. Kung mapipilitan siyang gawin ang wasto sa lahat ng oras, o pinilit na magkasala, hindi niya tatamuhin ang biyaya sa una ni ang parusa sa ikalawa. . . .

. . . Ang responsibilidad ng tao ay umaayon sa kanyang kalayaang pumili. Ang mga kilos na ayon sa banal na batas at mga batas ng kalikasan ay magdudulot ng kaligayahan, at yaong sumasalungat sa banal na katotohanan, ay dalamhati. Pananagutan ng tao hindi lang ang bawat gawain, kundi pati na ang bawat salita at kaisipang walang kabuluhan. Sinabi ng Tagapagligtas:

". . . ang bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom." (Mateo 12:36.)[10]

Ang daigdig sa buong karingalan at kagandahan nito ay hindi ang katapusan at layon ng paglikha. *". . . [ang] aking kaluwalhatian," sabi mismo ng Panginoon, "(ay) ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."* (Moises 1:39.) At ang tao, sa paggamit ng banal na kaloob na kalayaang pumili, ay dapat madama na tungkulin at *obligasyon* niyang tulungan ang Maylikha sa pagsasakatuparan ng banal na layuning ito.

Ang tunay na katapusan ng buhay ay hindi lang basta pag-iral, kasiyahan, katanyagan, kayamanan. Ang tunay na layon ng buhay ay gawing perpekto ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsisikap ng bawat isa, sa ilalim ng patnubay ng inspirasyon ng Diyos.[11]

May ilang simple ngunit mga pangunahing bagay na magagawa ang lahat. Isa rito ay ang mapagsikapan ng bawat tao ang

sarili niyang kaligtasan. Namumukod-tangi sa doktrina ng Simbahan ang pagdadala ng responsibilidad na ito ng bawat tao, at ang kaligtasan ng tao ay isang proseso ng unti-unting pag-unlad. . . . Dapat nating hangarin ang lakas at biyaya ng Diyos para magkainspirasyong kamtin ang huling tagumpay.

Gayunpaman, ang tao ay hindi maliligtas sa katamaran, kapapangarap at kasabikan na mahimalang ilagak ng Diyos ang masaganang biyaya sa ating kandungan. Ito'y sa paggawa ng dapat gawin o ng tungkuling gagampanan, sa araw-araw, oras-oras, sanda-sandali, kung kailangan, at sa masayang pagpapatuloy sa paggawang iyon sa paglipas ng mga taon, na iniiwan ang bunga ng mga pagsisikap na iyon sa sarili o sa iba na maigawad ayon sa pasiya ng makatarungan at mapagbigay na Ama.

Hindi ko isinasantabi ang banal na kasulatang nagsasaad na, "Sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios." [Tingnan sa Mga Taga Efeso 2:8.] Talagang totoo ito, dahil nang taglayin ng tao ang mortalidad ay wala siyang [kapangyarihan] na iligtas ang kanyang sarili. Nang maiwang umaapuhap sa likas niyang katauhan, maaari siyang maging, at tunay na naging "likas na makamundo, makalaman, at maladiyablo." [Alma 42:10.] Ngunit ang Panginoon dahil sa Kanyang kabaitan ay nagpakita sa tao, ibinigay sa kanya ang Ebanghelyo o walang hanggang plano upang makaahon siya mula sa mga makamundo at makasariling bagay sa buhay at magtamo ng espirituwal na kaganapan.

Ngunit kailangan niyang makaahon sa sarili niyang sikap at lumakad sa pananampalataya.[12]

---

**Nagdudulot ng kaligayahan, kapayapaan, at kaligtasan ang pagpiling sundin ang mga alituntunin ng ebanghelyo.**

Ang pag-ayon sa salita o batas ng Panginoon ay walang dudang tutulong sa kaligayahan at kaligtasan ng tao. Yaong mga ayaw sumunod sa utos ng Panginoon, sabi sa atin, ay sasailalim sa hustisya at paghatol. Sa madaling salita, walang tigil ang paggana ng batas ng kabayaran at kaparusahan sa moralidad ng mundo—kabayaran na katumbas ng pagsunod sa batas; tunay na antas ng kaparusahan ayon sa pagsuway.[13]

Hindi dumarating ang kapayapaan ni Cristo sa paghahangad ng mga paimbabaw na bagay sa buhay, kundi dumarating lamang ito kung nagmumula sa puso ng tao. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo." [Juan 14:27.] Kaya nga ang Anak ng Tao bilang tagapagpaganap ng sarili niyang kalooban at tipan ay ibinigay sa kanyang mga disipulo at sangkatauhan ang "una sa lahat ng biyaya sa tao." Isa itong pamana ayon sa pagsunod sa mga alituntunin ng Ebanghelyo ni Jesucristo. Ipinamamamana ito sa bawat tao. Walang taong nagiging payapa sa kanyang sarili o sa kanyang Diyos na hindi nagpapakatotoo sa sarili, lumalabag sa batas ng katwiran sa pakikitungo sa sarili sa pagpapalayaw sa kapusukan at hilig, at pagsuko sa mga tukso na labag sa kanyang budhi, o sa pakikitungo sa kapwa, na hindi tapat sa kanilang pagtitiwala. Hindi dumarating ang kapayapaan sa lumalabag sa batas; dumarating ito sa pagsunod sa batas. At iyan ang mensaheng nais ni Jesus na ipahayag natin sa mga tao.[14]

Binigyan tayo ni Jesucristo, ang Tagapagligtas ng mundo, ng paraan upang makamtan ng tao ang walang hanggang kaligayahan at kapayapaan sa kaharian ng ating Ama, ngunit kailangang pagsikapan ng tao ang sarili niyang kaligtasan sa pagsunod sa mga walang hanggang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo.[15]

---

### Bilang mga miyembro ng lipunan, dapat nating pahalagahan ang kalayaan at isulong ang responsableng paggamit nito.

Ang kalayaang magsalita at kumilos sa loob ng mga hangganang hindi manghihimasok sa kalayaan ng iba ay . . . mga banal na kaloob na "mahalaga sa dangal at kaligayahan ng tao."[16]

Ang kalayaan ay maaaring makatulong o makasama ayon sa paggamit nito. . . . "Ang kalayaan ay kapaligiran ng mas matayog na pamumuhay. . . . Kalayaan?—ito'y paggalang. . . . Dapat magkaroon ng kakayahan at gawing marapat ang mga tao sa [kalayaan], kung hindi'y imposibleng makisalamuha sa lipunan."[17]

Ang tunay na kalayaan ng mga tao ay ang masiyahan sa bawat katwirang makatutulong sa kapayapaan at kaligayahan ng isang tao, basta't hindi makapanghihimasok sa pribilehiyo ng iba ang paggamit ng pribilehiyong iyon. Hindi ito sa paggawa ng gustong gawin ng isang tao, kundi sa paggawa ng dapat niyang gawin. Karapatan ng bawat tao na pamahalaan ang sarili niyang oras at mga kilos na naaayon sa katarungan at hustisya sa kanyang kapwa at ayon sa mga batas ng Diyos. . . . Ito'y kalayaan sa pagpili, isang banal na kaloob, isang mahalagang katangian sa mapayapang lipunan.[18]

Sa mga panahong ito ng kawalang-katiyakan at kaguluhan, pinakamalaking responsibilidad at pinakamahalagang tungkulin ng mga taong mapagmahal sa kalayaan na pangalagaan at ipahayag ang kalayaan ng tao, ang relasyon niya sa Diyos, at . . . ang pangangailangang sundin ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo—sa gayon lamang matatagpuan ng sangkatauhan ang kapayapaan at kaligayahan.[19]

Kung pagagandahin natin ang mundo, itaguyod ang higit na pagpapahalaga sa . . . kalayaan at kasarinlan.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit tayo binigyan ng Diyos ng kalayaang pumili? (Tingnan sa mga pahina 236–38.) Bakit gustong ipagkait ni Satanas ang ating kalayaan? (Tingnan sa mga pahina 236–37.)
- Paano patuloy na sinisikap impluwensiyahin ni Satanas ang ating kalayaang pumili? Paano natin malalabanan ang mga pagtatangkang iyon?
- Anong patnubay ang inilaan ng Panginoon para tulungan tayong gamitin nang matwid ang ating kalayaang pumili? Ano ang maipapayo ninyo sa taong nahihirapang malaman ang tama sa mali?
- Paano matuturuan at masasanay ng mga magulang ang kanilang mga anak hanggang matuto silang magdesisyon sa sarili? Paano natin maigagalang ang kalayaang pumili ng mga kapamilya at kasabay nito'y matulungan silang gumawa ng mga

tamang desisyon? Paano natin matutulungan ang mga kapamilya na maunawaan ang kahihinatnan ng kanilang mga desisyon?

- Itinuro ni Pangulong McKay na ang layon ng buhay ay "gawing perpekto ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsisikap ng bawat isa, sa ilalim ng patnubay ng inspirasyon ng Diyos" (pahina 240). Paano tayo matutulungan ng kalayaang pumili na tuparin ang banal na layuning ito? (Tingnan sa mga pahina 239–41.) Anu-ano ang kani-kanyang mga responsibilidad natin sa paggamit ng ating kalayaan sa pagpili? (Tingnan sa mga pahina 239–41.)
- Ano ang kaugnayan ng personal na kalayaan sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?
- Paano tayo pinalalaya ng makatwirang paggamit ng kalayaan?
- Paano tayo makatutulong na mapangalagaan ang kalayaan at isulong ang responsableng paggamit ng kani-kanyang kalayaan? (Tingnan sa mga pahina 242–43.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Josue 24:15; 2 Nephi 2:14–16, 26–28; Alma 5:40–42; Helaman 14:30–31; D at T 58:26–28; 130:20–21; Abraham 3:24–28

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1967, 134–35.
2. Sa Conference Report, Abr. 1917, 46–47; binago ang pagtatalata.
3. Sa Conference Report, Abr. 1950, 32.
4. Sa Conference Report, Okt. 1965, 7.
5. Sa Conference Report, Abr. 1950, 34–35.
6. Sa Conference Report, Okt. 1969, 6–7.
7. Sa Conference Report, Abr. 1950, 32.
8. Sa Conference Report, Abr. 1940, 116.
9. Sa Conference Report, Abr. 1938, 18.
10. Sa Conference Report, Abr. 1950, 33.
11. Sa Conference Report, Okt. 1963, 7.
12. Sa Conference Report, Abr. 1938, 17–18; binago ang pagtatalata.
13. Sa Conference Report, Okt. 1951, 6.
14. Sa Conference Report, Okt. 1938, 133.
15. *Gospel Ideals* (1953), 8.
16. *Pathways to Happiness,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1957), 166.
17. Sa Conference Report, Abr. 1937, 29; binago ang pagtatalata.
18. *True to the Faith: From the Sermons and Writings of David O. McKay,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1966), 139.
19. Sa Conference Report, Abr. 1950, 37.
20. Sa Conference Report, Okt. 1940, 104.

# Pagkakaroon ng Katangiang Tulad ng Kay Cristo


*Ang dapat pangunahing hangarin ng tao sa buhay ay hindi ang pagkakamal ng ginto, o katanyagan, o mga ari-arian. Hindi ito ang pagkakaroon ng lakas ng katawan, ni katalinuhan, bagkus ang dapat na maging kanyang layon, ang pinakamataas sa buhay, ay ang magkaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo.*[1]

## Panimula

Naunawaan ni Pangulong David O. McKay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting pagkatao na naaayon sa Tagapagligtas. Napatunayan ito kapwa sa pampubliko at pribado niyang buhay. Minsa'y sinabi ng anak niyang si Robert tungkol sa kanya, "Sa tanang buhay ko sa malapit na pagsasamahan sa tahanan, sa bukid, sa negosyo, sa Simbahan, wala pa akong nakitang anumang kilos ni kataga, kahit habang nagtuturo ng kabayong mailap, na maglalagay ng anumang pagdududa sa isipan ko na dapat siyang maging at sa huli'y talagang naging kinatawan at propeta ng ating Ama sa Langit."[2]

Itinuro ni Pangulong McKay na ang pagkakaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo ay isang patuloy, araw-araw na prosesong dapat nating panagutang lahat. Para maipakita ang alituntuning ito sa mga kabataan, ikinuwento niya nang minsang dalawin niya ang bakuran ng isang iskultor sa Florence, Italy: "Nagkalat ang buo at iba't ibang hugis ng granito na inihahanda ng iskultor sa pagtabas ng isang pangitaing nakita niya sa kanyang isipan. . . .

"Kung nakatayo ka sa bakurang iyon, at inabutan ka ng isang lalaki ng katam at martilyo, magtatangka ka bang kunin ang isang walang-hugis na bloke ng bato at lililok ng imahen ng tao mula



*"Iisa lang ang perpektong pagkatao sa mundong ito—ang walang kapantay na katauhan ni Jesus ng Nasaret, ang Anak ng Diyos, ang Manunubos ng daigdig. Walang mas magandang gawin kundi ang tanggapin si Cristo bilang dakilang Halimbawa at pinakaligtas na Patnubay."*

rito? Hindi mo ito magagawa. O kung may naglagay sa harapan mo ng isang canvas at binigyan ka ng pintura at pinsel, ipipinta mo ba sa canvas ang larawan ng isang huwarang kaluluwa? Siguro'y sasabihin mo sa una, 'Hindi ako iskultor,' at sa ikalawa, 'Hindi ako pintor. Hindi ko ito magagawa.'

"Gayunman, tayong lahat ay naglililok ng kaluluwa sa sandaling ito—ang ating kaluluwa. Magiging pangit ba ito, o magiging kahanga-hanga at maganda?

"Kayo ang may responsibilidad. Walang ibang makalililok nito para sa inyo. Ang mga magulang ay maaaring gumabay, at ang mga guro ay makapagmumungkahi, ngunit bawat kabataang lalaki at babae ay may responsibilidad na lilukin ang sarili niyang pagkatao."

Nagpatuloy si Pangulong McKay sa paglalarawan ng mga resulta ng paglililok ng mabuting pagkatao: "Kung mapananatili mong walang kapintasan ang iyong pagkatao, anuman ang isipin o ibintang ng iba, maitataas mo ang iyong ulo, mapagagaan ang iyong puso, at mahaharap ang mundo nang walang takot dahil tanging ikaw ang nakaaalam na walang bahid-dungis ang iyong kaluluwa."[3]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Dapat tayong magpunyaging sundin ang pinakadakilang halimbawa ng Tagapagligtas.

Iisa lang ang perpekto ang pagkatao sa mundong ito—ang walang kapantay na katauhan ni Jesus ng Nasaret, ang Anak ng Diyos, ang Manunubos ng daigdig. Walang mas magandang gawin kundi ang tanggapin si Cristo bilang dakilang Halimbawa at pinakaligtas na Patnubay.[4]

Kung nais nating matutuhan ang huwarang buhay para mamuno sa ating kapwa, makikita natin ang perpektong halimbawa sa buhay ni Jesus. Anuman ang ating mararangal na hangarin, matatayog na pangarap, mga mithiin sa anumang bahagi ng buhay, makaaasa tayo kay Cristo at makatatagpo ng kaganapan. . . .

Ang magagandang katangiang nagsama-sama upang gawing perpekto ang pagkataong ito ay katotohanan, katarungan, karunungan, kabaitan, at pagtitimpi. Ang bawat kaisipan, salita, at gawa niya ay naaayon sa banal na batas at sa gayo'y totoo. Ang tulay ng komunikasyon sa pagitan niya at ng Ama ay laging bukas, upang ang katotohanan, na nakasalalay sa paghahayag, ay lagi nang ipinaaalam sa kanya.

Ang huwaran niya sa katarungan ay ibinuod sa payo na: "Lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila." (Tingnan sa Mateo 7:12.) Ang kanyang karunungan ay napakalawak at malalim na nasasaklaw nito ang mga ugali ng tao at mga layunin ng Diyos. . . . Bawat kilos na nakatala sa kanyang maikli ngunit makasaysayang buhay ay puno ng kabaitan na nasasaklawan ng pagkakawanggawa at pag-ibig. Perpekto ang kanyang pagtitimpi, na inihalimbawa sa pagdaig niya sa kanyang mga kagustuhan at kapusukan o kanyang dangal at katatagan sa harap ng kanyang mga tagausig—ito'y makalangit.[5]

May [ilang] larawang gustung-gusto kong pagmasdan lagi. Una rito'y ang larawan ni Cristo sa harap ni Pilato nang sabihin ng opisyal na Romano sa galit na mga tao, "Narito, ang tao!" (Juan 19:5.) Pagkasabi nito, itinuro niya si Jesus, na may koronang tinik, suot ang balabal na kulay-ube. Itinuro niya ang isang taong kinukutya ng mga taong galit, isinusumpa bilang kriminal at lapastangan, subalit nang sabihin niyang, "Narito, ang tao!" inilarawan niya ang isang perpektong pagkatao, na lumupig sa mga kahinaan at tukso, at makapagsasabi, tulad ng ginawa niya sa mga kapwa niya manggagawa, "Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan . . . laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan." (Juan 16:33.) Siya ang ating huwaran.[6]

Isa-isa nating dapat gayahin si Jesucristo dahil sa Kanyang banal na pagkatao. . . . Iginagalang Siya ng mga Kristiyano, kahit sa pagpaparangal nila sa Kanya, hindi dahil isa Siyang dakilang makata, isang dakilang siyentipiko, isang dakilang manunuklas, isang dakilang imbentor o pulitiko o heneral. Iginagalang nila Siya dahil dakila Siyang tao. Sa saklaw ng pagkatao Siya'y pinakadakila.[7]

**Napakahalagang magpanatili ng mabubuting kaisipan para magkaroon ng mabuting pagkatao.**

Ang uri ng iyong pamumuhay at disposisyon, ng mismong kalikasan mo, ay makikita sa iyong mga iniisip, na mahihiwatigan sa iyong mga kilos. Ang kilos ay bunga ng isipan.[8]

Ang pagkatao ay nanggagaling sa kaibuturan ng kaluluwa. Sabihin mo sa akin ang nasa isipan mo kapag di mo kailangang mag-isip, at sasabihin ko sa iyo ang pagkatao mo.[9]

Natutulad tayo sa mga iniisip natin. Sintiyak ng paglikha ng manghahabi sa kanyang mga bulaklak at hugis mula sa sinulid ng kanyang makina, gayundin ang bawat pagbabalik-balik ng isipan sa paghubog ng pagkatao at maging sa paghuhugis ng anyo ng ating mukha. Ang mga kaisipan ay nagpapaangat sa iyong kaluluwa sa langit, o humihila sa iyo pababa sa impiyerno.[10]

Walang alituntunin sa buhay na mas madalas bigyang-diin ng Dakilang Guro kaysa pangangailangang mag-isip ng tama. Para sa Kanya, ang tao ay hindi katulad ng kanyang panlabas ng anyo, ni hindi siya katulad ng paglalarawan niya: ang *iniisip* ng tao ang nagpapasiya sa lahat ng pagkakataon kung ano ang *dati* niyang pagkatao. Walang guro liban sa Kanya na mas matindi ang pagbibigay-diin sa katotohanan na "kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya" [tingnan sa Mga Kawikaan 23:7]. . . .

Ang mga turo Niya hinggil sa tungkulin ng tao sa kanyang sarili, gayundin sa kanyang kapwa, ay puno ng katotohanan na ang isipan ang nagpapasiya sa lahat ng pagkakataon sa karapatan ng tao na lumigaya o maparusahan dahil sa kasalanan. . . .

Matuklasan man o hindi, lahat ng nagkasala ay magbabayad sa kasalanan at kawalang-ingat. Ang intensyon sa paggawa noon ay nag-iiwan ng di mapapawing bahid sa pagkatao. At kahit payapain ng nagkasala ang kanyang budhi sa pagsasabing . . . walang kabuluhan ang "isang ito," subalit, sa kanyang kalooban, may kabuluhan ito, at ang marka sa kanyang pagkatao ay maninindigan laban sa kanya sa araw ng paghuhukom. Walang makapagtatago sa kanyang iniisip, ni makakalaya sa di-maiiwasang bunga ng mga ito.[11]

Batid ng Tagapagligtas na kung mapamamahalaan nang wasto ang isipan; kung malalabanan ang masamang isipan at tendensiya, mababawasan ang kasamaan. Hindi pinagagaan ni Jesus ang bigat ng mga pagkakasalang ito, ni sinasabing hindi natin sila dapat parusahan; kundi binibigyang-diin niya ang mas malaking pangangailangan na mapanatiling malinis at dalisay ang isipan. Magbubunga ng masamang prutas ang masamang puno; magbubunga ng mabuting prutas ang mabuting puno. Panatilihing dalisay ang puno at isipan, at magiging dalisay ang prutas at buhay.[12]

Ang matwid na pagkatao ay bunga lamang ng patuloy na pagsisikap at tamang pag-iisip, na epekto ng mahabang panahong maka-Diyos na mga kaisipan. Siya na pinakamalapit sa espiritu ni Cristo ay ginagawang sentro ng kanyang isipan ang Diyos; at siya na taos na makapagsasabing, "Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" [tingnan sa Lucas 22:42], ay pinakamalapit sa huwaran ni Cristo.[13]

---

**Sa paglipas ng panahon, ang "maliliit na bagay" sa ating buhay ay huhubog sa ating pagkatao.**

Tulad ng kung paanong malalaman ang direksyon ng hangin sa pag-ihip nito sa dayami, gayundin naman na malalaman sa pamamagitan ng maliliit na bagay ang direksyon ng damdamin at isipan ng isang tao.[14]

Ang maliliit na bagay ay mga bahagi lamang ng malalaki. Hindi biglaan ang pag-usbong ng damo. Lumalaki at lumalago ito nang napakatahimik na kahit pinakamaselang tainga ay di ito maririnig, at napakayumi na kahit pinakamaselang mata ay di ito makikita. Hindi bumubuhos ang ulan nang biglaan kundi patak-patak; hindi lumulukso ang mga planeta sa orbit nila, kundi pulga-pulgada at linya-linya silang umiikot sa mga orbit. Ang talino, damdamin, ugali, pagkatao, lahat ay nagiging gayon sa impluwensiya ng maliliit na bagay, at sa mga moralidad at relihiyon, sa maliliit na bagay, sa maliliit na hakbang, tayo napupunta—hindi sa paglukso, kundi sa pulga-pulgada—sa buhay o kamatayang walang hanggan.

Ang dakilang aral na matutuhan sa mundo ngayon ay ang ipamuhay ang maluluwalhating alituntunin ng Ebanghelyo sa

mumunting gawa at mga tungkulin sa buhay. Huwag nating isipin na, dahil parang maliliit at di gaanong mahalaga ang ilang bagay, hindi ito mahalaga. Kunsabagay, ang buhay ay binubuo ng maliliit na bagay. Ang ating buhay, ang ating pisikal na pagkatao, ay binubuo ng mumunting tibok ng puso. Patigilin ang tibok ng maliit na pusong iyon, at papanaw ang buhay sa mundong ito. Ang dakilang araw ay isang malakas na puwersa sa sansinukob, ngunit tinatanggap natin ang mga biyaya ng sikat nito dahil dumarating ito sa atin bilang mumunting sinag, na, kung titipunin, ay pupuno ng liwanag sa buong mundo. Pinalugod ng banaag ng parang mumunting bituin ang dilim ng gabi; kaya nga ang tunay na buhay-Kristiyano ay binubuo ng mumunting gawa na tulad ng kay Cristo na ginawa sa oras na ito, sa sandaling ito—sa tahanan, sa korum, sa organisasyon, sa bayan, anuman ang papel at tungkulin natin sa buhay.[15]

Kung ano ang tao ngayon ay lubos na magpapasiya kung ano ang kahihinatnan niya bukas. Malaki ang impluwensiya ng pagkatao niya noong isang taon sa landas na tinatahak niya sa buong taong kasalukuyan. Sa paglipas ng mga araw at oras, hinuhubog ng tao ang pagkataong magpapasiya sa kanyang lugar at kalagayan sa kanyang mga kasamahan sa darating na mga panahon.[16]

---

### Nagkakaroon tayo ng katangiang tulad ng kay Cristo sa pamamagitan ng pagsunod at pagtitimpi.

Nahuhubog ang pagkatao sa pagsunod sa mga alituntunin. Nahuhubog ang pagkatao mula sa kalooban tulad ng paglaki ng puno, tulad ng paglaki ng lahat ng may buhay. Walang dapat isuot para magpaganda ng sarili; totoong [ang mga produkto mula] sa botika [ay nakatutulong], pero paimbabaw lang ito at pansamantala. Ang tunay na kagandahan, tulad ng pagkatao, ay nagmumula sa kalooban, at ang nagpapalakas sa pagkatao ay ang pagsunod sa mga alituntuning iyon na itinuro ni Propetang Joseph, at ng Tagapagligtas Mismo: magandang katangian, pagkamakatwiran, kabanalan—pagsunod sa mga kautusan ng Diyos [tingnan sa *History of the Church*, 5:134–35].[17]

Sa paghubog ng pagkatao tulad ng pagpapaganda ng tanawin, ang mga batas ng kapayapaan at kaligayahan ay lagi nang guma-

gana. Ang pagsisikap, pagkakait sa sarili, at pagkilos nang may layunin ay mga hakbang tungo sa pag-unlad. Ang pagpapasasa at pagkakasala ay mga katampalasanan at sumisira ng pagkatao. Pawang pagsisisi at kapighatian ang kasunod nito.[18]

Ang pagtitimpi ay nangangahulugan ng pamamahala at pagpigil sa lahat ng ating mga katutubong hilig, hangarin, kapusukan, at pagsuyo; at walang nagbibigay-lakas sa pagkatao na tulad ng pagkakilala sa sarili, ng pagkaalam na mapagsisilbihan siya ng kanyang hilig at kapusukan at hindi siya alipin ng mga ito. Ang katangiang ito ay kinabibilangan ng kahinahunan, pagpipigil, katapangan, katatagan, pag-asa, kalamigan ng ulo, kalinisang-puri, kasarinlan, pagpaparaya, pagtitiis, pagpapasakop, kalinisan, kadalisayan.[19]

Ano ang kaluwalhatian ng tao sa lupang ito patungkol sa kanyang sariling tagumpay? Ito'y ang kanyang pagkatao—pagkataong nahubog sa pagsunod sa mga batas ng buhay tulad ng ipinahayag sa ebanghelyo ni Jesucristo, na dumating upang bigyan tayo ng buhay na mas sagana [tingnan sa Juan 10:10]. Ang dapat na pangunahing hangarin ng tao sa buhay ay hindi ang pagkakamal ng ginto, o katanyagan, o mga ari-arian. Hindi ito ang pagkakaroon ng lakas ng katawan, ni katalinuhan, bagkus ang dapat na kanyang layon, ang pinakamataas sa buhay, ay ang magkaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo.[20]

---

### Sa pamamagitan ng ating impluwensiya at pagtuturo, matutulungan natin ang mga bata at kabataan na magkaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo.

Ang mga bata sa pagsilang ay lubos na umaasa at pinakamahina sa lahat ng nilikha, subalit sila ang pinakamagiliw at pinakadakila sa lahat ng bagay sa mundo. . . . Walang bahid-dungis ang kanilang mga kaluluwa na tulad ng puting papel na pagsusulatan ng mga pangarap o tagumpay sa habambuhay.[21]

Sa paglaki ng bata sa pagkain nang regular, sa laging paglanghap ng sariwang hangin, sa panaka-nakang pamamahinga, gayundin nahuhubog ang pagkatao sa maliliit na bagay, sa araw-araw na pakikisalamuha, sa impluwensya rito, at katotohanan doon.[22]



*"Ang pinakadakilang tungkulin ng tao sa pamilya ay palakihin ang mga batang lalaki at babae nang may malulusog na katawan, masisiglang isipan, at higit pa rito, isang katangiang tulad ng kay Cristo."*

Sa tahanan unang hinuhubog ang ating mga pagkatao. Ang pamilya ay isang banal na organisasyon. Ang pinakadakilang tungkulin ng tao sa pamilyang iyon ay palakihin ang mga batang lalaki at babae nang may malulusog na katawan, masiglang isipan, at higit pa rito, isang katangiang tulad ng kay Cristo. Sa tahanan ginagawa ang mga produktong ito.[23]

Kaylaki ng halaga sa komunidad ng mga guro at tagasanay ng mga kabataan na umuukit at humuhubog sa moralidad ng kapaligirang tinitirhan ng mga tao. Sandaling nagsasabog ng ganda at bango ang mga bulaklak, pagkatapos ay napapawi, namamatay at habampanahon nang naglalaho; ngunit sa mga bata, na busog sa

mga walang hanggang alituntunin ng katotohanan sa pagtuturo na rin ng mararangal na guro, ay sisilay ang impluwensiya ng kabutihan na iiral magpasawalang-hanggan, gaya ng sarili nilang mga kaluluwa.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang mga tatak ng pagkatao ng Tagapagligtas? (Tingnan sa mga pahina 247–48.) Paano natin maihahalo ang mga ugaling ito sa sarili nating buhay?
- Bakit naging pundasyon sa pagkakaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo ang mararangal na kaisipan? (Tingnan sa mga pahina 249–50.) Paano mo ipaliliwanag ang pahayag ni Pangulong McKay, "Sabihin mo sa akin ang nasa isipan mo kapag di mo kailangang mag-isip, at sasabihin ko sa iyo ang pagkatao mo"? Ano ang magagawa natin para magkaroon ng dalisay na mga kaisipan?
- Ano ang ilan sa "maliliit na bagay" sa buhay mo na nakatulong sa paghubog ng iyong pagkatao? Ano ang magagawa mo araw-araw para mas matulad kay Cristo? (Tingnan din sa D at T 64:33.)
- Sa anong mga paraan kritikal na sangkap ang pagsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo sa paghubog ng malakas na pagkatao? (Tingnan sa mga pahina 251–52.) Paano nakatutulong ang pagtitimpi at paglilingkod sa pagkakaroon nito? (Tingnan sa mga pahina 251–52.)
- Ano ang magagawa natin bilang mga magulang at guro para tulungan ang mga kabataan na magkaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo? (Tingnan sa mga pahina 252–54.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Filipo 4:8; Mosias 4:30; 3 Nephi 27:27; D at T 64:33; 93:11–14

## Mga Tala


1. Sa Conference Report, Okt. 1926, 111.
2. Sa Conference Report, Abr. 1967, 84.
3. *Secrets of a Happy Life,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1960), 145–46, 147.
4. Sa Conference Report, Okt. 1945, 132.
5. Sa Conference Report, Abr. 1968, 7.
6. *Gospel Ideals* (1953), 355.
7. *True to the Faith: From the Sermons and Discourses of David O. McKay, tinipon ni* Llewelyn R. McKay (1966), 133.
8. *Treasures of Life,* tinipon ni Clare Middlemiss (1962), 200.
9. *Pathways to Happiness,* tinipon ni Llewelyn R. McKay (1957), 257.
10. *Secrets of a Happy Life,* 160.
11. " 'As a Man Thinketh . . . ,' " *Instructor*, Set. 1958, 257–58.
12. *Man May Know for Himself: Teachings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss (1967), 8–9.
13. Sa Conference Report, Okt. 1953, 10.
14. *True to the Faith,* 270.
15. *True to the Faith,* 153.
16. "Man's Soul Is as Endless as Time," *Instructor,* Ene. 1960, 1.
17. *True to the Faith,* 95–96.
18. *True to the Faith,* 29.
19. Sa Conference Report, Abr. 1968, 8.
20. Sa Conference Report, Okt. 1926, 111.
21. "The Sunday School Looks Forward," *Improvement Era,* Dis. 1949, 804.
22. "The Home and the Church as Factors in Character Building," *Instructor,* Abr. 1946, 161.
23. *True to the Faith,* 107.
24. *True to the Faith,* 248.



*Sinunod ni Pangulong McKay ang payo ng Tagapagligtas: "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).*

# “Lumiwanag na Gayon ang Inyong Ilaw”

*Nawa’y sumapuso ninyo, at sumainyong mga tahanan, ang Espiritu ng Panginoon, upang ang mga taong nakikibahagi sa banaag ng inyong katapatan, integridad, pagkamakatwiran, at pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo ay maakay na luwalhatiin ang ating Ama sa Langit.*[1]

## Panimula

Natanggap ni Pangulong David O. McKay ang sumusunod na liham mula kay Harold L. Gregory, na nagsilbi bilang pangulo ng East German Mission noong mga unang taon ng dekada 50:

“Mahal naming Pangulong McKay:

“Magiging interesado kayong marinig ang isang karanasan ko ngayong linggo. Dalawang lalaking mga apatnapung taong gulang, na dukha ang pananamit, ang lumapit sa akin nitong linggo. Sinabi nila sa akin na nawalan na sila ng pananampalataya, subalit hindi sila makabaling sa iba pang sekta o relihiyong alam nila. Nakumbinsi ni Mr. Braun (ang tawag sa isa) ang kanyang kaibigang si Mr. Fascher na lapitan ako. Sinabi ni Mr. Fascher na alam niya ang ating simbahan at tutulungan natin sila. Mahigpit na tumutol si Fascher nang dalawang araw, ngunit sa wakas ay sumama din.

“Nagsimula si Mr. Braun sa pagsasabing nakatayo siya sa sulok ng isang kalye nang mapuna niya ang daan-daang taong dumaraan. Tinanong niya ang isa kung saan ito papunta, at sabi nito, ‘Para makita ang Propeta.’ Nakisabay si Mr. Braun. Dedikasyon iyon ng meetinghouse sa Berlin-Charlottenburg, at ang Propeta ay si Brother McKay.

"Ang sabi niya (at bahagya kong uulitin ang sabi niya): 'Hinding-hindi ko pa nadama ang gayong espiritu ng pagmamahal at malasakit na nadama ko sa piling ng mga taong iyon noong araw na iyon. Pagkatapos ang Propeta, isang matangkad na lalaking mga walumpung taong gulang, na makapal pa ang buhok—na lahat ay puti—ay tumayo at nagsalita sa madla. Hindi pa ako nakakita ng gayon kabatang mukha sa isang lalaking gayon katanda. Nang magsalita siya, may naramdaman ako. Pagkaraan habang papasakay siya sa kanyang kotse, napuna kong nakikipagkamay siya sa mga miyembro, at kahit hindi nila ako kasapi nakipagsiksikan din ako at nakipagkamay. Uminit at gumanda ang pakiramdam ko, at muli akong namangha sa kabataan ng maliwanag niyang mukha. Sa kabila ng mga problema sa mundo at sobrang hirap ng ekonomiya medyo naglaho ang alaala, ngunit alam kong dapat akong bumalik para may malaman pa.'

"Sinabi ni Mr. Fascher na walang masabi si Braun kundi mga kataga ng pagtataka at pagkamangha sa taong nakita niya. Naupo ang dalawa sa aking opisina at nakinig na mabuti sa mensahe ng pagpapanumbalik na ibinigay ko sa kanila, na para bang mahalaga ang bawat kataga. Wala silang pera at miserable, ngunit mapagpakumbaba sila at hindi masiyahan sa mga simbahan ng tao. Pinahiram ko sila ng Aklat ni Mormon, at nangako silang magsisimba sa Linggo. Naniniwala ako na handang makinig ang dalawang lalaking ito (na kapwa bilanggo ng digmaan sa Russia) sa ebanghelyo.

"Pagpalain ka nawa ng Panginoon, Brother McKay. Ikaw at lahat ng ating mga kapatid sa puno ng ating simbahan ay magagandang halimbawa ng lahat ng makatwiran at mabuti"[2].

Nakita ng maraming tao kay David O. McKay ang nakita ng dalawang lalaking ito—isang halimbawa ng tunay na disipulo ni Cristo. May kuwento tungkol sa isang photographer ng pahayagan na nakakita kay Pangulong McKay sa unang pagkakataon:

"Naisaayos na ang pagkuha ng mga larawan, pero hindi nakarating ang dating photographer, kaya sa kawalang-pag-asa ay kinuha ng United Press ang crime photographer nila—isang lalaking sanay sa pinakamahirap na trabaho sa New York. Nagpunta siya sa paliparan, nanatili roon nang dalawang oras, at pagkatapos ay bumalik mula [sa] dark room na may dalang ubod

nang daming mga larawan. Dalawa lang dapat ang kukunan niya. Kinagalitan siya ng boss niya, 'Bakit mo pinag-aksayahan ng oras at ng lahat ng gamit mo ang mga larawang iyan?'

"Pabiglang sumagot ang photographer na masaya niyang babayaran ang ekstrang gamit, at puwede pa nilang ibawas ang ekstrang oras sa suweldo niya. . . . Makaraan ang ilang oras ay ipinatawag siya ng vice-president sa opisina nito, para malaman ang nangyari. Sinabi ng crime photographer, 'Noong bata pa ako, binabasahan ako ng nanay ko sa Lumang Tipan, at sa buong buhay ko iniisip ko kung ano ang talagang itsura ng propeta ng Diyos. At ngayo'y nakakita ako ng isa.' "[3]

## Mga Turo ni David O. McKay

### Iniimpluwensiyahan natin ang iba sa ating mga sinasabi, ginagawa, at kung sino tayo.

Bawat taong nabubuhay sa mundong ito ay nag-iimpluwensiya, sa mabuti man o sa masama. Hindi lang sa sinasabi niya, ni sa ginagawa. Ito'y sa kung ano siya. Mababanaag sa bawat tao kung ano siya. Makikita iyon ng tao. Alam iyan ng Tagapagligtas. Tuwing nasa presensya siya ng isang tao, nararamdaman niya iyon—kung siya man ang Samaritana sa kanyang nakaraan; kung siya man ang babaeng babatuhin o ang mga lalaking babato sa kanya; kung siya man ang pulitikong si Nicodemo, o isa sa mga ketongin. Alam niya ang dating ng tao. At sa isang banda'y gayon din kayo, at kahit ako. Kung ano tayo at kung ano ang dating natin ang siyang umaapekto sa mga tao sa ating paligid.

. . . Bilang mga indibiduwal, dapat tayong mag-isip ng mas marangal na bagay. Hindi natin dapat hikayatin ang masasamang isipan o mababababang isipin. Mababanaag iyon sa atin kung maggagayon. Kung iisip tayo ng mararangal na bagay, kung hihikayatin at mamahalin natin ang mararangal na pangarap, mababanaag iyon kapag may kausap tayo, lalo na kapag nakikihalubilo tayo sa kanila.[4]

Malaki ang epekto ng ating mga salita at gawa sa mundo. Sa bawat sandali ng buhay ay bahagya ninyong binabago ang buhay ng buong mundo. . . . Kaya, hindi sa kapaligiran, hindi sa posisyon;

ang iimpluwensiya [sa iba] sa mundong ito ay mga tao. Anuman kayo madarama at malalaman ito ng mga tao. Mababanaag ito sa inyo, hindi ninyo ito maitatago. Maaari kayong magbalatkayo, pero hindi ito makaaapekto sa mga tao.[5]

Mahalagang . . . hangarin natin, kapwa sa buhay at sa mga aklat, na makapiling ang pinakamagagaling at pinakamararangal na lalaki at babae. Sinabi ni [Thomas] Carlyle, isang dakilang manunulat na Ingles, na "Ang mga dakilang taong mahusay makisama sa anumang paraan ay kapaki-pakinabang na makasama. Hindi natin matitingala ang isang dakilang tao, kahit di siya perpekto, nang walang natututuhang anuman mula sa kanya. Siya ang buhay na 'bukal ng liwanag,' na mabuti at masarap makasama."

Kung pag-aaralan ninyo ang buhay ng mga dakilang "bukal ng liwanag" ng mundo, may malalaman kayong kahit iisang bagay lang na nagpatanyag sa pangalan nila. Ito iyon: Bawat isa ay may naibigay sa kanyang buhay para mapaganda ang mundo. Hindi nila inaksaya ang buong panahon nila sa paghahangad ng aliw at ginhawa, at "sarap ng buhay" para lang sa sarili, kundi natagpuan nila ang pinakamalaking galak sa pagbibigay ng ligaya at higit na ginhawa sa iba. Lahat ng gayong mabubuting gawa ay panghabampanahon, kahit na hindi sila makilala ng mundo.[6]

Walang mabuting gawa, walang mabuting katagang masasabi na walang kabutihang nadarama para sa lahat. Kung minsa'y napakaliit ng kabutihang ito, ngunit tulad ng alun-alon mula sa gitna ng lawa na likha ng batong ipinukol dito, na papalaki nang papalaki hanggang sa makarating sa bawat bahagi ng pampang, gayundin ang inyong mga tahimik na gawa. Marami sa mga ito ang hindi alam ng iba, di bantog, di pinupuri, at patuloy na mababanaag at aantig sa maraming puso.[7]

Basbasan kayo ng Diyos, mahal kong mga kapwa manggagawa, kayong mga General Authority, stake presidency, bishopric, bawat opisyal at guro sa buong lupain, bawat miyembro. Nawa'y sumapuso ninyo, at sumainyong mga tahanan, ang Espiritu ng Panginoon, upang ang mga taong nakikibahagi sa banaag ng inyong katapatan, integridad, pagkamakatwiran, at pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo ay maakay na luwalhatiin ang ating Ama sa Langit.[8]

**Ang mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay maaaring maging mga halimbawa ng pagkakaisa at pagmamahalan.**

Mababanaag sa ating mga tahanan kung ano tayo, at iyon ay nagmumula sa ating sinasabi at ginagawa sa tahanan. . . . Dapat kayong tumulong sa isang ulirang tahanan sa pamamagitan ng inyong pagkatao, pagpipigil sa inyong pagnanasa, galit, pananalita, dahil ang mga bagay na iyon ang bubuo sa inyong tahanan at mababanaag ng inyong mga kapitbahay. . . .

Bumisita ang isang ama sa bagong bahay ng kanyang anak na lalaki. Ipinagmalaki sa kanya ng anak ang bagong silid-tulugan, ang mga bagong ikinabit sa kusina. Pagkatapos bumisita, sinabi ng ama, "Oo, maganda, ngunit wala akong makitang palatandaan ng Diyos sa bahay mo." At sabi ng anak, "Bumalik ako, at pagtingin ko sa mga silid, napuna ko na wala akong anumang nagpapahiwatig ng presensya ng Manunubos o ng Tagapagligtas."

Ang sinasabi ko ay, [may] mas malaking responsibilidad tayo kaysa rati, bilang mga kalalakihan ng priesthood, bilang mga kababaihan ng Simbahan, upang mabanaag ng ating mga kapitbahay ang pagkakaisa, pagmamahalan, mga tungkulin sa komunidad, katapatan sa ating mga tahanan. Hayaan itong makita at marinig ng mga kapitbahay. Hindi dapat marinig kailanman sa isang tahanan ng Banal sa mga Huling Araw ang isang sumpa, panlalait, galit o selos o pagkamuhi. Pigilin ito! Huwag itong ipahayag! . . .

Ipinakita sa atin ng Tagapagligtas ang halimbawa, laging mahinahon, laging may pagtitimpi, na madarama ng mga tao sa kanilang pagdaan. . . . Tulungan nawa tayo ng Diyos na ipadama ang lakas, pagpipigil, pagmamahal, pagkakawanggawa, konsiderasyon, pinakamabubuting hangarin para sa lahat ng tao.[9]

Basbasan kayo ng Diyos, mahal kong mga kapwa manggagawa. Pagpalain ang inyong mga tahanan. Ipakita ang inyong pananampalataya sa mga ginagawa ninyo sa inyong tahanan. Mga lalaki, maging tapat sa inyong mga kabiyak, hindi lamang sa pagkilos, kundi sa pag-iisip; mga babae, maging tapat sa inyong mga asawa. Mga bata, maging tapat sa inyong mga magulang; huwag [isipin] na

makaluma ang mga paniniwala nila at mas marami kayong alam kaysa kanila. Mga batang babae, sundin ang magiliw ninyong ina at ang mga turo niya. Mga batang lalaki, maging tapat sa inyong mga ama, na nais kayong lumigaya at magtagumpay, na darating lamang sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga estranghero, na makakakita sa gayong mga tahanan, ay sasabihing, "Kung iyan ang resulta ng Mormonismo, palagay ko'y mabuti ito." Maipakikita ninyo sa inyong pananampalataya at kilos sa araw-araw kung ano kayo talaga.[10]

Hayaang makita sa pagsisiyasat ng mga tapat na investigator, na mas naniniwala sa kanilang nakikita kaysa naririnig, na napapatunayan ng "mga Mormon" sa kanilang halimbawa sa tahanan, sa katapatan, at sa paglilingkod nila sa Diyos, na naniniwala sila at nalalaman na ang Diyos ang kanilang Ama.[11]

---

**Kung mamumuhay tayo ayon sa ating mga paniniwala, ang ating mabuting halimbawa ay magpapatatag sa Simbahan at magiging tanglaw sa mundo.**

Tulungan nawa tayo ng Diyos na magpatuloy . . . taglay ang Espiritu ng Panginoon, na bawat lalaki at babaeng may pagkakataong magtrabaho sa Simbahan—at iya'y patungkol sa lahat—ay magpasiyang mamuhay sa kabutihan at kadalisayang iimpluwensya sa lakas ng mundo, at sa paghanga nito. Sa madaling salita, ilaan natin ang mga bagay na tapat sa paningin ng lahat ng tao. Kung maaari, hangga't kaya natin, mamuhay tayo nang mapayapa sa piling ng lahat ng tao—hindi sa paglaban ng kasamaan sa kasamaan, o sa pagpapadaig sa kasamaan, kundi sa pagdaig ng kabutihan sa kasamaan. Kung magkagayo'y magsisilbing tanglaw ang Simbahan sa mundo. Iyan ang tadhana ng Kanyang Simbahan.[12]

Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit [tingnan sa Mateo 5:16; 3 Nephi 12:16]. Marahil ay wala nang mas epektibong paraan para masaksihan ng mga tao ang katotohanan kundi panatilihin at itaguyod ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang tiwala ng ating mga kaibigan na di-miyembro sa ating pagiging tapat na miyembro ng Simbahan ni Cristo.



*Sa pagsunod natin sa halimbawa ng Tagapagligtas, "mababanaag [sa atin] ang lakas, pagpipigil, pagmamahal, pagkakawanggawa, . . . konsiderasyon, pinakamabubuting hangarin para sa lahat ng tao."*

Ngayon, para magawa iyon dapat tayong maging tapat sa lahat ng bagay. Kung tayo'y mga kontratista, at pumapayag na gamitin ang ganito at gayong materyal sa isang gusali, gawin natin iyon. Kung pumapayag tayo sa mga nakasaad sa kontrata, na maglagay ng isang daan at limampung piye ng [mga gamit na pampainit] sa gusali, isang daan at limampung piye ang ilagay natin. Mga detalye iyon, hindi ba, pero sa mga detalyeng iyon hahatulan ng mga taong kausap ninyo ang inyong mga kilos. Kung nagdadala

tayo ng isang uri ng patatas sa palengke, at niliwanag natin ang uri niyon, patunayan natin sa nagsisiyasat na totoo ang ating sinabi. Nalungkot ako nang marinig ko ang sinabi ng isang mamamakyaw nang buksan niya ang saku-sakong produkto, galing sa bukid, at iba ang kanyang nakita, tulad ng mga bato at dumi, na pampabigat ng timbang. Hindi ko tinanong kung ano ang relihiyon ng mga lalaking iyon; kahit mga pangalan; ngunit ang gayong gawain ay nakasisirang-puri, walang tunay na miyembro ng Simbahan ni Cristo na magpapakababa sa gayong pandaraya. Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao. Sa mundo ngayon ay kailangan ng sagisag, mga taong bukodtanging naninindigan bilang halimbawa sa mundo sa katapatan at tapat na pakikitungo.[13]

Kung mapananatili lang natin ang mga pamantayan ng ebanghelyo ni Jesucristo, masisiguro natin ang kinabukasan ng Simbahan. Tunay na makikita ng kalalakihan at kababaihan ang ilaw na hindi nakatago sa ilalim ng takalan, kundi nakatayo sa ibabaw ng burol, at maaakit sila rito, at maaakay na higit na hanapin ang katotohanan sa ating mga kilos at gawa at sa katangian at integridad na nababanaag sa atin, sa halip na sa sinasabi natin.[14]

Magpakita tayo ng halimbawa ng pagkakaisa at kapayapaan sa mundo. Patunayan natin na iisa tayo kay Cristo nasa Africa man tayo, South America, New Zealand, o Australia. Iisa lang ang ating nilalayon: ang ipahayag sa mundo na ipinanumbalik ang kaganapan ng ebanghelyo ni Jesucristo, at na ito lang ang planong ibinigay sa tao na maghahatid ng kapayapaan sa mga bayan, ng kapayapaan sa mga bansa.[15]

Nawa'y sumapuso ng lahat, at sumaating mga tahanan, ang tunay na diwa ni Cristo, na ating Manunubos, na ang katotohanan at nagbibigay-inspirasyong patnubay ay alam kong totoo.

Ang ebanghelyo ang ating angkla. Alam natin ang kahulugan nito. Kung ipamumuhay natin ito, dadamhin ito, at patototohanan ito sa mundo sa ating pamumuhay, makatutulong tayo sa pag-unlad at pagtatatag nito. Magsalita nang maganda tungkol dito, tungkol sa priesthood, tungkol sa mga Awtoridad; ipakita ang mga pamantayan ng ebanghelyo sa ating buhay.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit mahalagang alalahanin na "malaki ang epekto ng ating mga salita at gawa sa mundo ng ito"? (Tingnan sa mga pahina 259–60.) Paano ninyo nakita na malaki ang impluwensiya ng mga mumunting kabutihan?
- Paano iniimpluwensiyahan ng ating mga iniisip at ginagawa ang nakikita sa atin ng iba?
- Ano ang magagawa natin sa mga pakikitungo natin sa ating asawa at pamilya para ipakita na tayo ay mga disipulo ni Cristo? (Tingnan sa mga pahina 261–62.)
- Sinu-sino ang mga taong nakaimpluwensiya ang mga halimbawa sa inyo? Bakit malaki ang impluwensiya ng mga taong ito sa buhay ninyo?
- Paano makagagawa ng kaibhan ang ating halimbawa sa ating mga tahanan, trabaho, at komunidad? (Tingnan sa mga pahina 262–64.) Ano ang magagawa ninyo ngayon para mabanaag ang liwanag ni Cristo sa inyong buhay?
- Bakit mahalagang bahagi ng gawaing misyonero ang halimbawa? Ano ang mga karanasan ninyo na nagpapatunay na ang mabubuting halimbawa ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakapagbigay-inspirasyon sa iba para siyasatin ang Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:14–16; Alma 5:14; 17:11; 3 Nephi 12:14–16; 18:16, 24

### *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1953, 138.
2. Sinipi sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon (1976), 109–10.
3. Arch L. Madsen, sinipi sa "Memories of a Prophet," *Improvement Era,* Peb. 1970, 72.
4. Sa Conference Report, Abr. 1963, 129.
5. "Mensaheng ibinigay ni Pangulong David O. McKay sa North British Mission 1 Marso 1961," Family and Church History Department Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 3.
6. *Ancient Apostles* (1918), 2–3.
7. Sa Conference Report, Abr. 1953, 137.
8. Sa Conference Report, Abr. 1953, 138.
9. Sa Conference Report, Abr. 1963, 129–30; binago ang pagtatalata.
10. Sa Conference Report, Okt. 1967, 152.
11. Sa Conference Report, Okt. 1922, 78.
12. Sa Conference Report, Abr. 1912, 57.
13. Sa Conference Report, Okt. 1910, 48–49; binago ang pagtatalata.
14. Sa Conference Report, Abr. 1968, 94.
15. *Cherished Experiences,* 189.
16. Sa Conference Report, Okt. 1967, 149.

# Listahan ng Ipinintang Larawan mga Larawan

Pabalat sa Harapan: *David O. McKay Portrait*, ni Everett Clark Thorpe.

Pahina xxxiv: *Imahen ni Cristo,* ni Heinrich Hofmann. Photo © C. Harrison Conroy.

Pahina 70: *"Masdan ang Aking mga Kamay at Paa,"* ni Harry Anderson.

Pahina 92: *"Lumayas ka Rito, Satanas,"* ni Carl Bloch. The National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerød.

Pahina 104: *Ang Unang Pangitain,* ni Gary Kapp. © 1998 Gary Kapp.

Pahina 111: *Propeta ng Panginoon,* ni David Lindsley. © 2000 David Lindsley.

Pahina 194: *Pagtatatuwa ni Pedro*, ni Carl Bloch. The National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerød.

Pahina 199: *Dalawang Libong mga Kabataang Mandirigma,* ni Arnold Friberg.

Pahina 234: *Tinatawag ni Cristo sina Pedro at Andres,* ni Harry Anderson.

Pahina 239: *Ang Huling Paghuhukom,* ni John Scott.

Pahina 246: *Si Cristo Kasama ang mga Bata,* ni Del Parson.

Pahina 263: *Ang Babaeng Humipo sa Laylayan ng Damit ng Tagapagligtas,* ni Judith Mehr. © 1995 Judith Mehr.

# Indese


## A

Ama, mga
dapat turuang manalangin ang mga bata, 86–88
halimbawa ni David O. McKay sa, 175
pagpapahalaga ni David O. McKay sa, 175
responsibilidad ng, sa pag-aalaga at paggabay sa mga bata, 176–83

Ama sa Langit, isang personal na Katauhan na malalapitan natin sa panalangin, 83–84

Araw ng Sabbath, mga biyaya ng paggalang sa, 39–40

## B

Basbas ng priesthood, pinagaling si David O. McKay sa pamamagitan ng, 130–31

Bata, mga
pagkakaroon ng katangiang tulad ng kay, 252–54
pagtuturo ng pagdarasal sa, 86–88
pagtuturo ng pagpipitagan at pagsunod sa, 36, 39, 181–82
pananaw ni David O. McKay sa, xxiii–xxiv

Binyag, layunin ng, 229–30

Buhay, tunay na layunin ng, 17–19

## C

Cannon, Hugh J., naglakbay sa buong mundo kasama ni David O. McKay, xxiii–xxiv, 1, 81–83

Clark, J. Reuben, halimbawa ng kapakumbabaan at pagkakaisa, 45–48

Cristo, tingnan sa Jesucristo

## D

Dalubhasang Guro, 220–21

## E

Edukasyon
kahalagahan ng, xxii
layunin ng, 200
pinahalagahan ni Jennette Evans McKay, xviii

Elohim. *Tingnan sa* Diyos Ama

Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo

Espiritu Santo
kaloob na, natanggap matapos ang pananampalataya, pagsisisi, at pagpapabinyag, 230–32
nagpapatotoo sa masunurin, 189–91
patnubay mula sa, 230–32

Espirituwalidad
dapat mangibabaw sa likas nating pagkatao, 15–22

lumago sa pamamagitan ng pagpipitagan at meditasyon, 37–38
nangangailangan ng lubos na pagkilala sa sarili at pakikipagugnayan sa Diyos, 19–22

**G**

Gawaing misyonero
kapangyarihan ng halimbawa sa, 60–62
pagpapala ng, 66–67
pagsisikap ni Pangulong McKay na humusay, xxvii–xxviii
pasasalamat para sa, 57
responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan, 59–62

Gawain sa templo
inaakay tayo ng endowment sa kaharian ng Diyos, 144
kailangan ng pagkamarapat at katapatan, 149–50
naghahandog ng kaligtasan sa mga namatay nang walang ebanghelyo, 146–49
naibubuklod ang mga magasawa at pamilya sa kawalanghanggan, 144–46
responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan, 150–51

Grant, Heber J.
nagbigay ng basbas ng priesthood kay David O. McKay, 130–31
Pasasalamat, lumago sa pamamagitan ng panalangin, 88–89
tinawag si David O. McKay na maglingkod sa Unang Panguluhan, xxv–xxvi

Guro, mga
dapat maghanda sa pamamagitan ng pag-aaral, pananampalataya, at panalangin, 217–18
dapat magturo ng kagandahangasal, 252–54
kuwento ni Pangulong McKay tungkol sa impluwensiya ng, 213–15

Gusali ng Simbahan, layunin ng mga, 38–40

**H**

Halimbawa
kahalagahan ng, sa pagtuturo sa mga bata, 175, 182–83
mabisang kasangkapan ng misyonero, 60–62, 259–60

Home teaching, responsibilidad ng priesthood, 138–40

**I**

Ikapu, halimbawa ng, ipinakita ng ama ni David O. McKay, xv

Ikasandaang taong pagdiriwang sa Utah, papel ni David O. McKay sa pagpaplano, xxvii

Inggit, humahantong sa paghihiwalay, 49–50

Integridad, mahalagang katangian, 6

Ina, mga
pagpapahalaga ni David O. McKay sa, 175
responsibilidad ng, sa pag-aalaga at paggabay sa mga bata, 176–83

responsibilidad ng, na turuang manalangin ang mga bata, 86–88

J

Jesucristo
biyaya ng pamumuhay ng Kanyang mga turo, 8–10
halimbawa ni, kung paano mamuhay, 4–7
halimbawa ni, sa paglaban sa tukso, 97–98
halimbawa ni, sa paglilingkod sa iba, 210–11
kaangkupan ng Kanyang mga turo, 7–8
katapangang inihalimbawa ni, 196–97
Liwanag sa sangkatauhan, 3–4
pagkataong tulad ng kay, 4, 247–48
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 71–77
pananampalataya kay, pangunahing alituntunin ng Simbahan, 225–26

K

Kadakilaan, tunay, nakamtan sa pamumuhay ng mga turo ni Jesus, 8–10
Kaganapan
halimbawa ni Jesus, 4–7
papel ng Simbahan sa panghihikayat, 31–32

Kaharian ng Diyos
papel ng Simbahan sa paghahanda para sa, 26–27
pangangailangan para makapasok, 223–32

Kaisipan, mga
iniimpluwensiya ang mga kilos ng, 100
iniimpluwensiya ang pagkatao ng, 249–50

Kalayaang pumili
kaakibat ng personal na responsibilidad, 239–43
kaloob na, pinahihintulutan tayong umunlad, 236–38

Kalayaan, dapat gamitin nang wasto, 242–43

Kaligayahan
natamo sa pamumuhay ng mga turo ni Jesus, 8–10
sa paglilingkod, 208–9

Kalinisang-puri
mahalaga sa paghahanda para sa pag-aasawa, 158–59
pagkawala ng, nagbabanta sa pagsasama ng mag-asawa, 168–70

Kamatayan (pisikal), nadadaig sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli, 69–79

Kasal. *Tingnan sa* Walang hanggang kasal

Kasarinlan. *Tingnan sa* Kalayaan

Katapangan
kailangan para mapanatili ang mga espirituwal na pagpapahalaga, 198–201
kuwento tungkol sa binatilyo, isinalaysay ni Pangulong McKay, 195
nanggagaling sa pananampalataya at pag-asa, 198
ni Joseph Smith, 112–15

si Jesus ang pinakadakilang halimbawa ng, 196–97
tinutulungan tayong madaig ang paghihirap, 201–2

Katawan, ang tabernakulo ng espiritu, 15–17

Korum ng priesthood, mga
layunin ng, 28–29
pinagmulan ng kapangyarihan ng priesthood, 133–34

**L**

Lee, Harold B., papuri kay Pangulong McKay, xxxii

Liwanag, si Jesucristo ang tunay na, 3–4

Lubos na pagkakilala sa sarili
kailangan sa paglaban sa tukso, 98–101
kailangan sa espirituwalidad, 19–22
nagpapalakas ng pagkatao, 251–52

**M**

Magulang, mga
dapat turuang manalangin ang mga bata, 86–88
pasasalamat ni David O. McKay sa, xvi–xvii
responsibilidad ng, sa pag-aalaga at paggabay sa mga bata, 176–83
responsable sa pagtuturo ng pagpipitagan sa mga bata, 36, 181–82

McKay, David Lawrence (anak), papuri kay David O. McKay bilang ama, 175

McKay, David O.
halimbawa bilang ama, 175
halimbawa ng "lumiwanag na gayon ang inyong ilaw," 257–58
inorden na Apostol, xxiii
inalok na magpakasal si Emma Ray Riggs, 155–56
kabataan, xvii–xviii
kamatayan ni, xxxii
karanasan sa pagtuturo, xix–xxiii
mission president sa Europa, xxv
nag-aral, xviii–xx
nakilala si Emma Ray Riggs, xix–xx
nagbibigay-halimbawa ng pagsunod sa Word of Wisdom, 117
pagmimisyon sa Great Britain, xix–xx
paglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, xxvii–xxxii
pagsisikap na magtamo ng patotoo, 185–87
pagpapahalaga sa kanyang mga magulang, 175
pagsilang at kabataan, xiv–xvii
pagkatao ni, 245
pakikitungo sa asawa, 165–66
pangitain tungkol sa Tagapagligtas, 1–2
pandaigdigan, isang-taong paglilibot sa Simbahan, xxiii–xxv
pinagaling sa pamamagitan ng mga basbas ng priesthood, 130–31
sinang-ayunan sa Unang Panguluhan, xxv–xxvi
templong inilaan ni, xxix
tumanggap ng basbas ng patriarch, xvii–xviii

McKay, David Sr. (ama)
halimbawa at mga turo kay David O. McKay, 175
pamilya ni, sumapi sa Simbahan sa Scotland, xiv
patotoo kay Joseph Smith, 103–5
tinanggap ang tawag na magmisyon sa Scotland, xv

McKay, Emma Ray Riggs (kabiyak)
nakilala si David O. McKay, xix–xx
pakikitungo sa asawang si David O. McKay, 165–66

McKay, Jennette Evans (ina)
halimbawa at mga turo kay David O. McKay, xv
pamilya ni, sumapi sa Simbahan sa Wales, xiv–xv
pinahalagahan ang edukasyon ng kanyang mga anak, xviii

McKay, Robert (anak), papuri sa pagkatao ni David O. McKay, 245

McKay, Royle (anak), kamatayan ni, sa kabataan, 69–71

McMurrin, James L., payo kay David O. McKay tungkol sa paglaban sa tukso, 93–94

Meditasyon
halaga ng, 37–38
mahalaga sa sakrament, 40–43

Misyonero, mga full-time na, dapat maging karapat-dapat na maglingkod, 62–65

**O**

Organisasyong auxiliary, layunin ng, 28–29

**P**

Packer, Boyd K., karanasang maturuan ni Pangulong McKay sa templo, xxxi–xxxii

Pag-asa, pinatatapang tayo, 198

Paggalang, mahalagang bahagi ng pagpipitagan, 35–37

Paghahanap ng mali/pamumuna, pamimintas, humahantong sa paghihiwalay, 49–51

Paghihirap, maaaring daigin ng katapangan, 201

Pag-ibig
kawalang-hanggan ng, 144–46
pinalakas sa pamamagitan ng tipan ng walang hanggang kasal, 166–68

Pagkabuhay na Mag-uli
ni Jesucristo, 71–77
patotoo tungkol sa, nagdudulot ng ginhawa o aliw, 69–71, 78–79

Pagkamakasarili, humahantong sa di-pagkakasundo, 49

Pagkakaisa
inihalimbawa ni Pangulong McKay at ng kanyang mga tagapayo, 45–48
iniuutos ng Panginoon, 48–49
sa Simbahan, 52–54
sa tahanan, 51–52
sinisira ng ilang saloobin at pagkilos, 49–51

Pagkatao
hinubog sa pagdaan ng mga panahon sa "paggawa ng maliliit na bagay," 250–51
kaganapan, inihalimbawa ni Jesucristo, 247–48

kailangang panatilihin natin ang mabubuting kaisipan, 249–50
pagtulong sa paghubog ng mga bata at kabataan, 252–54
pinalakas ng pagsunod at pagtitimpi sa sarili, 125, 251

Paglilingkod
inihalimbawa ni Jesucristo, 210–11
kailangan ng Panginoon, 207–8
naghahatid ng kaligayahan, 208–9

Pagpapakumbaba
ipinamalas ni David O. McKay sa buong buhay niya, xxv, xxvi, xxxii, 2
kailangan para sa mabisang panalangin, 86

Pagpipitagan
kahulugan ng, 35–37
kailangan sa pagdarasal, 85
kailangan sa sakrament, 40–43
pagtuturo, sa mga bata, 36, 39, 181–82
sa mga silid-aralan ng Simbahan, 218–19

Pagsamba, mga elemento ng, 34–43

Pagsisisi
humahantong sa pagpapabinyag, 229–30
kaakibat ng pagbabago ng buhay, kaisipan, at gawa, 226–28

Pagsunod
nagdudulot ng mapang-along patotoo tungkol sa Tagapagligtas, 78–79
nagdudulot ng kaligayahan, kapayapaan, at kaligtasan, 241–42
nagpapalakas ng pagkatao, 251–52
pagtuturo ng mga bata, 181–82

Pagtuturo
inihalimbawa ni Jesucristo, 220–21
mga oportunidad para sa, sa Simbahan, 215–17
nangangailangan ng pagpipitagan at kaayusan, 218–19
pagsisikap ni Pangulong McKay na humusay, xxii–xxiii

Pakikipagdeyt
payo kay David O. McKay ng kanyang ama, xvii
payo ni Pangulong McKay sa mga kabataan, 160–61

Pamilya, kahalagahan ng pagkakaisa sa, 51–52

Panalangin
bisa ng, sa pagdaig sa paghihirap, 81–82
kailangan sa paghahandang magturo, 217–18
nangangailangan ng pananampalataya, pagsisikap, at pagpapakumbaba, 84–86
pagpapala ng, 88–90
pinaginhawa si David O. McKay noong bata pa siya, 34
pagtuturo sa mga bata tungkol sa, 86–88

Pananampalataya
humahantong sa pagsisisi at pagpapabinyag, 229–30
kailangan sa paghahandang magturo, 217–18
kailangan sa pagdarasal, 84–85
pangunahing alituntunin ng Simbahan, 225–26
pinatatapang tayo, 198

Paninirang-puri, humahantong sa paghihiwalay, 49–51

Panliligaw. *Tingnan sa* Pakikipagdeyt

Patotoo
- angkla ng kaluluwa, 192
- pagsisikap ni David O. McKay na magtamo, 185–87
- pinakamahalagang pag-aari sa mundo, 188
- tinanggap sa pamamagitan ng Espiritu kung masunurin tayo, 189–92

Priesthood
- gamit ng, nangangailangan ng pagkamarapat, 134–36
- kahulugan ng, 131–32
- kapangyarihan ng, ipinahayag sa paglilingkod sa iba, 137–38
- responsibilidad ng, kasama ang home teaching, 138–40

Programang pangkapakanan, pagsisimula ng, xxvi–xxvii

**R**

Riggs, Emma Ray. *Tingnan sa* McKay, Emma Ray Riggs

**S**

Sakrament
- layunin ng, 40–43
- nangangailangan ng meditasyon at pagpipitagan, 40–43

Simbahan
- ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 109–12
- layunin ng, 25–32
- paglago ng, sa ministeryo ni Pangulong McKay, xxviii–xxix, 25–26
- sumusulong ayon sa pagkakaisa ng mga miyembro, 52–54

Smith, George Albert, tinawag si David O. McKay na maglingkod sa Unang Panguluhan, xxvii

Smith, John, nagbigay ng basbas ng patriarch kay David O. McKay, xvii

Smith, Joseph, ang Propeta
- ipinanumbalik ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni, 107–9
- ipinanumbalik ang Simbahan sa pamamagitan ng banal na inspirasyon, 109–12
- patotoo ni David McKay Sr., 103–5
- katapangan ni, 112–15
- Unang Pangitain ni, 106–7

Smith, Joseph Fielding, papuri kay Pangulong McKay, xxxii

Sunday School, gawain ni David O. McKay sa, xxii–xxiii

**T**

Tagapagligtas. *Tingnan sa* Jesucristo

Tahanan
- dapat maging lugar ng pagkakaisa, 51–52
- kahalagahan ng kabutihan sa, xxx
- kabutihan sa, isang halimbawa sa mundo, 261–62

Templo, mga, inilaan ni Pangulong McKay, xxix, 143–44

Tukso
- halimbawa ng Tagapagligtas sa paglaban sa, 97–98

paglaban, sa pamamagitan ng pagsunod at pagtitimpi, 98–101
tatlong anyo ng, 94–97

**U**

Unang Pangitain, mga inihayag na katotohanan tungkol sa Ama at sa Anak, 106–7

**W**

Walang hanggang kasal
ang tipan ay nagdudulot ng mga biyaya, 166–68
binabantayan ang mga panganib na nakaamba, 168–70
ibinubuklod ang mga mag-asawa at pamilya, 144–46, 150
kabanalan ng, xxxi
nangangailangan ng patuloy na pagsusuyuan, pagsisikap, at katapatan, 170–72
pagpapala ng, 161–62
paghahanda para sa, 156–62
pagtuturo sa mga kabataan tungkol sa, 156–58

Word of Wisdom
biyaya ng pagsunod, 124–25
malinaw na kautusan mula sa Panginoon, 119–20
pagsuway sa, nagdudulot ng kapahamakan, 121–23
sinisira ng "masasama at nagsabwatang tao," 123
tungkulin ng mga miyembro ng Simbahan na sumunod sa, 123–24

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02364 92893 6
36492 893